## MANALANGIN TAYO SA PAMAMAGITAN NG MGA SALMO

**Ang panalangin ay gawa ng Espiritu Santo.** Hindi natin alam kung ano ang hihingin o kung paano ito hihingin. Kaya ang Espiritu ang nananalangin sa atin. Tumatawag siya sa Diyos sa pamamagitan ng mga hinaing na bumubuka sa ating puso (Rom 8:26). Sa katunayan, hindi lamang paghingi ang panalangin; nagpapasalamat din tayo, nagninilay sa mga gawa ng Panginoon, ipinagtatapat natin sa kanya ang ating pananabik na mas mapalapit sa kanya. Pinupukaw ng Espiritu sa bawat tao ang mga damdamin at salitang ipangungusap sa Diyos. Hindi na kailangang gumamit pa ng mga pormula at dasal. Sapat na ang magsalita nang simple, tulad ng batang nagsasabing "Abba," na ibig sabihi'y, "Tatay" (Rom 8:15).

**Gayunpaman, ang panalangin ay nangangailangan ng patnubay** sa kaparehong paraan na ang espiritu natin ay nangangailangan ng katawan. Kailangan natin ang mga naihanda nang mga panalangin bilang patnubay para turuan tayo ng mga paraan at damdamin ng mga anak ng Diyos.

**May bago at Kristiyanong paraan ng pag-unawa at pagdarasal ng Mga Salmo.** Kung minsan, nagsasahimpapawid ang mga programa sa radyo ng pinaghalong musika na ibinase sa mga pamilyar na himig. Nakikilala ang ritmo ng himig, ngunit hindi na ito ang lumang kanta, kundi isang bagong himig na malayang nabubuo. Nangyayari ito sa mga salmo. Mga lumang dasal ang mga ito na nagbibigay ng mga salita o mga damdaming malaya nating binubuo habang iniaangkop natin sa ating kalagayan. Kung minsan, hindi nauukol sa akin ang galit ng isang mananampalatayang Judio sa isang salmo na hinihiling sa Diyos ang kamatayan ng mga naghahangad na pumatay sa kanya; hindi ko rin aangkinin ang pahayag ng taong nagsasabi sa Diyos: "Wala akong kasalanan." Ngunit lahat ng ito'y magpapasigla sa aking panalangin. Sasabihin ko sa Diyos ang galit ko sa kawalang-katarungan at karahasan. Hihilingin ko sa kanyang wasakin ang kasamaan, at gugunitain kong kakampi ko si Kristo, "ang siyang makatarungan" na walang kasalanan at nananalangin para sa akin.

Si Jesus ay marunong manalangin sa pamamagitan ng mga salmo; dapat din nating matutunan ang pananalangin sa pamamagitan ng mga ito. Pagkatapos nating masanay sa mga lumang pormulang ito, malalaman nating sa kalahatan, nangungusap ang mga salmo tungkol kay Kristo at inuulit ang kanyang tinig.

**Ang pagnunumero sa mga salmo** sa mga aklat ng Iglesya ay hindi laging kapareho ng sa Bibliang Hebreo. Inilagay muna natin ang numero ng salmo sa Bibliang Hebreo at, sa loob ng panaklong, ang numero naman ng tekstong Latin.

### *Ang mga awit sa Biblia*

Kasama ng mga salmo, dapat din nating tukuyin ang iba pang mga panalangin na natatagpuan natin sa maraming bahagi ng Biblia na karaniwang tinatawag nating "mga awit":

– ni Moises: Ex 15
– 2a ni Moises: Dt 32
– ni Ana: 1 S 12
– ni Isaias: Is 12
– ni Ezekias: Is 38
– Habakuk: Hb 3
– ng tatlong lingkod:
  Dn 3:52
– ni Tobit: Tb 13
– ni Sirac: Sir: 36
– ni Maria: Lc: 46
– ni Simeon: Lc 2:29
– Efeso: 1:3-14; 3:14-20
– Pagbubunyag: maraming sipi
– Tingnan din ang
  2 S 23; Ne 9:6
  Is 26:7; 59; 63:7;
  Jer 20:7; Jdt 16:13;
  Kar 9:1; Sir 23:1; 51

# MGA SALMO



## SALMO 1

**May dalawang daan ng buhay.** Kung ano ang iyong itinanim ay siya mo ring aanihin. Magiging maligaya dito at sa kabilambuhay ang mga tumutupad sa batas ng Diyos. Wala namang kasaganaang tatamasahin ang ayaw sumunod.

1 Napakasaya ng taong
di sumusunod sa payo ng masama
at di lumalakad sa daan ng makasalanan
o umuupong kasama ng mga mapangkutya,
2 kundi batas ng Panginoon ang kanyang kinalulugdan
na araw-gabing pinagninilayan.

3 Para siyang puno sa tabing-ilog,
namumunga sa takdang panahon,
hinding-hindi nalalanta ang mga dahon;
nagtatagumpay ang lahat niyang gawain.

4 Hindi naman ganito ang masasama.
Para silang ipang tinatangay ng hangin.
5 Hindi tatayo sa paghuhukom ang masasama,
ni mapapabilang sa mga matuwid ang mga makasalanan.

Pagkat ang Diyos ang may-alam sa daan ng matuwid,
at kapahamakan naman ang hantungan ng masama.

---

**1.** Pagiging masaya ang simula ng unang salmo tulad ng pagsisimula sa pagiging mapalad ng unang diskurso ni Jesus sa ebanghelyo. Parehong kahulugan ang tinutukoy ng dalawang salitang ito: pagiging masaya ang pagiging mapalad o pinagpala.

Madalas na pinapaksa sa biblia ang dalawang daan ng buhay (Dt 30:15; Jer 21:8; Kas 4:18; Mt 7:13). Sumasapit tayo sa sangandaan ng buhay at nasa atin mismo ang responsabilidad para magpasya na siyang malalahad sa araw ng paghuhukom. Sa kabila ng anumang panlabas na anyo at kalagayan, para lamang sa mga tapat sa kagustuhan ng Diyos ang kaligayahan.

Si Jesus ang punong may mga dahong di nalalanta at mabunga. Mga bulaklak ng puno ng krus ang lahat ng mabuti, magaling, maganda at banal na nasa puso ng tao.

## SALMO 2

**Ang dalawang kaharian.** Ipinahihiwatig sa paglalabang ito ng mga hari ng daigdig at ng Pinahiran ng Diyos ang Aklat ng Pagbubunyag. Dumating na sa piling natin ang Diyos. At hamon para sa mga maygustong maghari-harian sa daigdig ang pamamalagi niya sa atin. Hinding-hindi magkakaroon ng kapayapaang walang-hanggan dito sa lupa.

Tulad ng isang pahayag ng Diyos ang mga b. 6-9 na nagbababala sa lahat ng bansa na siya mismo ang nagputong ng korona sa kanyang Anak sa Sion na walang iba kundi ang Jerusalem na siyang banal na bundok. At hinihinging pasailalim sa kanya ang lahat ng hari. Ang Mesiyas ang haring ito, ang "Pinahiran ng Diyos" (ibig sabihi'y ang Kristo). Nasa panig siya ng napakaraming dukha sa buong mundo na naghihintay sa paggagawad niya ng katarungan.

Hindi lamang mga naniniil at nang-uusig ang tinutukoy ng *mga hari, mga hukom ng daigdig* kundi ang lahat ng may hawak na kapangyarihan sa pag-iisip ng tao, ang mga lumilikha ng opinyon ng sambayanan, pati na ang mga sindikato at kapangyarihan ng kadiliman. Hinaharap sila ng Diyos at kasama niya ang matagumpay niyang Anak, ang Pinahiran.

1 Ano't nagkakagulo ang mga bansa
at walang-saysay na nagkakaingay ang mga bayan?
2 Bumabangon ang mga hari ng daigdig,
sama-sama ngang nagsasabwatan ang mga pinuno
laban sa Panginoon at sa kanyang Pinahiran.
3 "Tayo na't lagutin ang tanikala;
alisin na, kanilang pamatok sa atin!"

4 Nagtatawa ang nakaluklok sa langit,
pinagtatawanan lamang sila ng Panginoon.
5 Galit niya silang kakausapin
at sa kanyang poot ay sisindakin.
6 "Ako ang nagtalaga sa hari kong ito
sa Sion na banal kong bundok."

7 Ihahayag ko ang pasya ng Panginoon:
sinabi niya sa akin: "Ikaw ang anak ko,
binigyang-buhay kita sa araw na ito.
8 Hingin mo't ibibigay kong pamana sa 'yo ang mga bansa,
at pag-aari ang sangkalupaan.
9 Mawawasak mo sila sa pamalong bakal
madudurog mo silang gaya ng palayok."

10 Kayat matauhan kayo ngayon, O mga hari,
magtanda kayo, mga hukom ng daigdig.
11 Paglingkuran ang Panginoon nang may pitagan,
hagkan ang kanyang mga paa nang may paggalang
12 kung hindi'y magagalit siya at kayo'y malilipol
pagkat biglang maglalagablab ang kanyang poot.
Mapalad ang mga napakukupkop sa kanya!

## SALMO 3

**Napakarami kong kaaway!** Tulad ng lahat ng Kristiyano, may kakampi si Haring David na mas malakas pa sa lahat niyang kaaway: ang Diyos.

2 O Panginoon, napakarami kong kaaway,
napakarami ng nag-aalsa laban sa akin!
3 Napakaraming nagsasabi sa akin:
"Wala siyang mapapalang tulong sa kanyang Diyos."

[4]Ngunit ikaw, Panginoon, ang kalasag sa tabi ko
ang aking dangal kayat ako'y taas-noo.
[5]Pasigaw akong tumatawag sa Panginoon
at dinidinig niya ako sa banal niyang bundok.
[6]Nakakatulog ako paghiga ko,
at nagigising pagkat ang Panginoon ang umaalalay sa akin.
[7]Di ako matatakot sa libu-libo mang tao
na nakapalibot na lahat laban sa akin.

[8]Bumangon ka, Panginoon; sagipin ako, aking Diyos!
Sinusuntok mo sa panga ang lahat kong kaaway,
dinudurog ang mga ngipin ng masasama.
[9]Sa Panginoon ang pagliligtas;
pagpalain mo ang 'yong bayan.

## SALMO 4

**Panalangin sa dapithapon.** Narito ang isang pandapithapong panalangin ng mga nananalig sa Diyos sa gitna ng kanilang mga paghihirap habang inaalaala nila kung paano sila nakaraos noong dati sa tulong na rin ng Diyos. Sa pagtanaw natin ng utang-na-loob, nakahihingi tayo ng higit pa. At sa paghingi nating ito, mas matatag ang ating pananalig. Naghahatid ng kapanatagan at kaligayahan kahit na sa gitna ng mga suliranin ang pananalig. Nararanasan natin sa iba't ibang paraan ang kasamaan ngunit lagi naman tayong nakakatagpo ng lakas sa panalangin.

Narito ang isa pang panalanging pandapithapon na matandang awit ng Iglesya sa Silangan:
Masayang liwanag ng banal, walang-kamatayang luwalhati ng ama,
banal at pinagpalang Jesucristo:
sa oras ng paglubog ng araw,
umaawit kami sa Ama at sa Anak
at sa Espiritung Banal ng Diyos.
Kapuri-puri ka sa lahat ng panahon,
marapat purihin ng lahat ng tinig,
Anak ng Diyos, tagapagbigay ng buhay.

[2]Pakinggan ako, O Diyos ng katarungan, sa aking pagtawag;
binigyang-ginhawa mo ako sa aking kagipitan,
kaawaan ako ngayon at dinggin ang aking dalangin.

[3]O mga tao, hanggang kailan magiging sara ang inyong kalooban,
hanggang kailan mamahalin ang wala at hahanapin ang huwad?
[4]Alamin n'yo na nagmamagandang-loob ang Panginoon sa mga mahal niya;
dinidinig ako ng Panginoon tuwing pagtawag ko sa kanya.
[5]Matakot kayo at huwag magkasala:

magnilay sa inyong mga puso sa inyong paghiga at tumahimik.
[6]Mag-alay ng matuwid na handog at manalig sa Panginoon.

[7]Marami ang nagsasabi: "Sino'ng magpapakita sa amin ng kabutihan?"
Ipakita sa amin, Panginoon, ang maaliwalas mong mukha.

8 Hatid mo sa aking puso'y higit na galak,
higit pa sa masagana nilang ani't bagong alak.
9 Nahihiga akong palagay ang loob at agad na
nakakatulog
pagkat sa 'yo nga lamang, Panginoon, ako
makapamumuhay nang panatag.

## SALMO 5

**Panalangin sa umaga.** Simulan natin ang araw sa paghingi sa Diyos na siya ang maging liwanag natin at lakas, at sa pagpunta rin sa bahay ng Diyos, sa kanyang simbahan kung saan natin tinatanggap ang kanyang liwanag at lakas.

2 Mga salita ko'y dinggin, O Panginoon,
bigyang-pansin ang aking panaghoy.
3 Pakinggan ang sigaw ng paghingi ko ng
saklolo,
O aking Hari at aking Diyos!
Sa 'yo ako sumasamo, 4 O Panginoon.
Sa bukanliwayway, dinidinig mo ako;
sa bukanliwayway, sa 'yo ako
dumudulog,
naghihintay at nananabik.

5 Hindi ka diyos na nasisiyahan sa
masama;
walang masamang makapananahan sa
piling mo.
6 Hindi makatatayo sa harap mo ang
mayayabang.

Kinamumuhian mo lahat ng
gumagawa ng masama,
7 nililipol mo lahat ng sinungaling.
Kinasusuklaman ng Panginoon ang mga
uhaw sa dugo at puno ng pandaraya.
8 Ngunit ako, makatutuloy ako sa 'yong
tahanan
dahil sa masagana mong
kagandahang-loob.
Buong-pitagan akong sasamba sa banal
mong templo.
9 Akayin ako, Panginoon, sa 'yong
katarungan.
Dahil sa aking mga kaaway,
tuwirin ang 'yong landas sa aking harapan.

10 Sapagkat walang katapatan sa
kanilang mga labi,
puno ng kapahamakan ang kanilang
kalooban,
hinukay na libingan ang kanilang
lalamunan,
at matatamis na salita ang nasa kanilang
mga dila.

11 Parusahan sila, O Diyos, gaya ng
nararapat,
sila nawa ang mapasamâ sa kanilang
mga balak.
Ipagtabuyan sila sa dami ng kanilang
kasalanan
pagkat sa 'yo sila naghimagsik.

12 Ngunit magagalak lahat ng nananalig
sa 'yo,
sisigaw sa tuwa magpakailanman.

---

**5.** *Sa bukanliwayway, dinidinig mo ako.* Lagi nang magandang panahon para sa panalangin ang umaga. Sa mga unang oras na ito ng ating maghapon nabubuksan natin sa Diyos ang ating kalooban at naiialay sa kanya ang nilalaman ng ating mga puso bago "lumusong sa dagat" ng pang-araw-araw nating gawain. Panginoon nga ng langit at lupa ang Diyos ngunit mas madali natin siyang natatagpuan sa mga lugar ng panalangin. Bukas ba ang ating mga kapilya at simbahan? Kung hindi, meron naman kaya tayong laang lugar sa ating mga tahanan para sa panalangin?

*Ipagtabuyan sila, O Diyos.* Mukhang napakalayo sa ebanghelyo ang mga salitang ito. Itinuturo sa atin ni Jesus na huwag ipagkamali ang kasalanan sa nagkasala. Nahahayag naman sa ganitong mga pagdaing ang panawagan sa Diyos ng katarungan. Wala itong ipinag-iba sa palangin ng mga api, ng mga pinag-uusig at ng mga kapuspalad. Maging daan nawa ang mga salmong may "panunumpa" upang hangarin natin at ng Iglesya ang katarungan.

Ikinakanlong mo sila, sa 'yo sila magdiriwang,
silang may pagpapahalaga sa 'yong pangalan.

13 Ikaw nga, Panginoon, ang pagpapala ng mga matuwid,
kagandahang-loob mo'y kalasag sa kanyang paligid.

## SALMO 6

**Panalangin sa panahon ng ligalig.** Panalangin ng maysakit ang salmong ito. Sa paghiling niyang lumaya siya sa kanyang karamdaman, inihahayag niya ang matatag niyang pananalig at ang kanyang paninindigang huwag magkaroon ng anumang kinalaman sa masama.

Pinakauna ang salmong ito sa tinatawag na pitong Salmo ng Pagsisisi: Slm 6, 32, 38, 51, 102, 130 at 143.

Ang "Sheol" ang binabanggit sa b. 6: ito ang daigdig sa ilalim na ayon sa matandang paniwala ng mga Hebreo ay siyang lugar ng mga patay.

3 O Panginoon, huwag akong sumbatan sa 'yong galit,
huwag parusahan sa lagablab ng 'yong poot.
3 Kaawaan ako, Panginoon, pagkat ako'y nanghihina;
pagalingin ako, Panginoon, pagkat sagad hanggang buto ang aking ligalig,
4 at puno ng pagkabalisa ang aking buhay.
At ikaw, Panginoon... hanggang kailan?

5 Magbalik ka, Panginoon, at ako'y sagipin.
Iligtas ako dahil sa walang-maliw mong pag-ibig;
6 sapagkat walang makaaalaala sa 'yo sa mga patay,
sino ang makapagpupuri sa 'yo sa libingan?
7 Ubos na ang lakas ko sa aking pagdaing,
gabi-gabi'y basa ng luha ang aking unan,
higaan ko'y dagat na luha.
8 Nanlalabo na sa lungkot ang aking mata,
nanghihina dahil sa lahat kong kaaway.

9 Layuan n'yo ako, lahat kayong gumagawa ng kasamaan
pagkat dininig ng Panginoon ang aking pag-iyak.
10 Dininig ng Panginoon ang aking pakiusap,
tatanggapin ng Panginoon ang aking dasal.
11 Malilito't masisiraan ng loob, lahat kong kaaway,
agad na magsisiurong sa laki ng kahihiyan.

## SALMO 7

**Iligtas ako sa lahat ng umuusig sa akin.** Isang pagdaing na nagmumula sa kaibuturan ng kalooban at humihingi ng katarungan.

2 O Panginoong aking Diyos, sa 'yo ako kumakanlong,
iligtas ako at sagipin sa lahat ng umuusig sa akin.
3 Kung hindi'y lalapain nila akong gaya ng leon,
tatangayin at walang sasagip sa akin.

4 O Panginoong aking Diyos, kung nagawa ko ang ganito:

kung may bahid ng kasalanan ang aking mga kamay,

[5] kung sinuklian ko ng masama ang aking mga kaibigan
o kinampihan ang mapang-api kong kalaban,
[6] habulin nawa ako at abutan ng aking kaaway,
ilampaso niya sa lupa ang aking buhay
at yurakan sa alabok ang aking dangal.
[7] Bumangon ka, Panginoon, sa 'yong galit,
tumindig laban sa poot ng aking mga kaaway!
Gumising ka, aking Diyos, maggawad ng katarungan.
[8] Paligiran ka ng pagtitipon ng mga bayan,
maghari sa kanila mula sa itaas.
[9] Hukom ng mga bansa ang Panginoon.
Hatulan ako, Panginoon, ayon sa aking katuwiran,
ayon sa aking katapatan.
[10] Wakasan ang karahasan ng tampalasan,
patatagin ang matuwid,
ikaw na nakasasaliksik sa puso't kalooban,
O Diyos na makatarungan.
[11] Kalasag kong tagapagsanggalang ang Diyos,
tagapagligtas ng mga may matuwid na puso.
[12] Makatarungang hukom ang Diyos,
di madaling magalit;
ngunit isang Diyos namang laging galit
[13] sa mga ayaw magbalik-loob.
Ihasa man ng kaaway ang kanyang tabak,
banatin man ang kanyang pana at ihanda,
[14] sa kanya mismo nakaamba mga sandata ng kamatayan,
siya ang tatamaan ng mga palasong naglalagablab.
[15] Hayan, dala-dala n'ya'y kasamaan,
naglilihi ng kabuktutan, inahin ng kasinungalingan.
[16] Humuhukay siya ng balon, hinuhukay ito nang malalim;
siya rin ang mahuhulog sa hukay na ginawa.
[17] Sa kanya babalik ang kanyang kasamaan,
sa kanya ring ulo babagsak kanyang karahasan.
[18] Salamat sa Panginoon sa kanyang katarungan,
aawitan ko ang ngalan ng Panginoong Kataas-taasan.

## SALMO 8

**Luwalhati ng Diyos at dangal ng tao.** Inihahayag ng sanlibutan ang luwalhati at kagandahan ng Diyos. Ngunit nang maging isa sa atin ang Anak ng Diyos, inilagay niyang higit sa lahat ng sangnilikha ang tao, at binigyang-diin niya ang pagkakapantay-pantay ng lahat ng tao.

Walang ibang alam ang kasalukuyan nating kultura kundi mga taong pagpapasasa sa buhay ang hanap, ang tamasahin ang magandang kapalaran at mabuting kalusugan.

Bilang "mga palayok na yari sa putik kasama ng pareho ring mga palayok na yari sa putik," hangad ng bawat tao ang maging iba at natatangi. Inaasam natin na makapag-isa tayo nang ganap. Binibigyang-diin naman ng salmong ito ang dangal ng tao na namamalayan natin sa pagtawag sa atin

[2] O Panginoon naming Diyos, kaydakila ng 'yong pangalan
sa buong sangkalupaan!
Ipinagbubunyi ang 'yong luwalhati sa itaas mismo ng langit,
[3] sa labi ng mga bata at mga sanggol na pasusuhin,
may muog kang matatag laban sa 'yong mga kaaway
upang patahimikin naghihimagsik na kalaban.

ng Diyos at patuloy na lumalago sa kanyang paningin.

Parehong "mga tao" o "iisang katawan" lamang ang ibig sabihin ng biblia sa pagsasalita nito tungkol sa tao: Adan, Tao, o Sangkatauhan. Si Kristo ang pinakaulo ng natatanging katawang ito, na siya ring magiging ulo ng sangnilikha. Basahin kung paano ginamit ng mga apostol para kay Jesus ang mga salita ng salmong ito: Mt 21:16; 1 Cor 15:27; Ef 1:22; Heb 2:6-8. Sa paghahanap natin sa ating misyon sa daigdig nagsisimula ang pagtatayo natin sa ating sarili. Sapagkat balewala tayo kung wala ang ating mga kapatid na nakikibaka o basta na lamang nabubuhay sa lahat ng dako ng mundo.

4 Kapag minamasdan ko ang langit na gawa ng iyong mga kamay,
ang buwan at mga bituin na 'yong inilagay –
5 ano ang tao upang 'yong alalahanin,
ang anak ni Adan upang 'yong kalingain?

6 Kaunti na lang at diyos na siyang ginawa mo,
luwalhati at dangal sa kanya mo ipinutong;
7 pinapangyari mo siya sa gawa ng 'yong mga kamay,
8 at sa kanyang mga paa, ipinailalim mo ang lahat:
mga tupa at mga baka, sama-samang lahat,
pati na mga hayop sa gubat,
9 mga ibon sa langit at mga isda sa dagat,
lahat ng lumalangoy sa karagatan.

10 O Panginoon naming Diyos,
kaydakila ng 'yong pangalan sa buong sangkalupaan!

## SALMO 9

**Diyos ang takbuhan ng mga api.** Sa pag-alaala sa mga halimbawa ng kahapon, ipinahahayag ng salmista: "Hinding-hindi maglalaho ang pag-asa ng mga dukha."

2 Taos-puso kitang pasasalamatan, Panginoon,
at ihahayag lahat ng kahanga-hanga mong gawa.
3 Sa 'yo ako magagalak at magdiriwang,
pupurihin ko ang 'yong pangalan, O Kataas-taasan.
4 Nagsisiurong ang aking mga kaaway,
nadarapa at nalilipol sa 'yong harapan.
5 Itinaguyod mo ang aking karapatan at kapakanan,
makatarungan kang hukom sa 'yong luklukan.
6 Sinansala mo ang mga bansa, pininsala ang masasama;
binura ang kanilang pangalan magpakailanman.
7 Ito na ang wakas ng kaaway, wasak na magpasawalang-hanggan.
Nilipol mo ang kanilang mga lunsod, naglaho na pati kanilang alaala.
8 Ngunit nakaluklok ang Panginoon magpakailanman,
pinatatag niya ang kanyang luklukan sa paghuhukom.
9 Makatarungan niyang huhukuman ang mundo,
matuwid niyang hahatulan ang mga bansa.
10 Ang Panginoon nawa ang maging kanlungan ng mga api,
isang kanlungan sa panahon ng gulo!
11 Sa 'yo mananalig ang mga nakakakilala sa 'yong pangalan:
di mo pinababayaan ang mga naghahanap sa 'yo, Panginoon.

**9.** Dalawang kalahating bahagi ng teksto sa Griyego at Latin ang mga Salmo 9 at 10 sa bibliang Hebreo. Dahil dito kaya nababago ang bilang ng mga salmo mula sa bahaging ito. Tinutuligsa ng Salmo 9 ang mga kaaway ng Israel at ng Salmo 10 naman ang masasama sa loob mismo ng kanilang pamayanan. Hindi lamang ito tungkol sa mga kaaway sa relihiyon sapagkat mga kaaway nga rin ng Diyos ang mga nagsasamantala sa mga biyuda at mga ulila, sa mga dayuhan at mga manlalakbay.

12 Umawit ng papuri sa Panginoong sa Sion nananahan,
ihayag sa mga bansa ang kanyang mga gawa.
13 Inaalaala sila ng tagapaghiganti ng dugo,
hindi niya nililimot ang daing ng mga dukha.
14 Kaawaan ako, Panginoon, tingnan ang aking kagipitan
sa harap ng mga namumuhi sa akin,
hilahin ako mula sa pinto ng kamatayan,
15 nang maihayag ko lahat ng papuri sa 'yo
sa mga pintuan ng lunsod ng Sion
at maipagdiwang ang 'yong pagliligtas.
16 Nahulog ang mga bansa sa hukay na kanilang ginawa,
nasilo ang kanilang mga paa sa bitag na kanilang inihanda.
17 Nagpapakilala ang Panginoon, naghuhukom siya.
Sa gawa ng kanilang mga kamay, nasisilo ang masasama.
18 Magbalik nawa ang masasama sa lugar ng mga patay,
lahat ng bansang nakakalimot sa Diyos.
19 Sapagkat hindi lilimutin magpakailanman ang naghihikahos
ni maglalaho magpawalang-hanggan ang pag-asa ng dukha.
20 Bumangon ka, Panginoon, huwag papanaigin ang tao;
hatulan sa harap mo ang mga bansa.
Maghasik ng takot sa kanila, Panginoon,
nang malaman ng mga bansa na sila'y tao lamang!

## SALMO 10

**Pagpapatuloy ng naunang salmo.**

1 Ba't ka malayo, Panginoon?
Bakit nagtatago sa panahon ng ligalig?
2 Nagmamagaling ang masama sa pang-aapi sa mga dukha, sinasakmal sila ng kanyang mga pakana.
3 Ipinagyayabang ng makasalanan, masasama niyang niloloob; hinahamak nama't itinatakwil ng sakim ang Diyos.
4 Sabi ng masama: "Di ako sisingilin ng Panginoon."
"Walang Diyos," ang laging laman ng kanyang isip.
5 Ni hindi niya naiisip ang 'yong mga batas
ngunit makatitiyak siya sa kanyang mga balak.
Pinagtatawanan lamang niya ang kanyang mga kaaway.
6 Sinasabi niya sa kanyang sarili: "Mananatili akong matatag,
hinding-hindi magigipit kailanman."
7 Puno ng pagmumura, kasinungalingan at panlilinlang ang bibig niya; pagalipusta nama't paninirang-puri ang nasa kanyang dila.
8 Sa mga liblib na lugar ay nag-aabang siya;
sa pagkakatago'y pinapatay ang walang-sala.
Minamanmanan niya ang mahihina.
9 Lihim siyang nag-aabang gaya ng leon sa kanyang lungga,
nag-aabang siya para sunggaban ang dukha;
sinusunggaban niya't kinakaladkad ang dukha sa kanyang mga lambat.
10 Nakayuko siyang nag-aabang hanggang mahulog ang sawimpalad sa kanyang kapangyarihan.
11 Sinasabi niya sa kanyang sarili: "Nakalimot ang Diyos,

---

**10.** Maaaring akalain ng mayayaman at makapangyarihan na malayo ang Diyos at siya'y nanonood lamang sa mga nangyayari, at marahil ay wala ngang Diyos. Ngunit dinidinig ng Diyos ang daing ng mga ulila. Madali ang yumaman sa konsumeristang daigdig. Kayat kailangang tanungin ng bawat Kristiyano ang kanyang sarili kung may kinalaman nga ba siya o wala sa mga pang-aapi at diskriminasyong ating nasasaksihan.

tinatakpan niya ang kanyang mukha,
wala siyang nakikita."

12 Bumangon ka, Panginoon, iunat ang iyong kamay!
O Diyos, huwag limutin ang mga api!
13 Bakit nilalapastangan ng masama ang Diyos,
at sinasabing hindi ka gaganti?
14 Ngunit kita mong lahat ng pighati at kaapihan,
isinasaalang-alang mo at pinanghahawakan.
Sa 'yo umaasa ang dukha,
tagapagtanggol ka ng mga ulila.
15 Baliin ang braso ng makasalanan at masama,
isa-isahin ang kanyang kasamaan hanggang wala nang matira.
16 Hari magpakailanman ang Panginoon;
sa kanyang lupain, mga bansa'y pawang malilipol.
17 Dinidinig mo, Panginoon ang daing ng mga dukha;
pinalalakas ang kanilang loob, at pinakikinggan sila.

18 Ipagtatanggol mo ang api at ulila
upang di na makapanakot pa ang taong sa lupa nagmula.

## SALMO 11 (10)

**Walang kinatatakutan ang masama.** Kung kampi sa atin ang Diyos, sino ang hahatol sa atin? Palayain nawa niya tayo sa takot pagharap natin sa mga nananakot at nang-aapi sa iba.

*Kung mawasak ang mga haligi, ano'ng magagawa ng makatarungan?* Ganito ang iminumungkahi ng manunukso, "Huwag kang sumalungat sa agos, ginagawa naman 'yan ng lahat. Gawin mo na lang ang ginagawa nila at huwag ka nang umimik. *Mamundok ka na lang,* simpleng tao. Wala kang nakita, kalimutan mo ang kawalang-katarungan at sarili mong buhay ang pakialaman o kaya'y debosyon at panalangin ang 'yong asikasuhin!"

Ipanalangin natin ang mga nakikibaka laban sa malawaka't organisadong pang-aapi, ang mga nagigising araw-araw sa pananakot ng terorismo.

1 Sa Panginoon ako kumakanlong,
Paano mo masasabi sa aking:

"Tumakas sa bundok gaya ng isang ibon.
2 Haya't binabanat ng masasama ang kanilang mga pana,
ikinakasa sa tali ang kanilang mga palaso
para panain sa dilim ang may matuwid na puso.
3 Kung mawasak ang mga haligi, ano'ng magagawa ng makatarungan?"

4 Nasa banal niyang templo ang Panginoon,
ang Panginoon, nasa langit ang kanyang trono.
Minamasdan ng kanyang mga mata ang daigdig,
sinusuri sa kanyang paningin ang mga anak ni Adan.

5 Sinusuri ng Panginoon ang makatarungan at ang masama,
kinamumuhian ang nagmamahal sa dahas.
6 Pauulanan niya ng nagbabagang bato at asupre ang makasalanan,
at naglalagablab na hangin ang kanilang hantungan.

7 Pagkat makatarungan ang Panginoon, mahal niya ang katarungan,
makikita ng mga matuwid ang kanyang mukha.

## SALMO 12 (11)

**Laban sa daigdig ng kasinungalingan.** Mga kasinungalingan, propaganda at mga bulaang propeta ng maalwang pamumuhay ang nagkukubli sa pang-araw-araw na kawalang-katarungan. Ngunit totoo ang Salita ng Diyos at ito ang maghuhukom sa daigdig. Sa Salita-ng-Diyos-na-naging-tao, walang oo at hindi: sa kanya naging oo ang lahat ng pangako ng Diyos.

2 Saklolo, Panginoon, pagkat wala nang makadiyos:
naglaho na ang mga tapat sa mga anak ni Adan.
3 Kasinungalingan ang kanilang sinasabi sa isa't isa,
may mapanlinlang na labi at balik-harap na puso silang nagsasalita.
4 Putulin nawa ng Panginoon lahat ng labing mapanlinlang,
lahat ng dilang mapagmayabang.
5 Sila na nagsasabing "Nasa dila namin ang aming lakas,
kakampi namin ang aming mga labi;
sino'ng makapaghahari sa amin?"

6 Sinasabi naman ng Panginoon:
"Dahil sa paniniil sa mahihina,
dahil sa pagdaing ng mga dukha,
ako ngayon ang kikilos
upang kaligtasa'y igawad sa mga naghahangad nito.

7 Salitang dalisay ang mga salita ng Panginoon,
pilak na galing sa lupa, makapitong dinalisay sa apoy.
8 Babantayan mo kami, O Panginoon,
at laging ipagsasanggalang sa salinlahing ito.
9 Magpapagala-gala naman ang masasama
at makapangyayari ang kabuktutan sa mga anak ni Adan.

## SALMO 13 (12)

**Tingnan ako't pakinggan.** Hindi nililimot ng Diyos ang kanyang mga anak: ibinangon niya si Kristo mula sa mga patay.

Tiyak na diringgin ang personal at matiyagang panalangin.

2 Hanggang kailan mo ako lilimutin, Panginoon? Habampanahon ba?
Hanggang kailan mo itatago sa akin ang 'yong mukha?
3 Hanggang kailan ko didibdibin ang bigat ng aking kalooban,
ang pighating ito ng aking puso araw-gabi?

4 Tumingin ka sa akin, sagutin mo ako, Panginoon kong Diyos!
Bigyang-liwanag ang aking mga mata

kung hindi'y mahihimlay ako sa kamatayan,
5 at sasabihin ng aking kaaway, "Nadaig ko siya,"
magagalak ang aking mga kalaban sa aking pagbagsak.
6 Ngunit sa walang-sawa mong pag-ibig, Panginoon, ako nananalig.

Sa hatid mong pagliligtas magagalak ang aking puso:
aawitan ko ang Panginoon dahil sa kagandahang-loob niya sa akin,
aawitan ko ang ngalan ng Panginoong Kataas-taasan.

## SALMO 14 (13)

**Walang pitagan sa kapwa, walang pitagan sa Diyos.**

1 "Walang Diyos," ang sabi ng hangal sa kanyang puso.
Gano'n ang mga bulok, kasuklam-suklam ang kanilang mga gawa,
wala isa mang gumagawa ng tama.

2 Tinitingnan ng Panginoon mula sa langit ang mga anak ni Adan,
para makita kung may nakauunawa,
kung may naghahanap sa Diyos.
3 Lumihis ang lahat at nagpakabulok;
walang sinumang gumagawa ng tama, wala ni isa man.

4 Hindi na ba matututo ang mga gumagawa ng masama?
Inuubos nila ang aking bayan
na para lang kumakain ng tinapay:
kailanma'y di sila tumawag sa Panginoon.

5 Hayan sila, nanginginig sa takot
na wala namang dapat ikatakot:
pagkat nasa panig ng makatarungan ang Diyos.
6 Mabigo n'yo man ang balak ng mga dukha,
ang Panginoon pa rin ang kanilang takbuhan.

7 Dumating nawa mula sa Sion ang pagliligtas sa Israel!
Kapag ibinalik ng Panginoon ang kanyang bayan,
magagalak ang Jacob, matutuwa ang Israel.

## SALMO 15 (14)

**Panginoon, sino'ng makatutuloy sa 'yong tahanan?** Tulungan nawa tayo ng Panginoon na makasunod sa kanyang mga utos.

Inuulit ng salmong ito ang salita ni Propeta Oseas: "Awa ang gusto ko kaysa sakripisyo." Sa tanong na "sino'ng makatutuloy sa 'yong tahanan?" sampung pag-uugaling may kinalaman sa katarungan ang sagot niya. Magkabilang-mukha ng iisang ugali ang paglilingkod sa Diyos at pagiging makatarungan.

1 Panginoon, sino'ng makatutuloy sa 'yong tahanan,
sino'ng makapananahan sa bundok mong banal?

2 Siya na lumalakad nang walang dungis,
na nagsasagawa ng katarungan
at nagsasabi ng totoo mula sa kanyang puso.
3 Siya na walang paninirang-puri sa kanyang dila,
siya na di gumagawa ng masama sa kanyang kasama
at di humihiya sa kanyang kapwa.

4 Siya na humahamak sa masama
ngunit nagpaparangal naman sa may pitagan sa Diyos;
siya na may isang salita, kahit na siya pa ang mapasamâ;
5 siya na di nagpapatubo sa kanyang pautang
at di tumatanggap ng lagay para ipahamak ang walang-sala.
Di mababagabag kailanman, siyang gumagawa ng ganito.

## SALMO 16 (15)

**Ang Panginoon ang aking mana.** Ang Diyos ang bahagi ko sa mana. Siya ang pinili ko bilang aking Panginoon at sa kanya ako magagalak magpakailanman.

Nabuhay ang mga Israelita sa piling ng mga bansang pagano. Ngunit marami pa rin sa kanila ang nakiisa sa mga pamahiin ng mga pagano sa kabila ng pagpapahayag nila ng kanilang pagsampalataya sa iisang Diyos. Sa pakikibahagi nila sa mga pag-aalay sa mga diyos ng mga lugar na kanilang kinaroroonan, pinaghalo nila ang pagsamba sa ibang mga diyos at ang mga kaugalian ng tunay na pananampalataya.

Isang paring Levita ang sumulat ng salmong ito. Nang hatiin ng Diyos sa mga tribu noong araw ang Lupang Pangako, sinabi niya sa mga Levita: "Ako ang magiging mana para sa 'yo." At ngayo'y pinapatnubayan niya ang Levitang ito sa mga pananagutan ng sambayanang kulang sa katapatan. Walang anumang pasubali ang komitment ng salmista kayat para sa kanya, walang anumang magagawa ang kamatayan para putulin ang kanyang relasyon sa Diyos (b. 10-11).

*Di mo 'ko pababayaan sa lugar ng mga patay, ni hahayaang makakita ng pagkabulok ang 'yong Banal.*

1 Ipagtanggol ako, O Diyos, sa 'yo ako napakukupkop.
2 Sinabi ko sa Panginoon: "Ikaw ang Panginoon ko,
liban sa 'yo, wala na akong iba pang ligaya."

3 Ang mga anak na nasa kanyang lupain
ang lubos namang ikinagagalak ng aking puso.
4 Pinararami lamang ng mga humahabol
sa iba pang mga diyos ang kanilang pighati.
Di ako kailanman magbubuhos ng haing dugo sa kanila!
Di kailanman mamumutawi ang kanilang pangalan sa aking mga labi.

5 O Panginoon, ikaw ang aking mana at suwerte,
tiniyak mo ang aking kapalaran.
6 Sa mga kaaya-ayang lugar natapat ang mga hangganan para sa akin,
talaga ngang napakaganda ng aking mana!
7 Pupurihin ko ang Panginoon, siya ang aking tagapayo;
kahit na sa gabi, pinagsasabihan ako ng aking puso.

Tiyak ng salmista na ililigtas siya ng Diyos sa madilim at malungkod na lugar na ito, na ayon sa paniwala nang panahong iyo'y siyang tirahan ng mga patay. Ilalagay siya ng Diyos sa kanyang kanan magpakailanman.

Mula pa sa simula, itinuring na ng mga Kristiyano na tungkol kay Jesus na muling nabuhay ang mga salitang ito (Gawa 2:25 at 13:35). Sa pagiging ganap na lingkod ng Ama, iningatan siya nito mula sa pagkabulok sa libingan.

Hindi nangangahulugan ng pagputol ng relasyon sa mga nasa ibang relihiyon ang katapatan sa Diyos. Sa halip ay hinihingi sa atin ng katapatang ito na suriin nating mabuti ang pagkakakapit natin sa lahat ng maliliit na diyos na nagpapabigat sa ating buhay. Huwag nating isakripisyo ang ating pamilyang Kristiyano sa altar ng pera.

8 Lagi nang sa Panginoon nakatuon ang aking paningin;
at dahil siya ang nasa aking kanan, di ako mababagabag.
9 Kayat nagagalak ang aking puso, natutuwa ang aking mga labi
at panatag ding magpapahinga ang aking katawan.

10 Pagkat di mo 'ko pababayaan sa lugar ng mga patay,
ni hahayaang makakita ng pagkabulok ang iyong Banal.
11 Daan ng buhay ang ipakikita mo sa akin,
nag-uumapaw na kagalakan sa harap mo,
ligayang walang-hanggan sa kanan mo.

## SALMO 17 (16)

**Daing ng walang-sala.**

1 Dinggin mo, Panginoon, makatarungang pakiusap,
bigyang-pansin ang aking panawagan;
dinggin ang aking dalangin,
walang panlilinlang sa aking mga labi.

2 Sa 'yo nagmumula, pagpapawalang-sala sa akin,
kita ng mga mata mo ang tama at matuwid.
3 Sinasaliksik mo ang aking puso, sinisiyasat ako sa gabi,
sinusubok mo ako sa apoy at wala ka namang matagpuang anuman.
4 Walang nagawang pagkakasala ang aking bibig.
At tungkol naman sa mga gawa ng tao,
iniwasan ko ang mga daan ng karahasan
ayon sa salita ng 'yong mga labi.
5 Sa 'yong mga landas nananatili ang aking mga hakbang
kayat di madudulas ang aking mga paa.

6 Sa 'yo ako tumatawag, O Diyos, pagkat sasagutin mo ako.
Ibaling sa akin ang 'yong tenga, pakinggan ang aking mga salita.
7 Ipagpahanga mo ang dakila mong pagmamahal,
ikaw na ang kanang kamay ay nagliligtas
sa mga napakukupkop sa 'yo laban sa kanilang mga kaaway.
8 Panatiliin akong bulaklak sa 'yong mata;
itago ako sa lilim ng 'yong mga pakpak
9 sa harap ng masasamang mang-aapi sa akin.

Pinalilibutan ako ng aking mga kaaway at hangad
patayin.

10 Kanilang sinarhan mga puso nilang manhid
at kayabangan ang kanilang bukambibig.
11 Palapit sila laban sa akin na ngayo'y kanilang
pinalilibutan,
nakatitig silang nag-aabang na maihampas ako sa
lupa.
12 Para silang mga leong sabik na sabik manlapa,
parang mga batang leong nakayukong nag-aabang.
13 Bumangon ka, Panginoon, harapin sila at ilugmok;
sa 'yong tabak, sagipin ako sa makasalanan.

14 Lipulin sila, Panginoon, ng 'yong kamay,
at huwag nang ituring pa sa piling ng mga buhay.
Mabusog nawa sa laan mo sa kanila ang kanilang
tiyan,
nawa'y mabusog din ang kanilang mga anak
at may matira pa sa kanilang mga sanggol.

15 Ngunit ako, makatarungan kong pagmamasdan ang
'yong mukha,
at magigising akong busog pagkakita sa 'yo.

## SALMO 18 (17)

**Pagpapasalamat sa Diyos ng isang tagapagpalaya.** Pagdiriwang ng tagumpay ang salmong ito. Sigasig, pag-aalab ng damdamin, pagtanaw ng utang-na-loob: niyanig ng Diyos ang sanlibutan upang ako'y damayan.

2 Mahal kita, Panginoong aking lakas.
3 Ang Panginoon ang aking bato, ang aking kuta, ang aking tagapagligtas.
Ang aking Diyos ang bato kong kanlungan,
ang aking kalasag, ang puwersa ng aking kaligtasan, ang aking muog.
4 Sa Panginoon ako tumatawag – karapat-dapat siyang purihin –
at naliligtas ako sa aking mga kaaway.
5 Ginapos ako ng tali ng kamatayan,
dinaluhong ng mga alon ng kapahamakan.
6 Nakabidbid sa akin mga bitag ng libingan,
balót ng lambat ng kamatayan.
7 Sa aking kagipitan, tumawag ako sa Panginoon,
humingi ng saklolo sa aking Diyos.
Mula sa kanyang templo, dininig ang aking tinig;

**18.** Mababasa natin sa 2 Samuel 22 ang isa pang bersyong kaunti lamang ang pagkakaiba sa salmong ito na ipinalalagay na sinulat ni David.

Pinasasalamatan niya ang Diyos sa pagbibigay nito sa kanya ng tagumpay; kinikilala niya ang pagkilos na ito ng Diyos nang may pasasalamat. Patula ang paglalahad sa pagkilos na ito ng Diyos, tulad ng maluwalhating paglitaw ng Diyos sa itaas ng langit (basahin Hab 3).

*Hinawi niya ang langit at siya'y nanaog.* Ganito ang ginawa niya nang dumating sa piling natin ang kanyang Anak upang iligtas ang sangkatauhan sa mga kaaway nito.

18:11. Sa kaugalian ng Gitnang Silangan, ang mga *kerub* ay mga halimaw na may pakpak, mga alalay sila ng mga diyos. Para sa mga Israelita, ang mga ito ang humihila sa karwahe ng Diyos o kaya'y nagpapasan sa kanyang trono.

18:29. Sinabi ni Jesus: "Ako siyang liwanag ng mundo," at inuulit naman natin kasama ng salmista, "Pinapagdidingas mo ang aking ilawan."

umabot sa kanyang mga tenga aking pagdaing.
8 Lumindol at nayanig ang sangkalupaan,
umuga ang kinatatayuan ng kabundukan,
nanginig sa nagliliyab niyang galit.
9 Umusok ang kanyang ilong,
at mula sa kanyang bibig, apoy na tumutupok,
na nagpalagablab sa mga baga.
10 Hinawi niya ang langit at siya'y nanaog,
kulimlim na ulap ang nasa kanyang paanan.
11 Lumipad siyang sakay sa kerubim,
pumailanlang sa mga bagwis ng hangin.
12 Ginawa niyang balabal ang karimlan,
at tolda naman niya, makakapal na ulap ng nagbabantang ulan.
13 Sa ningning ng kanyang mukha, natunaw ang mga ulap:
mga batong-yelo at nag-aapoy na kidlat.
14 Dumagundong ang Panginoon mula sa langit,
ipinarinig ng Kataas-taasan ang kanyang tinig.
15 Itinudla niya ang kanyang mga palaso at pinangalat ang kaaway,
inihagis niya ang kanyang mga kidlat at sila'y pinuksa.
16 Nalantad ang pinakapusod ng dagat,
nahubaran ang mga haligi ng lupa
dahil sa ungol ng 'yong galing, Panginoon,
dahil sa buga ng 'yong poot.
17 Mula sa kaitaasan, inabot niya ako't hinawakan,
iniahon sa malalim na tubig.
18 Inagaw niya ako sa malakas kong kaaway,
sa mga kalaban kong mas malakas kaysa akin.
19 Sinalakay nila ako sa araw ng kapahamakan ko sana
ngunit ang Panginoon ang aking sandigan.
20 Inilabas niya ako sa lugar na maluwag,
sinagip ako pagkat ako'y mahal niya.
21 Ginantimpalaan ako ng Panginoon sa aking katarungan,
ginantihan ako sa kalinisan ng aking mga kamay.
22 Dahil nanatili ako sa mga daan ng Panginoon
at di nagwalanghiya sa pagtalikod sa aking Diyos.
23 Nasa harap kong lagi ang lahat niyang mga utos,
di kailanman tinalikuran ang kanyang mga batas.
24 Naging matuwid ako sa harap niya
at nanatiling malayo sa pagkakasala.
25 Sinuklian ng Panginoon ang aking katarungan,
ang kalinisan ng aking mga kamay sa kanyang paningin.
26 Tapat ka sa mga tapat,
walang dungis sa mga walandungis.
27 Totoo sa mga totoo
ngunit tuso pa sa mga tuso.
28 Iniliigtas mo ang bayang hamak
at hinahamak naman mga matang mapagmataas.
29 Pinapagdidingas mo, Panginoon, ang aking ilawan,
pinapagliliwanag ng aking Diyos ang aking karimlan.
30 Masusugod ko anumang hukbo kung kasama kita,
maaakyat ko anumang muog sa piling ng aking Diyos.
31 At tungkol naman sa Diyos, walang kapintasan ang kanyang daan,
dinalisay sa apuyan ang salita ng Panginoon.
Siya nga lamang ang kalasag
ng lahat na napakukupkop sa kanya.
32 Sapagkat sino nga ba ang Diyos kundi ang Panginoon?
Sino pa ang Bato liban sa ating Diyos?

[33] Siya ang Diyos na nagbibigkis sa akin ng lakas
at lubos na nagpapatatag sa aking landas.
[34] Ginagawa niyang sinliksi ng sa usa ang aking mga paa,
itinitindig ako sa kaitaasan;
[35] sinasanay ang mga kamay ko para sa labanan,
ang aking mga braso sa paghatak ng tansong pana.
[36] Ibinigay mo sa akin ang kalasag mong walang pagkalupig,
inalalayan ako ng kanan mong kamay
at yumuko ka upang ako'y dakilain.
[37] Pinalawak mo ang aking daraanan
upang di magkamali ang aking mga hakbang.
[38] Hinabol ko ang aking mga kaaway at sila'y inabutan,
di ako umuwi hanggang di sila napupuksa.
[39] Iginupo sila at di na babangon,
nabuwal sa ilalim ng aking mga paa.
[40] Binigkisan mo ako ng lakas para sa labanan,
pinabagsak sa paanan ko ang aking mga kaaway.
[41] Pinaurong mo ang aking mga kalaban,
nilipol ko ang mga namumuhi sa akin.
[42] Humingi sila ng saklolo – ngunit walang sinumang magliligtas –
sa Panginoon – ngunit di sila pinakinggan.
[43] Dinurog ko silang parang alabok sa ihip ng hangin,
tinapakan silang parang putik sa mga lansangan.
[44] Iniligtas mo ako sa pag-aaway-away ng sambayanan,
ginawa akong pangulo ng mga bansa;
lingkod ko ngayon ang bayang di ko kilala.
[45] Sinusunod nila ako pagkarinig sa akin.
Gumagapang sa harap ko ang mga dayuhan,
[46] nasisiraan ng loob ang mga banyaga,
nanginginig na lumalabas sa kanilang mga kuta.
[47] Mabuhay ang Panginoon! Purihin ang aking Bato!
Ipagbunyi ang Diyos kong Tagapagligtas!
[48] Ang Diyos na naghihiganti para sa akin,
at nagpapasuko ng mga bayan sa akin.
[49] Inililigtas niya ako sa aking mga kaaway.
Oo, pinapagtatagumpay mo ako sa aking mga kalaban,
sinasagip ako sa mga marahas.
[50] Kaya ipagbubunyi kita, Panginoon, sa lahat ng bayan,
at aawit ng papuri sa 'yong pangalan.
[51] Malaking tagumpay ng kanyang hari ang kanyang bigay,
ipinakikita ang walang-maliw niyang pag-ibig sa kanyang pinahiran,
kay David at sa mga anak nito magpakailanman.

## SALMO 19 (18)

**Ang Panginoon ang araw ng katarungan.** Isang sulyap sa kaluwalhatian ng Diyos ang ibinibigay sa atin ng kagandahan ng langit. Namamalayan din natin ang kanyang pamamalagi sa piling natin kapag pinagninilayan natin ang kanyang mga utos na liwanag at kagalakan sa kaluluwa.

Paanyaya ang salmong ito na pagnilayan ang luwalhati ng Diyos. Ipinahahayag ito ng ganda ng kalangitan, lalo na ng araw (1-7), at ng Batas

[2] Ipinahahayag ng langit ang luwalhati ng Diyos,
inilalahad naman ng kalawakan ang gawa ng kanyang mga kamay.

(8-15). Dalawang magkaibang salmo noon dati ang dalawang bahaging ito.

Tulad ng isang tugtugin ang kaayusan sa papawirin. Alam ba nating pakinggan ito? Nakikiisa ba tayo sa iba pang mga nilalang sa pagpupuri sa ating Diyos na Maylalang? Naririnig din kaya natin ang himig ng mensahe ng ebanghelyo (Rom 10:18)? *Mas mahalaga pa kaysa ginto, mas matamis pa sa pulot* ang Batas (Turo) ng Panginoon. Ang Diyos mismo ang ipinahahayag nito sa atin at inaanyayahan tayo nito sa ganap na pagpapaubaya ng sarili sa kanya.

19:15. "Tagapaghiganti" ang ibig sabihin ng Manunubos, nangangahulugan din ito ng Tagapagligtas.

Sa "Pagtulad kay Kristo," nasasaad dito na may madidiskubre tayong iba pang kagandahan ng Diyos sa ating sarili: *Maligaya ang nakikinig sa Panginoon sa pagsasalita niya sa ating kalooban, ang tumatanggap ng salita ng buhay at kaligayahan mula sa kanyang mga labi.*

Maligaya ang mga matang nakapikit sa mga panoorin upang maging mulat sa nakikita ng kalooban!

*Ganito ka magnilay, O aking kaluluwa, isara ang pintuan ng 'yong mga pandamdam upang marinig ang sinasabi sa 'yo ng Panginoon mong Diyos.*

3 Ito ang isinasaysay ng araw sa kasunod na araw,
ibinabalita ng gabi sa kasunod na gabi.

4 Walang usap ni kataga, walang tunog na maririnig
5 ngunit umaalingawngaw sa sangkalupaan ang kanilang tinig,
ang kanilang mga salita hanggang sa dulo ng daigdig.

Nagtayo siya para sa araw ng tolda sa langit
6 kung saan ito lumalabas na parang nobyong ikakasal,
nagagalak na parang kampeon sa karerang tatakbuhin.
7 Sumisikat siya mula sa dulo ng langit,
tinatahak niya hanggang kabilang dulo,
walang makatatago sa kanyang init.
8 Buo at ganap ang batas ng Panginoon,
sigla ng kalooban.
Maaasahan ang mga tuntunin ng Panginoon,
karunungan ng hamak.
9 Matuwid ang mga kautusan ng Panginoon,
kagalakan ng puso.
Malinaw ang mga utos ng Panginoon,
liwanag sa mga mata.
10 Dalisay ang pitagan sa Panginoon,
nananatili magpakailanman.
Totoo ang mga pasya ng Panginoon,
pawang makatarungan.
11 Mas mahalaga ang mga ito kaysa ginto,
kahit na sa lantay na ginto;
mas matamis pa kaysa pulot,
kahit pa sa pulut-pukyutan.
12 Natututo sa mga ito ang lingkod mo,
at may malaking mapapala sa pagsunod sa mga ito.
13 Ngunit sino ang makaaalam sa sarili niyang pagkakamali?
Patawarin ang mga pagkukulang na di ko namamalayan.
14 Ilayo mo rin ang iyong lingkod sa kusang pagkakasala,
huwag papanaigin ang mga ito sa akin.
Kayat walang anumang maisusumbat sa akin,
malinis sa mabigat na pagkakasala.

15 Maging kalugud-lugod nawa sa 'yong paningin
ang mga salita ng aking bibig
at ang niloloob ng aking puso, O Panginoon,
aking Bato at aking Manunubos!

## SALMO 20 (19)

**Panalangin ng mga Judio para sa kanilang hari.**

Pangalagaan nawa ng Panginoon ang mga nagsisikap na maitatag ang paghahari ng katotohanan tulad ng pangangalaga niya kay Kristong Hari natin.

Ipinagdarasal ng sambayanan sa Diyos ang kanyang hari sa panahon ng kagipitan. Paanyaya ang salmong ito na huwag sa sariling lakas at galing umasa kundi sa kapangyarihan ng Diyos. Malaki ang matututuhan dito ng mga pulitiko natin.

1 Sagutin ka nawa ng Panginoon sa panahon ng kagipitan,
ipagtanggol ng Ngalan ng Diyos ni Jacob!
3 Saklolohan ka nawa niya mula sa kanyang dambana,
alalayan mula sa Sion.
4 Alahahanin nawa niya lahat mong pag-aalay
at kalugdan mga sinunog mong handog.
5 Ipagkaloob n'ya nawa ang ninanais ng 'yong puso
at pagtagumpayin lahat mong mga balak.
6 Sisigaw kami sa galak ng 'yong tagumpay
at itataas ang bandila sa ngalan ng ating Diyos.
Ipagkaloob nawa ng Panginoon ang lahat mong kahilingan.
7 Alam ko na ngayong papagtatagumpayin
ng Panginoon ang kanyang pinahiran,
sasagutin siya mula sa kanyang banal na langit
ng mapanligtas na lakas ng kanan niyang kamay.
8 May mga umaasa sa karwahe, ang ilan nama'y sa kabayo,
ngunit sa ngalan ng Panginoong Diyos namin kami umaasa.
9 Malulugmok sila't mabubuwal
ngunit titindig pa rin kami at magiging matatag.
10 Papagtagumpayin mo, Panginoon, ang hari!
Dinggin kami sa araw ng aming pagtawag.

## SALMO 21 (20)

**Pasalamatan ang Panginoon para sa ating hari.** Buhay ang hiniling niya at ibinigay mo ito sa kanya: mabubuhay siya nang matagal.

2 Ang iyong lakas, Panginoon, ang ikinagagalak ng hari;
malaking kagalakan sa kanya ang 'yong tagumpay.
3 Ipinagkaloob mo ang ninanais ng kanyang puso,
hindi ipinagkait ang pakiusap ng kanyang mga labi.
4 Sinalubong mo siya nang may masayang biyaya,
pinutungan siya ng koronang lantay na ginto.
5 Buhay ang hiniling niya sa 'yo at ibinigay mo ito sa kanya:
mga araw na magpapatuloy magpakailanman.
6 Lubos siyang tumanyag dahil sa hatid mong tagumpay,
binihisan siya ng ningning at dangal.

---

**21.** Paghingi ng tulong para sa hari ang naunang salmo; pasasalamat naman ang salmong ito para sa natamong tagumpay. Marunong nga tayong humingi pero marunong din kaya tayong magpasalamat?

Sa pagbasa natin ng Biblia, maiisip natin na sa napakaraming biyaya ng Diyos sa mga hari ng Israel, nagkaroon sana sila ng mas maraming tagumpay. Pero totoo ang Salita ng Diyos: nararanasan nga ng mga kaibigan ng Diyos na gumagawa ng mga kahanga-hangang bagay ang Diyos sa kanilang buhay kung mananatili silang tapat sa kanya.

7 Binigyan mo nga siya ng walang-hanggang pagpapala,
pinaligaya siya sa galak sa 'yong pakikiharap.
8 Pagkat sa Panginoon umaasa ang hari,
dahil sa walang-maliw na pag-ibig ng Kataas-taasan,
hinding-hindi siya matitinag.
9 Abutin mo't hawakan ang lahat mong kaaway,
hagipin ng kanan mong kamay lahat ng namumuhi sa 'yo.
10 Ihagis sila sa naglalagablab na pugon sa araw ng 'yong Mukha;
ubusin sila ng Panginoon sa kanyang galit, lamunin sila ng kanyang apoy.
11 Burahin mo sa lupa ang kanilang mga supling,
at sa sangkatauhan ang kanilang lahi.
12 Magbalak man sila ng masama laban sa 'yo
at gumawa ng pakana, hindi sila magtatagumpay
13 Pagkat ipagtatabuyan mo silang bahag ang buntot
kapag itinutok mo ang 'yong pana sa kanilang mukha.
14 Bumangon ka, Panginoon, sa 'yong lakas.
Aawitan namin at ipagdiriwang ang 'yong kapangyarihan!

## SALMO 22 (21)

**Ang panalangin ni Kristo sa krus.**

2 Diyos ko, Diyos ko, ano't pinabayaan mo ako?
Napakalayo mo sa aking pagdaing upang ako'y saklolohan.
3 Diyos ko, maghapon akong tumatawag at di ka sumasagot,
at sa buong magdamag ngunit di ako mapanatag.
4 Ngunit ikaw nga, O Diyos, ang Banal –
nakaluklok sa mga papuri ng Israel.
5 Sa 'yo nanalig ang aming mga ninuno,
nanalig sila at sila'y pinalaya mo.
6 Sa 'yo sila tumawag at sila'y naligtas,
sa 'yo sila nanalig at di nabigo.

7 Ngunit uod ako at hindi na tao,
kahihiyan ng sangkatauhan, paghamak ng sambayanan.
8 Pinagtatawanan ako ng lahat ng makakita sa akin,
ngumingisi sila at iniiiling ang ulo.
9 "Sa Panginoon siya nagtiwala, ngayo'y sagipin niya siya;
palayain niya siya gaya ng pagmamahal niya sa kanya."

10 Ngunit ikaw na nga ang naglabas sa akin mula sa sinapupunan,
ang nagpaginhawa sa akin sa dibdib ng aking ina.
11 Sa 'yo ako ipinakalong mula nang ako'y isilang,
ikaw na ang aking Diyos mula pa sa sinapupunan.
12 Huwag kang lumayo pagkat nasa tabi lang ang kagipitan

---

**22.** Paglipas ng gabi hanggang sa magbukanliwayway ang panalanging ito. Madilim ang unang bahagi, tulad naman ng bukanliwayway ang kasunod na bahagi na nagbibigay ng panibagong buhay at galak sa puso ng tao. Mahabang panaghoy ito ng mga pinag-uusig na sa bingit ng kamataya'y binibigyang-katiyakan at pag-asa.

Mula pa simula'y kay Jesus na rin ipinatungkol ng mga unang Kristiyano ang salmong ito. Sa katunaya'y matutunghayan natin dito ang paghihirap at pagpapakasakit ni Jesus: *ang mga toro, mga leon, mga aso* ang mga kaaway. *Uod lamang,* ito ang kahihiyan sa mga bugbog at sa pagkakapako sa krus; at pinaghati-hatian din ang kanyang mga damit tulad ng nasasaad dito.

Dinasal din mismo ni Jesus ang salmong ito sa pagkakapako niya sa krus nang kanyang isigaw: "Diyos ko, ano't pinabayaan mo ako?" Naramdaman mismo ni Jesus na para bang bale-wala ang pagdaing niya sa Diyos. Ngunit sa gitna ng nakatatakot na karimlang ito, nanatiling may liwanag sa kalooban ni Jesus. Alam niyang sa kabila ng di-pag-imik na ito ng Diyos, lagi niyang kapiling ang Ama.

Isang awit ng pananalig ang ikalawang bahagi na magtatapos sa sigaw ng tagumpay!

pagkat wala nang iba pang sasaklolo
sa akin.
13 Pinaliligiran ako ng maraming tao,
pinalilibutan ng mababangis na toro ng
Basan.
14 Nakanganga sila sa harap ko
na parang mga leong nanlalapa't uma-
atungal.
15 Para akong tubig na naiiga,
linsad sa lahat ang aking mga buto
Parang kandila ang aking puso
na natutunaw sa aking dibdib.
16 Tuyong gaya ng palayok ang aking
lalamunan,
dila ko'y nakadikit sa aking ngala-
ngala.
Sa alabok ng kamatayan ako nalug-
mok.
17 Pinalibutan ako ng mga aso,
pinaligiran ng pangkat ng masasama.
Tinusok nila ang aking mga kamay at
paa.
18 Bilang kong lahat ang aking mga
buto.
Tinititigan nila ako't minamata.
19 Pinaghahati-hatian nila ang aking
suot,
pinagsasapalaranan ang aking damit.
20 O Panginoon, huwag kang lumayo;
O aking Lakas, agad akong saklolo-
han.
21 Iligtas sa tabak ang aking buhay,
ang iisang buhay ko sa sakmal ng mga
asong ito.
22 Sagipin ako sa bunganga ng leon,
ang kawawa kong buhay sa mga su-
ngay ng nagwawalang mga toro.
23 Ihahayag ko ang 'yong pangalan sa
aking mga kapatid,
at pupurihin ka sa buong pagtitipon.
24 "Magpuri sa kanya, lahat kayong
may pitagan sa Panginoon;
dakilain siya, lahat kayong binhi ni
Jacob.
Sambahin siya, lahat kayong binhi ni
Israel.
25 Sapagkat hinding-hindi niya kina-
suklaman
ni hinamak ang karukhaan ng mahi-
hirap.
Hindi niya ikinukubli ang kanyang
mukha
kundi dinidinig ang dukha sa pag-
tawag nito sa kanya."
26 Papuri ko'y ikaw sa malaking pagti-
tipon;
sa harap ng mga maypitagan sa kanya,
tutuparin ko ang aking mga panata.
27 Kakain ang mga dukha at mabubusog.
Pupurihin nila ang Panginoon, silang
naghahanap sa kanya.
Mabuhayan kayo ng loob magpakai-
lanman!
28 Maaalaala ng sangkalupaan ang Pa-
nginoon at magbabalik sa kanya,
maninikluhod sa harap niya lahat ng
angkan ng mga bansa.
29 Sa Panginoon ang paghahari, sa mga
bansa'y siya ang nakapangyayari.
30 Sa kanya lamang sasamba, lahat ng
mayaman sa daigdig,
yuyuko sa harap niya, lahat ng nana-
naog sa alabok.
Para sa kanya ako mabubuhay,
31 paglilingkuran siya ng aking mga inapo.
Ipamamalita nila ang Panginoon sa
mga salinlahing
32 darating,
ipahahayag ang kanyang katarungan
sa bayang isisilang pa lamang:
gawa ito ng Panginoon.

## SALMO 23 (22)

**Ang mabuting pastol.** Ang Panginoon ang aking pastol, di ako kukulangin sa anuman. Nasa harap ko ang hapag at baso ni Kristo. Mas mainam na pagpapahid ang tinanggap ko, hindi sa banal na langis kundi sa Espiritu (Jn 2:27). Hindi ang pamamayapa sa kamatayan ang aking hinihintay kundi ang pagkabuhay na maghahatid sa akin sa Ama.

*Pamalo mo't tungkod:* ang isa'y para hawanin ang daan sa matataas na damo, at ang isa nama'y para ipagtanggol ang kawan.

1 Ang Panginoon ang aking pastol, di ako kukulangin sa anuman.
2 Pinahihimlay niya ako sa luntiang pastulan,
inaakay ako sa payapang batisan.
3 Pinagiginhawa niya ang aking kalooban,
pinapanubayan ako sa matuwid na landas
alang-alang sa kanyang pangalan.

4 Lumakad man ako sa lambak ng karimlan,
wala akong katatakutang masama pagkat kasama kita.
Ang pamalo mo't tungkod ang magpapasigla sa akin.

5 Sa harap ng aking mga kaaway, ipaghahain mo ako,
pinapahiran ng langis ang aking ulo,
umaapaw ang aking baso.
6 Buong-buhay nga akong sinusundan ng kabutihang-loob at pag-ibig,
at sa bahay ng Panginoon ako mananahan sa lahat ng panahon.

## SALMO 24 (23)

**Ang hantungan ng sangkatauhan.** Nilikha ng Diyos ang sanlibutan upang ilahad ang kanyang yaman pero hindi pa kumpleto ang daigdig hangga't hindi dinadalaw ng Diyos ang sangkatauhan at hindi pa naipakikilala ng Bagong Tao, ng Anak ng Diyos, ang kanyang sarili.

*Sa Panginoon ang lupa't kabuuan nito.* May prusisyon papunta sa Templo; dala ng mga Israelita ang Kaban ng Tipan sa lugar na siyang pananahanan mismo sa kanilang piling ng Diyos na maygawa sa sanlibutan.

*Itaas ninyo, mga pintuan, ang inyong ulunan nang makapasok ang Hari ng kaluwalhatian!* Pagnilayan natin ang misteryong ito. Dumarating ang Makapangyarihang Diyos upang makipamayan sa piling natin at manahan sa hamak na tahanang inihahanda natin sa kanya. Nagiging tao siya sa sinapupunan ni Maria.

*Sino ang Haring ito ng kaluwalhatian?* Sa araw ng kanyang pagkabuhay at pag-akyat sa langit, naging Hari ng kaluwalhatian si Kristo. Umahon siya sa Banal na Bundok at siya ang unang pumasok sa magpasawalang-hanggang tahanan ng Diyos. Susunod kay Jesus sa kaluwalhatian at makikibahagi sa kanyang walang-hanggang kaligayahan ang lahat ng nakikiisa sa matuwid niyang pamumuhay at naghahanap sa Diyos nang may malinis na puso.

24:2. Nalalahad dito ang tingin ng

1 Sa Panginoon ang lupa't kabuuan nito,
ang daigdig at mga mamamayan dito
2 pagkat sa ibabaw ng mga dagat, siya ang naglatag nito;
at sa mga ilog ay nagpatatag dito.

3 Sino'ng makaaahon sa bundok ng Panginoon?
At sino'ng makatatayo sa banal niyang lugar?
4 Ang may malinis na kamay at dalisay na puso,
ang di nagtataas ng kanyang kaluluwa sa di-totoo
at di sumusumpa para manlinlang.

5 Tatanggap siya ng biyaya mula sa Panginoon
at katarungan mula sa Diyos na kanyang kaligtasan.
6 Ganito ang lahing siya ang hangad,
na mukha mo, O Diyos ni Jacob, ang hanap.

7 Itaas ninyo, mga pintuan, ang inyong ulunan!
Magsiangat, mga pintong magpakailanman,
nang makapasok Hari ng kaluwalhatian!

8 Sinong Hari ito ng kaluwalhatian?

mga Israelita sa mundo: lapad ang mundo at nakapatong sa mga haligi.
24:10. Yawe Sabaoth, o Yawe ng mga hukbo, ang mga hukbo ng mga espiritu sa langit, pero ng mga hukbo rin ng Israel.

Ang Panginoon! malakas at makapangyarihan!
Ang Panginoon! makapangyarihan sa digmaan!

9 Itaas ninyo, mga pintuan, ang inyong ulunan!
Magsiangat, mga pintong magpakailanman,
nang makapasok Hari ng kaluwalhatian!
10 Sino siya, ang Haring ito ng kaluwalhatian?
Ang Panginoon ng mga hukbo,
siya ang Hari ng kaluwalhatian!

## SALMO 25 (24)

**Pagtawag sa Diyos sa panahon ng ligalig.** Walang kawalang-pag-asang nilalaman ang biblia. Maaaring napakabigat ng ating mga problema, o napakatindi ng ating kalungkutan, o ng kasalanang ating pasan, pero lagi pa rin tayong nakakaraos. Sapagkat sa dulo ng ating landas, maging ito man ang pinakamasama, naroon pa rin ang pag-ibig na mas malakas kaysa anumang kapangyarihan ng mundong ito.

2 Sa 'yo ko itinataas, Panginoon, ang aking kaluluwa.
Sa 'yo ako nananalig, O aking Diyos, di ako mapapahiya
ni pagtatawanan ng aking mga kaaway.
3 Hindi, hindi nga mapapahiya ang sa 'yo umaasa,
kundi ang mga basta na lamang lumalayo sa 'yo para sa wala.
4 Ipakita sa akin, Panginoon, ang 'yong mga daan,
ituro sa 'kin ang 'yong mga landas.
5 Akayin ako sa 'yong katotohanan at ako'y turuan
pagkat ikaw ang Diyos na aking Tagapagligtas.
Sa 'yo ako umaasa sa lahat ng araw.
6 Alalahanin mo, Panginoon, ang 'yong awa at pagmamahal
na ipinakita mo na mula pa noong araw.
7 Huwag alalahanin ang mga pagkakasala ng aking kabataan pati na aking mga pagsuway
kundi alalahanin ako ayon sa 'yong pagmamahal
dahil sa kahangahang-loob mo, O Panginoon.
8 Butihin at matuwid ang Panginoon
kaya itinuturo niya ang daan sa mga naliligaw.
9 Inaakay niya sa matuwid ang mga hamak
at itinuturo sa kanila ang kanyang landas.
10 Pawang kagandahang-loob at katapatan ang mga daan ng Panginoon
sa mga tumutupad ng kanyang tipan at utos.
11 Panginoon, alang-alang sa 'yong pangalan,
patawarin ang aking kasalanan, gaano man ito kabigat.
12 Paano na ang taong may pitagan sa Panginoon?
Ituturo sa kanya ang daang dapat niyang piliin.
13 Mabubuhay siya sa kasaganaan
at mamanahin ng kanyang inapo ang lupain.
14 Katapatang-loob ng Panginoon ang mga maypitagan sa kanya,
sa kanila ipinagtatapat, kanyang pakikipagtipan.

**25.** *Alalahanin mo, Panginoon, ang 'yong awa at pagmamahal.* Magpasawalang-hanggang ipinahayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin sa pamamagitan ng dugo ni Jesus. Hinding-hindi pababayaan ng Diyos ang kanyang bayan. At ipinagdiriwang sa bawat misa ang pakikipagtipang ito ng Diyos sa atin sa dugo ni Jesus.

[15]Sa Panginoon laging nakatuon ang aking mga mata,
pagkat pinalalaya niya sa bitag ang aking mga paa.
[16]Lingunin ako't ako'y kaawaan
pagkat nag-iisa ako't kahabag-habag.
[17]Paginhawahin ang paninikip ng aking kalooban,
palayain ako sa gipit kong kalagayan.
[18]Masdan mo ang dusa at hirap kong dinaranas,
at pawiin ang lahat kong kasalanan.
[19]Tingnan mo't parami nang parami ang aking mga kaaway!
Napakatindi ng pagkamuhi nila sa akin.
[20]Pangalagaan ang aking buhay at ako'y sagipin,
huwag akong hiyain pagkat ikaw ang aking takbuhan.
[21]Ipagsanggalang ako ng katapatan at katatagan
pagkat sa 'yo ako umaasa, O Panginoon.
[22]Tubusin ang Israel, O Diyos, sa lahat niyang kagipitan!

## SALMO 26 (25)

**Panalangin ng makatarungan.** Ariin nating atin ang panalangin ng makatarungan na nagpapahayag ng kanyang katapatan. Ngunit huwag sa sariling galing tayo umasa tulad ng Pariseo. Sa halip, magpasalamat tayo at naging bagong tao tayo sa pamamagitan ng binyag: dinalisay tayo at pinayaman ni Kristo.

[1]Bigyang katarungan ako, Panginoon,
pagkat nabuhay akong marangal.
Sa Panginoon ako nagtiwala nang walang alinlangan.
[2]Subukin ako, Panginoon, at suriin,
idaan sa apoy ang aking puso't kalooban.
[3]Sa kagandahang-loob mo laging nakatuon ang aking mga mata,
at sa 'yong katotohanan naman ako laging lumalakad.
[4]Di ako nauupong kasama ng mga mandaraya,
ni lumalakad kasabay ng mga mapagkunwari.
[5]Kinasusuklaman ko ang umpukan ng masasama
at ayaw kong maupong katabi ng mga tampalasan.
[6]Walang-sala kong hinuhugasan ang aking kamay
at kasama akong lumilibot sa 'yong altar, Panginoon,
[7]umaawit ng papuri't pasasalamat,
inihahayag lahat ng kahanga-hanga mong gawa.
[8]Panginoon, mahal ko ang bahay mong tirahan,
ang tahanan ng 'yong luwalhati.
[9]Huwag akong ibilang sa mga makasalanan
o ang aking buhay sa mga taong uhaw sa dugo.
[10]Masasamang pakana ang kanilang hawak,
at puno ng lagay kanilang kanang kamay.
[11]Ngunit ako, marangal akong namumuhay,
tubusin ako't kaawaan.
[12]Sa patag na lupa nakatuntong ang aking mga paa.
Pupurihin ko ang Panginoon sa malaking pagtitipon.

---

**26.** Hinuhugasan ko ang aking kamay, panliturhiyang gawain ito; at pagpapahayag ito dito ng kawalang-sala.

## SALMO 27 (26)

**Sa piling ng Diyos, walang anumang takot o pangamba.** Mukha mo, Panginoon, ang aking hinahanap.... Nananalig akong makikita ko ang kagandahang-loob ng Panginoon sa lupain ng mga buhay.

Sa pakikibaka sa buhay na ito, hindi nawawalan ng pag-asa ang Kristiyano sapagkat pinanghahawakan niya ang inaasahan niyang inilalaan ng Panginoon para sa kanya pagkatapos ng gulo.

Walang-hanggang pananalig: *Pabayaan man ako ng aking ama't ina, kukupkupin pa rin ako ng Panginoon.*

Sa ganitong Diyos, nasasabi ng salmista, *"Isa lang ang hiling ko... ang makapanahan sa bahay ng Panginoon."* Ipinaaalaala sa atin ng lahat ng pakikibaka, ligalig at tukso ang bahay ng Panginoon na nasa dulo ng landas.

*Ilalagay kong tulad ng haligi sa santuwaryo ng aking Diyos ang nagtagumpay. Isusulat ko sa kanya ang ngalan ng Diyos at ang bago kong pangalan (Pag 3:12).*

1 Ang Panginoon ang aking liwanag at kaligtasan,
kanino ako matatakot?
Ang Panginoon ang tanggulan ng aking buhay,
kanino ako mangangamba?
2 Salakayin man ako ng masasama
para lamunin ang aking laman,
sila pa ring mga kaaway ko't kalaban
ang mangadadapa't mabubuwal.

3 Kubkubin man ako ng isang hukbo,
walang ikatatakot ang aking puso.
Sumiklab man ang digmaan laban sa akin,
panatag pa rin akong mananalig.

4 Isa lang ang hiling ko sa Panginoon,
ito ang aking inaasam:
ang makapanahan sa bahay ng Panginoon
sa lahat ng araw ng aking buhay
upang mamasdan ang kagandahan ng Panginoon,
at hanapin siya sa kanyang templo.

5 Sapagkat sa araw ng kapahamakan,
kinukupkop niya ako sa kanyang tirahan
itatago ako sa kaloob-looban ng kanyang tolda
at ilalagay akong mataas sa ibabaw ng bato.
6 At ngayo'y mangingibabaw ang aking ulo
sa mga kaaway na nakapaligid sa akin.
Mag-aalay ako ng mga handog ng kagalakan
sa loob ng kanyang tolda.

Aawit ako, tutugtog sa Panginoon.
7 Panginoon, dinggin ang tinig ko sa aking pagtawag,
maawa ka at ako'y sagutin.
8 Ikaw ang ipinangungusap ng aking puso,
"Hanapin ang kanyang mukha."
Mukha mo nga, Panginoon, ang aking hinahanap,
9 huwag ikubli ang 'yong mukha sa akin.

Huwag tanggihan sa galit ang 'yong lingkod,
ikaw ang aking saklolo.
Huwag mo 'kong itakwil, huwag akong pabayaan,
O Diyos na aking kaligtasan.
10 Pabayaan man ako ng aking ama't ina,
kukupkupin pa rin ako ng Panginoon.

11 Ituro sa akin, Panginoon, ang 'yong mga daan;
dahil sa aking mga kaaway, akayin ako sa matuwid na landas.
12 Huwag akong ipaubaya sa ninanasa ng aking mga kalaban
pagkat nagsisitindig laban sa akin, mga saksing sinungaling na hininga'y karahasan.
13 Nananalig pa rin ako: makikita ko ang kabutihang-loob
ng Panginoon sa lupain ng mga buhay.
Sa Panginoon umasa! Lakasan ang loob
at magpakatatag. Umasa sa Panginoon!

## SALMO 28 (27)

**O aking Bato, huwag maging bingi sa aking pagtawag!**

1 Sa 'yo ako tumatawag, O Panginoong aking Bato,
huwag maging bingi sa akin.
Pagkat kung mananatili kang walang-imik,
matutulad ako sa mga nalilibing sa limot.
2 Dinggin ang tinig ng aking pagsamo
sa pagtawag ko sa 'yo para saklolohan,
sa pagtataas ko ng aking mga kamay
sa 'yong lugar na kabanal-banalan.
3 H'wag akong kaladkarin kasama ng masasama,
kasama ng mga gumagawa ng di tama,
na may salita ng pangungumusta sa kanilang kapwa
ngunit sa puso nama'y niloloob ang masama.
4 Gantihan sila ayon sa kanilang mga gawa,
ayon sa masasama nilang gawa.
Suklian ang gawa ng kanilang mga kamay
at ibalik sa kanila ang nararapat.
5 Dahil wala silang pagpapahalaga sa mga gawa ng Panginoon
at sa mga gawa ng kanyang mga kamay,
gigibain niya sila at di na muling itatayo.
6 Purihin ang Panginoon pagkat dininig niya
ang tinig ng aking pagsamo.
7 Ang Panginoon ang aking lakas at kalasag;
sa kanya nananalig ang aking puso
at tinutulungan niya ako.
Lulumundag sa tuwa ang aking puso,
pupurihin ko siya sa aking mga awit.
8 Ang Panginoon ang lakas ng kanyang bayan,
muog ng kaligtasan ng kanyang pinahiran.
9 Iligtas ang 'yong bayan; pagpalain ang 'yong pamana.
Ipastol sila at pasanin magpakailanman.

## SALMO 29 (28)

**Bagyo: dumaraan ang Panginoon.** Nangungusap ang Diyos sa pamamagitan ng bagyo. Dito niya ipinakikita ang kanyang kapangyarihan at luwalhati.

Sanay tayong dumanas ng bagyo, at bale-wala gaano man kalakas ang mga organ sa ating mga simbahan kung ikukumpara dito. Nagsisimula ang

1 Kayong mga anak ng Diyos, ibigay sa Panginoon,
ibigay sa Panginoon ang luwalhati at lakas.
2 Ibigay sa Panginoon ang luwalhati sa kanyang pangalan.

salmo sa pagtawag sa mga anak (mga anghel) ng Diyos, na silang nakapalibot sa trono ng Diyos. Hindi tinalikuran ng bayan ng Matandang Tipan ang pagtitipon ng mga diyos ng mga paganong kanilang kalapit-bayan. Ngunit dahil si Yawe ang naghahari sa kanilang lahat, mga anghel lamang sila at kapangyarihan sa langit.

Sambahin ang Panginoon sa ganda ng kanyang
kabanalan.
3 Nasa ibabaw ng unos ang tinig ng Panginoon,
dumadagundong ang Diyos ng luwalhati,
ang Panginoon sa ibabaw ng malawak na unos.
4 Makapangyarihan, tinig ng Panginoon;
maganda, tinig ng Panginoon.

5 Binabali ng tinig ng Panginoon ang mga sedro,
binibiyak ng Panginoon ang mga sedro ng Lebanon.
6 Pinalulukso ang Lebanon na parang isang guya,
at ang Sirion na parang mailap na batang toro.

7 Pinasisiklab ng tinig ng Panginoon, mga kislap ng
apoy!
8 Niyayanig ng tinig ng Panginoon ang ilang,
inuuga ng Panginoon ang ilang ng Kades.

9 Pinipilipit ng tinig ng Panginoon ang mga nara
at hinuhubaran ang kagubatan.
Isinisigaw ng lahat sa kanyang templo: “Luwalhati!”

10 Nakaluklok ang Panginoon sa ibabaw ng baha,
nakaluklok siyang hari magpakailanman!
11 Bibigyang-lakas ng Panginoon ang kanyang bayan,
pagpapalain ng Panginoon sa kapayapaan ang
kanyang bayan.

## SALMO 30 (29)

**Ipagbubunyi kita sapagkat pinalaya mo ako.** Walang panghabampanahon sa buhay na ito. Pinaghahalinhinan ng Panginoon ang tuwa at lungkot ayon sa kailangan natin para sa paglago ng ating pananampalataya. At nagtataka tayo pag minsan: pinapanghihina ng mga ligalig ang ating loob na para bang walang Diyos, at hindi naman tayo makapaniwala kapag nagmamagandang-loob sa atin ang Diyos.

2 Ipagbubunyi kita, Panginoon, pagkat iniahon mo ako
at di hinayaang pagkatuwaan ng aking mga kaaway.
3 Panginoong aking Diyos, sa ’yo ako tumawag
at pinagaling mo ako.

4 Panginoon, hinango mo ako sa daigdig ng mga patay,
binigyang-buhay sa mga nalilibing sa hukay.

5 Umawit sa Panginoon, kayong mga nagmamahal sa kanya,
purihin ang banal niyang alaala.

---

**30.** Binabanggit ng b. 10 ang naging eskandalo para sa mga sumasampalataya. Magpasawalang-hanggan bang mananatili sa ilalim na daigdig (na tinatawag nilang Sheol) ang mga patay at malilimot sila ng Diyos sa kabila ng pagiging matapat nito?

6 Panandalian lamang ang kanyang galit,
panghabambuhay naman kanyang kagandahang-loob.
Pag-iyak ang nagpapalipas sa magdamag
ngunit kinaumagaha'y may galak.

7 Sinabi ko noon nang ako'y sagana:
"Di ako kailanman mababagabag."
8 Kagandahang-loob mo, Panginoon,
ang nagpatatag at nagpatibay sa akin.
Ngunit nang ikubli mo ang 'yong mukha,
biglang di mapalagay ang aking kalooban.
9 Sa 'yo ako tumawag, Panginoon,
sa Panginoon ako nagmakaawa:
10 Anong pakinabang meron sa aking pagyao,
sa pagbaba ko sa hukay?
Makapagpupuri ba sa 'yo ang alabok,
maihahayag kaya nito ang 'yong katapatan?
11 Makinig ka, Panginoon, at ako'y kaawaan.
Halika, Panginoon, at ako'y saklolohan.
12 Ginawa mong indak ang aking pagluluksa,
hinubad ang suot kong sako at binihisan ng tuwa.

13 Kaya inaawitan ka ng aking puso at di ito mananahimik,
O Panginoon kong Diyos, pasasalamatan kita magpakailanman.

## SALMO 31 (30)

**Sa 'yo ako nakakukupkop, Panginoon.** Sa iyong mga kamay, inihahabilin ko ang aking espiritu.

2 Sa 'yo, Panginoon, ako napakukupkop.
Huwag nawa akong mapahiya kailanman. Sa 'yong katarungan, palayain mo ako.
3 Ibaling sa 'kin ang 'yong mga tenga, agad akong sagipin.
Maging bato kang aking kanlungan,
matibay na muog na aking kaligtasan.
4 Ikaw nga ang aking bato at aking muog,
akayin ako't patnubayan alang-alang sa 'yong pangalan.
5 Palayain ako sa bitag na kanilang inihanda sa akin
pagkat ikaw ang aking kanlungan.
6 Sa 'yong mga kamay, inihahabilin ko ang aking espiritu;
sagipin ako, Panginoon, Diyos ng katotohanan.
7 Kinasusuklaman mo ang mga sumasamba sa mga diyus-diyusan,
ngunit ako, sa Panginoon ako nagtitiwala.
8 Sa pag-ibig mo ako magagalak at magdiriwang.
Nakita mo ang aking paghihirap,
mulat ka sa ligalig ng aking kalooban.
9 Di mo ako ipinaubaya sa mga kamay ng kaaway
kundi binigyang-laya ang aking mga paa.
10 Kaawaan ako, Panginoon, sa aking kagipitan;
nanghihina sa lungkot ang aking mga mata, -
pati na ang aking puso't kalooban.
11 Inuubos ng pighati ang aking buhay,
at ng paghikbi ang aking mga taon.
Pinanghihina ng pagdurusa ang aking lakas.

**31.** Sinasabi ni Lucas na binigkas ni Jesus ang mga salitang ito sa krus. At sa pagpapatuloy ng salmo, mababasa rin natin ang mga salitang "Ikaw ang aking Diyos" na nasa Salmo 22 rin, at may malaking kaugnayan sa paghihirap at pagpapakasakit ni Jesus. Sa sandali ng kamatayan, ito ang magiging huling pagpapahayag natin ng pananampalataya at pag-asa sa Panginoon.

12 Kasuklam-suklam ako sa lahat kong kaaway,
pinagkakatuwaan ng aking mga kapitbahay,
kinatatakutan ng mga kaibigan.
13 Patakbong lumalayo bawat masalubong ko sa daan.
Nalibing na ako sa limot gaya ng patay,
para na lamang akong basag na banga.
14 Bulung-bulungan ng marami ang aking naririnig,
nakapangingilabot ang buong paligid.
Habang pinagkakaisahan nila ako
at pinagsasabwatang bawian ng buhay.
15 Ngunit ako, sa 'yo ako nananalig, Panginoon,
sinasabi kong "Ikaw ang aking Diyos.
16 Nasa mga kamay mo ang kauuwian ng aking buhay,
palayain ako sa mga kamay ng aking mga kaaway
at ng mga umuusig sa akin.
17 Sumikat nawa sa lingkod mo ang 'yong mukha,
iligtas ako sa 'yong kagandahang-loob."
18 Panginoon, huwag nawa akong mapahiya
pagkat sa 'yo ako tumatawag.
Ang masasama sana ang mapahiya
at manahimik sa libingan.
19 Patahimikin ang mga labing sinungaling,
mayabang at mapanghamak,
na walang-galang makipag-usap sa mga matuwid.
20 Kaylaki ng kabutihang-loob mo, Panginoon,
na laan mo sa mga maypitagan sa 'yo,
at sa paningin ng mga tao'y ibinibigay mo
sa mga napakukupkop sa 'yo.
21 Ikinakanlong mo sila sa lilim ng 'yong kalinga
mula sa panunulsol ng mga tao.
Pinangangalagaan sila sa 'yong tahanan
mula sa mga dilang mapagparatang.
22 Purihin ang Panginoon sa kahanga-hangang pag-ibig
na kanyang ipinakita sa akin,
para akong nasa matibay na lunsod!
23 Sinabi ko noon dala ng aking pangamba:
"Nawalay na 'ko sa 'yong paningin."
Ngunit narinig mo ang tinig kong nagmamakaawa
sa paghingi ko sa 'yo ng saklolo.
24 Mahalin n'yo ang Panginoon, lahat ng banal!
Iniingatan ng Panginoon ang mga tapat sa kanya
ngunit sinusuklian naman ng lubos ang mayayabang.
25 Lakasan ang loob at tibayan ang dibdib,
lahat kayong sa Panginoon umaasa.

## SALMO 32 (31)

**Gaan ng kalooban matapos umamin ng kasalanan.** Sinisira ng mga itinatago nating kasalanan ang ating konsiyensya. Pagpapalaya ang pag-amin ng kasalanan.

Mabuting liwanagin kung ano talaga ang hindi kasalanan pero nagiging sanhi para konsiyensyahin tayo. Sa kabilang dako naman, wala tayong anumang mapapala kung patuloy nating pagtatakpan ang ating pagkakamali lalo na ang ating pagkakasala. Ayon sa pagkakaintindi ng mga Kristiyano sa kasalanan, pagkadama ito ng pagkukulang hindi sa batas kundi sa ating minamahal.

1 Napakasaya ng pinatawad sa kanyang mga sala,
ng pinawian ng kanyang mga kasalanan.
2 Napakasaya ng di pinapananagot ng Panginoon sa kanyang sala,
at walang panlilinlang sa kanyang kalooban.

3 Sa di ko pag-imik mga buto ko'y nanlupaypay
sa maghapong hinagpis.

Sa uri ng relasyon natin sa Diyos nasasalalay ang ating kapakanan. Tanging pananalig lamang sa Diyos na nagpapatawad sa mga hamak at nagsisisi ang makapagpapanumbalik sa anumang winasak ng kasalanan. Sa paghingi natin sa Diyos na pagalingin niya ang sinuman, hindi natin pinaghihiwalay ang kalusugan ng katawan at ng kaluluwa. Ganito ang ipinahahayag ng sumusunod na panalangin para sa pagpapahid ng langis sa maysakit: *Jesus, aming Tagapagligtas, hinihiling namin sa iyo sa kapangyarihan ng Espiritu Santo na pagalingin ang taong ito mula sa kanyang karamdaman, hilumin ang kanyang mga sugat, patawarin ang kanyang mga kasalanan, pawiin sa kanya ang anumang nagpapahirap sa kanyang katawan at kaluluwa; pagkalooban siyang muli ng kalusugan ng katawan at kaluluwa upang matapos umigi dahil sa iyong kabutihang-loob ay makabalik siya sa kanyang gawain.*

4 Araw-gabing mabigat ang kamay mo sa akin.
Lakas ko'y natutuyong gaya ng sa tag-init.

5 At inamin ko nga sa 'yo ang aking mga kasalanan
at di pinagtakpan ang aking kasamaan.
Sinabi kong "Ipagtatapat ko sa Panginoon ang aking pagkakasala,"
pinatawad mo naman ang aking sala at di pinapanagot.

6 Kaya sa 'yo mananalangin lahat ng makadiyos sa oras ng kagipitan.
Tumaas man ang malaking baha, hinding-hindi sila maaabot.

7 Ikaw ang aking kublihan,
ipagsasanggalang ako sa ligalig.
At pinaliligiran mo ako ng mga awit ng paglaya.
8 Tuturuan kita at ipakikita sa 'yo ang landas na dapat mong tahakin,
papayuhan kita at laging titingnan.
9 H'wag tumulad sa kabayo o mola na walang pang-unawa,
na kailangan pa ang renda at bokado para supilin at paamuin,
kung hindi'y di mo sila mapalalapit sa 'yo.

10 Sapin-sapin ang problema ng masama
ngunit balot naman ng pag-ibig ang nananalig sa Panginoon.
11 Magalak sa Panginoon at magsaya, kayong makatarungan!
Sumigaw sa galak, lahat kayong may tapat sa puso!

## SALMO 33 (32)

**Lagi tayong pinapatnubayan ng Kalinga ng Diyos.** Maligaya ang bansang ang Panginoon ang Diyos! Pinapatnubayan ng Diyos ang mga maypitagan sa kanya.

Pinaghaharap ng salmong ito ang mga *balak* ng mga bansa, ang kanilang mga akala, at ang mga *balak* ng Diyos, ang kanyang iniisip (b. 10-11).

Maaaring maging napakasimple ang dating ng salmong ito para sa marami. Talaga nga bang ganoon kasunud-sunuran ang mundo sa mga niloloob ng Diyos? May kinalaman sa pananampalataya ang lahat ng ito. Hindi tayo bibigyan ng pananampalataya na makitang maganda ang hindi naman tunay na maganda. Ngunit magkaibang tingin sa iisang gubat ang nakikita ng taong pumapa-

1 Isigaw sa Panginoon ang inyong kagalakan, kayong makatarungan;
para sa mga matuwid ang pagpupuri sa kanya.
2 Pasalamatan ang Panginoon sa alpa,
tugtugan siya sa lirang may sampung kuwerdas.
3 Awitan siya ng bagong awitin,
buong-husay na tumugtog kasabay ng sigaw ng tagumpay.

4 Pagkat tapat at totoo ang salita ng Panginoon,
sa katotohanan nakasalalay lahat niyang mga gawa.

sok mismo sa gubat at ng isang nakasakay sa eroplano.

Tinutukoy ng salmo ang mga bansang nagbabanta sa bayan ng Diyos – malaking pribilehiyo ang mapabilang sa bayang ito.

5 Mahal ng Panginoon ang katarungan at
pagkamatuwid,
napupuspos ang lupa ng kanyang pag-ibig.
6 Sa salita ng Panginoon nalikha ang langit,
at lahat niyang hukbo sa hininga ng kanyang bibig.
7 Tinitipon niya at ibinubunton ang tubig ng dagat,
inilalagay sa mga tangke ang kalaliman.

8 Magkaroong-pitagan sa Panginoon ang sangkalupaan,
igalang siya ng lahat ng nasa sanlibutan.
9 Sapagkat nagsalita siya at naganap nga,
nag-utos siya at nagkagayon nga.

10 Binibigo ng Panginoon mga balak ng mga bansa,
pinawawalang-saysay mga niloloob ng mga bayan.
11 Ngunit nananatiling matatag kailanman ang balak
ng Panginoon,
at sa mga sali't salinlahi ang niloloob ng kanyang
puso.
12 Pinagpala ang bansang ang Panginoon ang Diyos,
ang bayang pinili niya bilang kanyang pamana.

13 Tumutunghay ang Panginoon mula sa langit,
minamasdan lahat ng anak ng tao.
14 Tinitingnan niya mula sa lugar na kanyang tirahan
lahat ng nasa lupa.
15 Siya ang humuhubog sa puso ng lahat
at siya ring lubos na may-alam sa lahat nilang gawain.

16 Hindi dahil sa laki ng hukbo naliligtas ang hari
ni dahil sa matinding lakas naiaadya ang mandirigma.
17 Walang saysay umasa man sa kabayo para
maligtas,
sa kabila ng lahat ng lakas, di pa rin
makapag-aadya.
18 Nakatuon ang mata ng Panginoon sa mga
maypitagan sa kanya,
sa mga umaasa sa walang-maliw niyang pag-ibig,
19 upang sagipin sila sa kamatayan
at buhayin sa panahon ng taggutom.

20 Naghihintay kami't umaasa sa Panginoon,
siya ang aming saklolo at aming kalasag.
21 Sa kanya nasisiyahan ang aming puso,
sa banal niyang pangalan kami nagtitiwala.
22 Sumaamin nawa ang 'yong pag-ibig, Panginoon,
kung paanong nasa 'yo ang aming pag-asa.

## SALMO 34 (33)

**Tikman at tingnan...** Maging atin nawa ang karanasan ng mga dukha at hamak. Malapit ang Diyos sa mga wala nang ibang inaasahan kundi siya. Sa araw ng kawalang-pag-asa, maoobliga ang Diyos na siya ang managot sa mga pinagkakautangan niya ng katapatan.

2 Pupurihin ko ang Panginoon sa lahat ng panahon,
papuri sa kanya ang laging nasa bibig ko.
3 Sa Panginoon nagmamapuri ang aking kaluluwa,
dinggin ito ng mga hamak at sila'y magalak.

4 Dakilaing kasama ko ang Panginoon,
sabay nating ipagbunyi ang kanyang pangalan.
5 Hinanap ko ang Panginoon at sinagot niya ako,
pinalaya ako sa lahat kong pangamba.

6 Masdan siya at magningning,
hindi mahihiya ang inyong mga mukha.
7 Dumaing ang dukhang ito at dininig siya ng
Panginoon,
at iniligtas sa lahat niyang suliranin.

8 Nakabantay ang anghel ng Panginoon
sa paligid ng mga may pitagan sa kanya at sila'y
sinasagip.
9 Tikman ninyo at tingnan na mabuti ang Panginoon;
masaya ang taong sa kanya kumakanlong.

10 Magpitagan sa Panginoon, kayong mga banal niya,
hindi kinakapos ang mga may pitagan sa kanya.
11 Hikahos at gutom ang mga batang leon,
ngunit di kinakapos sa anumang mabuti ang
naghahanap sa Panginoon.
12 Halina, mga anak, ako ay pakinggan,
pitagan sa Panginoon ang ituturo ko sa inyo.
13 Sino ang taong naghahangad ng buhay,
pinagnanasahang makita ang mga araw na mabuti?

14 Bantayan ang 'yong dila sa masama,
ang 'yong mga labi sa pagsasalita ng panlilinlang.
15 Lumayo sa masama at gumawa ng mabuti,
pakamithiin ang kapayapaa't ito ang pagsumakitan.

17 Laban sa masasama ang mukha ng Panginoon
upang burahin sa lupa ang kanilang alaala.
16 Nasa makatarungan ang mga mata ng Panginoon,
at ang kanyang mga tenga sa kanilang mga daing.

18 Dumaraing sila't nakikinig ang Panginoon,
at inililigtas sila sa lahat nilang suliranin.

19 Malapit ang Panginoon sa pusong sugatan
at inililigtas niya ang nasisiraan ng loob.
20 Kay raming paghihirap ang makatarungan
at pinalalaya naman siya ng Panginoon sa lahat ng ito.

21 Iniingatan ang lahat niyang mga buto,
isa man sa mga ito'y walang mababali.
22 Kasamaan ang papatay sa tampalasan,
sa mga namumuhi sa makatarungan.
23 Tinutubos ng Panginoon ang buhay ng kanyang
mga lingkod
at di mapapahamak lahat ng kumakanlong sa kanya.

## SALMO 35 (34)

**Panalangin ng taong makatarungan sa panahon ng pag-uusig.**

1 Akusahin mo, Panginoon, ang mga umaakusa sa akin,
labanan ang mga lumalaban sa akin.
2 Humawak ng kalasag, magdamit-pandigma,
at bumangon upang ako'y saklolohan.

3 Iamba ang sibat at tulos,
at salubungin ang mga humahabol sa akin.
Sabihin sa aking kaluluwa:
"Kaligtasan mo ako."
4 Pagkapahiya at kahihiyan
sa mga nagtatangka sa aking buhay.
Magsiurong at malito
ang mga nagbabalak ng masama sa akin.
5 Matulad sila sa ipa sa ihip ng hangin,
na itinataboy ng anghel ng Panginoon.
6 Magdilim at maging madulas ang kanilang landas
sa paghabol ng anghel ng Panginoon.
7 Walang dahilan nilang itinago sa akin ang kanilang lambat,
walang dahilan silang naghukay para sa aking buhay.
8 Sumasapit sa kanila ang pagkawasak nang di nila namamalayan:
sila ang mahuhuli ng lambat na kanilang ikinubli,
sa sariling patibong sila mahuhulog.

9 Kayat magagalak sa Panginoon ang aking kaluluwa,
magdiriwang sa kanyang pagliligtas.
10 Sasabihin ng lahat kong buto:
"Sino'ng katulad mo, Panginoon,
na nagpapalaya sa maliit mula sa mas malakas,
sa maliit at dukha mula sa mapagsamantala?"
11 Nagsisitindig ang mga bulaang saksi
at wala akong alam sa kanilang itinatanong.
12 Sinuklian ng masama ang aking kabutihan,
nawawalang-saysay ang aking buhay.
13 Ngunit nagdamit-sako ako nang may sakit sila,
nagpakaaba sa pag-aayuno,
at pinabalik-balikan sa loob ko ang aking dalangin,
14 na parang sa isang kaibigan o kapatid;
lumakad akong balisa na parang nagluluksa para sa isang ina,
nakayuko sa pamimighati.
15 Ngunit ngumiti pa sila at nagtipon nang ako ang madapa,
nagtipon laban sa akin,
mga banyagang di ko kilala,
walang tigil akong niluluray.

16 Walang pakundangan nila akong ti-
nutuya,
nangangainit sa akin ang kanilang mga
ngipin.
17 Panginoon, hanggang kailan ka titi-
ngin na lamang?
Sagipin ako sa kanilang karahasan,
mula sa mga batang leon ang kaisa-isa
kong buhay!
18 Pasasalamatan kita sa malaking pag-
titipon,
pupurihin sa gitna ng makapal na tao.

19 Huwag pangisihin sa akin ang mga
sinungaling kong kaaway,
huwag pagtaasan ng kilay ng mga na-
mumuhi sa akin nang walang dahilan.

20 Pagkat hindi kapayapaan ang kani-
lang winiwika
kundi laban sa mga tahimik sa lupa,
mga salita ng panlilinlang ang laman
ng kanilang puso.
21 Nakanganga sa laban sa akin ang
kanilang mga bibig
sa pagsasabing "Aha! Aha! Nakita ng
aming mga mata!"
22 Nakita mo, Panginoon, huwag kang
magwalang-imik,
Panginoon, huwag kang lumayo sa
akin.
23 Bumangon ka, gumising at ako'y
ipagtanggol
sa aking usapin, aking Diyos at aking
Panginoon.
24 Ipagtanggol ako ayon sa 'yong kata-
rungan, O Panginoong aking Diyos,
huwag silang pangisihin sa akin.
25 Huwag sana nilang sabihin sa kani-
lang puso: "Aha! Ayos!"
huwag nilang sabihin, "Nalamon namin
siya."
26 Mapahiya at mamula sa kahihiyan
ang mga ngumingisi sa aking kasamaam-
palad,
madamitan ng pagkahiya't kahihiyan
ang mga nagmamalaki sa akin.
27 Sumigaw naman sa galak at ngumiti
ang mga nasisiyahan sa aking kataru-
ngan
at lagi nilang sabihin: "Dakila ang Pa-
nginoon, nasisiyahan sa kaginhawahan
ng kanyang lingkod.
28 At bibigkasin ng aking dila ang iyong
katarungan,
ang papuri sa 'yo sa lahat ng araw.

## SALMO 36 (35)

**Ang kasamaan ng makasalanan at ang kabutihan ng Diyos.** Ibinubunsod tayo maging ng kasamaan ng mga makasalanan na manalig sa kabutihan ng Diyos.

2 Kasalanan ang kausap ng tampala-
san
sa kaibuturan ng kanyang kalooban.
Walang takot sa Diyos sa kanyang mga
mata.
3 Ang galing-galing niya sa kanyang
mga mata
para makita't kamuhian kanyang pag-
kakasala.
4 Kasamaa't panlilinlang ang mga salita
ng kanyang bibig,
tinalikuran ang karununga't kabuti-
han.
5 Laman ng puso'y masama hanggang
sa higaan,
nagmamatigas sa daang di-mabuti,
walang masamang inaayawan.
6 Abot-langit, Panginoon, ang 'yong
malasakit,
hanggang-ulap ang 'yong katapatan.
7 Tulad ng mga bundok ng Diyos ang
'yong katarungan,

---

**36.** Kapangyarihan ng kasamaan ang sinasabi sa unang bahagi (b. 1-5). Sinasabi naman ng ikalawang bahagi na (6-13) mas malakas pa rin ang kapangyarihan ng Diyos.

tulad ng kalalim-laliman ang 'yong mga kahatulan.
Inililigtas mo, Panginoon, ang tao at hayop.
8 Walang singhalaga ang malasakit mo, O Diyos!
Kayat sa lilim ng 'yong mga pakpak kumakanlong mga anak ni Adan.
9 Nabubusog sila sa sarap ng 'yong sambahayan,
pinaiinom sila sa ilog ng 'yong Eden.
10 Pagkat nasa 'yo ang bukal ng buhay,
sa liwanag mo nakikita namin ang liwanag.
11 Pamalagiin ang 'yong malasakit sa mga kumikilala sa 'yo,
ang 'yong katarungan sa mga may pusong tapat.
12 Huwag akong patapakan sa mayayabang,
ni ipataboy sa kamay ng tampalasan.
Haya't nangabuwal, mga gumagawa ng masama,
lugmok at di makababangon pa.

## SALMO 37 (36)

**Kaligayahan para sa mga makatarungan, kapahamakan para sa masasama.** "Huwag mabahala kapag naiisip mo ang masasama." Walang magagawa ang yaman o kapangyarihan para mapanghimasukan ang pamanang ipinangako ng Diyos sa kanyang mga anak.

1 Huwag mayamot sa masasama,
huwag mainggit sa gumagawa ng mali
2 pagkat agad silang natutuyong gaya ng damo,
nalalantang tulad ng sariwang halaman.
3 Manalig sa Panginoon, gumawa ng mabuti;
manahan sa lupain, mamuhay nang panatag.
4 Masiyahan sa Panginoon,
at ibibigay niya mga nais ng 'yong puso.
5 Ipagkatiwala sa Panginoon ang 'yong landas,
manalig sa kanya at siya ang kikilos.
6 Papagnininginingin niyang gaya ng liwanag ang 'yong katarungan,
gaya ng tanghaling-tapat ang 'yong karapatan.
7 Magpahinga sa Panginoon at matiyaga siyang hintayin;
huwag mayamot sa sumasagana sa kanyang landasin,
sa taong gumagawa ng masamang pakana.
8 Iwaksi ang galit, talikdan ang poot!
Huwag mayamot – sa masama lamang ito hahantong.
9 Pagkat lilipulin ang mga gumagawa ng masama,
ngunit silang naghihintay sa Panginoon ang magmamana sa lupa.
10 Sandali pa't wala na ang tampalasan,
tingnan mo man siya sa kanyang lugar, wala na siya roon.
11 Ngunit mamanahin ng mga dukha ang lupa
at masisiyahan sa masaganang kapayapaan.
12 May pakana ang tampalasan laban sa makatarungan
at sa kanya'y nangangainit ang kanyang mga ngipin.

---

**37.** Hindi lamang para sa mga sumasampalataya ang salmong ito kundi para sa bayan ng Diyos na nababahala sa lupain nito. Huwag masiraan ng loob kapag namomroblema dahil sa iba, o kung lalo ka nilang iniinis upang ikaw ang umalis at sumuko. Maging mahinahon at lakasan mo ang loob. Magtatagumpay rin balang araw ang mga anak ng sambayanang nagkakaisa at naniniwala sa mga pangako ng Diyos.

Nasa panig ng Diyos ang panahon. Bubunutin ang punong hindi ang Ama ang nagtanim; wala sa panig ng mga nagpapataw sa sarili nilang katotohanan ang kasaysayan.

13 Pinagtatawanan naman siya ng Panginoon
pagkat nakikita niyang palapit na ang kanyang araw.
14 Binubunot ng mga tampalasan ang tabak,
binabanat ang kanilang pana para igupo ang dukha at hikahos,
para patayin ang mga nasa matuwid na landas.
15 Tabak nila ang lalagos sa kanilang puso,
mababali ang kanilang mga pana.
16 Mabuti pa ang kaunting meron ang makatarungan
kaysa yaman ng maraming tampalasan
17 sapagkat babaliin ang mga braso ng mga tampalasan
ngunit aalalayan naman ng Panginoon ang mga makatarungan.
18 Alam ng Panginoon ang mga araw ng mga walang-sala,
mananatili magpakailanman ang kanilang mana.
19 Hindi sila mapapahiya sa panahon ng kasamaan,
mabubusog sa mga araw ng taggutom.
20 Ngunit mapapawi ang mga tampalasang kaaway ng Panginoon,
maglalahong gaya ng ganda ng bukid,
parang usok silang maglalaho.
21 Nangungutang ang tampalasan at di nagbabayad,
bukas-palad nama't mapagbigay ang makatarungan.
22 Ang mga pinagpala ng Panginoon ang magmamana ng lupa,
malilipol naman ang kanyang mga isinumpa.
23 Pinatatatag ng Panginoon ang mga hakbang ng tao
kapag nasisiyahan siya sa landas nito.
24 Matisod man siya, di siya madadapa
sapagkat hawak siya ng Panginoon sa kamay.
25 Sa aking pagkabata, at hanggang ngayong matanda na ako,
di ko pa nakitang pinabayaan ang makatarungan
o ang kanyang mga anak na nanghihingi ng makakain.
26 Bukas-palad siya at nagpapahiram sa lahat ng araw,
at pinagpapala ang kanyang mga anak.
27 Talikuran ang masama at gumawa ng mabuti,
at mananahan ka magpakailanman.
28 Pagkat mahal ng Panginoon ang katuwiran,
at di pinababayaan ang mga tapat sa kanya.
Buburahin magpakailanman ang masasama,
lilipulin ang mga anak ng tampalasan.
29 Ang mga makatarungan ang magmamana ng lupa,
at mananahan dito magpakailanman.
30 Karunungan ang namumutawi sa bibig ng matuwid,
katarungan ang winiwika ng kanyang dila.
31 Laman ng kanyang puso ang turo ng kanyang Diyos,
hindi nadudulas ang kanyang mga hakbang.
32 Minamanmanan ng tampalasan ang makatarungan
at tangkang patayin.
33 Hindi naman siya ipauubaya ng Panginoon sa kanyang mga kamay
o mahatulan kaya kapag siya'y isinakdal.
34 Asahan ang Panginoon at manatili sa kanyang daan,
itataas ka niya upang manahin mo ang lupa.
Tinitingnan mo ang paglipol sa mga tampalasan.
35 Nakita kong nagwawala ang tampalasan,
nagmamataas na parang sedro ng Lebanon.

36 Dumaan ako't hayun, wala na siya roon;
hinanap ko siya at di natagpuan.
37 Masdan ang walang-sala at tingnan ang matuwid,
pagkat may kinabukasan ang taong payapa.
38 Sama-sama namang pupuksain ang mga makasalanan,
lilipulin ang kinabukasan ng mga tampalasan.
39 Mula sa Panginoon ang kaligtasan ng makatarungan,
ang kanilang lakas sa panahon ng suliranin.
Tinutulungan sila at sinasagip ng Panginoon,
sasagipi't ililigtas mula sa mga tampalasan
pagkat sa kanya sila kumakanlong.

## SALMO 38 (37)

**Panalangin sa panahon ng ligalig.** Sa pagsapit ng karamdaman at kasamaampalad, nagsisimula tayong magnilay at nadidiskubre natin na ang pagkamakasalanan pala natin ang pinakamabigat nating kasamaampalad.

2 Huwag akong sumbatan sa 'yong galit, Panginoon,
huwag parusahan sa 'yong poot.
3 Tumagos sa akin ang 'yong mga pana,
bumagsak sa akin ang 'yong kamay.
4 Wala nang buo sa aking kalamnan dahil sa 'yong galit,
wala nang ginhawa sa aking mga buto dahil sa aking sala.

5 Lampas-ulo ang aking mga kasalanan,
mabigat na pasaning napakabigat para sa akin.
6 Mabaho at nagnanaknak ang aking mga sugat
dahil sa aking kahangalan.
7 Nakatungo ako at yukung-yuko,
maghapong mapalakad-lakad sa pagluluksa.
8 Loob ko'y inaapoy ng lagnat,
wala nang buo sa aking kalamnan.
9 Manhid at durog na durog,
umaatungal ako sa pagdaing ng aking puso.
10 Panginoon, nasa harap mo lahat kong ninanais;
hindi lingid sa 'yo ang buntung-hininga ko.
11 Puso ko'y kakaba-kaba, tinatakasan ako ng aking lakas;
wala na rin sa akin pati liwanag sa aking mga mata.
12 Nilalayuan ng mga kaibigan ko't kasamahan ang aking sugat,
nagpapakalayu-layo ang pinakamalapit sa akin.
13 May bitag na handa ang mga maytangka sa aking buhay;
kapahamakan ang winiwika ng mga mayhangad na ako'y mapasama,
at panlilinlang ang laman ng puso sa buong maghapon.
14 Ngunit para akong binging di nakaririnig,
parang piping di maibuka ang kanyang bibig.
15 Tulad ako ng taong walang naririnig
na walang sumbat na mamutawi sa kanyang bibig.

---

**38**. Pangatlong salmo ito ng pagsisisi (basahin ang tungkol sa Salmo 6). Sa paglaki ng pagkakasala, gayon din kalaking pananalig dapat meron tayo sa Diyos.

*Inaamin ko ang aking mga kasalanan* (19). Hindi malinaw para sa Matandang Tipan kung ano ang kaibahan ng kasalanan sa kasamaampalad. Tanda ng pagkakaroon ng utang sa Diyos ang pagkakasakit at pagdanas ng ligalig sa buhay. Hindi siyempre ito totoo: huwag sana tayong konsiyensyahin sa sandaling hindi na maging maganda ang takbo ng ating buhay! Ngunit sa totoo'y makasalanan nga ang taong maysakit, at tutulungan siya ng kanyang pagkakasakit para malaman ang katotohanan.

16 Ngunit sa 'yo ako umaasa, Panginoon,
ikaw ang sasagot, O Panginoong aking Diyos.
17 Sapagkat sinabi kong "Huwag nila akong pagtawanan,
huwag nilang ipagmataas ang pagkadulas ng aking paa."
18 Pagkat pabagsak na ako,
at sariling pagdurusa ang lagi kong kaharap.
19 Inaamin ko ang aking kasalanan,
sa aking pagkakasala'y di mapalagay.
20 Malalakas ang aking mga kaaway nang walang dahilan,
di mabilang ang mga namumuhi sa akin nang walang katwiran;
21 sinusuklian ako ng masama para sa mabuti,
sinisiraan dahil mabuti ang sinusundan ko.
22 Huwag akong pabayaan, Panginoon,
huwag akong layuan, O aking Diyos.
23 Magmadali ka sa pagtulong sa akin,
aking Panginoon, aking kaligtasan.

## SALMO 39 (38)

**Wala tayo sa harap ng Diyos.** Kahit na ibinigay na sa atin ng Diyos ang lahat nang ibinigay niya sa atin ng kanyang Anak, walang-wala pa rin tayo at sa kanyang awa pa rin natin hinihintay ang lahat. Ipaalam mo sa akin kung gaano ako kahina.

2 Sinabi kong babantayan ko ang aking mga daan,
nang di magkasala sa aking dila.
Babantayan kong may busal ang aking bibig
habang kaharap ko ang mga tampalasan.
3 Napipi ako, walang kibo at di ako umimik.
4 Nag-init ang puso ko sa aking kalooban;
sa aking pag-iisip, may apoy na nagla-gablab
at nakapagsalita ang aking dila.
5 "Ipaalam mo sa akin, Panginoon, ang aking hantungan
at ang hangganan ng aking mga araw
nang mamalayan ko kung gaano ako kahina.
6 "Haya't ginawa mong ga-dangkal lamang ang aking mga araw,
buhay ko'y parang wala sa harap mo.
Pawang buga nga lamang bawat taong tumitindig.
7 Anino nga lamang bawat taong naglalakad,
buga nga lamang ang kanilang pagkakagulo,
nag-iipon sila nang di naman alam kung sino ang magtitipon.
8 Ano ngayon ang maaasahan ko, Panginoon?
Nasa 'yo ang aking pag-asa.
9 Palayain ako sa lahat kong pagkakasala,
huwag akong gawing katatawanan ng hangal.
10 Pipi ako, di ako nagbuka ng bibig
dahil ikaw ang may gawa nito.
11 Alisin sa akin ang iyong pasakit,
iginupo ako ng suntok ng iyong kamay.
12 Sa panunumbat sa kasalanan, pinagsasabihan mo ang tao;
parang bukbok, nilalamon mo ang kanyang mga ninanasa.
Buga nga lamang bawat tao.
13 Pakinggan ang aking dalangin, Panginoon;
dinggin ang aking pagtawag,
huwag maging bingi sa aking mga luha.

Pagkat isa akong banyaga sa 'yong piling,
napadaan lamang gaya ng aking mga magulang.
14 Huwag akong titigan nang makahinga ako nang maluwag,
bago yumao at tuluyang maglaho.

## SALMO 40 (39)

**Sinasabi sa akin ng biblia na tuparin ang iyong kalooban.** Inilalagay ng Sulat sa Mga Hebreo (10:5) ang b. 7-9 sa mga labi ni Jesus bilang pahayag ng ganap niyang pagsunod. Masabi rin sana natin: "Narito ako!"

2 Naghintay ako, naghintay sa Panginoon;
tumungo siya sa akin
at dininig ang aking daing.

3 Iniahon niya ako mula sa nagngangalit na balon,
mula sa putik at burak;
itinuntong sa bato ang aking mga paa,
at pinatatag ang aking mga hakbang.
4 Nilagyan niya ang bibig ko ng bagong awit,
awit ng papuri sa ating Diyos.
Makikita ng marami at sila'y mamamangha,
at maniniwala sa Panginoon.
5 Napakasaya ng taong nasa Panginoon ang paniwala,
na di bumabaling sa mga suwail
at sa mga naligaw dahil sa kasinungalingan.
6 Kay rami ng 'yong mga gawa, O Panginoong aking Diyos,
ang kahanga-hanga mong mga gawa,
ang mga balak mo para sa amin –
wala kang kapantay!
Ihayag ko man at wikain ang mga ito,
higit pa rin ang mga ito kaysa puwedeng bilangin.
7 Di mo nais ang sakripisyo at hain
ngunit mga tengang bukas ang bigay mo sa akin.
Di mo hiningi sinunog na handog at alay sa pagkakasala.
8 Kayat sinabi ko, "Heto't dumarating ako.
Nasusulat tungkol sa akin sa balumbon ng aklat,
9 kasiyahan kong gawin ang kalooban mo, aking Diyos,
laman ng puso ko ang iyong turo."
10 Katarungan ang pahayag ko sa malaking pagtitipon,
heto't di ko pipigilan ang aking mga labi,
alam mo ito, Panginoon!
11 Di ko kinimkim sa kaibuturan ng puso ang 'yong katarungan,
sinabi ko ang 'yong katarungan at ang 'yong pagliligtas.
Di ko inilihim sa malaking pagtitipon
ang 'yong malasakit at pagiging totoo.
12 Huwag mong ipagkait, Panginoon, ang 'yong kagandahang-loob sa akin,
lagi akong bantayan ng 'yong malasakit at pagiging totoo.
13 Pagkat pinaligiran ako ng di-mabilang na kasamaan,
baon sa aking mga kasalanan
at di na ako makatingala;
mas marami pa kaysa buhok sa aking ulo,
kayat pinanghihinaan ako ng loob.

---

Dalawang panalangin ang pinag-isa sa salmong ito: ang una'y b. 2-12 (o 13).

*Naghintay ako, naghintay ako sa Panginoon.* Sino ang nagsasalita sa salmong ito? Kung ihahambing ito sa mga Tula ng Lingkod (Isaias 49–53) o sa Salmo 22 at 68, parang hindi iisang tao lamang ang nagsasalita. Inilalahad ng salmong ito ang pasasalamat ng mga sumasampalatayang iilan lamang sa bayan ng Diyos, na silang tagapaghatid ng pagliligtas ng Diyos sa daigdig. Ngunit sa biblia, may isa ring kumakatawan para sa sambayanan o sa pangkat ng mga tapat: siya ang tagapagligtas. Kayat sa natatanging paraan, maipapatungkol kay Kristo ang salmong ito, kahit na panalangin ng sambayanan ng Diyos sa panahon ng kagipitan ang inilalahad nito.

*Iniahon niya ako mula sa nagngangalit na balon. Makikita ng marami at sila'y mamamangha, at maniniwala sa Panginoon.* Nasa mga kamay ng Diyos ang Iglesya ngunit hindi ito nangangahulugan na hindi na niya ito hahayaang di dumanas ng paghihirap. Sapagkat magiging kasangkapan kaya ito ng kaligtasan kung wala itong hirap na dinaranas? Hinihingi sa atin ng Diyos na tanggapin ang bokasyong ito ng pagsasakripisyo ayon sa kalagayan natin sa buhay. Ngunit kay Kristo nga lamang ito lubos na nagkaroong-kaganapan. *Kayat sinabi ko, "Heto't dumarating ako."*

14 Loobin mo, Panginoon, na ako'y iligtas;
O Panginoon, agad akong saklolohan.
15 Sama-samang mahiya at mataranta
ang mga naghahangad kumitil sa buhay ko:
Magsiurong at mapahiya ang mga nasisiyahan na ako'y mapasamâ.
16 Magulat sila sa hiya,
silang nagsasabi sa akin, "Aha, aha!"
17 Ngunit magalak at matuwa sa 'yo
lahat ng naghahangad sa 'yo;
at laging sabihin ng mga nagmamahal sa 'yong pagsaklolo,
"Dakila ang Panginoon!"
18 Dukha man ako at hikahos,
iniisip ako ng Panginoon.
Aking saklolo at aking tagapagligtas – ikaw –
O aking Diyos, huwag kang maantala!

## SALMO 41 (40)

**Panalangin ng isang maysakit na pinabayaan.** May sakit, pinagtatawanan, pinagtaksilan: ganito ang kalagayan ng nagdarasal ng salmong ito. Maaaring kilala natin siya at malapit sa atin at naghihintay ng ating kalinga.

2 Maligaya ang nagsasaalang-alang sa dukha at mahina,
ililigtas siya ng Panginoon sa araw ng kasamaan.
3 Binabantayan siya ng Panginoon, iniingatan ang kanyang buhay at pinaliligaya sa lupa,
at hindi mo siya ipinauubaya sa kagustuhan ng kanyang mga kaaway.
4 Inaalalayan siya ng Panginoon sa banig ng karamdaman;
sa kanyang pagkakasakit, binabago mo buo niyang higaan.

5 Sinabi ko naman, "Magmagandang-loob ka sa akin, Panginoon,
paigihin ako pagkat nagkasala ako sa 'yo.
6 Kasamaan ko ang pinag-uusapan ng aking mga kaaway,
"Kailan ba siya mamamatay at mabubura ang kanyang pangalan?"
7 Pag dalaw niya upang makita ako,
walang saysay ang kanyang winiwika;
nag-iipon siya ng sama ng loob
at paglabas ay saka ipinamamalita.
8 Laban sa akin sama-samang nagbubulungan lahat ng namumuhi sa akin,
at iniisip nilang laban nga sa akin ang kasamaang aking dinaranas,
9 "Dinapuan siya ng malubhang sakit
at di na makababangon pa mula sa pagkahiga."

10 Kahit na pinakamatalik ko pang kaibigan

na pinagkatiwalaan ko't kasalo sa pagkain
ay nag-angat ng sakong laban sa akin.
11 Ngunit ikaw, Panginoon, magmagandang-loob ka't ibangon ako,
at gaganti ako sa kanila.
12 Ganito ko nalalamang nasisiyahan ka sa akin
kung hindi na nagbubunyi laban sa akin ang aking kaaway
13 at ako nama'y inaalalayan mo sa aking kawalang-sala
at pinatatayo sa harap ng 'yong mukha magpakailanman.

14 *Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel*
*mula magpakailanman hanggang magpakailanman.*
*Amen! Amen!*

## SALMO 42 (41)

**Kailan ko pagmamasdan ang mukha ng Panginoon?** Matapos ang pagkatapon, naaalaala ng salmista ang mga taon ng biyaya.

Ginugunita ng isang pari, isang itinapong Levita, kung gaano kagalak niyang ginawa ang peregrinasyon sa Jerusalem sa nakaraang panahon. Tayo rin dito sa ibaba ay mga itinapon hanggat hindi natin nasisilayan ang mukha ng Diyos. Tama lang na hindi tayo kaagad nasisiyahan sa ilang mararangyang seremonya.

2 Kung paano nananabik ang usa sa tubig na umaagos.
gayon din nananabik ang kaluluwa ko sa iyo, O Diyos.
3 Kaluluwa ko'y nauuhaw sa Diyos, sa Diyos na buhay.
Kailan ako pupunta at makikita ang mukha ng Diyos?
4 Araw-gabi'y luha ko ang aking pagkain,
habang magdamag na sinasabi sa akin;
"Nasaan ang iyong Diyos?"
5 Ngayong ibinubuhos ko ang aking damdamin,
naaalaala ko ang mga panahong iyon:
nanguna ako sa madla
patungo sa bahay ng Diyos
sa gitna ng sigaw ng kasiyahan at pasasalamat
ng pagtitipong nagdiriwang.

6 Bakit ka nalulumbay, O kaluluwa ko?
Bakit ka dumaraing sa loob ko?
Manalig ka sa Diyos! Pupurihin ko pa rin siya,
ang aking Tagapagligtas at aking Diyos.

7 Lubhang nalulumbay ang aking kaluluwa
kaya aalalahanin kita buhat sa lupain ng Jordan,
buhat sa Hermon, o sa bundok ng Misar.

8 Tumatawag ang kalaliman sa kapwa kalaliman.
Sa dagundng ng iyong mga talon
tinatabunan ako ng mga alon mo't daluyong,

9 Sa araw inihahandog ng Panginoon ang kanyang
biyaya
at sa gabi'y ang awit niya sa mga labi ko,
isang dalangin sa Diyos na aking buhay.

10 Awit ko sa Diyos na aking bato;
"Bakit mo ako nalilimot?
Bakit ako nalulumbay
habang sinisiil ng kaaway?"

11 Nadudurog ang mga buto ko
dahil nililibak ako ng mga kaaway,
at sinasabi nila sa akin araw-araw;
"Nasaan ang iyong Diyos?"

12 Bakit ka nalulumbay, O kaluluwa ko?
Bakit ka dumaraing sa loob ko?
Manalig ka sa Diyos! Pupurihin ko pa rin siya,
ang aking tagapagligtas at aking Diyos!

## SALMO 43 (42)

**Karugtong ng naunang salmo.** Ito ang taimtim na panalangin ng mananampalatayang nakatulog sa masamang kalagayan. Inilalahad niya ito sa Diyos upang hindi siya mag-alinlangan sa kanyang pananampalataya.

Malungkot na inaalaala ng awtor ng salmong ito ang Templo sa Jerusalem at ang mariringal na seremonya ng nagdaang panahon. Naninirahan siya ngayon sa isang banyagang bansa, kung saan ang kanyang mga salita, kultura at pananampalataya ay binabale-wala ng lahat. "Nasaan ang Iyong Diyos?" sabi nila, at itinatanong naman niya sa kanyang sarili: "Sino ba ako?"

Mataimtim na pagtawag sa Diyos at mga hiyaw ng pag-asa ang mga katangian ng salmong ito, na parang korong inuulit nang tatlong beses.

Sino sa atin ang hindi makaaangkin sa salmong ito? Gaano man kadakila at kapuri-puri ang pag-unlad ng tao, ito'y naghahatid pa rin ng mga bagong problema, at pumupukaw ng mga bagong pagnanasa. Kung minsa'y naiisip nating tayo'y nilikha para sa mas dakilang mga bagay: walang bagay sa pag-unlad na 'yon ang lubos na nakasisiya sa atin, at kamatayan ang laging nasa wakas. Paano natin muling maibabalik ang mga sandali na nakaranas tayo ng tunay na kaligayahan?

1 Bigyan mo ako ng katarungan, O Diyos,
at ipaglaban ang kapakanan ko laban sa mga
malulupit.
Iligtas mo ako sa mga taong mapanlinlang at
tampalasan.
Bakit mo ako itinatakwil?
Bakit ako dapat magdalamhati sa paniniil ng
kaaway?

3 Ipadala mo ang iyong liwanag at katotohanan.
Mangunguna ang mga iyon
at dadalhin ako sa tinitirhan mong banal na bundok.

4 Ako'y paroroon sa altar ng Diyos,
ang Diyos na aking galak at kaligayahan.
Pupurihin kita sa gitara, O Diyos na aking Diyos!

5 Bakit ka nalulumbay, O kaluluwa ko,
at dumaraing ka sa kalooban ko?
Umasa sa Diyos,
muli ko siyang pupurihin
sa harap ng aking tagapagligtas at aking Diyos.

## SALMO 44 (43)

**Pambansang panaghoy.** Nakadarama ng pagkatalo ang bayang nananampalataya. Kayat nagrereklamo sila sa harap ng Diyos.

2 Narinig namin, O Diyos, ibinalita ng
aming mga magulang ang mga ginawa
mo nang kanilang kapanahunan, noong
mga lumipas na panahon. 3 Upang pala-
guin sila, iyong itinaboy at dinurog ang
mga bansa at pinasibol mo sila.
4 Di dahil sa kanilang tabak nasakop
ang lupain, ni sa kanilang bisig ang ta-
gumpay; kundi dahil sa iyong kanang ka-
may at bisig, sa liwanag ng iyong mukha
at sa pag-ibig mo sa kanila.
5 Ikaw ang aking hari at aking Diyos,
ang nagbigay ng tagumpay kay Jacob.
6 Dahil sa iyo naitaboy namin ang mga
kaaway. Dahil sa iyong pangalan niyapa-
kan namin ang aming mga kalaban.
7 Sapagkat hindi sa aking pana ako
umaasa; hindi aking tabak ang magda-
dala ng tagumpay.
8 Iniligtas mo kami sa mga kaaway
namin, at pinahiya mo ang mga napopoot
sa amin.
9 Sa Diyos kami nagdiriwang araw-
araw, pangalan niya'y lagi naming pinu-
puri.
10 Ngunit ngayon tinanggihan mo kami
at pinabagsak. Hindi ka na sumasama sa
aming mga hukbo.
11 Pinaurong mo kami sa harap ng
aming kaaway, at kami ay dinambong ng
aming mga kalaban.
12 Pinabayaan mo kaming makatay, tu-
lad ng mga tupa. Sa mga bansa kami'y
iyong ikinalat. 13 Ipinagbili mo ang iyong
bayan sa maliit na halaga, at hindi ka man
lang tumanggap ng tubo rito.
14 Ginawa mo kaming kahihiyan sa
mga kalapit namin, katatawanan at liba-
kin ng mga nakapaligid sa amin. 15 Gi-
nawa mo kaming bukambibig ng mga
bansa, ang kinaiilingan ng ulo ng mga tao.
16 Maghapon kong dala ang aking ka-
dustaan. Balot ng kahihiyan ang aking
mukha, 17 sa tudyo ng mapanlait at ma-
pandusta, sa harap ng kaaway at ma-
panghiganti.
18 Lahat ng ito'y nangyari sa amin kahit
hindi kami nakalimot sa iyo, ni nagtaksil
sa kasunduan sa iyo.
19 Hindi naman bumaling sa iba ang
aming puso, at hindi naman lumihis ang
aming mga paa sa iyong landas. 20 Ga-
yunman kami'y iyong ibinulid sa hamak
na pook at tinakpan ng lambong ng kadi-
liman.
21 Kung kinalimutan namin ang ngalan
ng aming Diyos at sumamba sa ibang
diyos,
22 hindi kaya ito matutuklasan ng
Diyos? Batid naman niya ang mga lihim
ng puso.
23 Alang-alang sa iyo kaya hinaharap

---

**44.** Saan mang dako, at kahit na sa ating bansa na higit sa walumpung porsiyento ang mga binyagang Katoliko, napakakaunti pa rin ang mga tunay na Kristiyano sa gitna ng napakaraming taong kabilang sa ibang relihiyon o may malabong pagkaunawa sa pagsasabuhay ng kanilang pananampalataya. Ito marahil ang dahilan kung bakit medyo hinahanap-hanap ang lumipas na panahon nang ang buong bayan ay nagkakaisa sa pagpapahayag ng iisang pananampalataya at dumadalo sa lahat ng prusisyon at debosyon.

Halos ganito rin ang kalagayan ng mga Judio nang sinulat ang salmong ito. Tiyak na panahon 'yon ng mga Macabeo, nang sinisikap ng isang minorya ng mananampalataya na itayo ang Israel sa harap ng pag-uusig ng Syria at pagsuko ng mayorya.

Kaya pinaghahambing ng salmista sa matulaing paraan ang malaking kapahamakang sinapit ng bansa at ang matagumpay na pagsakop sa Palestina ng mga Hebreong galing sa Ehipto sa ilalim ng pamumuno nina Moises at Josue anim na dantaon na ang nakalilipas (2-9).

Sa mga berso 10-17, ipinahahayag ng hinamak na bansang ito ang kanilang kalungkutan sa pagkawala ng Diyos mismo: hindi siya gumagawa ng mga kababalaghan para patunayan na siya nga lamang ang Diyos.

Subalit ang kapusukang ito (24-25) ay hindi kawalang-pag-asa dahil kumbinsido ang salmista na ang Diyos ang pinakamakapangyarihan at tapat ang kanyang pag-ibig (27). Gayundin para sa atin. May dahilan para masiraan tayo ng loob: kay daming salu-salungat na patotoo! kay daming apostolikong gawaing parang bigo; parang pinabayaan na ng Diyos ang kanyang Iglesya na madikit sa putik ng matatanda at walang-buhay na mga istruktura! Anong paglimot sa misyon sa masa! Hindi ba babalik ang Diyos? Anumang pananagutan ng mga Kristiyano sa pangyayaring ito, alam pa rin ng Diyos kumuha mula rito ng mas malaking kabutihan.

namin ang kamatayan araw-araw, tulad
ng mga tupang kakatayin.
24 Gumising ka! Bakit ka natutulog, O
Panginoon? Bumangon ka! Huwag mo
kaming itakwil magpakailanman.
25 Bakit mo ba itinatago sa amin ang
iyong mukha at nililimot ang aming kahi-
rapan at kaapihan? 26 Tunay na naka-
gumon sa alabok ang kaluluwa namin,
nakalugmok sa lupa ang katawan na-
min.
27 Tumindig ka! Tulungan mo kami at
tubusin alang-alang sa iyong tapat na
pag-ibig.

## SALMO 45 (44)

**Para sa kasal ng Hari.** May hiwagang nakapaloob sa pag-ibig ng tao, na dumadaloy tungo sa mismong hiwaga ng Diyos. Gustong makipag-isa ng Diyos sa sangkatauhan tulad ng asawa sa kanyang maybahay, at naganap na ito kay Kristo.

Isinulat marahil ang salmong ito sa okasyon ng kasal ng isang hari ng Israel sa isang dayuhang prinsesa.

Ngunit maaari din namang matalinhagang paraan ito ng pag-anyaya sa Israel na bayang hinirang na lubusang pumasok sa Pakikipagtipan ng kanyang Diyos at asawa na nagpapadama ng kanyang presensya sa pamamagitan ng Haring-Mesiyas na kanyang pinahiran (b. 9) Nakikipagkasalan sa Diyos ang Israel at kasunod niya ang lahat ng bansang tumatanggap sa kanyang aral tungkol sa Diyos at sa kaligtasan. Ito ang patalinhagang ipinahahayag sa mga berso 13-16 at pati sa Is 60-62.

Masasabi rin ang lahat ng ito para sa Iglesya at pati sa bawat isa sa atin. Ang binyag ay hindi na bababa pa sa isang ganap na regalo kay Kristo; para sa atin, nanatili bilang salita at mustra ang regalo, pero tayo'y kanya na at hindi napakahaba ng isang buhay para magkatotoo 'yon.

*Makinig ka, anak, limutin mo na ang iyong bansa.* Pag naganap ang kasal, maraming kailangang iwanan. Gayundin dito: balang araw, ang Diyos ay magiging lahat para sa lahat, at para maabot 'yon, kailangang kalimutan ang bansa at pamilya, kailangang ipagpalit ng tao ang kanyang isip at gawi sa isip at gawi ng Diyos.

*Sa halip ng iyong mga magulang ay ang mga anak.* Nakikita natin dito ang mga pangako ni Jesus sa mga nagiiwan ng lahat para maglingkod sa kanya.

2 Nag-uumapaw ang puso ko sa dakilang himig
habang inaawit ko sa hari ang aking tula.
Dila ko'y simbilis ng panulat ng dalubhasang
manunulat.

3 Pinakamakisig ka sa lahat ng mga lalaki.
Ang biyaya'y pinatulo sa mga labi mo
kayat pinagpala ka ng Diyos magpakailanman.

4 Ibigkis mo sa iyong hita ang tabak mo,
O magiting sa iyong kaluwalhatian at
kamahalan.
5 Mangabayo kang matagumpay
alang-alang sa katotohanan, kabutihan at katarungan.
Masaksihan mo sana ang mga gawang
kagila-gilalas ng iyong kamay.
6 Matatalim ang palaso mo
nasasakop mo ang mga bansa,
at ang mga kalaban ng hari'y nabubuwal.
7 Mananatili magpakailanman ang banal mong trono;
ang setro ng katarungan ang magiging setro ng iyong
kaharian.

8 Mahal mo ang katuwiran at kinamumuhian ang
kasamaan,
kaya nga pinahiran ka ng Diyos, ng iyong Diyos,
ng langis ng kagalakan higit kaysa mga kasamahan mo.

9 Mga suot mo'y may bango ng aloe at mira.
Sa palasyo mong garing ay alpa ang umaaliw sa iyo.

10 Kabilang sa mga mahal mo'y mga babaeng anak ng
mga hari.
Sa kanan mo ang isang inday
na nahihiyasan ng ginto ng Ophir,

11 Makinig ka, anak na babae, at bigyan mo ng pansin.
Limutin mo na ang iyong bansa at ang tahanan ng ama mo.
12 Lulunggatiin ng hari ang iyong kagandahan.
Siya ang iyong Panginoon, kaya parangalan mo siya.
13 At narito ang mga taga-Tiro, taglay ang mga handog, ang mayayaman ay sinusuyo ka.

14 Buong dingal na pumapaloob ang anak na babae ng hari
suot ay damit na habi sa ginto.
15 Kasuotan ay burdado, siya'y inihatid sa hari,
kasunod ang kanyang mga dalagang abay.
Sila ay dinala sa iyo.
16 Inihatid silang may saya at galak
nang sila'y papasok sa palasyo ng hari.

17 Sa halip ng iyong mga magulang ay ang mga anak.
Gagawin mo silang mga prinsipe sa buong lupain.
18 Ibabantog ko ang iyong pangalan sa lahat ng sali't saling lahi,
pupurihin ka ng mga bansa magpakailanman.

## SALMO 46 (45)

**Sumasaatin ang Diyos.** *May isang sapa na ang agos ay may dalang galak sa lunsod ng Diyos.* Pinaghahambing ng salmista ang mga kaguluhan na matalinhagang ipinahahayag sa unang saknong at ang pangitain ng kapayapaan ng Banal na Siyudad, ang Jerusalem, ang Iglesya.

Ang salmong ito ay isa sa mga gumugunita sa mahimalang pagkaligtas sa Jerusalem sa panahon ni Isaias (Is 36-37).

*Wala tayong takot, mayanig man ang lupa't mga kabundukan ay lagumin ng dagat.* Laging pinag-uugnay ng mga tulang Hebreo ang kalikasan at mga pangyayaring pulitikal. Tadtad ng paghihirap ang kasaysayan ng Israel sa mga panloob na krisis at mga pagsalakay ng mga kaaway. Ngunit hindi ito magulong kasaysayan, na resulta lamang ng pagkakataon, o gawa lamang ng tao. Isang kasaysayan ito na pinapatnubayan ng isang kamay na dinakikita, makapangyarihan at mapagmahal, ang kamay ng Diyos.

*Mayroong isang sapa na ang mga agos ay may dalang galak sa lunsod ng Diyos.* Ang lawa ng Siloe na ang tubig ay pumapasok sa isang tunel sa loob ng mga pader, ay nagbigay-katiyakan sa buhay ng lunsod sa panahon ng isang pagkubkob: sagisag ng lihim na pagsanggalang ng Diyos. Gugunitain ni Ezekiel ang bukal na umaagos

2 Ang Diyos ang ating kanlungan at lakas,
ang laging handang saklolo sa kagipitan.
3 Sa gayon wala tayong takot,
mayanig man ang lupa't
mga kabundukan ay lagumin ng dagat,
4 umugong at dumaluyong man ang mga tubig
at yumanig ang kabundukan sa pagtaas nito.

5 Mayroong isang sapa na ang mga agos
ay may dalang galak sa lunsod ng Diyos,
ang banal na tirahan ng Kataas-taasan.

6 Naroon sa loob ang Diyos, di iyon babagsak:
tutulong siya sa pagbubukanliwayway.
7 Bagaman ang mga kaharia'y nayayanig, at mga bansa'y nalilito;
umuugong ang kanyang tinig at nalulusaw ang lupa.

8 Sumasaatin ang Panginoon ng mga Hukbo,
muog natin ang Diyos ni Jacob.

palabas sa Templo, sagisag ng buhay at pagkamabunga.

*Winakasan ng Diyos ang digmaan sa buong sangkalupaan.* Muling ipahahayag ng espiritwal na Israel (ang Iglesya) ang kadakilaan ng Diyos pag bumagsak na ang mga hukbo at makaharing kapangyarihan.

*Umuugong ang kanyang tinig at nalulusaw ang lupa.* At totoo pa rin ito kung palagay ang loob ng Diyos sa atin: kung maraming dahilan para tayo'y matakot, biglang naiiba ang eksena at ang lahat ay katiyakan at kapayapaan.

9 Halikayo't pagmasdan ang mga gawa ng Diyos,
ang mga nakasisindak niyang ginawa sa lupa.
10 Winakasan niya ang mga digmaan sa buong sangkalupaan,
binabali ang busog, dinudurog ang sibat
at sinusunog ang mga kalasag.

11 Manahimik kayo at kilalaning ako ang Diyos
Dakila ako sa mga bansa, pinakadakila sa buong daigdig.
12 Sumasaatin ang Panginoon ng mga Hukbo
muog natin ang Diyos ni Jacob.

## SALMO 47 (46)

**Sa hari ng lahat ng bansa.** Dumarating ang Panginoon sa wakas ng panahon para simulan ang kanyang Paghahari.

Ipinakikita rito ang Diyos na umaakyat sa kanyang Templo sa Jerusalem. Hindi na siya Diyos lamang ng isang maliit na bayan, ng isang Iglesyang minorya kundi kinikilala siya ng lahat ng bansa. At nagsimula ang matagumpay na pag-akyat na ito sa Pag-akyat sa langit ni Jesus na muling nabuhay.

Sa kanilang taunang pagpunta sa Jerusalem para sa mga piyesta, pinagmamasdan ng mga Judio ang tahanan ng Diyos sa piling ng mga tao. Ang Iglesya ang bagong Jerusalem, ang di-maigugupong siyudad, ang sentro ng mundo at haligi ng katotohanan. Sa kanya natin tinatanggap ang lahat ng grasya.

2 Magsipalakpak kayong lahat ng bansa.
Sumigaw sa Diyos sa masayang tinig!
3 Kakila-kilabot nga ang Poon na Kataas-taasan,
ang dakilang hari sa sangkalupaan!

4 Pinasakop niya sa atin ang mga bansa,
ang mga bayan sa ating paanan.
5 Pinili niya ang ating pamana,
ang dangal ni Jacob na kanyang minamahal.
6 Umaakyat ang Diyos sa gitna ng sigawan,
ang Panginoon, sa tunog ng mga pakakak.
7 Magsiawit kayo ng papuri sa Diyos,
magsiawit ng papuri sa ating Hari!

8 Naghahari ang Diyos sa sangkalupaan,
magsiawit ng papuri!
9 Naghahari ang Diyos sa mga bansa,
nakaluklok ang Diyos sa trono ng kanyang kabanalan.

10 Mga pinuno ng mga bansa ay nagkatipon,
kasama ng bayan ng Diyos ni Abraham,
dahil sa Diyos ang mga alalay sa lupa.
Siya ang Kataas-taasan!

## SALMO 48 (47)

**Ang Iglesya-Sion, bundok ng Diyos.** Sion ang isa pang pangalan ng Jerusalem, ang Banal na Siyudad. Ginugunita ng salmong ito ang pagsasanggalang ng Diyos sa lunsod na ito sa maraming pagkakataon. Magalak ang mga sumasampalataya: binabantayan tayo ng Panginoon.

[2]Dakila ang Panginoon! Dapat na
siya'y purihin sa lunsod ng ating Diyos.
Ang kanyang banal na bundok ay
[3]pinakamarilag sa lahat ng mga kata-
asan, at ligaya ng buong sangkalupaan;
ang bundok ng Sion sa malayong hilaga,
ang lunsod ng dakilang hari.
[4]Nasa mga kuta niyon ang Diyos, siya
nga ang nasa tanggulan niyon.
[5]Hayun! at ang mga hari'y nagtipun-
tipon,
sila'y nagsama-sama.
[6]Namumulatan nila iyon at agad silang
nabigla, nasindak at nagsitakas.
[7]Sinakmal sila ng takot doon, naghirap
at nagdusa tulad ng babaeng manganga-
nak, [8]tulad ng mga sasakyang dagat ng
Tarsis, winawasak ng hangin sa silangan.

[9]Gaya ng aming narinig, amin ding na-
saksihan sa lunsod ng Panginoon ng mga
hukbo, sa lunsod ng ating Diyos; ito'y
itinatag ng Diyos magpakailanman.
[10]Pinagninilayan namin ang matapat
mong pag-ibig, O Diyos, sa loob ng iyong
Templo.
[11]Tulad ng iyong pangalan, O Diyos,
gayon na rin ang papuri sa iyong umaabot
sa kadulu-duluhan ng mundo. At nasa
kanang kamay mo ang katarungan.
[12]Nagagalak ang bundok ng Sion, na-
tutuwa ang mga lunsod ng Juda sa katu-
paran ng iyong mga hatol.

[13]Libutin ninyo ang Sion! Ikutin ito at
bilangin ang mga tore.
[14]Pagmasdan ninyong mabuti ang kan-
yang muog, siyasatin ang kanyang mga
kuta, upang maibalita ninyo sa lahing su-
sunod,
[15]na ganyan din ang Diyos, ang Diyos
na ating gabay magpakailanman.

## SALMO 49 (48)

**Ang kawalang-responsabilidad ng mayayaman.**

Iwasan nang buong ingat ang lahat ng uri ng kasakiman sapagkat mapasaiyo man ang lahat, hindi mga ariarian mo ang magbibigay sa iyo ng buhay.

*"Bumagsak ang Malaking Siyudad! Nagkasalang kasama niya ang lahat ng pinuno ng lupa at yumaman sa kanyang walang taros na luho ang mga negosyante ng daigdig. O bayan ko, lisanin siya at baka makasangkot ka pa sa kanyang mga pagkakasala. Sa siyudad na ito natagpuan ang dugo ng mga propeta at ng mga banal, ang dugo ng lahat ng pinatay sa mundo."* (Pag 18:2-24).

[2]Pakinggan ninyo ito, lahat na mga bansa.
Makinig kayong lahat na mamamayan sa daigdig,
[3]dakila o aba, mayaman man o mahirap.

[4]Magsasalita ang aking bibig ng karunungan;
at ang bulong sa aking puso'y kaalaman.
[5]Pakikinggan ko ang isang salawikain,
sasagutin ko ang aking bugtong sa saliw ng gitara.

[6]Bakit ako matatakot sa panahon ng bagabag,
sa lumiligid sa aking mga mandarayang buktot,
[7]sa mga nagtitiwala sa kanilang kayamanan
at nagmamayabang sa dami ng kasaganaan nila?

[8]Walang sinumang makatutubos sa kanyang sarili,
ni makapagbabayad sa Diyos ng pantubos sa kanya.
[9]Mamahalin ang pagtubos sa buhay,
at palaging magkukulang.
[10]Puwede ba ang mabuhay magpasawalang-hanggan
at hindi mahulog sa libingan?

---

**48.** Gaya ng Salmo 48, binabanggit ng salmong ito ang mahimalang pagliligtas sa Jerusalem.

*Ang banal na bundok,* na ibig sabihi'y: ang Bundok Sion sa malayong hilaga – ipinalalagay ng matatandang tradisyon na ang mga bundok ng hilaga sa tahanan ng mga diyos.

*Libutin ninyo ang Sion:* ang tinutukoy nito marahil ay ang napakatandang gawang panrelihiyon na paglakad at paglibot sa isang santuwaryo at paghipo sa pader.

11 Nakikita na mamamatay din ang matatalino
tulad ng mga mangmang at mga hangal,
sa iba nila iniiwan ang kanilang kayamanan.
12 Sa libingan ang kanilang tahanan magpakailanman,
ang kanilang tirahan sa sali't-saling lahi,
kahit nasa kanilang pangalan ang mga lupain.

13 Ang mayama'y parang piping hayop;
wala silang nauunawaan.

14 Ito ang daan ng nagtitiwala sa sarili lamang,
at ng mga sumusunod sa kanya.
15 Sa libingan sila lumulusong na parang tupa,
kamatayan ang pastol nila,
at tuluy-tuloy na sila sa hukay
Tinatahanan nila ang pook ng mga patay,
doon mawawala ang kanilang anyo.

16 Ngunit tutubusin ng Diyos ang aking kaluluwa
mula sa bayan ng mga patay, hahanguin niya ako.
17 Kaya huwag mangamba kung may taong
yumayaman
at nadaragdagan ang kadakilaan ng kanyang bahay.
18 Pagkat wala siyang madadala pag namatay,
ang kanyang kayamanan ay hindi sasama sa kanya.
19 Kahit itinuturing siyang mapalad
habang nabubuhay
at pinupuri siya sa tagumpay niya.
20 Sasama rin siya sa mga ninunong nauna sa kanya.
Di sila makakikita ng liwanag magpakailanman.
21 Ang mayama'y parang piping hayop;
wala silang nauunawaan.

## SALMO 50 (49)

**Paglingkuran ang Diyos nang may tapat na puso.** Dumarating ang Diyos para hatulan ang kanyang Bayan. Tinutuligsa niya ang mga nagbibigay ng mga handog at materyal na sakripisyo sa halip na pagsunod ng puso, at ang mga bumibigkas sa mga utos sa halip na isabuhay ang mga ito.

1 Ang Diyos ng mga diyos, ang Panginoo'y nagsasalita at tumatawag sa lupa, mula sa sinisikatan hanggang sa nilulubugan ng araw.

2 Mula sa Sion, kagandaha'y ganap, Diyos ay sumisikat.
3 Dumarating ang Diyos natin, di siya nananahimik. Sa unahan niya'y apoy na nagngangalit at paligid niya'y nag-aalimpuyong unos.

4 Tinatawag niya ang langit sa itaas at ang lupa sa ibaba upang hatulan niya ang kanyang bayan.

5 "Tipunin sa harap ko aking mga banal na nakipagtipan sa akin sa pamamagitan ng hain."
6 Ipinahahayag ng kalangitan ang kanyang katarungan pagkat Diyos din ang siyang hahatol.

7 "Makinig ka, aking bayan. Magsasa-
lita ako, O Israel, saksi ako laban sa iyo.
Ako ang Diyos, ang iyong Diyos.
8 Hindi dahil sa iyong mga hain sinu-
sumbatan kita, sapagkat mga handog
mo'y laging nasa harap ko.
9 Hindi ko kailangan ang mga toro mula
sa kural mo, ni mga kambing sa iyong
kulungan.
10 Sapagkat akin lahat mga hayop sa
kagubatan, ang mga libu-libong hayop sa
kabundukan.
11 Kilala ko ang lahat ng mga ibon sa mga
bundok; mga gumagalaw sa bukid ay akin.
12 Kung ako man ay nagutom di ko
kailangang magsabi sa iyo yamang akin
ang daigdig at lahat ng naroon.

13 Kumakain ba ako ng laman ng toro, o
umiinom ng dugo ng kambing?
14 Ialay sa Diyos ang handog na pasa-
salamat, tuparin ang mga panata mo sa
kataas-taasan
15 at tumawag ka sa akin sa panahon ng
pamimighati. Ililigtas kita't luluwalhatiin
mo ako.
16 Ngunit sa masama sinasabi ng Diyos:
"Ano ang karapatan mong bumigkas ng
aking batas, o angkinin ang aking tipan sa
iyong bibig?
17 Gayong kinamumuhian mo ang
aking turo at tinatalikdan ang aking mga
salita.

18 Pag nakatagpo ng magnanakaw su-
masama ka sa kanya; nakikisalamuha ka
sa mga mangangalunya.
19 Iyong bibig ay ginagamit sa kasa-
maan, at ang iyong dila ay gumagawa ng
kasinungalingan. 20 Nakikipagpulong ka't
nagsasalita laban sa iyong kapatid; sinisi-
raan mo ang anak ng iyong ina!
21 Ginawa mo ang mga ito at ako ka-
ya'y tatahimik? Akala mo ba'y katulad
mo ako? Tutuligsain kita, at ihaharap ko
sa iyo ang sakdal ko.
22 Tandaan ninyo, kayong nakalilimot
sa Diyos. Kung hindi'y dudurugin ko kayo
at walang makapagliligtas sa inyo.
23 Ang nag-aalay ng hain ng papuri ay
lumuluwalhati sa akin. Sa tumatalunton
sa tuwid na landas ipakikita ko ang kalig-
tasan ng Diyos.

## SALMO 51 (50)

**Maawa ka sa akin, Panginoon.** Aminin natin sa harap ng Diyos ng katotohanan ang kasalanang ginawa natin. Hindi nawawala ang pag-asa sa ating kahihiyan dahil alam nating makalilikha ang Diyos ng isang bagong puso sa atin.

Para sa ilan, pati na sa ilang mga Kristiyano, lipas na ang salitang *kasalanan*. Kahinaan na lamang daw ito ng tao o isang bagay na bunga ng masasamang istruktura ng lipunan. Kayat nasa mga doktor, saykayatris, sosyologo, ekonomista at pulitiko ang remedyo laban sa kasalanan. Ngunit naroon ang krus ni Jesus: ito ang tanda ng pagiral ng kasalanan at ang ganap na pagkawasak nito.

Hindi walang dahilan ang pagtuturo ng Diyos sa bayan ng Matandang Tipan sa loob ng maraming siglo, at ang pagbibigay niya sa kanila ng kamalayan sa kasalanan. Iningatan ng salmong ito ang mga sinaunang salita: *damdaming makasalanan, kasalanan, pagkukulang, masasamang*

3 Kaawaan mo ako, O Diyos
ayon sa tapat mong pag-ibig.
Ayon sa laki ng iyong habag,
pawiin mo ang aking kasalanan.
4 Hugasan mong lubos ang aking kasamaan
at sa aking kasalanan linisin ako.

5 Inaamin ko ang aking mga pagkakamali,
ang kasalanan ko'y lagi sa harap ko.
6 Laban sa iyo, sa iyo lamang ako nagkasala
gumawa ako ng kasamaan sa paningin mo,
kaya dapat lamang na ikaw ay magsalita;
matuwid ka sa iyong paghatol.

*gawa* pero unti-unting isinasaisantabi ang nagmumula sa takot, o pagkabigong tuparin ang batas, upang ipakita ang mahalaga: ang *kasamaan sa paningin mo* na isang pagkakanulo sa Diyos na nagmamahal sa atin.

*Nais mo ng katotohanan sa kalooban!* Ang pag-amin sa kasalanan ay pagpasok sa katotohanan. Ang *pusong wasak* ang magiging katibayan ng ating pag-ibig. Ang pagtawag sa Diyos na bigyan tayo ng isang *dalisay na puso* ay pagpapahayag ng ating pananampalataya.

*Kaawaan mo ako, O Diyos, ayon sa tapat mong pag-ibig.* Hindi minamahal ang Diyos, o kulang ang pagmamahal sa kanya. Ang pagdanas ng kapatawaran ay isang pintuan patungo sa kaalaman sa Diyos, tulad ng sasabihin sa Rom 5-6. At ang magiging bunga nito ay ibibigay sa atin ang Espiritu ng Diyos para gawin tayong *matuwid* at *masaya*.

*Iligtas mo ako sa salang pagpatay.* Ang kasamaan at mga krimeng ginawa natin ang sanhi ng ating pagkatakot sa kamatayan: dala natin ito sa ating kalooban. Dito nagmumula ang pagnanasang magbayad-puri, magsimulang muli, iligtas ang iba: *Ituturo ko sa kanila ang iyong landas.* Pero mas depende ito sa Diyos kaysa sa atin. Tungkol sa pakikiapid ni David (2 S 11) ang salmong ito: sa katunayan, sinulat ito pagkaraan pa ng mahabang panahon nang ang bayan ng Diyos, sa kalahatan, ay magkamalay na sa karanasan ng kasalanan. Sa wakas, pinagtitibay nito na ang Diyos ng katotohanan ay hindi interesado sa ating mga relihiyosong seremonya kung hindi naman taos-puso. Nang panahong iyon, mahirap tanggapin ang ganitong pahayag kaya may gustong magtuwid nito sa pamamagitan ng pagdadagdag ng mga berso 20-21 para hindi masindak ang mabubuting tao na pumupunta sa Templo para manalangin.

Diwa ng kapanataga't kapayapaan ang namamayani sa buong salmong ito (10-14) sapagkat ayaw ng Diyos na mamatay ang makasalanan, kundi gusto niyang mabuhay ito. At ang makasalanang pinatawad at nakatitiyak sa walang-sawang pagpapatawad ng Diyos ang siyang magiging saksi ng awa ng Diyos sa gitna ng daigdig na pesimista at may sama ng loob.

Tuwing tinatanggap natin ang sakramento ng pagpapatawad sa Iglesya, si Jesus mismo na siyang Tagapagligtas na namamagitan at ang Amang nagpapatawad ang nakakatagpo natin. Bawat pangungumpisal natin ay isang masayang selebrasyon ng maawaing Diyos at bukal ng lahat ng pagbabago.

7 Tunay na ipinanganak akong lipos ng sala,
makasalanan na sa sinapupunan pa lamang ng aking ina.

8 Ngunit nais mo ng katotohanan sa kalooban
kayat turuan mo ako ng karunungan sa aking pusong lihim.
9 Linisin mo ako ng isopo at ako'y magiging malinis.
Hugasan mo ako at ako'y magiging simputi ng niyebe.

10 Puspusin mo ako ng tuwa at galak.
nang magdiwang ang mga butong iyong dinurog.
11 Ilayo ang mukha mo sa aking sala,
at lahat ng kabuktutan ko ay pawiin.

12 Ilikha mo ako ng dalisay na puso, O Diyos,
bigyan ako ng espiritung bago at matuwid.
13 Huwag mo akong iwaksi sa iyong harapan
ni ilayo sa akin ang banal mong Espiritu.

14 Ibalik sa akin ang ligaya sa iyong kaligtasan,
at pagtibayin sa akin ang diwang mabuti.
15 Ituturo ko sa mga makasalanan ang iyong landas
at ang mga makasalanan sa iyo'y babalik.

16 Iligtas mo ako sa salang pagpatay, O Diyos ng aking kaligtasan,
at aawitin ng dila ko ang iyong katuwiran.
17 Panginoon, buksan ang mga labi ko
at ang bibig ko'y aawit ng papuri sa iyo.

18 Sapagkat hindi ka nalulugod sa hain.
magbigay man ako ng alay na susunugin,
hindi mo ito kalulugdan.
19 Alay ko sa Diyos ay isang diwang nasiraan,
hindi mo itatakwil, O Diyos, ang pusong wasak at nagsisisi.

20 Paunlarin mo ang Sion sa iyong kabaitan
itayo mo ang mga muog ng Jerusalem.
21 Kayat masisiyahan ka na sa mga hain ng matuwid,
mga hain na susunugin at hain na pagsamba.
Sa gayon iaalay nila mga toro sa iyong altar.

## SALMO 52 (51) **Wawasakin ng Diyos ang masama.**

3 Bakit mo ipinagmamalaki ang ka-
buktutan, O taong makapangyarihan,
ikaw na walang Diyos? Buong araw 4 ay
binabalak mo ang kapahamakan. Sinu-
ngaling ka! Labahang matalim ang dila
mo! 5 Higit mong mahal ang kasamaan
kaysa kabutihan, kasinungalingan kaysa
katotohanan.

6 Mahal mo ang pananalitang naninira,
O dilang sinungaling.

7 Ngunit tiyak na ibababagsak ka ng Di-
yos magpakailanman; dudukutin ka't ku-
kunin sa iyong kulandong. Bubunutin ka
sa lupain ng mga buhay. 8 Makikita ito ng
mga matuwid at sila'y mangangamba. At
pagtatawanan nila siya.

9 "Masdan ang taong ayaw gawing tang-
gulan ang Diyos; sa halip siya'y nagtitiwala
sa marami niyang kayamanan at ipinag-
mamalaki pa ang kanyang krimen."

10 Ngunit ako'y tulad ng punong olibo
na lumalago sa tahanan ng Diyos. Nana-
nalig ako magpakailanman sa tapat na
pag-ibig ng Diyos.

11 Pasasalamatan kita magpakailan-
man dahil sa iyong ginawa. Magtitiwala
ako sa iyong pangalan, dahil mabuti ito,
sa harap ng mga banal.

## SALMO 53 (52) **Mundong walang Diyos.**

2 Sinasabi ng hangal sa kanyang puso: "Wa-
lang Diyos." Bulok sila, kasuklam-suklam ang
gawa nila. Wala ni isa man ang gumagawa ng
mabuti.

3 Ang Diyos mula sa langit ay nagmamasid sa
mga anak ng tao, upang makita kung mayroong
makatarungang naghahanap sa Diyos.

4 Wala! Silang lahat ay naligaw, naging ba-
luktot. Walang gumagawa ng mabuti, kahit isa
man lamang!

5 Ang mga gumagawa ba ng kasamaan ay
walang nauunawaan, sila na lumalamon sa
aking bayan tulad ng sa pagkain, sila na hindi
tumatawag sa Diyos?

6 Hayan! Masisindak sila gayong walang da-
pat ikatakot; ikakalat ng Diyos ang mga buto ng
mga taksil. Hihiyain mo sila dahil kasusuklaman
sila ng Diyos.

7 Sino sa Sion ang magdadala ng kaligtasan
ng Israel? Kapag ibinalik na ng Diyos ang kan-
yang bayan, magagalak si Jacob, matutuwa si
Israel.

## SALMO 54 (53)

3 O Diyos, sa ngalan mo nawa'y iligtas ako; sa
kapangyarihan mo nawa'y ipagtanggol ako.

4 O Diyos, dinggin mo ang aking dalangin;
pakinggan mo ang mga salita ng aking bibig.

5 Naghihimagsik sa akin ang mga mapagma-
laki. Nais akong patayin ng mararahas na tao,
hindi nila inaalaala ang Diyos.

6 Masdan, Diyos ng aking saklolo; ang Pangi-
noon ang nagdudugtong sa aking buhay.

7 Nawa'y bumalik sa naninira sa akin ang
masasama niyang balak; lipulin mo sila sa iyong
katapatan

8 Mag-aalay ako sa iyo ng hain. Pupurihin ko
ang iyong pangalan, Panginoon, sapagkat ito'y
butihin.

9 Ako'y iniligtas mo sa kagipitan at nagma-
malaki ako sa aking mga kaaway.

---

**52.** Hinihingi ng salmista sa Diyos na igawad ang katarungan laban sa mapang-api. Ang pagbagsak ng isang sistemang di-makatarungan ay hatol ng Diyos, pero alam nating ang pinag-uusapan dito'y hindi isang grupo ng mabubuting tao laban sa grupo ng masasama.

**53.** Halos magkapareho ang salmong ito at ang Salmo 14.

**54.** Sa berso 1, nakikita natin na halos pareho ang pangalan ng Diyos at ang kanyang malakas na pagkilos (tinangn ang Mc 16:17; Gawa 3:6; Fil 2:9). Pag nanalig tayo sa ngalan ni Jesus, hindi mawawalan ng saysay ang ating panalangin.

## SALMO 55 (54)

**Panalangin ng inuusig.** *Paghahari ng pera, karahasan, luho, pagbibili ng sarili, pagsasamantala sa tao. Sa gitna ng makasalanang lipunan, nadarama ng matuwid na siya'y ginigipit at inuusig:* ***Ipaubaya sa Panginoon ang pasan mo.***

[2]Dinggin ang dalangin ko, O Diyos, huwag
magbingi-bingihan sa aking pagsamo; [3]paking-
gan mo ako at tugunin.
Lubhang nakaliligalig sa akin [4]ang malakas
na sigaw ng kaaway at ang pag-iingay ng mga
tampalasan.
Ibinubuhos sa akin ang kanilang poot at
inuusig nang may galit.
[5]Lubhang namimighati ang aking puso. Si-
nasalakay ako ng takot sa kamatayan. [6]Nangi-
nginig ako, ginagapi ng sindak.
[7]Nasabi ko: "Kung may pakpak lang ako
tulad ng kalapati, ako'y lilipad sa malayo upang
mapanatag;
[8]hahanap ako ng tahanan sa ilang, at manu-
nuluyan sa disyerto. [9]Nagmamadali akong
maghanap ng kanlungan sa unos sa nakatata-
kot na bagyo.
[10]Panginoon, guluhin mo ang kanilang wika.
Nakikita ko nga sa lunsod ang alita't dahas;
[11]araw at gabi'y gumagala sila sa paligid ng
muog, samantalang kasamaan at panlalait ang
nasa loob.
[12]Pandaraya at panlilinlang ay hindi naaalis
sa lansangan.
[13]Kung kaaway ang lumait sa akin, matitiis
ko ito. Kung kalaban ang umalsa laban sa akin,
makapagtatago ako sa kanya.
[14]Ngunit ikaw iyon na aking kapantay, ka-
sama ko't kaibigan [15]na kinawiwilihan kong
kasama. Sa bahay ng Diyos sabay tayong nag-
lalakbay kasama ng madla.
[16]Sana biglain sila ng kamatayan; malibing
sana sila nang buhay, sapagkat kasamaan ang
nananahan sa kanila.
[17]Ngunit... sa Diyos ako tumatawag; ililigtas
ako ng Panginoon.
[18]Sa gabi, sa umaga at sa tanghali ako'y
tumatawag. Dumaraing ako at diringgin niya
ang aking tinig.
[19]Tutubusin niya akong buung-buo sa kuma-
kalaban sa akin, kahit na napakarami ang laban
sa akin.
[20]Makinig nawa ang Diyos na nakaluklok
magpakailanman at ibababa sila; dahil sa wala
silang pagbabago at walang takot sa Diyos.
[21]Pinagbubuhatan niya ng kamay ang kan-
yang kaibigan. Linalabag niya ang kanyang
kasunduan.
[22]Madulas pa kaysa mantika ang kanyang
pananalita ngunit pakikidigma ang nasa puso
niya. Malambot pa kaysa langis ang kanyang
mga salita ngunit mga tabak na nakaamba ang
mga ito.
[23]Ipaubaya sa Panginoon ang pasan mo at
aalalayan ka niya, kailanma'y hindi niya paba-
bayaan na mabuwal ang matuwid.
[24]Ngunit, O Diyos, ibubulid mo sa hukay ng
pagkabulok ang tampalasan. Ang mga mama-
matay-tao't taksil ay hindi aabot ng kalahati
man lamang ng kanilang panahon. Ngunit ako
ay tanging sa iyo mananalig.

## SALMO 56 (55)

**Hindi matatalo ang matuwid.** *Panalangin ng milyun-milyong inaapi. Para sa kanila'y wala nang ningning ang pag-asa. "Ilagay mo sa iyong sisidlan ang aking mga luha."*

[2]Kaawaan mo ako, O Diyos, sapagkat tinu-
tugis ako. Buong araw akong inaapi ng kalaban.
[3]Buong araw akong niyuyurakan ng mga
naninira sa akin. Marami ang kumakalaban sa
akin.
O Kataas-taasan, [4]kapag ako'y natatakot, sa
iyo ako nagtitiwala.
[5]Sa Diyos, na ang salita niya ay aking dina-
dakila, sa Diyos ako nananalig. Hindi ako mata-
takot. Ano'ng magagawa ng tao laban sa
akin?
[6]Nililigalig nila ako sa buong araw. Lahat ng
pakana nila'y sa aking ikapipinsala.
[7]Nakikipagsabwatan sila, nakakubli, nag-
mamanman, na nakahandang kitilin ang aking
buhay.
[8]Huwag mo silang pabayaang makatakas. Sa
iyong galit, igupo mo ang mga bansa, O Diyos.

---

**55.** Tinatawag na mga diyos ang mga pinuno at mga responsable sa katanungang panlipunan. Sapagkat sa pagganap sa kanilang mga tungkulin, sila mismo ang kumakatawan sa Diyos.

9 Itinala mo ang aking mga panaghoy: hindi
ba nakasulat sa iyong aklat ang mga iyon?
Ilagay mo sa iyong sisidlan ang aking mga luha.

10 Kaya magsisiurong ang aking mga kala-
ban sa panahon ng aking pagtawag. Batid ko na
kapanig ako ng Diyos.

11 Sa Diyos, na ang kanyang salita ay aking
dinadakila; sa Panginoon, na ang kanyang salita
ay aking dinadakila, 12 sa Diyos ako umaasa. Hindi
ako matatakot. Ano'ng magagawa ng tao sa akin?

13 Ang mga panata ko sa iyo, O Diyos, ay
aking tutuparin. Mag-aalay ako ng mga hain ng
pasasalamat sa iyo, 14 dahil sa iniligtas mo ang
aking kaluluwa sa kamatayan at maging ang
mga paa ko sa pagkakatisod, upang makalakad
ako sa harap ng Diyos sa liwanag ng buhay.

## SALMO 57 (56)

**O, Panginoon, namumuhay ako sa piling ng mga leon!**

2 Maawa ka sa akin, O Diyos, maawa ka sa
akin yamang sa iyo nanganganlong ang aking
kaluluwa, at sa lilim ng iyong mga pakpak ako
mangungubli hanggang sa paglipas ng kapaha-
makan.

3 Tumatawag ako sa Diyos na Kataas-taasan,
sa Diyos na tumutupad ng pangarap niya sa
akin. 4 Nawa'y magpadala siya mula sa langit ng
makapagliligtas. Ipahiya niya ang mga yumu-
yurak sa akin. Magpadala ang Diyos ng kan-
yang awa at katapatan.

5 Nakahandusay ako sa gitna ng mga leon na
lumalamon sa mga anak ng tao. Ang ngipin
nila'y sintalim ng sibat at palaso; ang dila'y
sintalas ng matalim na tabak.

6 Purihin ka sa kalangitan, O Diyos, sa itaas
ng buong daigdig ang iyong kaluwalhatian.

7 Nag-umang sila ng silo sa paa ko. Sa dusa'y
nakatungo ang kaluluwa ko. Humukay sila ng
patibong sa aking daraanan, ngunit sila mismo
ang nahulog doon.

8 Matatag ang aking puso, O Diyos; ang puso
ko ay matatag! Ako ay aawit at lilikha ng himig.

9 Gumising ka, aking kaluluwa! Gising kayo,
arpa't lira! Gigisingin ko ang bukanliwayway.

10 Ipagbubunyi kita sa piling ng mga bansa,
Panginoon! Aawitan kita ng papuri sa piling ng
mga bayan!

11 Dahil dakila hanggang sa kalangitan ang
iyong pag-ibig, at hanggang sa himpapawid ang
iyong katapatan. 12 Ipagbunyi ka sa itaas ng
kalangitan, O Diyos, sa itaas ng buong daigdig
ang iyong kaluwalhatian.

## SALMO 58 (57)

**Hinahatulan ng Diyos ang mga namumuno.** *Pinagsasabihan ng Diyos ang mga pinunong nagtatatag at nagpapapanatili ng isang bulok na kaayusan, sa halip na maging mga kasangkapan ng kanyang katarungan.*

2 Tunay bang naggagawad kayo ng kataru-
ngan, – O mga diyos? Matuwid ba ang inyong
pamahalaan sa mga tao?

3 Hindi! Sadyang kayo ang gumagawa ng
kabuktutan; ang inyong mga kamay ay nagga-
gawad ng karahasan sa lupain.

4 Ligaw na ang masasama mula pa sa pagsi-
lang; suwail na mula pa sa sinapupunan ang
mga nagsisinungaling.

5 Para silang makamandag na ahas, simbingi
ng kobrang nakatakip ang tainga, 6 upang hindi
marinig ang tawag ng sanay na manghahalina.

7 O Diyos, basagin mo ang mga ngipin nila.
Durugin mo ang pangil ng mga leon, O Pangi-
noon.

8 Mawala sana sila tulad ng tubig na tumapon.
Sila nawa'y malanta tulad ng damong tinapa-
kan.

9 Maging tulad sana sila ng susong guma-
gapang sa putik, tulad ng isinilang sa maling
oras na kailanma'y di makikita ang araw.
10 Bago pa maramdaman ng mga luwad mo ang
init ng panggatong na dawag... sariwa o tuyo
man ang mga ito, hayaang ilipad sila sa malayo.

11 Magagalak ang matuwid kapag sila'y na-
ipaghiganti; kapag nahuhugasan nila ang kani-
lang paa sa dugo ng mga tampalasan.

12 Sa gayo'y sasabihin ng mga tao: "Tunay na
ginagantimpalaan ang matuwid, tunay na may
Diyos na humahatol sa lupa."

## SALMO 59 (58)

**Nasa kamay ng mararahas ang lunsod.**

2 Iligtas mo ako sa aking mga kaaway, O Diyos. Sa mga nagsisialsa laban sa akin ipagtanggol mo ako.
3 Iligtas mo ako sa mga gumagawa ng masama. Sa mga uhaw sa dugo ipagtanggol mo ako.
4 Binabantaan ako ng mararahas na tao kahit wala naman akong pagkukulang o kasalanan, O Panginoon.
5 Wala naman akong pagkakamali ngunit pinaghahandaan nila akong salakayin. Bumangon ka't tulungan mo ako!
Tumingin ka! 6 Ikaw, Panginoong Diyos ng
mga Hukbo, ang Diyos ng Israel. Bumangon ka't parusahan ang lahat ng mga bansa. Huwag kang mahabag sa lahat ng tampalasang taksil.
7 Bumabalik sila bawat gabi, umaalulong na parang aso at aali-aligid sa lun-
sod. 8 Patalim ang ibinubuga nila mula sa
kanilang mga bibig. At sabi nila: "Sino naman kaya ang nakaririnig?"
9 Ngunit ikaw, O Panginoon, pinagtatawanan mo sila. Kinukutya mo ang lahat ng mga bansa.
10 O aking Lakas, sa iyo ako aawit ng papuri, sapagkat ikaw, O Diyos, ang aking tanggulan.
11 Mangunguna sa akin ang pag-ibig ng aking Diyos. Palalakasin niya ako laban sa mga naninira sa akin.
12 Huwag mo silang limutin, baka patayin ang aking bayan. Lituhin mo lamang sila ng iyong lakas at ilugmok sila, O Panginoong aming kalasag.
13 Pagkakasala ng kanilang bibig ang salita ng kanilang labi; ipahahamak sila ng sariling kapalaluan, dahil sa mga sumpa't kasinungalingan na kanilang sinasabi.
14 Lipulin mo sila sa iyong poot! Lipulin mo sila hanggang sila'y maubos. Sa gayo'y makikilala nila na ang Diyos ang siyang naghahari kay Jacob hanggang sa kaduluhan ng daigdig.
15 Bumabalik sila sa gabi, umaalulong
na parang aso at aali-aligid sa lunsod.
16 Pagala-gala sila sa paghanap ng pagkain. Kung hindi nabubusog sila'y nagpapalahaw.
17 Ngunit ako, aawitin ko ang iyong kapangyarihan. Aawitin ko sa umaga ang iyong pag-ibig yamang ikaw ang aking muog at aking kanlungan sa panahon ng
bagabag. 18 O aking lakas, aawitan kita ng
papuri, sapagkat ikaw, O Diyos, ang tanggulan ko, ang Diyos kong mapagmahal.

## SALMO 60 (59)

**Pagsamo pagkatapos ng isang pagkatalo.**

3 O Diyos, tinanggihan mo kami at winasak; nagalit ka subalit muli mo kaming balikan.

4 Ang lupa'y iyong niyanig at pinabuka; ayusin mo dahil umuuga.

5 Pinagdusa mo ang iyong bayan. Binigyan mo kami ng alak na nagpasuray sa amin.

6 Nagtaas ka ng watawat sa iyong bayan – hindi sa unahan kundi sa likuran at tumakas kami sa harap ng mga busog.

7 Nawa'y maipagtanggol ang mga mahal mo. Iligtas kami ng kanang kamay mo at tulungan.

8 Nagsalita ang Diyos mula sa kanyang

---

**59.** Malayo ba ang Diyos sa masasamang lugar? Wala ba siyang ginagawa roon? Wala bang panalangin o patotoo na makababagbag sa kalooban nila?

**60.** Marahil, mahirap para sa ating intindihin ang salmong ito. Ngunit sa Templo, isang pari o propeta ang nagpapahayag ng mensahe ng konswelo mula sa Diyos: makikipagdigma siya at ang kanyang armas ay ang mga tribu ng Israel: Galaad, Efraim, Juda... at yuyurakan niya ang mga karatig-bansa...Edom, Moab...

dambana: "Magtatagumpay ako; hahatiin
ko ang Sikem, at ang Lambak ng Sukot
ay ipamamahagi ko!
9 Akin ang Galaad; akin din ang Mana-
ses. Salakot ko ang Efraim, setro ko'y
Juda.
10 Moab ang hugasan ko; sa Edom iha-
hagis ko ang aking sandalyas; at sa Pilis-
tea isisigaw ko ang aking tagumpay.
11 Sino'ng maghahatid sa akin sa naku-
kutaang lunsod? Sino'ng mag-aakay sa
akin patungo sa Edom?
12 Hindi mo ba kami tinanggihan, O
Diyos? Ni hindi mo na sinasamahan, O
Diyos, ang aming hukbo.
13 Tulungan mo kami laban sa kaaway,
yamang ang tulong ng tao'y walang saysay.
14 Sa awa ng Diyos, kami'y magtata-
gumpay. Siya ang dudurog sa aming mga
kaaway.

## SALMO 61 (60)

2 Dinggin mo, O Diyos, ang aking ta-
wag; pakinggan mo ang aking panala-
ngin.
3 Mula sa dulo ng daigdig nananawagan
ako sa iyo hanggang sa manghina ang puso
ko. Sa bato na mataas pa sa akin, akayin
mo ako. 4 Ikaw ang aking tanggulan, isang
matatag na tore laban sa kaaway.
5 Tulutan mo akong manahan sa iyong
kulandong magpakailanman at ma-
nganlong sa lilim ng mga pakpak mo.
6 Ikaw, O Diyos, ang nakikinig sa mga
panata ko. Binibigyan mo ang mga may
pitagan sa iyong pangalan.
7 Dagdagan mo ang mga araw ng
buhay ng hari; pahabain mo ang kanyang
buhay sa salin-lahi.
8 Nawa'y manatili siyang nakaluklok
magpakailanman sa harap ng Diyos.
Itakda ang iyong pag-ibig at katapatan
upang siya'y ingatan.
9 Sa gayo'y lagi akong aawit ng papuri
sa iyong pangalan at tutuparin ko ang
aking mga panata araw-araw.

## SALMO 62 (61)

**Sa Diyos lamang mapapanatag ang aking kaluluwa.** Ibinunyag na ng Diyos ang kanyang dalawang pangunahing katangian: kapangyarihan at kagandahang-loob. Gusto ba nating maging aktibo ang mga ito? Mananampalataya tayo at buksan ang ating puso.

Isa pang salmo na parang napakalayo sa mga mananampalatayang nasa mga mapayapang bansa. Ang mga salmo ay panalangin ng isang bayang laging nagpupunyagi at ginagawan ng karahasan. Tingnan halimbawa ang mga balita sa telebisyon, at sapat na ang makaharap natin ang karahasan ng mundo upang manalangin tayo ngayong gabi, ang panalangin ng tunay na mundo na nagpupumilit mabuhay.

*Isang bagay lamang ang sinabi ng Diyos, dalawang bagay ang aking*

2 Tanging sa Diyos namamahinga ang aking
kaluluwa.
Sa kanya nagmumula ang aking kaligtasan.
3 Siya lamang ang aking bato at kaligtasan,
ang aking muog, kaya hindi ako manginginig.

4 Hanggang kailan ninyo sasalakayin ang isang tao
at sama-sama ninyong ilulugmok
tulad ng nakahilig na pader at gumuguhong
bakod?

---

**61.** May lumiligalig sa hari at siya'y nananalangin o may nananalangin para sa kanya. Gaano karami ang hinihingi natin sa Diyos araw-araw, marahil para sa bahay, asawa, mga anak, at alagang pusa. Alam ng Diyos na mas mabuting hindi niya dinggin ang lahat pero natutuwa pa rin siya na gusto nating tumawag sa kanya: sa katunayan, siya ang lahat ng kulang sa atin.

*narinig.* Sabay na ibinunyag ng Diyos ang kanyang dalawang pangunahing katangian: *kapangyarihan at kagandahang-loob.*

5 Binalak nila na ibagsak siya mula sa kanyang kaitaasan.
Nalulugod sila sa kasinungalingan.
Ang bibig nila ay nagpupuri
ngunit ang puso'y nanunungayaw.
6 Tanging sa Diyos mamamahinga ang aking kaluluwa
sa kanya lamang ako nananalig.
7 Siya lamang ang aking bato at aking tanggulan,
ang aking muog, kaya hindi ako magagapi.

8 Nasa Diyos ang kaligtasan ko't karangalan.
Ang matibay kong muog, ang kanlungan ko'y nasa Diyos.
9 Laging kayo'y manalig sa kanya, O bayan!
Buksan ninyo sa kanya ang inyong puso.
Diyos ang ating kanlungan.

10 Ang hamak na tao'y isang hininga lamang;
ang dakilang tao nama'y isang kabulaanan.
Magkasama man timbangin
magaan pa sila sa hangin.

11 Huwag kayong umasa sa panunuhol
at huwag ipagmalaki ang pinagnakawan.
Kahit na gaano ang pagdami ng inyong yaman
huwag ditong ilapit ang inyong puso.

12 Isang bagay lamang ang sinabi ng Diyos,
dalawang bagay ang aking narinig.
Ikaw, O Diyos, ang makapangyarihan
13 at sa iyo, O Panginoon, ang pag-ibig.
Tunay na ginagantimpalaan mo
ang bawat isa ayon sa kanyang gawa.

## SALMO 63 (62)

**Sa iyo nauuhaw ang aking kaluluwa. –** Gaano man kanais-nais ang lahat ng yaman sa mundo, lagi pa ring nasa disyerto ang tao hangga't hindi niya natatagpuan ang bukal ng tubig na buhay, ang Diyos.

Nagsasawa tayo sa lahat. At maging ang pinakamalalim na pag-ibig ng tao ay hindi pa rin ganap na nakakasiya. Sapagkat nakaamba rito ang anino ng kamatayan. Siya lamang na bukal ng tubig na buhay – at hindi ang "mga basag na tapayan" (Jer 2:13) – ang makapapawi sa pagkauhaw na nasa kalooban ng tao. Ipinahayag ito ni San Agustin sa tanyag na mga katagang ito: "Ginawa mo kami para sa iyo, O Diyos, at hindi mapapanatag ang aming puso hangga't hindi ito nagpapahinga sa iyo."

Siyempre, mas mahalaga para sa Diyos ang ating mga gawa kaysa ating mga salita ngunit sa ibang paraan, ang

2 O Diyos, ikaw ang aking Diyos, hinahanap kita.
Nauuhaw sa iyo ang aking kaluluwa;
nananabik sa iyo ang aking laman,
tulad ng tuyo at tigang na lupa.
3 Kaya nga hinanap kita sa santuwaryo,
para pagmasdan ang kapangyariha't luwalhati mo.

4 Mahigit kaysa buhay ang pag-ibig mo.
Luluwalhatiin ka ng mga labi ko.
5 Pupurihin kita habang ako'y nabubuhay,
itataas ko ang aking mga kamay
at tatawagin ang iyong pangalan.

ating adhikain ang mas mahalaga. Palatandaan ito na may puwang ang Diyos sa atin sa araw na gustuhin niyang tayo'y payamanin. Ipinahahayag ni Jesus at pati ni Maria sa "Magnificat" nito na mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa Diyos, at sawimpalad naman ang mga busog.

Mapalad tayo kung may pagkakataon sa ating buhay, sa pagninilay sa Salita ng Diyos, sa pananalangin, sa bukas-loob na pagsagot sa mga tawag ng Diyos, sa di-makasariling pagmamahal sa kapwa, na nararanasan natin mismo ang Diyos sa mga damdaming nagpapahayag sa kanya: kapayapaan, kaligayahan, kapanatagan at tatag ng kalooban, kapuspusan... At mas mapalad pa tayo kung dahil sa ating kapanatagan at pag-asa sa gitna ng mga paghihirap at pagsubok sa buhay ay ibinibigay natin sa iba ang pag-ibig at pagnanais sa Diyos.

6 Tulad ng masarap na pagkaing tinatamasa ng
aking kaluluwa,
pupurihin ka ng aking bibig na nagagalak.
7 Pag naaalaala kita sa aking higaan,
ikaw ang sa aking isipan sa buong
magdamag.
8 Dahil ikaw ang tumutulong sa akin,
umaawit ako sa lilim ng iyong pakpak.
9 Sa iyo nakakapit ang aking kaluluwa
habang alalay ako ng iyong kanang kamay.

10 Mahuhulog sa kalaliman ng lupa
ang nagnanais ng kamatayan ko.
11 Papatayin sila sa tabak
at lalapangin ng mga asong gubat.
12 Ngunit ang hari ay magagalak sa Diyos.
Mapalad ang magpatotoo sa ngalan niya
Pupurihin niya ang lahat na nangangako sa
kanya
ngunit patatahimikin ang lahat ng bibig na
nagsisinungaling.

## SALMO 64 (63)

**Parurusahan ang mga naninirang-puri.**

2 Dinggin mo, O Diyos, ang tinig kong nananaghoy; sa banta ng kaaway iligtas mo ang aking buhay.

3 Itago mo ako sa banta ng mga balakyot, sa masasamang hibo ng masa-
samang loob. 4 Hinahasa nila tulad ng tabak ang kanilang dila; inaasinta tulad ng palaso ang kanilang dilang mapait,
5 upang tudlain sa kublihan ang walang sala, pabigla at walang takot siyang tinutudla.

6 Hinihimok nila ang bawat isa sa masamang layunin. Pinag-uusapan nila ang pag-umang ng patibong. Anila: "Sino ang makakikita sa atin?"

7 Patago silang nagpapakana ng kasamaan: "May balak kami na di mabibigo." Talagang ang isip at puso ng tao ay tuso.

8 Ngunit tutudlain sila ng palaso ng Diyos, at bigla na lamang silang malu-
lugmok. 9 Ipapahamak sila ng sarili nilang dila; lahat ng makakita sa kanila'y maiiling.

10 Mamamangha ang sangkatauhan. Ipahahayag nila ang gawa ng Diyos at pag-iisipan ito.

11 Kaya magsasaya at magkakanlong sa Diyos ang mga matuwid. Pupurihin siya ng lahat ng matapat ang puso.

---

**64.** *Mamamangha ang sangkatauhan.* Hindi natin dapat hamakin ang takot sa Diyos, maliban na lamang kung kabilang tayo sa mga perpektong tao na naging purong pag-ibig ng Diyos. Hindi natuturuan ang bata nang walang pagtutuwid; karamihan sa mga tao'y hindi anghel, at kailangang makita nila na mabisa ang katarungan. Kayraming tao na ang nakakita sa katarungan ng Diyos na bumabangon sa mga bansang silanganin! Hingin natin sa kanya na pagbangunin din ito sa mundong kanluranin.

## SALMO 65 (64)

**Dinadalaw mo ang lupa at pinupuspos ito sa kasaganaan.**
Nagpapasalamat ang salmista para sa magandang ani ng isang masaganang taon.

Ipinaaalaala sa atin ng kasaganaang ito ng lupa ang isa pang kasaganaang ipinagkakaloob ng Diyos sa kanyang mga kaibigan. May mga ulan din sa tagsibol, mga ani sa tag-init at mga awit ng kagalakan para sa Iglesya.

Ipinaaalaala nito sa atin na gumagawa ang Diyos sa pamamagitan ng mga panahon at ulan. Kung ang karamihan ng mga Kristiyano at pamayanan ng Iglesya ay hindi na naglalakasloob na humingi sa Diyos ng kalagayan ng panahong kailangan sa pag-aani, ito'y hindi patunay na ang ating pananampalataya ay mas espiritwal na ngayon kundi palagay na ang ating loob sa isang Diyos na walang nagagawa.

2 Sumaiyo ang papuri sa Sion, O Diyos,
dito tinutupad ang mga panata sa iyo.
3 Ikaw ang dumidinig ng panalangin,
Sa iyo dumudulog ang lahat ng tao.
4 Kahit na malugmok kami sa kasalanan
ipinatatawad mo ang aming kakulangan.

5 Mapalad ang taong hinirang mo't kinuha
upang manirahan sa iyong bakuran.
Bubusugin kami ng mabubuting bagay sa iyong
tahanan,
sa iyong Templong Banal.

6 Kahanga-hangang mga gawa ang tugon mo sa
amin,
O Diyos na matuwid na tagapagligtas namin,
pag-asa ng lahat sa mga dulo ng daigdig
at sa mga pulong nasa malayo.

7 Pinatatatag mo ang mga bundok sa iyong lakas,
ikaw na dinaramtan ng kapangyarihan,
8 ikaw na nagpapatahimik ng ugong ng karagatan,
ng ugong ng mga alon,
at ng kaguluhan ng mga bansa.

9 Namangha ang mga nakatira sa malalayong pook sa
mga kababalaghan mo.
Binibigyang-galak mo ang bukanliwayway
at ang pagyao ng gabing lumilisan.

10 Inaalagaan mo ang lupa at dinidilig ito;
lubos mo itong pinatataba.
Puno ng tubig ang batis ng Diyos.
Pinagkakalooban mo sila ng butil
ayon sa iyong kagustuhan.

11 Pinatutubigan mo ang mga tudling
pinapatag mo ang mga umbok nito
at pinalambot ang lupa sa ulan.
Pinagpala mo ang mga pananim.

12 Pinutungan mo ng kabutihan ang taon,
nag-uumapaw ang kasaganaan sa mga daan mo.
13 Naging masagana ang mga parang sa ilang.

Ang mga burol ay nagbihis ng kagalakan.
14 Naglipana ang kawan sa bukirin
ang lambak ay napapalamutian ng pananim,
nagsigawan at umawit sila sa kagalakan.

## SALMO 66 (65)

**Pasasalamat pagkatapos ng labanan.** Sa ngalan ng buong pamayanan, nagpapasalamat ang kanilang pinuno sa Diyos na nagpalaya sa kanyang bayan mula sa mga pagsubok.

Alam ng salmista na hindi lamang maylikha ng kalikasan ang Diyos kundi ipinagtatanggol pa rin niya ang kanyang bayan sa malupit na daigdig. Naaalaala niya rito ang mga kahangahangang gawa ng Diyos na Tagapagligtas.

Pinasasalamatan ka namin, Panginoong Diyos na Makapangyarihan sapagkat sinimulan mo ang iyong paghahari. Napoot ang mga bansa, ngunit sumapit ang iyong galit, ang sandali para hukuman ang mga patay, para gantimpalaan ang iyong mga lingkod na mga propeta, ang iyong mga banal at lahat ng nagpaparangal sa Ngalan mo, at para wasakin ang mga sumira sa lupa (Pag 11:17-18).

Sumigaw nang buong galak sa Diyos, buong kalupaan!
2 Umawit ng papuri sa kanyang pangalan!
Ibigay sa kanya ang maluwalhating kapurihan!

3 Sabihin sa Diyos: “Kasindak-sindak ang gawa mo!
Napakadakila ng iyong kapangyarihan
at nagsisidapa ang mga kaaway mo sa iyong harap.
4 Ang lahat ng lupa ay yumuyuko sa iyo.
Pinupuri ka nila, inaawit ang iyong pangalan!”

5 Halikayo’t masdan ang mga gawa ng Diyos.
Kasindak-sindak ang ginawa niya sa tao.

6 Ginawa niyang lupang tuyo ang dagat,
nakayapak na tinawid ng mga tao ang ilog;
kaya nga, magalak tayo sa kanya.

7 Makapangyarihan siyang maghahari magpakailanman,
nagbabantay sa mga bansa,
upang huwag umalsa ang mga manghihimagsik.

8 Mga bansa, purihin ang ating Diyos!
Iparinig ninyo ang tinig sa kanyang papuri.
9 Siya ang nag-iingat ng ating buhay.
Hindi niya hinahayaang madulas ang ating paa.

10 Sinubukan mo kami, O Diyos;
dinalisay mo kami gaya ng pagdalisay sa pilak.
11 Hinayaan mo kaming mahulog sa bitag,
pinapagpasan mo ng hapis ang aming balikat.
12 Ipinaalipin mo kami sa tampalasan
at pinasalunga sa apoy at sa tubig,
ngunit kami’y iniligtas mo rin sa wakas.

13 Tutuloy ako sa iyong templo na may hain
at tutuparin ko ang mga panata ko sa iyo,
14 na ipinangako ng aking mga labi,
na binigkas ng aking bibig sa aking pagkaligalig.

15 Mga hayop na matataba ang iaalay ko sa iyo;
kasama ng hain na lalaking tupa.
Mag-aalay ako ng toro at mga kambing.

16 Halikayo't makinig!
Isasaysay ko sa inyong may pitagan sa Diyos
ang ginawa niya sa akin.
17 Tumawag ako sa kanya nang malakas
pinuri siya ng aking dila.

18 Kung sa puso'y may kimkim akong sala,
hindi niya ako maririnig.
19 Ngunit tunay na nakinig ang Diyos;
dininig niya ang tawag ng aking panalangin.
20 Purihin ang Diyos!
Hindi niya tinanggihan ang aking dalangin
ni inilayo ang pag-ibig niya sa akin.

## SALMO 67 (66)

**Makikilala ka ng lahat ng bansa.**

2 Magmagandang-loob nawa ang Diyos sa atin,
pagpalain tayo at tanglawan ng mukha niya.
3 Nawa'y makilala sa lupa ang iyong daan
at sa mga bansa ang pagliligtas mo.

4 Purihin ka nawa, O Diyos, ng mga bayan.
Nawa'y purihin ka ng lahat ng mga bansa.

5 Magalak nawa't umawit ang mga bansa,
pagkat makatarungan kang namamahala sa
mga lahi,
at pinapatnubayan mo sila sa lupa.
6 Purihin ka nawa, O Diyos, ng mga bayan;
nawa'y purihin ka ng lahat ng mga bansa.

7 Nagbigay ng ani ang lupa,
pinagpapala kami ng Diyos, ng aming Diyos.
8 Pagpapalain kami ng Diyos
at nawa'y matakot sa kanya
ang lahat ng nasa kaduluhan ng daigdig.

## SALMO 68 (67)

**Matagumpay na prusisyon ng Diyos na nagtagumpay.** Sa mga may pananampalataya, parang isang bagong prusisyon ng tagumpay ang kasaysayan ng Iglesya. Si Kristong nabuhay-na-muli, na sumasakanya sa pamamagitan ng Espiritu nito ang pumapatnubay sa kanya patungo sa langit, kung saan naghanda ng lugar si Kristo para sa kanya.

2 Bumangon ka, O Diyos, at ikalat ang
iyong mga kaaway. Magtakbuhan nawa
sa harap mo ang iyong mga kalaban.
3 Gaya ng pag-ihip sa usok, hipan mo
sila. Gaya ng kandila na tinutunaw ng
apoy, natutunaw ang masasama sa harap
ng Diyos.
4 Nagagalak naman ang mga matuwid,
at masigla silang natutuwa sa harap ng
Diyos.
5 Magsiawit sa Diyos! Purihin ang kan-
yang pangalan! Ipagbunyi ang nakasakay
sa alapaap; sana'y masaya kayo dahil sa
Panginoon. Magdiwang sa harap niya!
6 Ama ng mga ulila at tagapagtanggol
ng mga balo – ganyan ang Diyos sa taha-
nan ng kanyang kabanalan.
7 Kinakalinga ng Diyos ang nalulung-
kot; dinadala niya ang mga bilanggo sa
kasaganaan, ngunit pinatitira niya ang
mga mapaghimagsik sa lupang tigang.
8 Diyos, noong nanguna ka sa harap ng
iyong bayan, noong naglakbay ka sa dis-
yerto,
9 nangatal ang lupa, nagpaulan ang
langit sa harap ng Diyos, sa harap ng
Diyos, na siyang Diyos ng Israel.
10 Nagbigay ka ng masaganang ulan, O
Diyos, upang paginhawahin ang mga
anak mong pagod.
11 Natagpuan ng bayan mo, O Diyos,
ang tahanang ipinagkaloob mo sa mahi-
hirap.
12 Ang Panginoon ay nagpahayag. Ma-
laki ang hukbong nagbabalita nito.
13 Ang
mga hari ng mga kawal ay nagtatakbu-
han; sila'y nagtatakbuhan. Ang mayba-
hay ay binabahagi ang nasamsam.
14 Habang kayo'y natutulog sa kulu-
ngan ng kawan, ang mga pakpak ng ka-
lapati ay tubog sa pilak at ang kanyang
mga balahibo ay kumikinang sa ginto.
15 Noong ikinalat ng Makapangyarihan
ang mga hari, umulan ng niyebe sa Madi-
lim na Bundok.
16 Bundok ng Diyos ang bundok ng
Basan. Matayog na bundok ang bundok
ng Basan.
17 Bakit ninyo sa inggit pinag-
mamasdan, mga matayog na bundok,
ang bundok na pinili ng Diyos kung saan
siya titigil? Doon titigil ang Panginoon
magpakailanman.
18 Libu-libo ang mga karwahe ng Diyos;
ang Panginoon ay dumating mula sa Sinai
sa kanyang dambana.
19 Umakyat ka sa kaitaasan, kasunod
ang mga bihag, ang mga taong kinuha mo
bilang buwis. Pati na ang mga umalsa,
ang nagpipilit sumama sa Panginoon.
20 Purihin ang Panginoon araw-araw.
Pinapatnubayan niya tayo, ang Diyos na
tagapagligtas natin.
21 Saklolo natin ang Diyos. Nasa Pangi-
noong Diyos ang pagtakas sa kamatayan.
22 Ngunit dinudurog ng Diyos ang ulo
ng kanyang mga kaaway, ng mga tam-
palasan.
23 Sabi ng Panginoon: "Ibabalik
ko sila mula sa Basan, mula sa kailaliman
ng dagat
24 upang maligo sa dugo ang paa
mo at ang dila ng mga aso mo'y makina-
bang sa mga kaaway mo."
25 Tinitingnan nila ang iyong prusisyon,
ang prusisyon ng aking Diyos, ng aking
Hari sa santuwaryo.
26 Nasa unahan ang
mga mang-aawit, kasunod ang mga ma-
nunugtog. Sa gitna nila'y mga dalagang
may pandereta.
27 Sa dakilang pagtitipon purihin ang
Diyos, ang Panginoon, ang kinalulugdan
ng Israel.

---

**68.** Narito ang isang napakatandang salmo, mapaglarawan bagamat malabo ang teksto sa ilang bahagi sapagkat hindi naingatan nang mabuti.

Inaawit ang salmong ito sa mga prusisyon habang umaahon patungo sa Templo ng Jerusalem. Nasa piling nila ang Diyos, at ang prusisyon ay siyang nagiging pagpasok ng matagumpay na Diyos sa kanyang Templo.

Dito natin mauunawaan ang mga larawang nasa awit na ito. Tinatawid ni Yawe ang disyerto mula sa Sinai hanggang sa Lupang Banal sakay sa mga ulap o sa kerubin. Kapiling siya ng kanyang bayan at pinupukaw ng kanyang mga himala ang kalikasan mismo.

*Natalo na ang mga kaaway na hari:* ang tagumpay ni Debora sa lambak ng Kison (tingnan Mga Hukom 4) ang tinutukoy rito. Pagkatapos ay ginugunita naman ang pagpili sa Bundok ng Diyos, ang Jerusalem. Nagtatapos ang salmo sa isang pangitaing puno ng pag-asa sa hinaharap: makikilala ng lahat ng bansa ang Diyos na nakasakay sa mga ulap. Sa liturhiya, ginagamit ang salmong ito para sa pag-akyat sa langit ng Panginoon.

28 Nangunguna si Benjamin, ang bunso
sa mga tribu; kasunod ang mga pangulo
ng Juda, pati ang mga pangulo ng Zabu-
lon at ng Neftali.
29 Pasiklabin ang iyong kapangyarihan,
O Diyos, ipakita ang iyong lakas tulad ng
ginawa mo sa amin noon, 30 mula sa iyong
templo sa Jerusalem.
Sa iyo nagdadala ang mga hari ng han-
dog. 31 Supilin mo ang hayop na naglu-
lungga sa tambo, ang kawan ng toro at
baka ng mga bayan.
Ipahiya sila't papaghandugin ng ginto't
pilak, ikalat ang mga bansang nalulugod
sa digmaan.
32 Darating ang mga maharlika mula sa
Ehipto. Iuunat ng Etiopia ang kanyang
mga kamay sa Panginoon.
33 Mga kaharian ng lupa, umawit sa
Diyos! Umawit ng papuri sa Panginoon
34 na sumasakay sa mga dating kalangi-
tan. Umaalingawngaw ang tinig niya, ang
tinig niyang makapangyarihan.
35 Ipahayag ang kapangyarihan ng
Diyos! Nasa Israel ang kanyang kadaki-
laan, nasa kalangitan ang kanyang ka-
pangyarihan.
36 Kasindak-sindak ang Diyos sa san-
tuwaryo niya. Ang Diyos ng Israel ay nag-
bibigay ng kapangyariha't lakas sa kan-
yang bayan. Purihin ang Diyos!

## SALMO 69 (68)

**Umaabot ang tubig hanggang sa aking leeg.** Halos lubog na sa tubig ng pagdurusa at kamatayan ang lingkod ng Diyos at humihingi siya ng tulong sa Panginoon. Ginamit ni Kristo sa kanyang Sarili ang ilang salita ng panalanging ito. Matapos sagipin sa kamatayan, siya'y magiging kaligayahan ng mga naghahanap sa Diyos.

2 Iligtas mo ako, O Diyos, pagkat uma-
bot na sa aking leeg ang tubig. 3 Lubog na
ako sa malalim na burak at doo'y walang
tuntungang masalat. Sinapit ko ang ma-
lalim na tubig at ako'y tinatangay na ng
baha.
4 Hapo na ako sa pagtawag; tuyo na
ang aking lalamunan. Nanlalabo na ang
mga mata ko sa paghahanap sa aking
Diyos.
5 Higit pa sa bilang ng aking buhok ang
namumuhi sa akin nang walang dahilan.
Malalakas ang sumisira sa akin, sila'y
mga kaaway ko na walang paninindigan.
Ang hindi ko naman ninakaw ay dapat ko
raw isauli.
6 O Diyos, alam mo ang kahangalan ko;
hindi lihim sa iyo ang aking mga pagka-
kamali.
7 Huwag sanang mapahiya ang umaasa
sa iyo dahil lang sa akin, O Panginoon,
Panginoon ng mga hukbo. Huwag sanang
mawalan ng dangal ang humahanap sa
iyo dahil lang sa akin, O Diyos ng Israel.
8 Pagkat alang-alang sa iyo tinitiis ko ang
kadustaan at natatakpan ng kahihiyan
ang mukha ko.
9 Naging dayuhan na ako sa mga ka-
patid ko, naging banyaga sa mga anak ng
aking ina
10 Parang apoy na tumupok sa akin ang
sigla para sa iyong tahanan. Sa akin na-
punta ang mga pag-alipusta ng umaali-
pusta sa iyo.
11 Kapag tumatangis ako sa pag-
aayuno, kahihiyan ko pa ito.
12 Kapag nagdamit ako ng sako, pinag-
tatawanan nila ako.

---

**69.** Panalangin ito ng mananampalataya na mas hindi sana naging tampulan ng paglait at paghamak ng kanyang mga kasamahan kung hindi siya kilala bilang isang Kristiyano. *Parang apoy na tumupok sa akin ang sigla para sa iyong tahanan, sa akin napunta ang mga pag-alipusta ng umaalipusta sa iyo* (tingnan ang Jn 2:17). Huwag nating kaagad isipin na kung tayo'y inuusig, ito'y sapagkat tayo'y mga mananampalataya; gayunpaman, sinabi ni Jesus na kailangang magkagayon. Ang pagkahamak – kung nasa katwiran – ay maghahatid ng mga grasya at kaluwalhatian na ibinibigay ng Diyos sa kanyang mga anak (2 Cor 4:7).

13 Naging paksa ako ng usap-usapan ng mga nakaupo sa pintuan, gayundin ng awit ng mga lasing.

14 Ngunit ako, dumadalangin ako sa iyo, Panginoon. Sa panahong kaaya-aya sa iyo, O Diyos, at sa kadakilaan ng pag-ibig mo, sagutin mo ako ng saklolo mong tiyak.

15 Hanguin mo ako sa putik at huwag mo akong hayaang lumubog. Tulutan mo akong maligtas sa mga napopoot sa akin at sa malalim na tubig.

16 Huwag mong tulutang anurin ako ng baha, o lulunin ng kalaliman, o takpan ng hukay.

17 Sagutin mo ako Panginoon dahil sa kabutihan ng iyong pag-ibig. Sa malaking awa mo bumaling ka sa akin.

18 Huwag itago ang mukha mo sa iyong lingkod; nababagabag ako, kayat magmadali ka't tugunin ako!

19 Lumapit ka sa akin at iligtas ako; tubusin mo ako sa mga kaaway.

20 Batid mo ang kadustaan, ang kawalang puri at kahihiyang tiniis ko. Kilala mo ang lahat ng tagapag-usig ko.

21 Binasag ang puso ko ng kadustaan. Nawalan ako ng lakas. Naghanap ako ng habag ngunit wala... naghanap ako ng pakikiramay ngunit wala akong natagpuan.

22 Binigyan nila ako ng lason. Sa aking pagkauhaw pinainom pa nila ako ng suka.

23 Nawa'y ang kanilang hapag ay maging bitag nila, at ang kanilang piling na banal ay maging patibong.

24 Nawa'y dumilim ang kanilang mga mata at makuba ang likod nila.

25 Ibuhos mo sa kanila ang iyong galit at abutan sana sila ng liyab ng poot mo.

26 Durugin ang kanilang himpilan nang walang manahan sa kanilang kulandong,

27 Pagkat inusig nila ang sinugatan mo, at ang sinaktan mo'y kanila pang pinahihirapan.

28 Paratangan mo sila ng pagkakasalang sunud-sunod. Huwag mo silang pawalang sala.

29 Burahin mo sila sa aklat ng buhay at huwag ibilang kasama ng mga matuwid.

30 Ako nama'y nasasaktan at naghihirap. Ang kaligtasan mo, O Diyos, ang magbabangon sa akin.

31 Pupurihin ko ang Pangalan ng Diyos sa awitin. Dadakilain ko siya nang may pasasalamat.

32 Higit itong kalulugdan ng Panginoon kaysa baka o torong may sungay at kukong biyak.

33 Makikita ito ng mga api at sila'y magagalak. Kayong nagsisihanap sa Diyos, pasiglahin muli ang inyong mga puso.

34 Pagkat dinirinig ng Panginoon ang mga nangangailangan at hindi niya tinatanggihan ang bayan niyang bihag.

35 Purihin siya ng langit at lupa, ng karagatan at lahat ng gumagalaw roon.
36 Sapagkat ililigtas ng Diyos ang Sion. Itatayo niyang muli ang mga lunsod ng Juda. Maninirahan sila roon at aariin nila ito.

37 Mamanahin ito ng mga anak ng mga lingkod niya, at ang nagmamahal sa kanyang pangalan ay dito mananahan.

## SALMO 70 (69)

**Sigaw ng inuusig.**

2 O Diyos, malugod mo akong sagipin! O Panginoon, agad mo akong tulungan!
3 Nawa'y mapahiya't magulumihanan ang naghahangad sa buhay ko. Nawa'y mataranta at mawalang-puri ang nagnanais ng kapahamakan ko.

**70.** Ang salmong ito ay halos pag-ulit sa Salmo 40:14-18; dito, ang Panginoon ay pinalitan ng Diyos. Ito'y sapagkat ang mga salmo, bago isinama sa Biblia, ay pinalaganap sa iba't ibang koleksiyon.

4 Nawa'y magsibalik silang kumakan-
tiyaw ng: "Aha! Aha!" taglay ang kanilang
kahihiyan.

5 Nawa'y magalak at matuwa sa iyo
ang lahat ng humahanap sa iyo. Laging
sasabihin ng nagmamahal sa kaligtasan
mo: "Dakila ang Diyos!"
6 Ngunit ako'y dukha at nangangai-
langan! Magmadali, O Diyos, na ako'y
tulungan! Ikaw ang aking tagapagligtas.
Panginoon, huwag kang magluwat!

## SALMO 71 (70)

**Panalangin ng isang matanda.** Mas maiintindihan natin ang awa ng Diyos sa wakas ng ating buhay, at madali nating magugunita ang lahat ng kahanga-hangang bagay na ginawa niya para sa atin. Hingin natin sa Diyos na pagkalooban nawa niya tayo ng tunay na ginhawa sa pagwawakas ng ating buhay na ito.

1 Sa iyo ako napaaampon, Panginoon.
Huwag mong itulot na mapahiya ako.
2 Sa katarungan mo iligtas ako. Ha-
nguin mo ako! Ikiling ang tainga mo sa
akin at ako ay iligtas.
3 Maging kanlu-
ngang bato kita at muog na lagi kong
matatakbuhan. Sapagkat ikaw ang aking
muog at kuta.
4 Diyos ko, hanguin mo ako sa kamay
ng kasamaan, sa sakmal ng tampalasan
at marahas,
5 sapagkat ikaw ang aking pag-asa,
Panginoon, ang pinagtitiwalaan ko mula
pa sa aking pagkabata.
6 Sa iyo ako nananalig noon pang isi-
nilang ako. Ikaw ang nagluwal sa akin sa
sinapupunan ng aking ina. Ang pagpupuri
ko'y lagi nang sa iyo.
7 Ako'y naging palaisipan sa karami-
han ngunit ikaw ang matatag kong kanlu-
ngan.
8 Bibig ko'y puno ng papuri sa iyo. Sa
maghapon ipinahahayag ko ang iyong
kaluwalhatian.
9 Huwag mo akong itakwil sa aking ka-
tandaan, o pabayaan kapag naubusan na
ako ng lakas.
10 Sapagkat nagpupulong na ang mga
kaaway ko, sama-samang nagbabanta sa
aking buhay.
11 Anila: "Pinabayaan na siya ng Diyos!
Habulin natin at hulihin siya sapagkat
wala nang magliligtas sa kanya."
12 Diyos, huwag kang lumayo sa akin;
Diyos ko, magmadali, tulungan ako.
13 Nawa'y mapahiya at mapahamak
ang mga nagpaparatang sa akin. Nawa'y
mapuno ng kadustaan at paglibak ang
naghahangad ng pinsala ko.
14 Ngunit lagi akong aasa, at dadag-
dagan ko ang pagpupuri sa iyo.
15 Isasaysay ng bibig ko araw-araw ang
iyong katarungan at kaligtasan kahit hindi
ko nalalaman ang mga hangganan nito.
16 Panginoon, darating ako kasama ng
lakas mo. Ipahahayag ko ang natatangi
mong katarungan.
17 O Diyos, tinuruan mo na ako mula pa
sa aking pagkabata, at ngayo'y ipinaha-
hayag ko pa rin ang iyong kababalaghan.
18 Ngayong matanda na ako't ubanin,
O Diyos, huwag mo akong pababayaan
hanggang maipahayag ko ang iyong la-
kas sa salinlahi, ang iyong kapangyarihan
sa lahat ng darating.
19 Abot-langit ang katarungan mo, O
Diyos. Ginawa mo ang mga dakilang ba-
gay. O Diyos, sino'ng makakatulad sa iyo?
20 Kahit na ipinadama mo sa akin ang
maraming kahirapan at kapaitan, ibabalik
mo ang aking buhay; mula sa ilalim ng
lupa'y muli mo akong hahanguin.
21 Dadagdagan mo ang dangal ko't
aaliwin ako lagi.
22 Pupurihin kita sa saliw ng arpa dahil
sa iyong katapatan, O Diyos ko. Aawitan
kita sa saliw ng lira, O Banal ng Israel.

23 Ang mga labi ko'y sisigaw sa galak habang ako'y tumutugtog sa iyo, pati ang kaluluwa ko na iyong tinubos.

24 Dila ko'y araw-araw na magpapahayag ng iyong katarungan dahil napahiya at nalito yaong humahangad ng aking kapinsalaan.

## SALMO 72 (71)

**Ang Hari ng Kapayapaan.** Paghihintay para sa Hari ng Kapayapaan, na maggagawad ng katarungan sa mga aba. Ang paghihintay sa pangkalahatang kapayapaan pagkatapos ng labis na katigasan ng ulo sa pagpapatayan.

Ang huwarang kaharian ay hindi kailanman magkakatotoo rito sa ibaba. Pasisinayaan ito ng Panginoon sa wakas ng panahon. Gayunpaman, pinadidiskubre sa atin ng pananampalataya ang mga palatandaan ng pagdating ng kaharian: sumusulong ang sangkatauhan patungo sa pagkakaisa; palakas nang palakas ang pananabik sa katarungan at kapayapaan sa lahat ng bansa.

Ang Hari ng Kapayapaan ay nagdadala ng magandang balita sa mga dukha (Lc 4:18). Ipinagtatanggol niya ang mga karapatan ng mga aba. Ipinahahayag niya ang bagong panahon ng pakikipagkasundo ng Diyos sa sangkatauhan; may karapatang mabuhay ang mahihina, at may pagkain para sa lahat.

Malayo pa nga tayo sa ikapagkakatotoo ng Pandaigdigang Deklarasyon ng Karapatang Pantao, at hindi ito nangangahulugan na magsasawalang-kibo na lamang ang tao sa paghihintay niya sa pagpapasinaya sa Paghaharing ito sa ating daigdig. Napakalaki ng pagsasaalang-alang ng Diyos sa tao na nilikhang kahawig niya, kaya gusto niyang isama tayo sa lahat ng kanyang gawa, pati na sa pagtatayo ng siyudad na walang hanggan. Tiyak na magiging kaloob ito ng Diyos, pero hindi simpleng kaloob lamang gaya ng paglitaw ng sanlibutan. Ito ang magiging pinakatugatog ng lahat ng sinimulang makamit ng tao sa lupa.

B. 8: *sa lahat ng karagatan,* na ibig sabihi'y mula sa Mediteraneo hanggang sa Dagat na Patay; at ang *ilog* ay ang Eufrates sa hilaga.

B. 10: Ang *Tarsis* ay ang Espanya ng Gibraltar, ang dulo ng mundong Mediteraneo sa kanluran. Kinakatawan ng *Sheba* at *Seba* ang Arabia at Etiopia.

*Purihin ang Panginoon (18).* Tandaan natin na ang ating mga salmo ay hinati muna sa limang aklat at ang bawat aklat ay nagtatapos sa isang "doksolohiya" – isang maikling pormula ng papuri. Tingnan ang kapareho nito sa wakas ng Mga Salmo 41 at 89.

1 O Diyos, ibigay mo sa hari ang hatol mo,
ang iyong katarungan sa kanyang anak.
2 Nawa'y matuwid siyang mamahala sa bayan mo
at makatarungan sa mga dukha,

3 Nawa'y magdala ng kapayapaan sa bayan ang mga bundok,
at ng katarungan ang mga burol.
4 Nawa'y ipagtanggol niya ang mga api ng bayan;
iligtas niya ang mga anak ng dukha
at sugpuin ang mga naniniil.

5 Nawa'y manatili siyang tulad ng araw
at ng buwan sa sali't saling lahi.
6 Nawa'y maging tulad siya ng ulan sa parang,
tulad ng ulang dumidilig sa lupa.
7 Sa kanyang mga araw, nawa'y lumago ang katarungan
at kapayapaan hanggang sa mawala ang buwan.

8 Nawa'y maghari siya sa lahat ng karagatan,
mula sa Ilog hanggang sa dulo ng lupa.
9 Nawa'y sa harap niya yumuko ang mga kalaban
at dilaan nila ang alabok.

10 Ang mga hari ng Tarsis at malalayong pulo ay magbigay nawa ng buwis sa kanya
at ang mga hari ng Sheba at Seba ay magdala ng handog.

11 Luluhod sa harap niya ang lahat ng hari,
at maglilingkod sa kanya ang lahat ng bansa.

12 Ipinagtatanggol niya ang dukhang tumatawag,
ang api na walang tumutulong.
13 Kinahahabagan niya ang mahina at ang
nangangailangan,
inililigtas niya ang buhay ng mga dukha.
14 Hahanguin niya sila sa panlilinlang at karahasan
dahil mahalaga ang dugo nila sa kanyang paningin.
15 Mabuhay siya! Nawa'y pagpalain siya't walang tigil
ang panalangin para sa kanya.

16 Nawa'y sumagana sa pananim ang buong lupa,
pumagaspas sa tuktok ng mga burol
ang mga butil tulad sa Lebanon.
Dumami nawa ang tao tulad ng damo sa parang.
17 Ang pangalan niya'y manatili nawa magpa-
kailanman,
at tanyag habang sumisikat ang araw.

Sa kanya nawa pagpapalain ang lahat ng lahi
at purihin siya ng lahat ng mga bansa.

18 *Purihin ang Panginoon, Diyos ng Israel*
*na tanging gumagawa ng kahanga-hanga.*
19 *Purihin ang maluwalhati niyang pangalan.*
*Mapuspos nawa ang lupa ng kanyang kaluwalhatian.*
*Amen! Amen!*

## SALMO 73 (72)

**Bakit nagtatagumpay ang masasama?** Medyo nanghihina ang ating pananampalataya pag nakikita nating nagtatagumpay sa lahat ng aspekto ng buhay ang masasama: ang mararahas, mga walang-takot magkasala, mga may pera para maglagay, mga magaling man-daya. *Hintayin ang wakas*, sabi ng salmista.

"Bakit pa ako naging marangal?" ang tanong ng ama ng pamilya na hindi makaahon sa kahirapan at naiinsulto sa mga luho ng mga yumaman sa kapinsalaan ng iba.

Kabigla-bigla ang kanilang pagkawasak. Maglalaho ang masasama samantalang pinapatnubayan naman ng Diyos ang kanyang mga kaibigan para makibahagi sa kanyang luwalhati.

*Gayunma'y lagi mo akong kasama.* Sa puntong ito pumupunta ang salmo sa mahalaga. Hindi sapat na sabihing magbabayad ang madadayang mayayaman at hindi ito laging nangyayari. Ang pagdanas ng presensya ng Diyos dito sa ibaba ay sapat

1 Tunay na mabuti ang Diyos sa Israel,
sa mga may pusong malinis.
2 Ngunit ako naman, muntik na akong mabuwal,
muntik ng madulas ang aking mga paa
3 sapagkat nainggit ako sa palalo
na nanagana sa kabila ng kabuktutan.

4 Wala silang dusa, malalakas at malulusog.
5 Ligtas sila sa kapighatian ng tao,
hindi sila ginagambala na tulad ng iba.

6 Kaya pagmamataas ang kanilang kinukuwintas
karahasan ang kanilang dinaramit.

nang kabayaran para sa anumang pagsubok na dumarating. Bagamat hindi pinangangahasan ng salmista na ipahayag na merong kabilang buhay, naniniwala siyang hindi siya pababayaan ng Diyos sa kamatayan.

7 Kabuktutan ang naglalangis sa kanila, walang
hanggang kasamaan sa puso nila.
8 Nanlilibak sila at nanunungayaw
at mapalalong nagbabanta ng karahasan.

9 Inaangkin ng kanilang bibig ang langit
at dinidiktahan ng dila nila ang lupa.
10 Nabusog pa sila ng pagkain
at natatagpuan nila ang masaganang tubig.
11 Sinasabi nila: "Paano malalaman ng Diyos?
May kaalaman ba ang Kataas-taasan?"
12 Ganyan ang masasama – laging walang bahala
habang nagkakamal ng kayamanan.
13 Kayat isip ko: "Bakit iningatan kong malinis ang
aking puso
at hinugasan ang kamay sa kawalang-malay?
14 Pinahihirapan pa ako araw-araw
at pinarurusahan bawat umaga."

15 Kung nagpasya akong magsalita ng ganito,
magiging taksil ako sa salinlahi ng iyong mga anak.
16 Kapag sinikap kong unawain ito
waring sa akin ay napakabigat,
17 hanggang sa pumasok ako sa santuwaryo ng
Diyos,
at naunawaan ko ang kanilang kahihinatnan.
18 Tunay na inilagay mo sila sa madulas na landas
upang mahulog sila sa kapahamakan.

19 Kabigla-bigla ang kanilang pagkawasak.
Mauupos sila, lilipulin ng takot.
20 Tulad ng pagkagising sa isang bangungot,
pagbangon mo, Panginoon,
iwawaksi mo silang parang panaginip.

21 Nang lubhang pumait ang kaluluwa ko
at magdamdam ako sa galit,
22 ako'y hangal at hindi nakaunawa,
para akong hayop sa harap mo.

23 Gayunma'y lagi mo akong kasama,
hinawakan mo ang kanang kamay ko,
24 patnubayan ako ng iyong payo,
at sa kaluwalhatian dadalhin mo ako.
25 Sino pa kundi ikaw ang mana ko sa langit?
wala akong ninanais pa sa lupa kundi ikaw.
26 Manghina man ang laman at puso ko, ang Diyos pa
rin ang aking bato,
ang mana ko magpakailanman.

27 Malilipol ang mga lumalayo sa iyo,
dudurugin mo ang lahat ng di-tapat sa iyo.
28 Sa akin ay ligaya na ang malapit sa Panginoon.
Kaya ginawa ko siyang kanlungan
at ipahahayag ko ang lahat niyang gawa.

## SALMO 74 (73)

**O Diyos, bumangon ka't ipagtanggol mo ang iyong simulain!**
Kay lalim na misteryo para sa ating pananampalataya: ang pananahimik ng Diyos sa harap ng ating mga kalokohan!

1 O Diyos, bakit mo kami patuloy na
itinatakwil? Bakit nagliliyab ang iyong ga-
lit laban sa tupa ng sarili mong kawan?
2 Alalahanin ang bayang binili mo no-
ong una, ang lahing tinubos mo bilang
iyong pamana, ang bundok ng Sion kung
saan ka nanahan.
3 Umahon ka sa walang hanggang mga
guho. Ang lahat sa dambana ay winasak
ng kaaway.
4 Umungal ang iyong mga kalaban sa
gitna ng banal na pook. Doon nila itinaas
ang kanilang tanda ng pagtatagumpay.
5 Pinagtataga nila ang mga kahoy sa
panuluyan. 6 At ang mga pintuan ay gi-
niba ng mga palakol at puthaw.
7 Sinunog nila ang iyong santuwaryo,
nilapastangan ang tahanan ng iyong Pa-
ngalan.
8 Sinabi nila: “Wawasakin natin sila
nang lubusan.” At sinunog nila ang lahat
ng mga dambana ng Diyos sa lupain.
9 Wala na kaming nakikitang mga
tanda. Wala nang propeta at wala sa amin
ang nakaaalam kung gaano ito magtata-
gal.
10 Hanggang kailan, O Diyos, manlalait
ang kaaway? Palagi na lang bang aalipus-
tain ng kaaway ang iyong pangalan?
11 Bakit mo pinipigil ang iyong kamay,
bakit mo itinatago ang kanang kamay mo
sa iyong sinapupunan?
12 Subalit hari na ang Diyos noon pa
man, ang tagapagligtas sa sangkalupaan.
13 Hinati ng kapangyarihan mo ang da-
gat. Binasag mo ang mga ulo ng Dam-
buhala ng karagatan. 14 Dinurog mo ang
ulo ng Leviathan at ibinigay mo siya bi-
lang pagkain ng mga hayop.
15 Pinadaloy mo ang ilog at batis, pina-
tuyo mo ang tubig na umaagos.
16 Sa iyo ang araw, gayon din ang gabi.
Nilikha mo ang buwan at araw.
17 Itinakda mo ang hangganan ng lupa,
ang tag-init at tag-ulan ay iyong ginawa.
18 Alalahanin mo, O Panginoon, kung
papaanong maglapastangan ang kaaway,
at kung papaanong dustain ng ulol ang
iyong pangalan.
19 Huwag ibigay sa hayop ang kaluluwa
ng nagpupuri sa iyo; huwag limutin ang
buhay ng iyong mga dukha.
20 Masdan mo kung paano nila tinupad
ang tipan mo, nang pinilit silang manira-
han sa mga taguan ng lupain.
21 Huwag ilagay sa kahihiyan ang naa-
api. Nawa'y purihin ang iyong pangalan
ng mga dukha't nangangailangan.
22 Bumangon ka, O Diyos! Mangatwiran
ka! Alalahanin ang araw-araw na pag-
dusta sa iyo ng mga hangal.
23 Huwag limutin ang sigaw ng iyong
mga kaaway, ang patuloy na panggugulo
ng iyong mga kaaway.

---

**74.** Naging hamon sa Diyos ang matitinding pagsubok at pag-usig sa panahon ng mga Macabeo: kaya ba niyang kumilos at di ba dapat lang? Gayundin sa mga lugar na ang Iglesya'y talagang inuusig. Sa berso 14, natatagpuan natin ang mga sinaunang alamat tungkol sa paglikha: hinati ng Diyos sa dalawang bahagi ang dambuhalang-dagat, ang masamang diyosang si Rahab, at itinapon ito para ipakain sa mga pawikan.

## SALMO 75 (74)

**Darating ang Diyos para maghukom.** Hinatulan na ng Diyos ang mundo sa pamamagitan ng krus at ng pagkabuhay ni Kristo, at binigyang-katiyakan niya ang mga matuwid na magtatagumpay sila.

2 Nagpapasalamat kami sa iyo, O Diyos, nagpapasalamat kami. Ang mga tumatawag sa iyong pangalan ay nagsasaysay ng mga kahanga-hanga mong gawa.
3 Makatarungan akong hahatol sa takdang panahon.
4 Kapag nayayanig ang lupa't ang mga nakatira roon, ako ang nagpapatatag sa kanyang mga haligi.
5 Sabi ko sa palalo: "Huwag kang magmalaki." At sa tampalasan: "Huwag palakihin ang iyong ulo.
6 Huwag magsalita nang may kayabangan sa Diyos."
7 Walang ibang dumarating mula sa silangan, o kanluran, sa bundok o disyerto.
8 kundi ang Diyos upang maghukom. Mayroon siyang ibinababa, may itinataas.
9 May sisidlan sa kamay ng Panginoon, puno ng matapang at bumubulang alak. Ang isasalin niya mula rito, pati na ang latak, ay iinumin ng masasama sa lupa.
10 At ako nama'y magbubunyi magpakailanman. Aawit ako ng papuri sa Diyos ni Jacob.
11 Ang buong lakas ng masasama ay babaliin niya, samantalang itataas ang lakas ng matuwid.

## SALMO 76 (75)

**Pagkatapos ng isang pagpapalaya.** Nilupig ng Diyos ang mga haring sumalakay sa Jerusalem na Banal na Siyudad. Ipinahahayag nito ang isa pang ganap na tagumpay kung saan maliligtas ang mga aba.

2 Kilala sa Juda ang Diyos
dakila sa Israel ang kanyang pangalan.
3 Salem ang kanyang tolda;
Sion naman ang kanyang tahanan.
4 Doon niya winarak ang humahaginit na palaso,
ang kalasag at tabak, ang busog at sibat.

5 Maluwalhati ka at maringal
na nakaluklok sa mga bundok na sinamsam.
6 Nakahandusay ang matatapang sa kanilang tulog
wala isa man sa kanilang makapag-angat ng kamay.
7 Sa iyong pagbabanta, O Diyos ni Jacob,
karwahe at kabayo'y nabulagta.

8 Ikaw, O ikaw, ay kakila-kilabot.
Sino'ng makatatayo sa harap ng galit mo?
9 Buhat sa langit ipinaririnig mo ang iyong hatol,
natakot at nanahimik ang lupa
10 nang bumangon ka para maghukom, O Diyos,
upang iligtas lahat ng mga api sa lupa.
11 Pati ang mga di naniniwala'y luluwalhati sa iyo.
Ang mga nakatatakas sa iyong galit
ay magdiriwang sa ngalan mo.

12 Gumawa kayo ng mga panata sa Panginoon
at tuparin ang mga ito,
lahat kayong nakapaligid sa kanya
magdala ng handog sa kakila-kilabot na Panginoon.
13 Siya ang sumisira ng loob ng mga pinuno.
Siya ang kinatatakutan ng mga hari ng lupa.

## SALMO 77 (76)

**Inaalaala ko ang mga gawa ng Panginoon.** Madali nating nakikitang mas kahanga-hanga ang nakaraan kaysa talagang nangyari. Sa paglipas ng panahon, mas makikita rin nating kasama natin sa nakaraan ang Diyos at gumagawa siya sa kasalukuyang panahon.

2 Sa Diyos ako sumigaw. Sa Diyos ako sumigaw upang dinggin niya ako.
3 Sa araw ng kagipitan hinahanap ko ang Poon. Buong araw akong nakadipa nang walang kapagud-pagod. Kaluluwa ko'y di maaliw-aliw.
4 Kapag naaalaala ko ang Diyos ako'y naghihimutok. Sa pagninilay-nilay, ang diwa ko'y nanlulupaypay.
5 Pinupuyat mo ang aking mga mata. Naliligalig ako't hindi makapagsalita.
6 Ginugunita ko ang mga araw na nag-
daan; ang mga taong nakaraan. 7 Sa gabi
umaawit ang puso ko. Nagmumuni-muni ako't nagsisiyasat ang diwa ko:
8 "Itatakwil na ba tayo ng Diyos magpakailanman? Hindi na ba niya tayo tatangkilikin?
9 Nasaid na ba ang kanyang pag-ibig at wala na, magpakailanman, ang kanyang mga pangako?
10 Nalimot na ba ng Diyos ang maging maawain? O sa kanyang galit ay nagsara na ng kanyang loob?"
11 Kayat sinabi ko: "Ito ang aking pighati, na nagbago na ang kanang kamay ng Kataas-taasan.
12 Ginugunita ko ang mga gawa ng Panginoon. Oo, ang mga kahanga-hangang ginawa mo noong una.
13 Binubulay-bulay ko ang lahat mong gawa, pinagdidili-dili ko ang maningning mong ginawa.
14 Kabanal-banalan ang daan mo, O Diyos. Sino'ng diyos ang kasindakila ng aming Diyos?
15 Ikaw lamang ang Diyos na gumagawa ng kababalaghan. Ipinamalas mo sa mga bansa ang iyong kapangyarihan.
16 Sa lakas ng iyong kamay tinubos mo ang iyong bayan, ang mga anak nina Jacob at Jose.
17 Noong makita ka ng mga tubig, O Diyos; noong makita ka ng mga tubig, sila'y nangatal. Nagulumihanan ang Kalaliman.
18 Nagbuhos ng ulan ang makakapal na ulap; nagpadagundong ng kulog ang

**77.** Hindi na gumagawa tulad ng dati ang Diyos. Pinagninilayan ng salmista ang mga kababalaghan ng Diyos sa nagdaang panahon, at inihahambing ito sa kanyang panahon: parang pinababayaan ng Diyos ang kanyang bayan sa gitna ng di-malutas na mga problema at paghihirap. Sa katunayan, kahit sa Biblia, tinitingnan ang nakaraan nang mas maganda kaysa talagang nangyari.

Gayundin naman, para bang guguho ang Iglesya sa kasalukuyang krisis nito, ngunit mapapatunayan sa darating na salinlahi na pagkabuhay pa pala ito. At maging sa buhay ng sinumang sumasampalataya, may mga sandali ring nagpapakilala ang Diyos at iniaangat tayo sa lupa, at may mga panahon din namang hinihiling niya nang walang anumang kapalit na iniaalok na maging tapat tayo.

*Ginugunita ko ang mga gawa ng Panginoon at ang mga kahanga-hangang ginawa niya.* Sabihin natin kasama ni Pablo: "Ibinigay nga ng Diyos ang kanyang Anak para sa atin, paano niya di maibibigay sa atin ang lahat ng iba pa kasama nito?" Dapat nating gunitain ang nakaraan sa ating buhay, sa ating bayan, sa ating pamayanang Kristiyano para madiskubre ang pasensiya ng Diyos at makita sa ating mga kasawiampalad ang nararapat na kahihinatnan ng ating mga kasalanan. At dapat nating makita lalo na ang paghihiwa-hiwalay ng mga Kristiyano sa iba't ibang iglesya bilang patunay na hindi tayo naging tapat sa aral ni Kristo.

langit; sumibat ang iyong mga kildat sa
lahat ng panig.
19 Gumulong kasama ng ipuipo ang
kulog mo; tinanglawan ng iyong kidlat
ang mundo. Nayanig at natinggal ang
lupa.
20 Ang landas mo'y nanguna sa gitna ng
dagat, ang daan mo'y tumahak sa buong
karagatan, ngunit ang mga bakas mo'y
walang nakakita.
21 Inakay mo ang bayan mo na parang
kawan sa kamay nina Moises at Aaron.

## SALMO 78 (77)

**Ilang beses nilang tinukso ang Diyos!** Isang aral ang pinalalabas ng salmong ito mula sa kasaysayan ng Israel: ang mga kagandahang-loob ng Diyos at ang kawalang-utang-na-loob ng kanyang bayan.

1 Makinig ka, O aking bayan, sa mga
aral ko. Igawi ang mga tainga sa mga
salita ng bibig ko!
2 Ibubuka ko ang aking bibig at mag-
tatalinhaga; isasalaysay ko ang mga hi-
waga mula pa noong unang panahon.
3 Ang narinig na natin at naunawaan, ang
isinalaysay sa atin ng ating mga magu-
lang,
4 ay hindi natin ililingid sa ating mga
anak. Ipahahayag natin sa salinlahing da-
rating ang mga kapuri-puring gawa ng
Panginoon, ang lakas niya't kababalag-
han.
5 Itinakda niya ang kautusan sa Jacob
at ang batas sa Israel. Iniatas niya sa mga
magulang natin na ituro ito sa kanilang
mga anak,
6 upang mabatid ng darating na salin-
lahi, at ng mga ipanganganak pa, na sila
rin ang magtuturo sa kanilang mga sup-
ling.
7 Sa gayon ay mananalig sila sa Diyos,
hindi nila malilimot ang kanyang mga
gawa at tutuparin nila ang kanyang mga
utos.
8 Hindi sila matutulad sa kanilang mga
magulang, isang salinlahing suwail at
matigas ang ulo, hindi matatag ang puso
at may budhing di-tapat sa Diyos.
9 Ang mga mandirigmang taga-Efraim
ay nagsitakas nang dumating ang araw ng
labanan.
10 Hindi nila tinupad ang tipan ng Diyos
at tumanggi silang mamuhay ayon sa
kanyang Batas.
11 Nilimot nila ang mga gawa niya, ang
mga himalang ipinamalas niya sa kanila.
12 Gumawa na nga siya ng mga kababa-
laghan sa harap ng mga magulang nila sa
lupain ng Ehipto, doon sa kapatagan ng
Soan.
13 Hinawi niya ang dagat at pinadaan
sila sa gitna nito. Ibinunton niya ang tubig
na tila pader.
14 Sa araw pinangunahan sila ng ulap,
sa gabi nama'y liyab na maliwanag.
15 Kanyang biniyak ang mga bato sa
ilang upang sila'y makainom sa masaga-
nang tubig.
16 Mula sa mga biyak ng bato, gumawa
siya ng bukal at pinadaloy ito na parang
ilog.
17 Ngunit lalo pa silang nagkasala sa
kanya, sa ilang sila'y naghimagsik laban
sa Kataas-taasan.
18 Sa puso nila'y sinubukan ang Diyos.
Dumaing sila para sa pagkaing kinasasa-
bikan.
19 Ang wika nila, laban sa Diyos: "Ma-

---

**78.** *Efraim... Jacob... Jose.* Huwag nating kalimutan na sa loob ng maraming siglo, nahati ang Israel sa dalawang kaharian. Ang mas malakas, ang nasa hilaga na tinatawag na kaharian ng Israel ay nagturing sa sarili bilang tunay na tagapagmana ng ninunong Jacob-Israel, at ang punong tribu ay ang Efraim na anak ni Jose. Tiyak na sinulat ang salmo sa kahariang ito bago ito naglaho. Nang muling dalhin ito sa Templo ng Jerusalem, sa kaharian ng Juda, idinagdag ang mga berso 67-72. Ipinakikita sa unang bahagi ang pagsuway ng bayan sa hilaga, at nagtatapos sa kagandahang-loob ng Diyos para sa mga nasa timog – para sa atin, siyempre, na naroon pa.

kapaglalatag ba ang Diyos ng dulang sa
ilang?
20 Totoo, hinampas niya ang bato at
bumulwak ang tubig, dumaloy tulad ng
batis, ngunit makapagbibigay ba siya ng
tinapay at makapaghahanda ng karne
para sa kanyang bayan?"
21 Nang iyo'y marinig ng Diyos, siya'y
nagalit. Lumagablab ang apoy laban sa
Jacob, umapaw ang Poot laban sa Israel,
22 dahil sa hindi sila nanalig sa Diyos, hindi
nagtiwala sa kanyang kalinga.
23 Gayunpama'y inutusan niya ang mga
ulap sa kaitaasan, binuksan ang mga
pintuan ng langit, 24 at pinaulanan sila ng
manna at tinapay mula sa langit.
25 Kinain ng tao ang tinapay ng mga
anghel. Pinadalhan sila ng labis-labis na
pagkain.
26 Pinakawalan niya ang hanging sila-
ngan sa kalangitan. Pinatawag ng kan-
yang kapangyarihan ang hangin sa timog.
27 At saka pinaulanan sila ng karneng tila
alikabok, ng mga ibong singkapal ng bu-
hangin sa dalampasigan.
28 Pinabagsak ang mga ito sa gitna ng
pulutong, palibot sa mga kulandong.
29 Kumain sila hanggang sila ay mabu-
sog pagkat ibinigay niya ang kanilang ha-
ngad.
30 Ngunit hindi pa rin ito sapat kahit
may pagkain na sa kanilang mga bibig.
31 Bumangon tuloy sa kanila ang galit
ng Diyos. Pinuksa niya ang pinakamala-
lakas sa kanila at ibinuwal ang kabataan
ng Israel.
32 Sa kabila ng lahat ng ito patuloy si-
lang nagkasala. Hindi sila naniwala sa
kanyang mga himala.
33 Kaya tinapos niyang bigla ang kani-
lang mga araw, ang kanilang mga taon sa
linggatong. 34 At noong pinapatay niya sila,
hinanap naman nila ang Diyos, at masi-
gasig na muling nagbalik-loob sa kanya.
35 Naalaala nila na ang Diyos ang bato
nila, ang Kataas-taasan ang kanilang ma-
nunubos.
36 Subalit ano't nandaya ang kanilang
bibig, nagsinungaling sa kanya ang kani-
lang mga dila. 37 Hindi naging matatag
ang kanilang puso, hindi nanatiling mata-
pat sa kanyang tipan.
38 Gayunman, mahabagin ang Diyos.
Pinatawad niya ang kanilang kasamaan at
hindi sila tuluyang winasak.
Maraming ulit siyang nagtimpi ng kan-
yang galit at hindi pinukaw ang buo ni-
yang poot.
39 Isinaalang-alang niyang sila'y laman
lamang, hininga na nagdaraan at hindi na
bumabalik.
40 Ilang ulit silang naghimagsik sa ilang
laban sa kanya, pinamighati nila siya sa
ilang.
41 Paulit-ulit nilang sinubukan ang Di-
yos, ginalit ang Banal ng Israel.
42 Wala silang naalaala sa kanyang
kamay noong araw na sila'y tinubos sa
kanilang kaaway, 43 noong inihayag niya
sa Ehipto ang kanyang mga kahanga-
hangang palatandaan, at sa dako ng Soan
ang kanyang mga kababalaghan. 44 Gi-
nawa niyang dugo ang kanilang mga ilog,
tubig na dumadaloy hindi sila nakainom.
45 Ipinadala niya sa kanila ang mga la-
ngaw upang sila'y lamunin, at mga palaka
upang sila'y lurayin.
46 Ipinaubaya niya sa uod ang kanilang
pananim at sa balang ang kanilang ani.
47 Pinaulanan niya ng yelo ang kanilang
ubasan, at pinatigas sa lamig ang kani-
lang sycomoro.
48 Ibinigay niya sa salot ang kanilang
bakahan, at sa kidlat ang kanilang mga
kawan.
49 Pinakawalan niya sa kanila ang init
ng kanyang poot at galit at pagkamuhi at
dahas – isang hukbo ng mga anghel ng
kamatayan.
50 Nang suriin niya ang lahat na kina-
galitan niya, hindi niya sila iniligtas sa
kamatayan; sa halip ay ipinaubaya niya
ang kanilang buhay sa salot.
51 Pinatay niya ang lahat ng panganay

ng Ehipto, ang mga unang-bunga ng ka-
lalakihan ng angkan ni Ham.
52 Ngunit inakay niya na parang tupa
ang kanyang tanging bayan, ginabayan
silang tila kawan sa ilang.
53 Pinatnubayan niya sila nang mati-
wasay at walang takot nang makitang ti-
nabunan ng dagat ang kanilang mga ka-
away.
54 Dinala niya sila sa kanyang lupang
banal, sa bundok na sinakop ng kanyang
kanang kamay.
55 Itinaboy niya sa harap nila ang mga
bansa at pinatira sa mga tahanan nito ang
mga lipi ng Israel. Ipinamahagi niya ang
lupa bilang pamana sa kanyang bayan.
56 Ngunit naghihimagsik silang sumu-
way sa Diyos na Kataas-taasan. Hindi nila
tinupad ang kanyang mga kautusan.
57 Tulad sila ng kanilang mga magu-
lang, suwail at di-tapat. Tulad sila ng tak-
sil na pana, di maaasahan.
58 Siya'y ginalit nila dahil sa itinayong
altar sa burol; nanibugho siya dahil sa
kanilang mga diyus-diyusan.
59 Nagalit ang Diyos nang marinig sila.
Lubos niyang itinakwil ang buong Israel.
60 Nilisan niya ang tabernakulo sa Silo,
ang kulandong na kanyang tinahanan sa
piling ng mga tao.
61 Hinayaan niyang mabihag ang kan-
yang kapangyarihan at kaluwalhatian sa
mga kamay ng kaaway.
62 Ibinigay niya sa tabak ang kanyang
bayan. Kinapootan niya ang kanyang pa-
mana.
63 Kayat nilamon ng apoy ang mga bi-
nata, nawalan ng awit sa kasal ang mga
dalaga.
64 Nabuwal sa tabak ang mga pari
at hindi nagluksa ang kanilang mga balo.
65 Nang magkagayo'y nagising ang
Panginoon, parang naalimpungatan, tulad
ng bayaning lasing. 66 Hinampas ang mga
kaaway at pinalayas, itinapon sila sa
walang-hanggang kahihiyan.
67 Itinakwil niya pagkatapos ang sam-
bahayan ng Jose; hindi niya hinirang ang
lipi ng Efraim. 68 Ngunit pinili niya ang
tribu ng Juda, ang bundok ng Sion na
kanyang minamahal.
69 Itinayo niyang sintayog ng langit ang
kanyang santuwaryo, gaya ng lupang iti-
natag niya magpakailanman.
70 Hinirang niya si David na kanyang ling-
kod, at kinuha siya mula sa kulungan ng
mga tupa. 71 Ang nag-aalaga ng tupa ay
tinawag na maging pastol ng Jacob na kan-
yang bayan, ng Israel na kanyang pamana.
72 Si David na may pusong tapat ang
nag-aalaga sa kanila at ang kanyang mga
bihasang kamay ang umaakay naman.

## SALMO 79 (78)

**Hanggang kailan ka magagalit?** Maggawad ng katarungan ang Diyos sa kanyang bayan. Walang anumang utang sa atin ang Panginoon dahil makasalanan tayo. Subalit isaalang-alang niya ang sarili niyang karangalan, palayain niya at itaas ang mga "matuwid".

1 O Diyos, sinakop ng mga hindi nani-
niwala sa iyo ang pamana mo; nilapasta-
ngan nila ang banal mong templo; ang Je-
rusalem ay winasak, at iniwang nakaguho.
2 Ipinakain nila sa mga ibon ang mga
bangkay ng iyong mga lingkod, at sa mga
hayop sa lupa ang laman ng iyong mga
banal.

---

**79.** Narito muli ang isang salmong isinilang ng pang-uusig sa relihiyon sa panahon ng mga Macabeo. Gustong ituring ng Biblia ang mga salmo na mga panalanging ginawa ni David. Pag umuulit ng salmo ang mga apostol, sinasabi nila: "Sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng bibig ni David ...." Sa katunayan, ang mga salmo ay panalangin ng isang bayang nabuhay at nagdusa.

Ipinaaalaala ng salmong ito sa Diyos na nakataya ang kanyang dangal: anong iniisip niya? Ngunit handa ba tayong tanggapin na kabilang sa luwalhati ng Diyos ang pagkabigo at kahihiyan (at kung minsa'y malalaking kahihiyan) ng kanyang Iglesya?

[3] Ang kanilang dugo'y parang tubig na
ibinubo sa paligid ng Jerusalem. Walang
maglibing sa kanila.
[4] Naging kahiya-hiya kami sa aming
mga kalapit-bayan. Kami'y kinasusukla-
man at pinagtatawanan nila.
[5] Gaano katagal, Panginoon? Magagalit
ka ba magpakailanman? Lagi bang mag-
liliyab ang poot mong naninibugho?
[6] Ibuhos mo ang iyong galit sa mga
bansang ayaw kang kilalanin, sa mga ka-
hariang hindi tumatawag sa iyong panga-
lan,
[7] sapagkat sinakmal nila si Jacob at
winasak ang lupang kanyang tinubuan.
[8] Huwag mong singilin sa amin ang
pagkakasala ng mga magulang namin.
Sumapit nawa sa amin ang iyong awa,
kami'y sayad na sayad na.
[9] Tulungan mo kami, Diyos naming
tagapagligtas, alang-alang sa ikaluluwal-
hati ng pangalan mo. Iligtas mo kami at
tubusin sa aming mga kasalanan alang-
alang sa iyong pangalan!
[10] Bakit ba sinasabi ng iba: "Nasaan
ang kanilang Diyos?" Makita namin silang
mulat na ipinaghihiganti mo ang nabuhos
na dugo ng mga lingkod mo.
[11] Nawa'y umabot sa iyo ang daing ng
mga bilanggo. Sa lakas ng iyong kamay
palayain ang mga nahatulan ng kamata-
yan.
[12] O Panginoon, ibalik mong makapito
sa puso ng aming mga kalapit bansa ang
pagdustang iniukol nila sa iyo.
[13] Nang sa gayon, kaming iyong bayan,
kaming iyong kawan sa iyong pastulan,
ay magpapasalamat sa iyo magpa-
kailanman at sa lahat ng sali't saling lahi
ay magpupuri sa iyo.

## SALMO 80 (79)

**Magpakilala ka, O Diyos!** Ang Diyos ang ating pastol: nalimutan na ba niya ang kanyang bayan at ang kanyang Iglesya? Kung parang nagiging "basa ang papel" ng Iglesya, ang pagliligtas ni Kristo ang waring nagiging kabiguan. Panginoon, ibalik mo kami para magbalik-loob.

[2] Makinig, O Pastol ng Israel, ikaw na
umaakay kay Jose tulad ng kawan, ikaw
na nakaluklok sa pagitan ng mga kerubin.
Magpakaliwanag ka [3] sa Efraim, Benja-
min at Manases! Ibangon ang lakas mo at
kami'y iligtas!
[4] Ibalik mo kami, O Diyos! Ipakita mo
sa amin ang mukha mo upang kami'y
maligtas.
[5] O Panginoon ng mga Hukbo, hang-
gang kailan mo pagliliyabin ang galit mo
sa panalangin ng iyong bayan?
[6] Pinakain mo sila ng dalamhati at sa
kalungkuta'y pinainom ng maraming luha.
[7] Ginawa mo kaming katuwaan ng na-
kapaligid sa amin. Pinagtatawanan kami
ng aming mga kaaway.
[8] Ibalik mo kami, O Diyos ng mga
Hukbo! Pagliwanagin sa amin ang mukha
mo upang kami'y maligtas.
[9] Binunot mo mula sa Ehipto ang isang
punong ubas; at upang itanim, itinaboy
mo ang mga bansa.
[10] Hinawan mo ang lupa para sa kanya.
Nagkaugat siya at pinuno ng kanyang
mga ugat ang lupa.
[11] Natakpan ang mga bundok ng kan-
yang lilim, at ang matitipunong sedro ng
kanyang mga sanga.
[12] Pinaabot niya hanggang sa Dagat
ang kanyang mga sanga; hanggang sa
Ilog ang kanyang mga usbong.
[13] Ngunit bakit mo sinira ang mga

**80.** Tinutukoy ng salmong ito ang mga taon ng pagsubok para sa Kaharian ng Israel sa panahon ni Eliseo. Ang Efraim, Benjamin at Manases ang mas mahahalagang tribu ng hilagang kaharian. Sa nakaraang siglo, sinakop nito mula Mediteraneo hanggang Eufrates (b. 12).

bakod niyon? Kayat bawat dumaraan ay
namimitas ng kanyang bunga.
14 Pinipinsala siya ng baboy-damo at
kinakain ng mga hayop ng bukid.
15 O Diyos ng mga Hukbo, bumalik ka!
Dumungaw ka mula sa langit nang makita
mo!
16 Masdan mo naman itong punong
ubas na itinanim ng kanang kamay mo.
17 Sana'y ang mga namumutol at na-
nununog nito'y malipol ng iyong galit.
18 Ngunit alagaan mo ang taong gina-
waran ng kanang kamay mo, ang anak ng
tao na iyong pinalakas.

19 Sa gayo'y hindi na kami tatalikod sa
iyo. Bigyang-buhay kaming muli at sa
iyong ngalan kami'y tatawag.

20 Panginoon, Diyos ng mga Hukbo,
ibalik mo kami. Ipakita mo sa amin ang
mukha mo upang kami'y maligtas.

## SALMO 81 (80)

Ipinagugunita ng salmo sa bayan ang pagpapakilala ng Diyos at pagbibigay ng tipan pagkahango niya sa kanila sa Ehipto. Ginugunita ng Diyos ang mensaheng ibinigay niya sa Sinai. At ipinangako niyang pupunuin sa pagkain at karunungan ang bibig ng mga tapat.

*Pakakainin ko ng pinakamainam na trigo ang aking bayan.* Ngayon dapat alalahanin ang lahat ng sinasabi sa Juan 6 ni Jesus, na "tinapay ng buhay".

*Buksan ang iyong bibig at pupunuin ko.* Pananalitang Hebreo ito: ibinubuka ng disipulo ang kanyang bibig para tanggapin (kanin) ang mga salita ng kanyang guro. Kailangang ingatan niya ang mga ito sa kanyang bibig, ibig sabihi'y isaulo (Dt 30:14).

*"Israel, bakit ka nananatili sa lupain ng iyong mga kaaway at tumatanda sa bansang banyaga, at doo'y namumuhay kasama ng mga taong di-malinis at kabilang sa mga pasasalugar-ng-mga-patay? Dahil ito sa iniwan mo ang bukal ng Karunungan. Kung sinundan mo lamang ang daan ng Diyos, kapayapaan saan ang tahanan mo magpakailanman."* (Baruc 3:10-13.)

Tinitipon ng Diyos ang mga pinuno ng mundo na tinatawag na *mga diyos* sapagkat sa Diyos lamang ang paghatol at pamumuno sa mga tao. Ginagampanan lamang nila ang tungkuling ito sa ngalan ng Diyos. Ipinaaalaala ng Diyos ang mga sagradong karapatan ng bayan. May kamatayan din ang mga pinuno at sila'y papapanagutin.

*Ang kinatatayuan ng lupa'y niya-*

**Buksan mo ang iyong bibig at pupunuin ko ito.** "Kung pakikinggan ako ng aking bayan, lulupigin ko ang kanyang mga kaaway." Mahina tayo at kulang ng lakas at sigla para mag-ebanghelyo at baguhin ang mundo: dahil ito sa hindi natin ganap na tinatalikuran ang mga huwad na diyos natin.

2 Masiglang umawit sa Diyos na ating lakas;
Ipagbunyi ang Diyos ni Jacob.
3 Simulan na ang tugtugan, patunugin ang mga
pandereta, kaaya-ayang arpa't lira.
4 Hipan ang trumpeta sa pagbago ng buwan,
sa araw ng pista sa kabilugan ng buwan.

5 May kautusan sa Israel,
isang tuntunin ng Diyos ni Jacob,
6 Ito'y itinakda kay Jose
nang lumabas siya mula sa lupa ng Ehipto.
May salita na mahirap maunawaan,

7 "Inalis ko ang pasan niya sa balikat.
pinalaya ang mga kamay niya,
8 Ika'y sa hirap tumawag, iniligtas kita,
patago kitang sinagot sa kulog,
sinubukan kita sa tubig ng Meriba."

9 Makinig, O bayan ko, pinapayuhan kita,
O Israel, kung makikinig ka lamang!
10 Dapat walang ibang diyos sa piling mo,
huwag nang sambahin ang diyos na dayuhan.
11 Ako ang Panginoon, ang iyong Diyos,
inakay kita mula sa lupa ng Ehipto.
Buksan mo ang bibig mo, ito'y pupunuin ko.

12 Ngunit hindi nakinig ang aking bayan,
hindi ako sinunod ng Israel.

*yanig.* Nalilimutan ang mga simulain ng kagandahang-asal pag naghari ang katiwalian. Hindi na nakikita ng tao ang kailangan lamang para mabuhay: mga anak, pamilya, pagsunod, trabaho, ang kahulugan ng paglilingkod at pagpapakasakit. Ngunit hindi pinaghihiwalay ng Biblia ang mundong pisikal sa mundong moral: sinisira ng kasamaan ng tao ang kaayusan ng kalikasan at nagbubunga ito ng malalaking disgrasya.

13 Pinabayaan kong tumagos ang kanilang puso,
humayo sila ayon sa kanilang kagustuhan.

14 Kung nakinig lamang ang bayan ko,
kung sinunod ng Israel ang aking landas,
15 saglit ko lang pupuksain ang mga kalaban niya,
kamay ko ay lalaban sa mga mang-aapi.

16 Ang namumuhi sa Panginoo'y susuko sa kanya,
walang hanggan ang parusa niya
17 Ikaw nama'y pakakanin ko ng masarap na trigo,
bubusugin kita sa pulot.

## SALMO 82 (81)

**Hinahatulan ng Diyos ang mga hukom.**

Tinitipon ng Diyos ang mga pinuno ng mundo na tinatawag na *mga diyos* sapagkat sa Diyos lamang ang paghatol at pamumuno sa mga tao. Ginagampanan lamang nila ang tungkuling ito sa ngalan ng Diyos. Ipinaaalaala ng Diyos ang mga sagradong karapatan ng bayan. May kamatayan din ang mga pinuno at sila'y papapanagutin.

*Ang kinatatayuan ng lupa'y niyayanig.* Nalilimutan ang mga simulain ng kagandahang-asal pag naghari ang katiwalian. Hindi na nakikita ng tao ang kailangan lamang para mabuhay: mga anak, pamilya, pagsunod, trabaho, ang kahulugan ng paglilingkod at pagpapakasakit. Ngunit hindi pinaghihiwalay ng Biblia ang mundong pisikal sa mundong moral: sinisira ng kasamaan ng tao ang kaayusan ng kalikasan at nagbubunga ito ng malalaking disgrasya.

1 Namumuno ang Diyos sa banal na kapulungan,
humahatol sa piling ng mga diyos:
2 "Hanggang kailan ang kasinungalingan ng hatol n'yo,
pumapanig kayo sa mga masasama!

3 Ipagtanggol ninyo ang mahina at ulila;
katarungan ang ibigay sa dukha at api;
4 Palayain ang mahina at nangangailangan.
iligtas sila sa kamay ng masasama!"

5 Walang nalalaman, walang nauunawaan,
sila'y patungo sa dilim;
ang kinatatayuan ng lupa'y nayayanig.

6 "Sinabi ko noon, "kayo ba'y mga diyos?
mga anak ba kayo ng kataas-taasan?
7 Hindi! Tulad kayo ng sino man
kahit prinsipe pa, mamamatay rin kayo."
8 Bangon na, O Diyos! hatulan ang lupa,
sapagkat hari ka sa lahat ng bansa.

## SALMO 83 (82)

**Laban sa atin ang lahat.**

2 Diyos, huwag kang pipi, huwag mag-
timpi, huwag manahimik, O Diyos!
3 Heto, magulo ang mga kaaway mo,
mayabang ang mga kalaban mo.
4 May sabwatan laban sa bayan mo,
may masamang balak laban sa mga
alaga mo,
5 Anila: "Halikayo! Lipulin natin sila,
mawala na ang ala-ala tungkol sa panga-
lan ng Israel."
6 Nagkakaisa sila, nagkakasundo si-
lang lumaban sa iyo;
7 ang bayan ng Edom at mga Ismaelita,
ang Moab at ang angkan ni Hagar,

**83.** Tinutukoy ng b. 10-13 ang mga digmaan ng pagpapalaya ng Israel sa panahon ng mga Hukom (kab 4 at 7).

8 ang Gebel at Amon at Amalek, ang
Pilistia, kasama ang mga taga-Tiro.
9 Pati na ang Asur ay kasapi nila sa
pagtulong sa mga anak ni Lot.
10 Gawin mo sa kanila ang ginawa mo
kay Midian, kay Sisera at kay Yabin sa ilog
ng Kison.
11 Nalipol sila sa Endor at naging dumi
sa lupa.
12 Ituring mo ang mga pinuno nila tulad
nina Oreb at Zeeb, ituring mong tulad nina
Zeba at Zalmunna, 13 na nagsasabing "Ang-
kinin natin ang mga pastulan ng Diyos."

14 Diyos ko, gawin mo silang alikabok
sa ipu-ipo, ipa sa hangin.
15 Tulad ng apoy na lumalamon ng
gubat, tulad ng apoy na umuubos ng
bundok 16 Tugisin mo sila sa pamamagi-
tan ng iyong bagyo, takutin sila ng iyong
galit.
17 Takpan ng kahihiyan ang kanilang
mukha upang hanapin nila ang pangalan
mo, O Panginoon.
18 Nawa'y makilala nilang ikaw lamang
ang nagngangalang Panginoon, ang
Kataas-taasan sa sandaigdigan.

## SALMO 84 (83)

Bawat mananampalataya ay manlalakbay na naghahanap ng walang-hanggang inang bayan. Nararamdaman niya ang pangangailangang sumali sa mga dakilang martsa at peregrinasyon pag parehong isinasabuhay at ipinahahayag ng mga tao ang kanilang pananampalataya.

*Maligaya ang nakatira sa tahanan mo:* ang mga pari at Levitang namamahala sa mga pagdiriwang at musika.

*Mabuti pa ang isang araw sa iyong patyo...* Mas mabuti pang matulog sa labas ng patyo ng Templo kaysa makituloy sa isang taga-Jerusalem – na maaaring maging mapagmataas o walang kakayanang makibahagi sa galak ng isang manlalakbay.

**Gusto kong makita ang Diyos na buhay.** Ang kaligayahan ng paglalakbay at pag-ahon patungo sa Templo.

2 Kaakit-akit ang tahanan mo,
O Panginoon ng mga Hukbo.
3 Naghahangad at nananabik ang kaluluwa ko
sa mga liwasan ng Diyos.
Puso't laman ko'y masayang inaawitan
ang Diyos na buhay.

4 May natitihan na ang maya,
may pugad na ang layang-layang
para sa inakay niya,
ito'y nasa mga altar mo, O Panginoon,
aking Hari at aking Diyos.

5 Maligaya ang nakatira sa tahanan mo,
laging umaawit ng papuri sa iyo!
6 Mapalad ang mga lakas mo,
sa puso nila'y ang daan patungong Sion.

7 Habang dumaraan sila sa Lambak ng Baka,
ginawa nilang bukal ito;
samantalang maagang nagdilig ang ulan.
8 Tumatatag sila sa paglalakbay
hanggang makaharap ang Diyos sa Sion.

9 Panginoon ng mga Hukbo,
makinig ka O Diyos ni Jacob!
makinig ka, O Diyos ni Jacob!
10 Diyos na aming kalasag, tingnan mo!
Pagmasdan mo ang mukha ng iyong Mesiyas!

11 Mabuti pa ang isang araw sa iyong liwasan
kaysa sanlibo sa sariling bahay ko.

Higit ko pang nais maging bantay sa tahanan ng
Diyos
kaysa makitira sa masasama.
12 Dahil araw at kalasag ang Panginoon,
nagbibigay siya ng biyaya at karangalan.
Palagi siyang may kabutihan para sa mga matutuwid
13 O Panginoon ng mga Hukbo,
mapalad ang nananalig sa iyo!

## SALMO 85 (84)

**Nagyakapan ang katarungan at kapayapaan.** Inilalarawan ng salmong ito ang gawa ni Kristo bilang isang pagbubuklod ng langit at lupa, pagtutulungan ng Diyos at ng tao. Siya ang kapuspusan ng Diyos at ang bunga ng ating lupa.

Ang salmong ito na sinulat sa pagbalik ng mga Israelita mula sa pagkabihag sa Babilonia ay puno ng mga salitang saligan at pambalana sa pananalita ng tao: kalayaan, buhay, kasiyahan, kaligtasan, pag-ibig, katarungan, kapayapaan, kaligayahan.

Subalit isa lamang hakbang muli tungo sa tunay na paglaya ang pagbabalik ng mga Judiong itinapon. Walang anumang panghabampanahon, at bawat yugto sa katuparan ng plano ng Diyos ay larawan lamang ng isa pang yugto. Patuloy ang pagsulong ng bayan ng Diyos.

Maging ang kasalukuyang paghahari ni Kristong muling nabuhay at ang gawang pagliligtas na nagkakaroong-katuparan sa pamamagitan ng kanyang Iglesya ay balangkas lamang ng walang hanggang kaharian.

Mahal pa rin ng Diyos ang ating daigdig. Kung sumasama o nanghihina ang ating loob dahil sa maraming masasamang bagay, na nangyayari sa mundo, dapat nating balikan ang mga sinasabi ng salmong ito. Nilingap mo ang iyong lupain, Panginoon… mananahan na sa lupa ang kaluwalhatian.

Sa Diyos nagmumula ang kaligtasan, ngunit nagkakatotoo ito sa pamamagitan ng isang taong may dugo at laman, si Kristo na malayang tinanggap ng isang babae sa ngalan ng buong sangkatauhan. Mula sa Pagkakatawang-tao, hindi na maaaring maniwala sa Diyos nang hindi naniniwala sa tao at sa lahat ng may kaugnayan sa buhay ng tao.

2 Nilingap mo ang iyong lupain, Panginoon;
pinauwi mo ang mga nabihag sa lipi ni Jacob.
3 Pinatawad mo ang sala ng iyong bayan;
tinakpan mo ang lahat nilang kasalanan.

4 Binawi mo ang buong galit mo
tinalikuran mo ang maalab mong poot.
5 Palakasin mo kami, Diyos naming tagapagligtas;
ilayo mo na ang iyong pagkamuhi sa amin.
6 Palagi ka na lang naiinis sa amin?
Patatagalin mo ba ang iyong galit
hanggang sa sali't saling lahi?

7 Bakit di mo kami bigyan ng bagong buhay
at nang magdiwang muli ang bayan mo?
8 Panginoon, ipakita sa amin ang pag-ibig mo.
ipagkaloob mo ang iyong kaligtasan.

9 Pakikinggan ko ang pahayag ng Diyos,
kapayapaan ang salita niya
para sa bayan niya, para sa mga kaibigan niya –
huwag lamang silang bumalik sa kahangalan.
10 Malapit nang maligtas ang may takot sa kanya,
at mananahan na sa lupa ang kaluwalhatian niya.

11 Ang pag-ibig at katapatan ay magtatagpuan,
katarunga't kapayapaan ay magyayakapan.
12 Ang katapatan ay sisibol mula sa lupa
at mula naman sa langit tutunghay ang kata-
rungan.
13 Ipagkakaloob ng Panginoon ang kabutihan
magiging mabunga ang ani sa lupa natin.
14 Mangunguna sa kanya ang katarungan
magiging landas ang mga yapak niya.

## SALMO 86 (85)

**Panalangin sa panahon ng dalamhati.** Sinisiil ng kasalanan at mabigat ang loob dahil sa kamatayan, ang lingkod ng Diyos ay humihingi ng tulong sa kanya na pawang kabutihan.

1 Makinig ka, Panginoon, at tumugon,
sapagkat nagdurusa ako't nangangaila-
ngan.
2 Ingatan ang buhay ko kaibigan mo
ako. Iligtas ang lingkod mong nananalig
sa iyo. Ikaw ang aking Diyos.
3 Kaawaan mo ako, Panginoon, tuma-
tawag ako sa iyo araw-araw. 4 Paligayahin
ang kaluluwa ng iyong lingkod sapagkat
sa iyo ko ito itinataas, O Diyos.
5 Ikaw, Panginoon, ay mabait at maha-
bagin, puspos ng pag-ibig sa tumatawag
sa iyo.
6 Dinggin, Panginoon, ang aking pana-
langin; makinig sa tinig ng aking daing.
7 Sa araw ng pagdurusa tinatawag kita
dahil sinasagot mo ako.
8 Walang katulad mo sa mga diyos, O
Panginoon, at walang maihahambing sa
iyong mga gawa.
9 Lahat ng nilikha mong bansa'y lalapit
upang sambahin ka, Panginoon. Luluwal-
hatiin nila ang iyong Pangalan.
10 Sapagkat dakila ka; kahanga-hanga
ang iyong mga gawa. Ikaw lamang ang
tanging Diyos!
11 Ituro mo sa akin ang daan mo, Pangi-
noon, upang dumaan ako sa iyong kato-
tohanan. Turuan ang puso ko ng takot sa
pangalan mo.
12 Buong-puso kitang pupurihin, O Pa-
nginoon kong Diyos. Luluwalhatiin ko ang
iyong pangalan magpakailanman.
13 Napakalaki ng pag-ibig mo sa akin.
Hinango mo ako sa daigdig ng mga patay.
14 O Diyos, nagkakaisa laban sa akin
ang mararahas, may tangka sa buhay ko
ang mamamatay-tao,
wala silang pagsaalang-alang sa iyo.
15 Ngunit ikaw, Panginoon, ay Diyos na
maawain at mapagbigay. Banayad ka sa
galit, sagana sa pag-ibig at katapatan.
16 Tunghayan mo ako at kahabagan.
Ipagkaloob mo ang iyong lakas sa iyong
lingkod. Iligtas ang anak ng babaeng nag-
lilingkod sa iyo.
17 Bigyan mo ako ng tanda ng iyong
biyaya upang malito ang aking mga ka-
away.
Kapag makita nila ikaw, Panginoon ang
tumutulong at umaaliw sa akin.

## SALMO 87 (86)

**Mahal ng aking Diyos ang mga pintuan ng Sion.** Ginugunita ng salmista na pinili ng Diyos ang Jerusalem-Sion bilang kapitolyo ng kanyang bayan at ina ng lahat ng bansa.

*Ang taong ito'y doon ipinanganak.* Tinitingnan ng Diyos ang lahat ng bayan sa lupa at inililista niya ang mga ito sa kanyang aklat na parang mga anak sila ng kanyang Banal na Lunsod.

*Ngunit ang sasabihin naman tungkol sa Sion:* "Lahat ng tao'y sa kanya

2 Nakatayo sa banal na bundok
ang lungsod ng Panginoon.
Higit na mahalaga sa kanya
ang pintuan ng Sion kaysa alinmang tahanan sa
Jacob.

---

**86.** Narito ang napakapanatag na salmo, na walang panunumpa at sigaw ng dalamhati: *ang anak ng iyong alilang babae* ay may mga kaaway, siyempre, pero sa isang maliit na bayan lamang. Ngunit hindi mas maliit ang kanyang kalungkutan dahil doon.

Narito ang ilang talata mula sa "Pagtulad kay Kristo": Tinatawag tayo ni Kristo na makibahagi sa kanyang dalamhati:

Marami akong mga nagmamahal sa aking kaharian; pero kakaunti ang nag-aasikasong pasanin ang aking krus.

Marami ang may gusto sa aking pagpapaginhawa, pero kakaunti ang sa aking mga pagtitiis. Marami akong kasalo sa aking hapag, pero kakaunti sa aking abstinensya.

Gusto nilang lahat na magsayang kasama ko, pero kakaunti ang may gustong magdusa para sa akin.

Marami ang sumusunod sa akin hanggang sa pagpipiraso ng tinapay, pero kakaunti ang hanggang sa paginom sa kalis ng aking pasyon.

isinilang. (Ang Iglesya ang Bagong Jerusalem na ina ng lahat ng bayan. Si Mariang ina ng lahat ng nananampalataya ang buhay na larawan ng Iglesya. Dahil siya ang Ina ng Tagapagligtas, siya rin ang Ina ng lahat ng sumasampalataya.

Hindi natin dapat sabihin na lahat ng tao sa bawat relihiyon ay kabilang sa Iglesya nang hindi nila nalalaman. Sa wakas ng kasaysayan lamang ang Iglesya mapapalagay sa sentro ng lahat ng problema ng sangkatauhan. Sa Iglesya – pagkatapos lamang makakasali ang lahat sa kantahan at sayawan.

3 Mga dakilang bagay ang sinasabi tungkol sa iyo, O
Lunsod ng Diyos:
4 "Maibibilang ko ang Rahab at Babilonia
sa mga nakakakilala sa akin,
ang Filistia at Tiro, kasama ang Etiopia.
"Kung sinu-sino ang isinilang doon."

5 Ngunit ang sasabihin naman tungkol sa Sion:
"Lahat ng tao'y sa kanya isinilang."
Ang Kataas-taasan ang magpapatatag ang
magpapatatag nito."
6 Isusulat ng Panginoon sa talaan ng mga bansa:
"Ang tao na ito'y doon ipinanganak."
7 Ang mga umaawit at sumasayaw ay magsasabing:
"Sa iyo kami mananahan!"

## SALMO 88 (87)

**Panalangin ng maysakit na malapit nang mamatay.** Para bang hindi kailanman dapat mahulog sa kawalang-pag-asa ang mga nakakakilala kay Kristo. Subalit may mga araw na para bang nakasara ang langit para sa atin, tulad ng nangyari kay Kristo sa kanyang mga paghihirap.

2 O Panginoong Diyos ng aking kaligta-
san, sa araw ay tumatangis ako, sa gabi'y
humihiyaw sa harap mo.
3 Makarating na sana sa iyo ang dala-
ngin ko; makinig ka sa aking idinadaing
4 Ang kaluluwa ko'y lipos ng ligalig;
ang buhay ko'y nasa gilid ng libingan.
5 Kabilang ako sa mga lumulusong sa
hukay. Ako'y wala nang lakas.
6 Kahanay ko ang mga patay, tulad ng
mga nakalibing sa puntod. Hindi mo na
sila naaalaala at hindi mo na sila hawak.
7 Ibinaon mo ako sa kalaliman ng hu-
kay, sa kadilim-diliman, sa kalalim-lali-
man ng lupa.
8 Sa akin ang bigat ng iyong poot, tina-
tabunan ako ng iyong mga daluyong.
9 Inilayo mo sa akin ang matatalik kong
kaibigan at ginawa mo pa akong ka-
suklam-suklam sa kanila. Ako'y nakaku-
long at hindi na makatakas.
10 Nagdidilim sa pamimighati ang aking
mga mata. Sa iyo ako tumatawag, Pangi-
noon, araw-araw. Sa iyo nakaunat ang
aking mga kamay.
11 Sa mga patay ba'y ipinakikita mo
ang iyong himala? Bumabangon ba ang
mga anino upang purihin ka?
12 Sa libingan ba pinag-uusapan ang
pag-ibig mo o sa pook ng kamatayan ang
katapatan mo?
13 Mababatid ba ang himala mo sa pook
ng kadiliman o ang katarungan mo sa
lupain ng pagkalimot?"
14 Ngunit ako, O Panginoon, sa iyo ako

---

Marami ang nagpipitagan sa aking mga milagro, pero kakaunti ang yumayakap sa kahihiyan ng aking krus.

Marami ang nagmamahal sa akin hangga't hindi sila dinaratnan ng pagsubok.

Marami ang pumupuri at nagpaparangal sa akin hangga't may tinatanggap silang mga biyaya.

Ngunit kung magtago ako o iwan ko sila nang sandali, nagrereklamo sila at matinding namimighati.

Sa kabilang dako, ang mga nagmamahal sa akin nang dahil sa aking sarili at hindi sa anupamang interes ang nagpupuri sa akin sa mga pagsubok at dalamhati ng puso at pati na sa gitna ng malaking kaligayahan.

**88.** Medyo pesimista ang salmong ito. Gayunpaman, hindi nawawalan ng tiwala ang maysakit. Ngunit ang pananaw niya sa "kabilang buhay," na siyang pananaw ng mga Judio bago dumating si Jesus, ay halos hindi nakapagpapalakas ng loob (b. 5, 10, 12).

tumatawag. Uma-umaga umaakyat sa iyo ang panalangin ko.
[15] Bakit, O Panginoon, bakit mo itinatakwil ang aking kaluluwa? Bakit mo itinatago sa akin ang mukha mo?
[16] Magmula pa noong ako'y bata, namamatay at sawimpalad na ako. Ako'y lupaypay na sa bigat ng kilabot mo.
[17] Tinangay ako ng galit mo. Sinalanta mo ako't sinakmal.
[18] Magdamag nila akong pinaligiran tulad ng baha, lubos nila akong nilamon.
[19] Inilayo mo sa akin ang kaibigan at kasama ko, wala akong ibang kasama liban sa kadiliman.

## SALMO 89 (88)

**Ang kagandahang-loob mo at katapatan.** Tapat ang Diyos: siya ang namamahala sa kasaysayan at pinapatnubayan niya ang ating buhay ayon sa kanyang mga pangakong hindi kailanman pumapaltos.

[2] Aawit ako tungkol sa kagandahang-loob mo magpakailanman, O Panginoon. Sa lahat ng sali't saling lahi ay ipahahayag ko ang katapatan mo.
[3] Sinabi mo na magpasawalang-hanggan ang pag-ibig mo, kasing tulad ng katapatan mo ang langit, matatag.
[4] Nakipagtipan ako sa aking hinirang, nangako ako kay David na aking lingkod:
[5] Itatatag ko magpakailanman ang iyong lipi: Patatatagin ko ang luklukan mo sa lahat ng salinlahi!"
[6] O Panginoon, pinupuri ng kalangitan sa Banal na kalipunan ang kababalaghan
mo. [7] Sino sa langit ang maihahambing sa Panginoon? Sino sa mga anghel ang katulad niya?
[8] Kinatatakutan ang Diyos sa kalipunan ng mga Banal, nasisindak ang lahat ng nakapaligid sa kanya.
[9] O Panginoong Diyos ng mga Hukbo, sino ang katulad mo? Makapangyarihan ka, Panginoon, at nasa lahat ng dako ang katapatan mo.
[10] Ikaw ang naghahari sa daluyong ng dagat; ikaw ang nagpapatahimik sa nagngangalit na mga alon.
[11] Nilipol mo at dinurog si Rahab; ikinalat ng malakas mong kamay ang iyong mga kaaway.
[12] Sa iyo ang langit at ang lupa; itinatag mo ang daigdig at lahat ng naroon.
[13] Nilikha mo ang hilaga at ang timog. Nagagalak na sinisigaw ng Tabor at Hermon ang pangalan mo.
[14] Makapangyarihan ang iyong bisig; malakas ang iyong kamay, dakila ang iyong kanang kamay.
[15] Katarungan at kabutihan ang kinatatayuan ng luklukan mo; pag-ibig at katapatan ang nangunguna sa iyo.
[16] Mapalad ang bayang marunong magpuri sa Panginoon! O Panginoon, sa liwanag ng iyong mukha sila'y tutungo.
[17] Sa iyong pangalan maghapon silang nagdiriwang; dinadakila nila ang katarungan mo.
[18] Ikaw ang luwalhati ng kanilang lakas, dahil sa kabutihang loob mo'y nagtatagumpay kami.
[19] Kalasag namin ang Panginoon, siya ang aming hari, ang Banal ng Israel.
[20] Minsa'y sa isang pangitain ay nag-

---

**89.** *Kagandahang-loob at katapatan* ang paksa ng salmong ito. Lumalabas ang dalawang katangiang ito ng Diyos sa buong Biblia: *Kagandahang-loob* o grasya, kabutihan, pagkamapagmahal, awa; at *Katapatan* na ibig sabihi'y pagiging matapat, pagiging totoo.

Sa mga mapait na araw ng Pagkatapon, naaalaala ng sumulat ng salmong ito ang mga pangako ng Diyos: Nasaan ang Haring Tagapagligtas na sana'y magbibigay ng luwalhati at kasaganaan sa kanyang bayan? Kung minsa'y nadadala ang mananampalataya sa ngayon na magtanong: "Panginoon, ano na'ng nangyari sa iyong mga pangako? Bakit walang makain ang iyong mga anak? Nasaan ang katarungan mo? Bakit malayo sa Ebanghelyo ang buhay ng iyong Iglesya?"

salita ka sa mga kaibigan mo, "Tinulu-
ngan ko ang matatag, isang bayani'y
pinili ko mula sa inyo

21 Natagpuan ko si David, ang aking
lingkod, at pinahiran siya ng banal kong
langis.

22 Umalalay sa kanya ang aking kamay,
ang aking bisig ang magpapalakas sa
kanya. 23 Hindi siya madadaig ng kaaway,
walang masamang taong lulupig sa
kanya.

24 Dudurugin ko sa harap niya ang kan-
yang kaaway at ilulugmok ang kanyang
mga kalaban.

25 Sasakanya ang katapatan ko at pag-
ibig. Papagtatagumpayin siya ng aking
Pangalan.

26 Mapapailalim ang dagat sa kanyang
kamay; ang mga ilog sa kanyang kanang
kamay.

27 Tatawag siya sa akin: 'Aking Ama,
ikaw ang aking Diyos at bato ng aking
kaligtasan.'

28 Gagawin ko rin siyang panganay, ang
maghahari sa lahat ng mga hari.

29 Magpakailanma'y paninindigan ko
ang aking pag-ibig sa kanya; ang kasun-
duan ko sa kanya ay di-kukupas.

30 Pananatilihin ko magpakailanman
ang kanyang lipi. Maitutulad sa panahon
ng langit ang kanyang luklukan.

31 Kapag tinalikdan ng mga anak niya
ang batas ko at hindi sinunod ang aking
mga utos, 32 kapag sinuway nila ang aking
mga tuntunin at hindi iningatan ang aking
mga kautusan,

33 Paparusahan ko sila ng pamalo, ka-
salanan nila'y papaluin ko.

34 Subalit hindi ko babawiin ang pag-
mamahal ko, hindi ko sila tatanggihan ng
katapatan ko.

35 Hindi ko babaliin ang aking tipan at
hindi ko babawiin ang naipangako ko na,
36 dahil banal ako, nangako na ako kay
David. Magsisinungaling ba ako kay
David? Hindi!

37 Magpapatuloy ang lipi niya magpa-
kailanman, mananatili ang trono niya tu-
lad ng araw sa harap ko,

38 tulad ng buwan na matatag, isang
tapat na saksi sa kalangitan."

39 Pero ngayo'y itinakwil mo't kinapoo-
tan ang iyong pinahiran.

40 Winalang-saysay mo ang iyong tipan
sa kanya. Nilapastangan mo ng dumi ang
kanyang korona.

41 Winasak mo ang kanyang muog. Di-
nurog mo ang kanyang mga kuta. 42 Ni-
nanakawan tuloy siya ng lahat ng duma-
daan. Nilalait siya ng mga kalapit niya.

43 Itinaas mo ang kanang kamay ng
kanyang mga kalaban; at pinaligaya mo
pa sila.

44 Pinapurol mo ang talim ng kanyang
tabak; hindi ka pumapanig sa kanya sa
labanan.

45 Inalisan mo siya ng luwalhati; iti-
numba mo sa lupa ang trono niya.

46 Pinaikli mo ang araw ng kanyang ka-
bataan; sinuotan mo siya ng kahihiyan.

47 Hanggang kailan, Panginoon? Mag-
tatago ka ba magpakailanman? Hang-
gang kailan magliliyab ang poot mo?

48 Alalahanin mo kung gaano kaikli ang
aming buhay, kung gaano karupok ang
lahat ng taong nilikha mo!

49 Sino'ng tao ang mabubuhay ng wa-
lang kamatayan, at may kapangyarihang
umiwas sa kapahamakan?

50 Nasaan na, O Diyos, ang pag-ibig mo
mula pa sa una, ang pangako mong tapat
kay David?

51 Alalahanin mo, O Panginoon, napa-
hiya ang lingkod mo. Pasan-pasan ko ang
kahihiyan ng bayan mo,

52 Walang tigil na nangungutya ang
mga kalaban, O Panginoon, lagi nila
akong hinahabol.

53 Purihin ang Panginoon magpakailan-
man! Amen! Amen!

## SALMO 90 (89)

**Parang buntong-hiningang lumilipas ang aming mga araw.** Maikli at marupok ang ating buhay sa lupa sa harap ng Diyos na walang hanggan at walang pagbabago. Siya ang ating kanlungan at siya ang makapagbibigay-kabuluhan sa ating buhay. Hingin natin sa kanya na puspusin ito ng kanyang karunungan sa pagmamahal, pagpupuri, at paglilingkod sa kanya.

1 Panginoon, ikaw ang naging kanlungan namin sa lahat ng salinlahi.

2 Bago pa binuo ang mga bundok, bago pa nilikha ang lupa't daigdig, mula sa walang simula hanggang sa walang wakas, ikaw ang Diyos.

3 Ginagawa mong alabok muli ang mga tao, at sinasabi mo: "Magbalik kayo, mga anak ng tao!"

4 Ang sanlibong taon sa iyong paningin ay parang kahapon lamang na nagdaan, o tila isang pagpupuyat sa gabi.

5 Para mo silang inilubog sa tulog, na sa umaga'y mga bagong sibol na damo.
6 Sariwa't namumulaklak pa sila sa umaga, ngunit sa gabi'y nalalanta at natutuyo.

7 Nililipol kami ng iyong galit, lubhang takot kami sa iyong poot.

8 Nakalantad ang lahat ng aming kasalanan at lihim sa harap mo.

9 Ang mga araw nami'y lumilipas sa ilalim ng iyong poot. Saglit lamang at tapos na ang buhay namin.

10 Pitumpung taon ang buhay namin, o walumpu kung kami'y malusog. Ngunit ito'y puno ng lungkot at ligalig, dagling lumilipas at kami'y napapadpad.

11 Sino'ng nakatatalos ng iyong galit? Sino'ng laging handa sa iyong poot?

12 Kayat turuan kaming bilangin nang wasto ang aming mga araw upang matamo namin ang karunungan sa puso.

13 Bumalik ka, Panginoon! Hanggang kailan pa? Mahabag ka sa iyong mga lingkod.

14 Puspusin mo kami ng iyong pag-ibig sa pagbubukanliwayway nang kami'y malugod buong araw.

15 Paligayahin mo kami katumbas ng mga araw na pinahirapan mo kami, ng mga taon na naranasan namin ang ligalig.
16 Masaksihan nawa ng iyong mga lingkod ang gawa mo, at ng kanilang mga anak ang kaluwalhatian mo.

17 Sumaamin nawa ang paglingap ng Panginoong aming Diyos, at pagpalain nawa ang gawa ng aming mga kamay.

## SALMO 91 (90)

**Panggabing panalangin.** Panalanging dinarasal nang may katiyakan ng mananampalataya: ipinagsasanggalang ng Diyos ang nananalig sa kanya.

Iniuukol ang salmong ito sa mga peregrinong nagpapalipas ng gabi sa mga patyo ng Templo. Parang mga bisita sila roon ni Yawe: patuloy niya silang ikakanlong.

1 Ikaw na nakatira sa tahanan ng Kataas-taasan,
na naninirahan sa lilim ng Makapangyarihan,
2 sabihin mo sa Panginoon: "Kanlungan ko at muog
ang aking Diyos, nananalig ako sa kanya."

3 Ililigtas ka niya sa silo ng nambibitag
at sa nakamamatay na salot.
4 Ipagsasanggalang ka't kakanlungan
ng kanyang mga pakpak.
Kalasag at tanggulan ang kanyang katapatan.

5 Di mo katatakutan ang kilabot sa gabi,

ni ang mga palasong lumilipad sa araw
6 ni ang mamumuksang gumagala sa gabi,
ni ang salot na pumapatay sa katanghalian.

7 Malugmok man sa iyong tabi ang sanlibo,
sa kanan mo ang sampunlibo,
hindi ka maaano.
8 Sapat na'ng tingnan mo't pagmasdan lamang
kung paanong ginagantihan ang tampalasan.

9 Dahil sa umaasa ka sa Panginoon
at ang Kataas-taasan ang iyong kanlungan.
10 Walang kasamaang sasapit sa iyo,
walang salot na lalapit sa kulandong mo.

11 Pagkat uutusan niya ang kanyang mga anghel
upang alagaan ka sa iyong mga daan.
12 Bubuhatin ka nila sa kanilang mga kamay
upang hindi matisod ang paa mo sa bato.
13 Mga ahas ang iyong yayapakan,
yuyurakan mo ang malaking leon at ang dragon.
14 Sabi ng Panginoon: "Dahil sa akin siya kumakapit,
ililigtas ko siya.
Dahil kinikilala niya ang aking pangalan,
ipagtatangkol ko siya."
15 Kapag siya'y tumawag, tutugon ako sa kanya.
Sumasakanya ako sa kapighatian, ililigtas ko siya at
bibigyang-dangal.
16 Pagkakalooban ko siya ng mahabang buhay
at ipakikita ko sa kanya ang aking pagliligtas."

## SALMO 92 (91)

**Tutubong parang palmera ang taong banal.** Sigla ng taong ang buhay ay sa katapatan nakasalalay. Nakita na niya ang pagbagsak ng maraming kayamanan at kaluwalhatian.

Sinabi ng martir na si San Policarpio sa mga humahatol sa kanya: "Paano ko maisusumpa si Kristo? Walumpung taon siyang laging mabuti sa akin." Ang mga santo ang nag-iiwan ng pinakatumatagal na impluwensiya sa kasaysayang pantao.

2 Mabuti ang magpasalamat sa Panginoon,
at umawit sa pangalan mo, O Kataas-taasan;
3 ang magpahayag sa umaga ng pag-ibig mo
at sa gabi pa ng katapatan mo
4 sa saliw ng sampung bagting at ng lira,
sa tugtugin ng alpa.

5 Pinaliligaya ako ng iyong mga gawa, Panginoon,
galak akong napapaawit sa gawa ng iyong mga
kamay.
6 Napakadakila ng mga gawa mo, Panginoon,
napakalalim ng iyong mga kaisipan!

7 Hindi iyon matatalos ng walang-muwang;
hindi mauunawaan ng hangal.
8 Kahit sumibol man ang tampalasan
at lumago tulad ng damo ang masasama,
mawawala sila magpasawalang hanggan.
9 Ngunit ikaw, Panginoon, ay dakila
magpakailanman.

10 Malilipol ang mga kaaway mo, Panginoon,
totoong ang mga kaaway mo ay malilipol.
Wawatak-watakin ang mga gumagawa ng masama.
11 Pinalalakas mo ako tulad ng toro
pinapahiran mo ako ng sariwang langis.
12 Nakikita ko na ang pagbagsak ng aking mga
kaaway
at nabalitaan ko na ang kanilang katapusan.

13 Lalagong parang palmera ang matuwid,
tutubong tulad ng sedro ng Lebanon.
14 Nakatanim sa bahay ng Panginoon,
sila'y mananagana sa mga patyo ng ating Diyos.
15 Mamumunga pa rin sila kahit na tumanda;
mananatili silang luntian at sariwa,
16 upang maipahayag: "Ang Diyos ay matuwid.
Siya ang aking Bato na walang kasamaan."

## SALMO 93 (92)

Naghahari ang Diyos sa pamamagitan ni Kristong muling nabuhay, na siya nang gumagabay sa mga puwersa ng kasaysayan.

Narito ang isa sa mga salmong nagpapahayag ng pagkahari ni Yawe (tingnan ang mga Salmo 95-96, 97, 98, 99): ipinagbubunyi siya bilang Maykapal ng sanlibutan. Pero huwag tayong magkamali; ang pangwakas na paghaharing ito sa buong kalupaan ay walang kinalaman sa "Kahariang" ipinahahayag ni Jesus, na narito na ngayon sa kasaysayang pantao.

**Naghahari ang Panginoong nadaramitan ng kadakilaan.**
Naghahari ang Diyos bilang maylikha ng sanlibutan.

1 Naghahari ang Panginoon, nararamtan ng
karilagan!
Siya'y nararamtan at nabibigkisan ng lakas.
Matatag na ang daigdig, di na matitinag.
2 Mula pa noon ang trono mo'y matibay nang itinayo
ikaw ay nagbuhat pa sa walang simula.

3 Tumaas ang mga ilog, O Panginoon;
nilakasan ng mga ilog ang kanilang dagundong;
nilakasan ng mga ilog ang kanilang paghampas.
4 Malakas kaysa dagundong ng malalaking tubig,
malakas pa kaysa mga daluyong sa dagat,
makapangyarihan ang Panginoon sa kaitaasan.
5 Matatag ang iyong mga kautusan.
Nararapat sa bahay mo ang kabanalan,
O Diyos, hanggang sa mga araw na walang
hanggan.

## SALMO 94 (93)

**Laban sa masasamang pinuno.** Naniniwala tayo sa pagtubos, maniwala rin tayo sa paghuhukom. Ngunit bago pa man ang anumang paghuhukom, ang Diyos ang siyang nangangalaga sa lahat.

1 O Diyos ng paghihiganti, O Diyos na
gumaganti, magpakita ka!
2 Bumangon ka, O Hukom ng daigdig!
Ibigay mo ang nararapat sa palalo!
3 Hanggang kailan, O Panginoon, hang-
gang kailan magmamataas ang tampala-
san?
4 Walang-galang sila kung magsalita,
ipinagmamalaki ang kanilang kabuktu-
tan.
5 Nilulupig nila ang bayan mo, O Pangi-
noon, pinahirapan nila ang iyong pa-
mana.
6 Kinakatay nila ang balo't dayuhan,
pinapatay nila ang mga ulila. 7 Anila: "Wa-
lang nakikita ang Panginoon; walang pa-
kialam ang Diyos ni Jacob."
8 Alamin ninyo ito, mga hangal! Kailan
pa kayo dudunong, mga walang isip sa
bayan?
9 Di ba makaririnig ang lumikha ng
tainga? Di ba makakakita ang bumuo ng
mata?
10 Siya na nagtutuwid sa mga bansa at
nagtuturo sa tao, hindi ba siya magpapa-
rusa?
11 Alam ng Panginoon ang iniisip ng tao.
Alam niyang sila'y walang kabuluhan.
12 Mapalad ang taong binibigyan mo ng
aral, Panginoon, ang tinuturuan mo ng
iyong Batas. 13 Binibigyan mo siya ng ka-
payapaan hanggang sa maigawa ng hu-
kay ang tampalasan.
14 Hindi itatakwil ng Panginoon ang
kanyang bayan. Hindi niya pababayaan
ang kanyang pamana.
15 Babalik sa Makatarungan ang pagha-
hatol at susunod sa kanya ang may matu-
wid na puso.
16 Sino'ng babangon sa akin laban sa
masasama? Sino'ng titindig para sa akin
laban sa nagsisigawa ng kabuktutan?
17 Kung hindi ako iniligtas ng Pangi-
noon, sana'y nakatira na ako sa libingan.
18 Tuwing nasasabi ko: "Nadudulas na
ang aking paa!" ang pag-ibig mo, Pangi-
noon, ang umaalalay sa akin.
19 Pag malaki na ang aking pagkaba-
lisa, pinasisigla ng iyong aliw ang kalu-
luwa ko.
20 Makapapanig ba sa iyo ang hukuman
ng kasamaan kung pagdurusa ang hatol
nito sa ngalan daw ng katarungan?
21 Sinasalakay nila ang buhay ng matu-
wid. Hinahatulan ang walang sala.
22 Ngunit ang Panginoon ang naging
muog ko, siya ang bato ko sa aking kan-
lungan.
23 Siya ang gaganti sa kanilang kasa-
maan; lilipulin niya sila sa kanilang ka-
buktutan. Malilipol sila ng Panginoong
ating Diyos.

## SALMO 95 (94)

94 **Halina't umawit tayo sa Panginoon.** Sa pagpupuri natin sa Diyos, maging handa tayong makinig sa kanyang mga salita at sikapin nating sumunod sa kanyang kalooban sa ating buhay sa araw-araw.

1 Halina't umawit tayo sa Panginoon,
ipagbunyi natin ang Bato ng ating kaligtasan.
2 Magsilapit tayo sa kanya nang may pasasalamat at
mga awit.
3 Sapagkat ang Panginoon ay dakilang Diyos,
ang Haring dakila sa lahat ng mga diyos.

Naaangkop dito ang panalangin ni P. Teilhard de Chardin:

*Sa malayo'y katatapos lamang sinagan ng araw ang malayong hangganan ng unang Silangan. Minsan pa'y muling nagigising ang buhay na balat ng lupa sa ilalim ng magalaw na buhos ng mga sinag nito, nanginginig at muling sinisimulan ang kahanga-hanga*

*niyang gawain. O Diyos ko, iaalay ko sa iyo ang inaasam na ani ng unang pagsisikap na ito. Ihaharap ko sa iyo sa aking kopa ang dagta ng lahat ng bungang dudurugin ngayon.*

*O Panginoon, dadalhin ko sa iyong harapan ang kaibuturan ng aking kaluluwa. Bukas na bukas ito sa lahat ng puwersang papailanlang sa isang iglap sa lahat ng dako ng daigdig at magtatagpong lahat sa Espiritu. Nang unang panahon, dinala sa iyong templo ang mga unang bunga ng ani at pinaka-magaganda sa mga kawan. Ang handog na talaga mong inaasahan, na kailangan mo sa lahat ng araw sa isang mahiwagang paraan para mawala ang iyong gutom, para mapawi ang iyong uhaw ay walang iba kundi ang pag-unlad ng mundong ibinubunsod ng pangkalahatang kaunlaran.*

Tanggapin mo, Panginoon, ang buong ostiyang ito na iniaalay sa iyo ng Sangkinapal sa bagong bukanliwayway, dahil sa pagiging kaakit-akit mo. Alam kong isang malaking pagkabulok lamang sa ganang sarili ang tinapay na aming pagsisikap. Ang alak na aming pighati ay tinunaw na inumin lamang. Ngunit sa kaibuturan ng walang kaayusang masang ito ay naglagay ka – sigurado ako sapagkat nararamdaman ko – ng di-mapigilan at nagpapabanal na pagnanasa na nagpapasigaw sa aming lahat mula sa masama hanggang sa matapat: "Panginoon, pag-isahin mo kami."

4 Nasa kamay niya ang kalaliman ng lupa,
sa kanya ang kataasan ng mga bundok.
5 Sa kanya ang dagat, pagkat siya ang may gawa nito,
at ang lupang hinubog ng kanyang kamay.

6 Halina't sumamba tayo; magsiyuko at lumuhod
sa harap ng Panginoong sa ati'y lumikha.
7 Siya ang ating Diyos
at tayo ang bayan ng kanyang pastulan,
ang kawan na kanyang pinangangalagaan.

Kung marinig ninyo ngayon ang tinig niya,
8 huwag patigasin ang inyong puso tulad sa Meriba,
tulad nang araw na iyon sa Massa sa disyerto,
9 nang subukin ako ng mga magulang ninyo.
Sinubok nila ako kahit nakita na nila ang aking gawa.

10 Apatnapung taon akong nagdamdam sa lahing iyon.
Kaya sinabi ko: "Sila'y isang bayang may pusong ligaw,
kayat ang daan ko'y lingid sa kanila."
11 Sa galit ko sumumpa ako:
"Hindi sila makapapasok sa pahingahan ko!"

## SALMO 96 (95)

Di gaano sa ningning ng sanlibutan nakasalalay ang lipunang pantao kundi sa katarungang lumuluwalhati sa Diyos: nagagalak ang sangnilikha sa pagtatatag ng Diyos ng kanyang kaharian sa piling natin. Oo, kagalakan ng sanlibutang hanggang sa panahong iyon ay winasak ng ating labis na ambisyon. Kagalakan ng mga bansang nadiskubre kung bakit sila umiiral.

Narito ang isang panalangin ng Gitnang Panahon: Naghahari si Kristo mula sa Krus.

*Sinabi ng magnanakaw: "Alalahanin mo ako, Panginoon, pagsapit mo sa iyong kaharian." Nakita ka niya sigurong nagbibigay ng paningin sa mga bulag o bumubuhay sa mga patay. Marahil ay hindi ka niya sinamba noon. Pero sinamba ka niya nang makita ka niyang nakabitin sa punungkahoy: "Alalahanin mo ako, Panginoon, pagsapit mo sa iyong kaharian." Ang hindi nakayang gawin ng iyong mga himala ay nagawa ng iyong krus. Sa krus ka niya mas tiyak at mas lubos na nakilala kaysa pangangaral at mga milagro. Kapangyarihan ng krus, tagumpay ng ipinako!*

**Mahal ng Diyos ang katarungan.**

1 Awitan ang Panginoon ng bagong awit
Awitan ang Panginoon, O sang kalupaan
2 Awitan ang Panginoon, purihin ang pangalan niya
Araw-araw ipahayag ang kanyang pagliligtas.

3 Ipahayag sa mga bansa ang kanyang luwalhati,
sa mga bayan ang kanyang mga himala.
4 Kay dakila ang Panginoon, marapat purihin,
higit sa lahat ng diyos, dapat katakutan.

5 Diyus-diyusan lamang ang mga diyos ng mga bansa
Ang Pangin oon ang gumawa s langit,
6 Nasa harap niya ang luwalhati at kadakilaan,
nasa kanyang kanlungan ang lakas at kagandahan.

7 Mag-alay sa Panginoon, kayong mga bayan,
mag-alay sa Panginoon ng luwalhati at lakas.
8 Ialay sa Panginoon ang luwalhati ng pangalan niya
Magdala ng mga alay! Tumuloy sa kanyang liwasan!

Napakabuting Panginoon, ano'ng sagot mo sa magnanakaw na sumasamo? "Ngayon di'y makakasama kita sa Paraiso."

9 Sambahin ang Panginoon sa ningning ng
kabanalan!
Mangatal sa harap niya, O buong sangkalupaan.
10 Sabihin sa mga bansa: "Naghahari ang Panginoon!"
Matatag na ang daigdig; di mo mayayanig.
Ginagawa niya sa mga bansa ang katarungan.

11 Magalak ang langit, magsaya ang lupa
magbunyi ang dagat at lahat ng nilalaman!
12 magdiwang ang bukirin at lahat ng bunga!
umawit naman sa tuwa ang mga puno ng gubat!

13 Sa harap ng Panginoon! Darating siya.
Darating siya upang maghukom sa lupa.
14 Makatarungan siyang huhukom sa mundo,
makatotohanan siya sa mga bansa.

## SALMO 97 (96)

**Naghahari ang Diyos at naglalaho ang mga diyus-diyusan.**
Tinatanglawan niya ang taong matuwid. Naghahari ang Diyos kay Kristong muling nabuhay.

Kalimitan, nahihirapan tayong makibahagi sa sigla at galak ng salmista na malinaw na nakikita ang mundong hinati sa mabubuti at masasama. Nakikita naman natin ang mundo na natatakpan ng ulap, na ang bawat isa'y may kanya-kanyang dahilan at bahagi sa kasamaan. Gayunpaman, pansamantala lamang ang kalituhang ito: may mabuting binhi at may damo, at pumupunta ang bawat isa sa mas gusto niya. Kinamumuhian ng Diyos ang kasamaan kung paanong minamahal niya ang kanyang sarili, at dapat wasakin ang anumang hindi makababalik sa Diyos.

1 Naghahari ang Panginoon, magsaya ang lupa!
Maggalakang malalayong kapuluan.
2 Ulap at kadiliman ang nakapaligid sa kanya;
katarungan at katwiran ang kinatatayuan ng
kanyang trono.
3 May apoy na nangunguna sa kanya,
upang lamunin ang kaaway niya sa paligid
4 Tinatanglawan ng kidlat niya ang daigdig;
nagmamasid ang lupa at nangangatal.
5 Parang pagkit, natutunaw ang mga bundok
sa harap ng Panginoon ng sangkalupaan.

6 Ipinahahayag ng langit ang kanyang katarungan.
at nakikita ng mga bansa ang kanyang kaluwalhatian.
7 diyus-diyosan, ang nagmamalaki ng walang
kahalagahan
Yumuko sa kanya, kayong lahat na mga diyos!

8 Naririnig ng Sion at nagdiriwang,
ang mga bayan ng Juda ay nagbubunyi
dahil sa iyong mga hatol, O Panginoon.
9 Sapagkat ikaw ang Kataas-taasan sa sanlibutan
higit na mataas kaysa lahat ng diyos.

10 Mahal ng Poon ang namumuhi sa kasamaan.
Iniingatan niya ang buhay ng mga tapat sa kanya
at inililigtas sila sa kamay ng masasama.

[11] May tanglaw na ilaw para sa matuwid,
may ligaya para sa tapat na puso
[12] Magsaya sa Panginoon, kayong mga matuwid
at purihin ninyo ang banal niyang pangalan!

## SALMO 98 (97)

**Umawit ng bagong awit sa Panginoon.** Nakita ng sangkatauhan ang daan tungo sa kanyang paglaya at kaligtasan:
– sa pagdating ni Kristong Diyos na naging tao,
– sa kanyang pagkabuhay.

[1] Awitan ang Panginoon ng bagong awit
pagkat gumawa siya ng mga himala.
Nagtagumpay ang kanyang kanang kamay,
ang banal na kamay niya.

[2] Ipinakita ng Panginoon ang kanyang pagliligtas,
inihayag ang kanyang katarungan sa mga bansa.
[3] Naaalaala niya ang pag-ibig niya't katapatan niya sa Israel.
Nakita ng buong sangkalupaan ang pagliligtas ng ating Diyos.

[4] Magpuri kayo, sangkalupaan! Magbunyi, umawit at tumugtog kayo!
[5] Tumugtog kayo sa Panginoon sa saliw ng alpa,
sa saliw ng alpa't sa tinig ng awitan,
[6] sa trumpeta at sa tunog ng tambuli:
magbunyi sa harap ng Haring Diyos!
[7] Magbunyi ang sagot at ng nilalaman,
ang daigdig at lahat ng tumatahan,
[8] Pumalakpak ang mga ilog,
umawit ang mga bundok.

[9] Sa harap ng Panginoon! Darating siya!
Darating siya upang maghukom sa lupa,
makatarungan siyang huhukom sa mundo,
tapat siya sa mga bansa.

## SALMO 99 (98)

**Banal ang Panginoon.**

[1] Naghahari ang Panginoon at nanga-
ngatal ang mga bansa. Nakaluklok siya
sa mga kerubin; nayayanig ang lupa.
[2] Dakila ang Panginoon sa Sion; nilu-
luwalhati siya sa lahat ng bansa.

[3] Pinupuri ang iyong dakila't kasindak-
sindak na Pangalan. Siya ay banal!

[4] Makapangyarihan ang hari; kataru-
ngan ang kanyang minamahal. Ikaw ang

**99.** Oo, siya'y banal! Tatlong beses lilitaw ang bulalas na ito sa salmo. Tingnan natin ang pangitain ni Isaias kung gusto nating malaman ang kahulugan ng salitang "banal." Ayon sa ilan, ang ibig sabihin nito'y: lubos na naiiba ang Diyos, nakabukod sa hindi "kanya," siya ang "lubos na iba." Gayon nga. Pero kailangang idagdag dito ang

nagtatag ng katarungan. Katarungan at katwiran ang ipinalagay mo kay Jacob.
5 Dakilain ang Panginoong ating Diyos. Sambahin siya sa tuntungan ng kanyang mga paa. Siya ay Banal!
6 Kabilang sina Moises at Aaron sa kanyang mga pari. Si Samuel ang tumawag sa Pangalan niya. Tumawag sila sa Panginoon at sila'y tinugon niya.
7 Kinausap niya sila sa haliging ulap. Tinupad nila ang kanyang mga batas at ang kautusang ipinagkaloob niya.
8 Panginoong aming Diyos, sinagot mo sila. Mapagpatawad kang Diyos sa kanila kahit pinarurusahan mo ang kanilang mga pagkakasala.
9 Dakilain ang Panginoong ating Diyos at sambahin siya sa kanyang banal na bundok, dahil sa banal ang Panginoong ating Diyos.

## SALMO 100 (99)

**Ipagbunyi ang Panginoon, sangkalupaan.** Awitan ng sangkalupaan ang Panginoon! Maglingkod sa Diyos nang buong sigla.

1 O sangkalupaan, ipagbunyi nang may galak ang Panginoon!
2 Maglingkod sa Diyos nang buong sigla. Humarap sa kanya nang may awit na masaya.
3 Kilalanin na ang Panginoon ay Diyos. Nilikha niya tayo at tayo ang kanyang bayan, ang kawan ng kanyang pastulan.
4 Pumasok sa kanyang mga pintuan nang may pasasalamat, sa kanyang mga liwasan nang may papuri. Magpasalamat sa kanya at magpuri sa kanyang pangalan!
5 Sapagkat mabuti ang Panginoon. Walang hanggan ang kanyang pag-ibig. Nananatili sa sali't saling lahi ang kanyang katapatan.

## SALMO 101 (100)

**Inuusisa ng hari ang kanyang konsiyensiya.** "Lalakad ako sa landas ng katarungan, kailan mo naman ako pupuntahan?" Sa simula ng kanyang trabaho sa araw-araw, balak ng mananampalataya na mamuhay ayon sa katotohanan at makibaka para sa katarungan, habang hinihintay ang pagdating ng Panginoon.

1 Kabutihan at katarungan ang awit ko sa iyo, Panginoon. Aawitan kita.
2 Susundin ko ang landas ng malinis ang puso, kailan mo ako sasalubungin? Taglay ko ang karangalan ng puso ko sa loob ng aking sambayanan,
3 Walang kasuklam-suklam ang maitatapat sa mga mata ko, kinasusuklaman ko ang gawi ng mga di-tapat, hindi nila ako maaakit.
4 Malayo sa akin ang suwail na puso, wala akong kinikilalang masama.
5 Sino man ang palihim na naninirangpuri sa kapwa'y patatahimikin ko, ang hambog at mayabang kung makatingin ay hindi ko mapagtitiisan.
6 Mga mata ko'y nakatuon sa mga tapat ng bayan, mamalagi sila sa akin. Maglilingkod sa akin ang lumalakas sa landas ng walang-sala.

---

kahulugan para sa atin ng salitang "mataas na boltahe": isang mahiwagang lakas na sumisira sa lahat ng makinarya, humihila sa lahat ng nasa paligid nito, at kumukuha ng mga kislap sa mga bagay na akala nati'y hindi aktibo, nagpapabagsak sa sinumang lumapit dito (2 S 6:7).

Ang kataas-taasang kabanalang ito ay may kagandahang nag-iiwan sa ating walang-imik sa pamamagitan ng pag-ibig na gumagapi sa ating panlalaban at nakasasakal na kabigatan. Hindi nito mapipigilan ang Diyos na ibigay nang buong-buo ang kanyang sarili sa atin sa walang-hanggang kasal. Ang tunay na takot sa Diyos, ang pagkabighani natin sa kanyang hiwaga (na isasabuhay natin magpasawalang-hanggan) ay walang kinalaman sa takot o pagsuway. Ngunit ang kasindak-sindak na mukha ng kamatayan – na kailangan para bumalik sa Diyos – ay nakatutulong sa ating kalkulahin ang agwat niya sa atin.

[7]Hindi makakatira sa tahanan ko ang
manlilinlang, hindi makakatayo sa harap
ko ang sinungaling.

[8]Uma-umaga'y sisiraan ko ang masasa-
ma sa lupa, tatangalin ko Lunsod ng Pangi-
noon ang lahat ng gumagawa ng masama.

**SALMO 102 (101)** **Panalangin ng nagdadalamhati.**

[2]Panginoon, dinggin ang aking pag-
daing. Umabot nawa sa iyo ang aking
sigaw.
[3]Sa araw na ako'y gipit, huwag mong
ilayo at itago sa akin ang mukha mo. Sa
araw na tawagin kita, makinig ka't tumu-
gon agad!
[4]Naglalahong usok ang mga araw ko.
Nauupos na uling ang mga buto ko.
[5]Nalalantang damo ang nanunuyo
kong puso. Nakakaligtaan ko na ang ku-
main, [6]dahil sa kakadaing ko. Halos bu-
to't balat na lang ako.
[7]Ako'y tila kuwago sa ilang, tulad ako
ng kuwago sa guho.
[8]Nagpupuyat at dumadaing ako, tulad
ng ibong nangungulila sa bubong.
[9]Maghapon akong inaalipusta ng mga
kaaway, isinusumpa ako ng mga may ga-
lit sa akin.
[10]Abo ang kinakain ko, naghalo ang
luha sa aking inumin, [11]dahil sa poot at
galit mo, inangat at ibinagsak mo ako.
[12]Anino sa gabi ang mga araw ko, at
ako, tulad ng damo'y nalalanta.
[13]Gayon pa man, Panginoon, magpa-
kailanman ka maghahari, maaalala ka sa
lahat ng sali't salin-lahi.
[14]Bumangon ka. Mahabag sa Sion. Pa-
nahon na upang ipamalas sa kaniya ang
iyong awa.
[15]Mga bato niya'y hinahangaan ng
mga lingkod mo, nahahabag sila sa kan-
yang alabok.
[16]Igagalang ng mga bansa ang iyong
pangalan, O Panginoon. Igagalang ng
mga hari ang luwalhati mo.

[17]Itatayo muli ng Panginoon ang Sion,
lilitaw siya sa kanyang luwalhati, [18]sasa-
gutin niya ang panalangin ng mga sawim-
palad, hindi niya tataggihan ang kanilang
panawagan.

[19]Itala ito para sa susunod na salinlahi,
magpupuri sa Diyos ang makabagong
bayan.

[20]Mula sa itaas ng sanktuwaryo niya,
tutunghay ang Panginoon, mula sa langit
pagmamasdan niya ang lupa,

[22]upang ipahayag sa Sion ang panga-
lan ng Panginoon at sa Jerusalem ang
kapurihan niya, [23]kapag nagtipon na ang
mga bansa't kaharian pa upang sambahin
ang Panginoon.

[24]Habang ako'y nasa daan nanghina
ako, umiikli ang mga araw ko.

[25]Sinabi ko: "Diyos ko, huwag mong
kunin ang buhay ko sa kalagitnaan nito;
samantalang sa iyo nama'y walang hang-
gan.

[26]Mula pa sa simula itinatag mo na ang
lupa. Gawa ng iyong mga kamay ang
kalangitan.

[27]Mawala man sila ikaw ay mananatili.
Maluluma silang lahat na tulad ng damit.
Tulad ng kasuotan papalitan mo sila at
itatabi. [28]Ngunit di ka magbabago; wa-
lang katapusan ang mga taon mo.

[29]Ang mga anak ng mga lingkod mo'y
maninirahang panatag. Mananatili mag-
pakailanman sa harap mo ang mga sup-
ling nila.

---

**102.** Dalawang tula ang pinagsama sa salmong ito: ang panalangin ng maysakit na pinabayaan at ang panalangin para sa muling pagtatayo ng Jerusalem.

Sinasabi ng b. 10: *Pagkain ko'y abo*, na ibig sabihi'y: Nag-aayuno ako, hindi kumakain ng tinapay at naglalagay ng abo sa buong katawan.

## SALMO 103 (102)

**Masaganang pagpapala ang ibinibigay sa iyo ng Panginoon.** Tinitingnan ng salmong ito ang Diyos, ang tao at ang awa ng Diyos para sa tao: mula sa tatlong ito isinisilang ang papuri.

1 Purihin ang Panginoon, O kaluluwa
ko. Purihin ng buong loob mo ang banal
niyang pangalan.

2 Purihin ang Panginoon, O kaluluwa
ko. Huwag mong kalimutan ang lahat ni-
yang kabutihan. 3 Siya ang nagpapatawad
ng lahat mong kasalanan, ang nagpapa-
galing sa iyong sakit, 4 ang humahango ng
buhay mo sa hukay, ang nagkokorona sa
iyo ng pagmamahal at habag 5 ang nag-
papabusog sa iyo habang buhay tulad ng
agila muli kang bumabata.

6 Makatarungan ang Panginoon, may
karapatan siya para sa api, 7 ibinatid niya
ang kanyang daan kay Moses, at sa bayan
ng Israel ang kanyang gawa.

8 Mapagmahal at mahabagin ang Pa-
nginoon, hindi madaling magalit at sa-
gana sa pag-ibig.

9 Hindi siya palaging nanunumbat,
hindi siya nagtatanim ng sama ng loob.

10 Hindi ayon sa kasalanan natin kung
makiugnay siya, hindi dahil sa pagkuku-
lang natin kung makitungo siya.

11 Kung gaano kalayo ang silangan sa
kanluran, gayundin kung pawiin niya sa
atin ang mga kasalanan natin.

13 Gaya ng isang ama na nagmamahal
sa anak, gayundin ang habag ng Pangi-
noon sa mga may takot sa kanya.

14 Batid niya kung papaano tayo binuo,
ginugunita niyang alabok tayo.

15 Ang tao, mga araw niya'y tulad ng
damo, tulad ng bulaklak sa parang, nala-
lanta, 16 naglalaho siya sa ihip ng hangin,
hindi na siya makikilala ng kinalalagyan
niya.

17 Ngunit ang pagmamahal ng Pangi-
noon ay magpasawalang-hanggan para
sa mga may takot sa kanya, ang kataru-
ngan niya'y para sa mga anak ng mga
anak nila, 18 para sa mga tumutugon ng
kanyang tipan at sa mga may alaala pang
sumunod sa mga utos niya.

19 Sa langit itinatag ng Panginoon ang
trono niya, kaharian niya'y naghahari sa
lahat.

20 Purihin ang Panginoon, o kayong
mga anghel, kayong malalakas na ba-
yani, kayong tumutugon ng salita niya,
kayong nakikinig sa wika niya.

21 Purihin ang Panginoon, kayong mga
hukbo niya, kayong mga lingkod niya,
kayong gumagawa ng kalooban niya.

22 Purihin ang Panginon, kayong nilikha
niya, kayong sinasakop niya. Purihin ang
Panginoon, O Kaluluwa ko.

---

**103.** Sa kanyang pinagmulan at pagiging marupok, ang tao ay "alabok". Nalalanta siyang parang damo sa bukid. Pero gawa rin siya ng Diyos at kanyang anak. Higit sa lahat ang Diyos ang Makapangyarihan sa lahat. Ngunit ang magmahal nang walang limitasyon at ang papagalabin ang apoy ng kanyang pag-ibig sa kanyang lagablab ang tunay niyang kadakilaan. Ang "mahabag at magpatawad" ay tanging sa Diyos lamang.

Isang simple pero napakagandang larawan ang ginagamit ng salmista hinggil dito: ang kalawakang naghihiwalay sa langit at lupa, sa silangan at kanluran. Mas inilalarawan nito hindi ang kalawakan ng kanyang pagkadiyos kundi ng kanyang maawaing pag-ibig.

Maraming bagay ang nadidiskubre ng Kristiyano sa salmong ito:

– Mapagbigay ang Diyos hindi lamang dahil alam niyang tayo'y "alabok", kundi gusto niya mismong maranasan ito sa pagiging tao niya at sa pagtitiis ng mga hirap, kamatayan, at pati na ng tukso.

– Nagkaroon ng nakikitang anyo ang kanyang pagpapatawad: ang krus ni Jesucristo na itinaas sa mundo at sa kasaysayan hanggang sa wakas ng panahon.

– Naging panghabampanahon at panlahat ang pakikipagtipan niya sa Israel.

– Higit pa sa inaasahan ng salmista ang mga biyayang dumating sa atin sa pamamagitan ni Kristo. Ihahatid tayo sa buhay na walang hanggan ng katotohanan ng Ebanghelyo at ng grasya ng katubusan.

Ang pamamalagi ng Iglesya, ang "ulap ng mga saksi" ni Jesucristo – kahapon at ngayon – at ang panghuli'y ang karanasan natin sa Diyos sa mismong buhay natin: ilan lamang ang mga ito sa mga dahilan ng ating pananampalataya at pag-asa sa Diyos at pagdiriwang ng kanyang dakilang luwalhati.

## SALMO 104 (103)

**Pinupuri ng sanlibutan ang lumikha sa kanya.** Pinagmamasdan ng sumasampalataya ang sanlibutang gawa ng Diyos at napupuspos siya ng paghanga at optimismo. Sa Diyos galing ang lahat, pero nilikha rin ang lahat para sa tao. At tinatapos ngayon ng Diyos ang kanyang paglikha sa pamamagitan ng paggawa ng tao at ningning ng kanyang mga saksi. "Isugo mo ang iyong Espiritung bumabago sa mukha ng lupa."

Hindi lamang sa Diyos galing ang lahat, kundi sa kanya rin ang lahat na nangungusap tungkol sa kanya. Mga atom, kalikasan, hugis at kulay, lahat ay singaw ng kanyang sariling yaman: ang liwanag ang *balabal* ng Diyos, ang mga ulap ang kanyang *karwahe,* ang langit ang kanyang *tolda* at nasa itaas nito ang kanyang *tahanan.* Ang kagandahan ng sanlibutan ay ang ulap na tumatakip sa kagandahan ng Diyos.

Bagamat meron tayo ngayong siyentipikong pananaw tungkol sa mundo, ang salmong ito na 2,500 taon na, ay may kabuluhan pa rin. Ang mundong kilala natin ay mas malawak, maraming sangkap at kamangha-mangha. Ngunit paano natin maiisip na binuo nito ang kanyang sarili o bunga ito ng isang aksidente?

Walang humpay na inaalalayan ng Diyos ang lahat ng nilalang, ang lahat ng hawak niya sa kanyang kamay. Ano kayang mangyayari sa kanila kung sa isang iglap ay bawiin niya ang kanyang Espiritu? Isipin natin ang nangyayari kapag may "brown-out": walang ilaw, walang kuryente, walang pagkilos: halos parang tumigil na sa paghinga ang mundo.

Ang optimismo nito ang isa pang katangian ng salmong ito. Mabuti ang lahat ng nilalang at may kaugnayan ang mga ito sa isa't isa sa maayos na paraan. Iniisa-isa ng salmista ang mga ito mula sa malalakas na puwersang pangkalawakan hanggang sa mga ibon, mababangis na hayop at mga isda. Humahanga siya at nagiging madamdamin. Ngunit higit sa lahat, may malalim na katangiang maka-tao ang salmong ito: nilikha ang lahat para sa tao.

"Hinubog ako ng Panginoon mula pa sa simula, mula pa sa umpisa, una pa sa lupa. Nang itinayo niya ang mga pundasyon ng lupa, nakaupo na ako sa kanyang tabi bilang arkitekto ng kanyang mga gawa. At ako ang kanyang kasiyahan araw-araw, na laging naglalaro sa harap niya. Ikinalugod kong libutin ang kanyang nilikha at nasiyahan ako sa mga anak ng tao." (Kas 8:23-31.)

1 Magpuri ka sa Panginoon, aking kaluluwa!
O Panginoon, aking Diyos, tunay na dakila ka.
Kamahalan at kaluwalhatian ang balabal mo.

2 Nababalot ng liwanag na waring isang damit,
inilatag mo ang kalangitan na waring isang tolda.
3 Nagtatayo ka ng bahay sa tubig na nasa itaas.
Ginagawa mong karwahe ang mga ulap,
at sumasakay ka sa mga pakpak ng hangin.
4 Ginagawa mong mga sugo ang hangin,
at tagapaglingkod mo ang apoy at lagablab.

5 Pinatatag mo ang lupa sa saligan nito
at di ito mayayanig kailanman.
6 Tinakpan mo ito't dinamtan ng karagatan,
at sa mga bundok nag-iipon ang tubig.

7 Sa iyong bulyaw nagsiagos sila,
Sa tunog ng iyong kulog nagsitakbo sila.
8 Umaahon sila mula sa mga bundok,
at bumababa sa mga lambak
tungo sa pook na itinalaga mo;
9 may hangganan sila na di malalampasan
di na nila muling matakpan ang lupa.

10 Sa lambak pinadaloy mo ang mga bukal,
sa pagitan ng mga bundok sila umaagos
11 upang makainom ang mga hayop sa parang
at mapawi ang uhaw ng mga asno.
12 Sa baybayin nila nagpupugad ang mga ibon
at sa mga sanga sila nagsisiawit.

13 Buhat sa luklukan mo'y dinidilig mo ang mga bundok
at ang lupa'y sagana sa bunga ng iyong gawa.
14 Pinatutubo mo ang damo para sa baka,
at ang halaman na itatanim ng tao
upang makakuha siya ng pagkain mula sa lupa,
15 alak na magpapasigla sa puso niya,
langis na magpapakinang sa kanyang mukha,
at tinapay na magpapalakas sa kanya.

16 Sagana sa dilig ang mga punungkahoy,
ang mga sedro ng Lebanon na kanyang itinanim.
17 Doon namumugad ang mga ibon,
namamahay ang tagak sa puno ng pino.
18 Sa kambing na mailap ang bundok na mataas,
sa kuneho naman ang mga talampas.

19 Ginawa mo ang buwan bilang tanda ng panahon;
talos ng araw ang oras ng paglubog niyon.
20 Pinasasapit mo ang dilim at gumagabi na.
Gumagala ang lahat ng hayop sa gubat –
21 mga leong umuungol sa paghahanap ng huli,
naghahanap ng pagkain sa Diyos.

22 Pagsikat ng araw ay nagsisibalik sila
at sa kanilang lungga humihiga.
23 Patuloy naman ang tao sa kanyang gawain,
nagtatrabaho hanggang sa gabi.

24 O kaydami ng mga gawa mo, Panginoon!
Sa karunungan mo nilalang ang mga iyon.
Ang lupa'y puno ng likha mo!

25 At ang malaki at malawak na dagat
ay naglalaman ng di mabilang na mga nabubuhay,
mga munti at malalaki.
26 Doon dumaraan ang mga barko,
at ang Leviatan na ginawa mo upang makalaro.
27 Silang lahat ay sa iyo umaasa
sa takdang panahon ng pagkain nila.
28 Kanilang tinitipon ang ibinibigay mo sa kanila.
Kapag binuksan mo ang iyong kamay,
napupuno sila ng mabubuting bagay.

29 Kapag itinago mo ang iyong mukha,
sila'y nawawala.
Kapag binawi mo ang hininga nila,
namamatay sila at bumabalik sa alabok.

30 Kapag sinugo mo ang iyong espiritu,
nalilikha sila at binabago mo ang mukha ng lupa.
31 Nawa'y mamalagi ang luwalhati ng Poon
at siya'y matuwa sa kanyang mga gawa!

32 kapag tumititig siya sa lupa ito'y nanginginig;
kapag hinihipo niya ang bundok, ito'y umuusok.
33 Aawit ako sa Panginoon sa buong buhay ko;
pupurihin ko ang Diyos habang ako'y nabubuhay.

34 Nawa'y kalugdan niya ang aking pagninilay-nilay
at ako'y magagalak sa Panginoon.
35 Nawa'y malipol sa lupa ang makasalanan
at mawala na ang mga masasama.
Magpuri sa Panginoon, aking kaluluwa!
Aleluya.

## SALMO 105 (104)

**Ang simula ng Sagradong Kasaysayan.** Puwedeng maging isang panalangin ang pag-alaala sa lumipas: Kung sinisikap nating makita ang gawa ng Diyos at magpasalamat sa kanya. Dito tinatalakay ang simula ng Israel, mula kay Abraham hanggang kay Moises. Propetiko ang lahat ng pangyayari at nagpapahayag ng mga kagandahang-loob ng Diyos na tinatamasa natin ngayon.

1 Magpasalamat sa Panginoon. Tumawag sa kanyang ngalan. Ipabatid sa mga bayan ang kanyang mga gawa.
2 Awitan siya! Awitan siya ng papuri! Ipahayag ang lahat niyang himala.
3 Magalak kayo sa banal niyang pangalan. Matuwa ang mga pusong humahanap sa Panginoon.
4 Umasa sa Panginoon at sa kanyang lakas; laging hanapin ang kanyang mukha.
5 Laging isaisip ang kahanga-hanga niyang gawa, ang kanyang mga himala at ang mga pahayag ng bibig niya.
6 O mga anak ni Abraham na kanyang lingkod, o mga anak ni Jacob na kanyang hinirang!
7 Siya ang Panginoong ating Diyos! Sa buong sangkalupaan nasusunod ang mga pahayag niya.
8 Magpakailanman niyang naaalaala ang kanyang tipan na pinaiiral niya sa
sanlibong salinlahi, 9 ang kasunduan niya kay Abraham, at ang kanyang pangako kay Jacob.
10 Pinagtibay niya ito sa Jacob bilang kautusan, sa Israel bilang walang-hanggang tipan
11 nang sabihin niya: "Sa iyo ko ibibigay ang lupa ng Kanaan na nakatakdang pamana ninyo."
12 Noong iilan pa lamang sila, talagang
kakaunti sila at mga dayuhan, 13 pagala-
gala sa mga bansa, palipat-lipat ng kaharia't bayan. 14 Hindi niya sila hinayaang
maapi ninuman. Dahil sa kanila'y nagbabala siya sa mga hari:
15 "Huwag ninyong gagalawin ang aking mga pinagpala, huwag sasaktan ang aking mga propeta."
16 Nagpadala siya ng taggutom sa lupain at sinira ang lahat ng panustos na
pagkain. 17 Nagpadala siya ng taong pinauna sa kanila, si Jose na ipinagbili bilang isang alipin.
18 Nilagyan nila ng kadena ang kanyang mga paa, at sa bakal iniakma ang
kanyang leeg, 19 hanggang sa naganap ang kanyang hula at pinangatwiranan siya ng salita ng Panginoon.
20 Ipinatawag siya at pinalaya ng hari,
ang namumuno sa mga bansa. 21 Ginawa siyang panginoon ng kanyang sambahayan at tagapamahala ng lahat niyang ari-
arian. 22 Ginawa siyang tagapagsanay ng mga prinsipe at guro ng karunungan sa mga matatanda.
23 Pagkaraa'y dumating ang Israel sa Ehipto. Nanirahan si Jacob bilang da-
yuhan sa lupain ni Kam. 24 Pinarami ng Diyos ang kanyang bayan at pinalakas
higit pa sa kanilang mga kaaway. 25 Pina-
panibugho naman niya ang mga ito kaya't nagbalak sila ng masama laban sa kanyang mga lingkod.
26 Sinugo niya si Moises na kanyang lingkod at si Aaron na kanyang hinirang.

27 Upang gawin nila ang mga tanda at
himala sa lupain ni Kam.
28 Ipinadala niya ang pusikit at naging
madilim, ngunit naghimagsik sila laban sa
kanyang salita.
29 Ginawa niyang dugo ang kanilang
tubig, at namatay ang kanilang mga isda.
30 Lumaganap sa lupain nila ang mga
palaka, na nagsipasok pati sa mga silid ng
hari.
31 Nagwika siya at nagsidating ang mga
langaw, napuno ng kuto ang buong lu-
pain.
32 Sa halip na ulan, binagsakan niya sila
ng yelo kasama ng nagsisiliyab na kidlat
sa buong lupain.
33 Sinira niya ang mga ubas at igos at
dinurog ang mga punungkahoy sa kani-
lang paligid.
34 Nagsalita siya at nagsirating ang di-
mabilang na mga balang at mga lukton
35 na lumamon sa lahat ng pananim at
bunga sa kanilang lupa't bukirin. 36 Kasu-
nod niyon ay pinatay niya ang mga pa-
nganay sa buong lupain, ang mga unang
bunga ng kanilang pagkalalaki.
37 Inilabas sila na dala ang ginto at pi-
lak. Wala ni isa man sa kanilang lipi ang
nanghina.
38 Takot sa kanila ang Ehipto, kayat
ikinatuwa nito ang kanilang paglisan.
39 Inilatag niya ang ulap na waring kur-
tina at ang apoy na nagbigay-liwanag sa
gabi.
40 Sa kanilang hiling pinadalhan sila ng
mga pugo at binusog sila ng tinapay mula
sa langit.
41 Biniyak niya ang bato at umagos ang
tubig na parang ilog sa disyerto.
42 Sapagkat naalaala niya ang kanyang
banal na pangako kay Abraham na ling-
kod niya.
43 Pinalabas niya ang kanyang hinirang
na bayan nang may kasiyahan at masi-
siglang hiyawan.
44 Ibinigay niya sa kanila ang lupain ng
mga bansa. Ipinamana sa kanila ang bu-
nga ng pinagpaguran ng ibang mga ba-
yan.
45 Subalit dapat nilang tuparin ang mga
kautusan niya at sundin ang mga batas
niya. Aleluya!

## SALMO 106 (105)

**Isa pang sulyap sa kasaysayan ng Israel.** Tulad ng Salmo 78, pinaghahambing dito ang awa ng Diyos at ang paghihimagsik ng Israel. Nagpaparusa ang Diyos pero lagi niyang ibinibigay na muli ang kanyang grasya.

1 *Aleluya*! Magpasalamat sa Panginoon pag-
kat siya'y mabuti, pagkat magpasawalang-
hanggan ang kanyang pag-ibig.
2 Sino ang makabibilang ng mga dakilang
gawa ng Panginoon o makapagpapahayag ng
lahat niyang kapurihan?
3 Mapalad ang tumutupad ng katarungan at
gumagawa ng katwiran sa lahat ng panahon.
4 Alalahanin mo ako, Panginoon, kapag tina-
tangkilik mo ang iyong bayan. Tulungan mo ako
pag inililigtas mo sila, 5 upang maranasan ko
ang kasaganaan ng iyong mga hinirang, upang
makipagbunyi ako sa galak ng iyong bayan, at
upang magpuri kasama ng iyong pamana.
6 Nagkasala kami tulad ng aming mga ni-
nuno. Gumawa kami ng mali at buktot.
7 Noong nasa Ehipto pa ang aming mga
magulang, hindi nila isinaalang-alang ang iyong
mga himala, hindi nila ginunita ang kasaganaan
ng iyong pag-ibig. Naghimagsik sila sa Kataas-
taasan doon sa Dagat ng mga Tambo.
8 Gayunma'y iniligtas niya sila alang-alang
sa kanyang pangalan, upang maipakilala ang
kanyang kapangyarihan.
9 Sa kanyang pananakot ay natuyo ang
dagat, at parang sa ilang sila tumawid.
10 Iniligtas niya sila sa kamay ng may-poot;
tinubos sila mula sa kamay ng kaaway.
11 Nilamon ng tubig ang mga kaaway nila, at
kahit isa'y walang nabuhay.
12 Noon sila naniwala sa kanyang mga pa-
ngako. Nagsiawit sila ng papuri sa kanya.
13 Ngunit agad naman nilang nalimot ang

mga ginawa niya. Hindi na hinintay pa ang
kanyang bilin.
14 Nagpatangay sila sa kasabikan at tinukso
ang Diyos sa ilang.
15 Ibinigay niya ang kanilang nais, at sinun-
dan ng nakabubulok na salot.
16 Nainggit sila kay Moises na nasa kam-
pamento, at kay Aaron, ang banal ng Pangi-
noon.
17 Kaya't bumuka ang lupa at nilunok si
Dathan at nalibing ang kasamahan ni Abiram.
18 Lumiyab ang apoy laban sa mga kasamahan;
inubos ng apoy ang mga tampalasan.
19 Gumawa sila ng baka-bakahan sa Horeb at
sinamba ang hinubog na imahen.
20 Ipinagpalit nila ang luwalhati ng Diyos sa
larawan ng torong kumakain ng damo.
21 Nilimot nila ang Diyos, ang kanilang taga-
pagligtas, ang may likha ng mga himala sa
Ehipto, 22 ng mga hiwaga sa lupain ng Kam, at
ng mga kilabot na gawa sa Dagat ng Tambo.
23 Ipinasya na niyang puksain sana sila, kundi
lang si Moises, ang hinirang niya, ay humarap sa
kanya upang awatin siya sa binabalak.
24 Ngunit hinamak nila ang mabuting lupain.
Hindi na sila nanalig sa kanyang salita.
25 Nagsibulungan sila sa kanilang kulandong,
at hindi tumalima sa tinig ng Panginoon.
26 Kayat itinaas niya ang kanyang kamay
upang ibagsak sila sa disyerto, 27 ikinalat ang
lahi nila sa mga bansa at iniligaw sila sa balat ng
lupa.
28 Sumali sila sa pagsamba sa Baal-Peor at
kumain ng mga hain sa mga diyos na patay.
29 Ginalit nila ang Panginoon sa kanilang mga
gawa kayat dinapuan sila ng salot.
30 Tumindig tuloy si Pinehas at namagitan
siya. Tumigil ang salot.
31 Dahil dito kinikilala siyang matuwid sa mga
sali't saling lahi magpakailanman.
32 Ginalit nila ang Panginoon dahil sa tubig ng
Meriba at nanlumo si Moises dahil sa kanila.
33 Sinaktan nila ang kanyang kalooban at naka-
pagsalita siya nang walang pakundangan.
34 Hindi nila pinuksa ang mga bansa tulad ng
ipinag-utos sa kanila ng Panginoon. 35 Sa halip
ay nakisalamuha sila sa iba't ibang lipi at natu-
tunan nila ang kanilang mga kaugalian.
36 Naging bitag sa kanila ang paglilingkod sa
mga diyus-diyusan nito. 37 Inihandog nila sa
mga demonyo ang kanilang mga anak. 38 Pina-
daloy nila ang dugo ng mga walang malay, ang
dugo ng kanilang mga anak na inialay sa mga
diyus-diyusan ng Kanaan. At nadungisan ang
lupain dahil sa dugong dumanak. 39 Naging ma-
rumi sila dahil sa kanilang mga ginawa. Pina-
sama sila ng kanilang mga gawa.
40 Kaya nga't sumiklab ang galit ng Pangi-
noon laban sa kanyang bayan. Kinasuklaman
niya ang kanyang pamana.
41 Ibinigay niya sila sa kamay ng mga ban-
sang namahala sa kanila.
42 Inapi sila ng kanilang mga kalaban; naging
aba sila sa kanilang kapangyarihan.
43 Maraming ulit niyang iniligtas sila ngunit
nagpatuloy sila sa kanilang hangarin, at lumu-
bog sila nang lumubog sa kanilang kasalanan.
44 Gayunma'y batid niya ang kanilang pag-
daing kapag naririnig niya ang kanilang pana-
wagan.
45 Ginunita niya ang kanyang tipan sa kanila
at naglubag ang kanyang kalooban dahil sa laki
ng kanyang pag-ibig.
46 Niloob niyang kahabagan sila ng lahat ng
bumihag sa kanila.
47 Iligtas mo kami, Panginoon naming Diyos.
Tipunin mo kami buhat sa mga bansa upang
magpasalamat kami sa banal mong pangalan at
luwalhatiin namin ang iyong kapurihan.
48 *Purihin ang Panginoon, Diyos ng Israel,*
*mula sa simula pahanggang walang hanggan.*
*Nawa'y sabihin ng lahat ng mga bayan: "Amen!*
*Aleluya!"*

## SALMO 107 (106)

**Ikatlong sulyap sa kasaysayan ng Israel.** Tulad ng dalawang naunang salmo, ginugunita nito ang lumipas. At may isa pang aral na inilalahad nito: pinakikinggan sila ng Panginoon sa tuwing tatawag sila sa kanya. *Magpasalamat dahil sa kanyang pag-ibig sa mga anak ng tao.*

1 "Purihin ang Panginoon, sapagkat siya'y
mabuti, sapagkat magpasawalanghanggan ang
pag-ibig niya."

2 Nawa'y sabihin iyon ng mga tinubos ng
Panginoon, ang mga tinubos niya mula sa
kamay ng kaaway, na kanyang tinipon mula sa
mga lupain, mula sa silangan hanggang kanlu-
ran, mula sa hilaga hanggang timog.
4 May naligaw sa mapanglaw na ilang; hindi
sila makatagpo ng daan patungo sa lunsod na
tatahanan.

5 Gutom at uhaw, unti-unting pumapanaw
ang buhay sa kanila.
6 Tumawag sila sa Panginoon sa hirap at
iniligtas sila sa kanilang pamimighati.
7 Ginabayan niya sila sa matuwid na daan
patungo sa lunsod na kanilang tatahanan.
8 Magpasalamat sila sa Panginoon dahil sa
kanyang pag-ibig at sa mga kahanga-hangang
gawa niya sa mga anak ng tao.
9 Pinapawi nga niya ang uhaw sa lalamunan
at gutom sa sikmura.
10 May nakatira sa dilim at sa matinding ka-
lungkutan, mga bihag ng dusa at mga kadenang
bakal 11 dahil sa naghimagsik sila sa mga salita
ng Diyos at hinamak ang payo ng Kataas-taasan.
12 Kayat pinarusahan niya ang kanilang puso;
nangabuwal sila't walang umalalay.
13 Tumawag sila sa Panginoon sa kanilang
hirap at iniligtas niya sila sa kanilang pami-
mighati.
14 Hinango sila sa makapal na dilim at nilagot
ang kanilang gapos.
15 Magpasalamat sila sa Panginoon dahil sa
kanyang pag-ibig at sa mga kahanga-hangang
gawa niya sa mga anak ng tao.
16 Sapagkat winawasak niya ang mga tansong
pintuan at dinudurog ang mga rehas na bakal.
17 May nabaliw dahil sa kanilang paghihimag-
sik; naratay sila dahil sa kanilang kabuktutan.
18 Tinanggihan nila ang lahat ng pagkain at
hinipo ang mga pintuan ng kamatayan.
19 Tumawag sila sa Panginoon sa kanilang hi-
rap at iniligtas niya sila sa kanilang pamimighati.
20 Sinugo niya ang kanyang salita at sila'y
pinagaling. Hinango sila mula sa libingan.
21 Magpasalamat sila sa Panginoon dahil sa
kanyang kabutihan at sa mga kahanga-ha-
ngang gawa niya sa mga anak ng tao.
22 Maghandog sila ng mga hain ng pasasala-
mat. Ipahayag nila sa masiglang awit ang kan-
yang mga gawa.
23 May mga lumayag sa mga sasakyang pan-
dagat upang mangalakal sa malalawak na tubig.
24 Nasaksihan nila ang mga gawa ng Panginoon,
ang mga kababalaghan niya sa kalaliman.
25 Nagsalita siya't may bumangong bagyo.
Nagtaasan ang mga alon,
26 humagis na paitaas, paibabang bumulu-
sok; nalusaw ang kaluluwa nila sa gitna ng
panganib. 27 Para silang lasing na pasunga-
sungaba; naglaho na ang lahat nilang kaalaman.
28 Tumawag sila sa Panginoon sa kanilang
hirap at iniligtas sila sa kanilang pamimighati.
29 Pinatigil niya ang unos at tumahimik ang
mga alon.
30 Galak na galak sila nang pumayapa ang
lahat. Inihatid niya sila sa kanlungang kanilang
patutunguhan.
31 Magpasalamat sila sa Panginoon dahil sa
kanyang kabutihan at sa mga kahanga-ha-
ngang gawa niya sa mga anak ng tao.
32 Ipagbunyi nila siya sa pagpupulong ng
bayan; magpuri sila sa kanya sa pagtitipon ng
mga matatanda.
33 Ginagawa niyang ilang ang mga ilog at
lupang tigang ang mga bukal ng tubig, 34 maalat
na lupa ang lambak na mabunga dahil sa kasa-
maan ng namamayan doon.
35 Ginagawa rin niyang lawa ng tubig ang
ilang at batis ng tubig ang lupang tigang.
36 Doon niya dinadala ang mga nagugutom at
nagtatayo sila roon ng lunsod na matitirhan,
37 naghahasik sila sa mga bukid at nagtata-
nim sa mga ubasan na namumunga nang ma-
sagana.
38 Sila'y pinagpala niya at dumami. Hindi niya
hinayaang umunti ang kanilang kawan.
39 Subalit nangaunti sila dahil sa pagkaapi,
pighati at lungkot.
40 Binuntunan niya ng poot ang mga prinsipe
at pinalayas sila sa ilang na walang baybayin.
41 Inalis naman niya sa kahirapan ang nanga-
ngailangan at pinaraming tulad ng malaking
kawan.
42 Nasasaksihan ito ng matutuwid at nagaga-
lak, ngunit sinumang tampalasa'y nanana-
himik.
43 Ang sinumang may dunong, unawain niya
ito at pahalagahan ang kabutihan ng Panginoon.

## SALMO 108 (107)

**Awit ng tagumpay.** Pinagsasama ng salmong ito ang isang bahagi ng Salmo 57 at ng Salmo 60.

2 Ang puso ko'y handa, O Diyos, handa ang
puso ko; aawit at magpupuri ako.
3 Gising na, alpa at lira. Gigisingin ko ang
bukanliwayway.
4 Pasasalamatan kita sa piling ng mga bansa,
O Panginoon. Aawitan kita ng papuri sa piling ng
sangkatauhan,
5 sapagkat abot-langit ang iyong pag-ibig
at hanggang sa alapaap ang iyong katapa-
tan.
6 Purihin ka sa ibabaw ng kalangitan, O
Diyos, nangingibabaw sa kalupaan ang luwal-
hati mo.
7 Upang mailigtas ang mga minamahal mo,

bigyan kami ng saklolo ng iyong kanang kamay
at tulungan kami.
8 Nagsalita ang Diyos sa kanyang luklukan:
"Magtatagumpay ako! Hahatiin ko ang Sikem;
ipamamahagi ko ang lambak ng Sukot.
9 Akin ang Galaad, akin ang Manases. Aking
helmet ang Efraim; aking setro ang Juda.
10 Moab naman ang magiging hugasan ko; sa
Edom ko ihahagis ang aking sandalyas; sa
Pilistia'y isinigaw ko ang tagumpay.
11 Sino'ng maghahatid sa akin sa nakukuta-
ang? Sino'ng gagabay sa akin patungong Edom?
12 Hindi ba ikaw ang nagtakwil sa amin, O
Diyos, at hindi ka na sumasabay sa aming
hukbo?
13 Tulungan mo kami laban sa kaaway, sa-
pagkat walang kabuluhan ang tulong ng tao.
14 Kasama ng Diyos, tatamuhin namin ang
tagumpay. Siya ang yayapak sa aming mga
kaaway.

## SALMO 109 (108)

**Huwag mo silang kaawaan.** Pinaratangan at siniraang-puri ang taong nangungusap ng pakikipagkaibigan lamang. Humihingi siya ng katarungan sa Diyos na nananatiling nasa panig ng mga pobre. Hindi magpapakita ng awa ang Diyos sa mga may pusong walang-awa.

1 Huwag kang manahimik, O Diyos na aking
pinupuri. 2 May nagbubuka ng bibig laban sa
akin. Kinakausap nila ako nang may kasinu-
ngalingan sa dila.
3 Niligid nila ako ng mga salitang namumuhi.
Inaalimura nila ako nang walang kadahi-dahilan.
4 Kapalit ng pakikisama pinaratangan nila
ako. Pagdarasal na lamang ang magagawa ko.
5 Ginagantihan nila ng masama ang kabu-
tihan ko, ng pagkamuhi ang aking pag-ibig.
6 Magtalaga ka ng buktot na uusig sa kanya at
tumindig ang tagapagsakdal sa gawing kanan
niya.
7 Sa paglitis sa kanya, nawa'y mahatulan siya
na makasalanan at ang kanyang pagsamo ay
ibilang na kasalanan.
8 Nawa'y umikli ang mga araw niya at ma-
kuha ng iba ang tungkulin niya.
9 Nawa'y ang mga anak niya'y maging ulila
sa ama at ang kanyang asawa, balo.

10 Nawa'y gumala sa pagpapalimos
ang kanyang mga supling at itaboy sa
giba-gibang bahay.
11 Nawa'y samsamin ng pinagkakauta-
ngan ang lahat niyang ari-arian at agawin
ng mga dayuhan ang bunga ng kanyang
pinaghirapan.
12 Nawa'y walang magpakita ng kagan-
dahang-loob sa kanya, ni magdalang-
habag sa kanyang inulila.
13 Nawa'y maputol ang kanyang lahi, at
sa susunod na salinlahi ay mapawi ang
pangalan niya.
14 Nawa'y magunita ang kasamaan ng
mga ninuno niya sa harap ng Panginoon,
at ang kasalanan ng ina niya'y huwag
nang mabura pa.
15 Nawa'y ang lahat ng iyon ay laging
nasa harap ng Panginoon hanggang sa
mapawi sa lupa ang alaala sa kanila.
16 Sapagkat hindi siya nagmagandang-
loob, kundi inusig ang dukha, ang nagda-
rahop at namimighati hanggang sa kama-
tayan.
17 Mahilig siyang manumpa sa kapwa,
hayaang siya naman ang sumpain. Hindi
siya natutuwa sa pagpapala. Mapalayo
nawa ito sa kanya.
18 Isinusuot niya ang pagsumpa gaya
ng balabal. Tumiim na itong parang tubig
sa katawan niya, parang langis sa kan-
yang mga buto.
19 Nawa'y parang kasuotan itong ibina-
balot sa kanya, tila bigkis na laging naka-
pulupot sa kanya.
20 Ganito nawa ang kabayaran ng Pa-
nginoon sa umuusig sa akin at sa naninira
laban sa akin.

---

**109**. Ito marahil ang salmong pinaka-nakakaiskandalo sa mga Kristiyano, palibhasa'y mga edukado tayo. Pinagtangkaan nang palitan ang pagsasalin (sa halip na sumpa, ang mga berso 6-20 ay magiging magandang-loob na pagsasabi kung ano ang mangyayari sa gumagawa ng masama). Inalis na ito sa breviary. Pero kanino bang kasalanan ito, kung ito'y bahagi ng Biblia at ng salita ng Diyos? Hindi pa natin nararating ang bagong panahon ng Ebanghelyo (sa mga Kristiyanong bansa, patuloy pa rin tayong nagpapatayan "sa magandang paraan") at tiyak na wala pang nakaaabot dito. Lahat sila'y may karapatang manalangin. Ang mga sumpang ito'y malakas na pagtawag sa katarungan ng Diyos na nakakaunawa sa kanila at – oo, riya rin – marunong manumpa.

[21] Subalit ikaw, O Panginoon, pakitu-
nguhan mo ako alang-alang sa iyong pa-
ngalan. Dahil sa mabuti mong pag-ibig,
iligtas mo ako.
[22] Sapagkat ako'y dukha at sawimpa-
lad. Sugatan ang aking puso sa loob ko.
[23] Unti-unti akong naglalaho tulad ng
anino. Pinalis akong parang balang.
[24] Nangangatog ang tuhod ko sa pag-
aayuno. Ang katawan ko ay napipipis na.
[25] At ako, ako ay paglibak sa kanila.
Nag-iiling sila ng kanilang ulo sa pagka-
kita sa akin.
[26] Tulungan mo ako, Panginoon kong
Diyos. Iligtas mo ako ayon sa iyong pag-
ibig.
[27] Ipaalam mo sa kanila na ito ang ka-
may mo, at ikaw, O Panginoon, ang gu-
magawa nito.
[28] Manumpa man sila, ikaw nama'y
magpapala. Lumusob man sila, sila rin ay
mapapahiya. Ngunit ang lingkod mo ay
magagalak.
[29] Suotan mo ng kawalang-dangal ang
mga nagpaparatang sa akin. Balutan sila
ng kanilang kahihiyan tulad ng balabal.
[30] Lubos kong dadakilain ang Pangi-
noon; sa gitna ng madla pupurihin ko siya.
[31] Sapagkat nakatayo siya sa kanan ng
dukha upang iligtas siya sa mga huma-
hatol sa kanya.

## SALMO 110 (109)

**Sabi ng Panginoon sa aking Panginoon.** Ang tagumpay ni Jesucristong Anak ng Diyos ang pangunahing puwersang naghahari sa patutunguhan ng sangkatauhan, ng mundo at ng kasaysayan. Naging tao siya para ilapit tayo sa kanya at ibahagi sa atin ang kanyang walang hanggang luwalhati.

*Sabi ng Panginoon sa aking Panginoon.* Kung minsa'y nadarama natin na nakakulong tayo sa mga problema ng buhay na parang nasa bilangguan. Ang maikling salmong ito ay parang kidlat na nagbibigay-liwanag sa bilangguan at ipinapakita sa atin ang di-inaasahang labasan papunta sa itaas.

Sa kabila ng mga malabong pananalita – dala ng katandaan ng mga ito – napakalinaw pa rin ang pangkalahatang kahulugan nito: gaya ng ipinahahayag sa mga palabang talata 5-6, may darating na tao mula sa Sion na matagumpay na lulupig sa lahat ng puwersa ng kaaway. Magiging mahirap ang laban, kakailanganing uminom siya ng tubig mula sa malakas na agos, tiyak na ito'y pagtukoy sa Hukom 7:4 – ang mga mandirigmang hindi maigugupo ng mga pagsubok. Magiging matindi ang labanan, ngunit sa wakas, pauupuin siya ng Diyos sa kanyang kanan at ipaiilalim sa kanya ang lahat.

Si "Melkisedek" ang mahiwagang tao sa Genesis (14:18) – na ang mga ninuno ay hindi binanggit – ngunit pinaghandugan ni Abraham ng ikapu ng kanyang nasamsam. Si Melkisedek na hari at pari ay si Kristo na (Heb 7).

Parang "abakada" ang salmong ito, na ibig sabihi'y sinisimulan ng dalawampu't dalawang letra ng abakadang Hebreo (ayon sa pagkakasunud-sunod nito) ang dalawampu't dalawang berso. Sa ganitong kaayusan nasusulat ang iba pang mga salmo (halimbawa: 34; 37; 119).

[1] Sabi ng Panginoon sa aking Panginoon:
"Maupo ka sa kanan ko
at ang iyong mga kaaway
ay aking gagawing tuntungan mo."
[2] Palalawakin ng Panginoon mula sa Sion
ang sagisag ng iyong kapangyarihan.
Maghari ka sa gitna ng iyong mga kaaway!

[3] Sa iyo ang pagkahari at banal na karangalan
sa araw ng iyong kapanganakan.
Buhat sa sinapupunan bago magbukanliwayway
parang hamog, ika'y aking iniluwal.

[4] Isinumpa ng Panginoon
na hindi niya babaguhin ang kanyang salita:
"Ikaw ay pari magpakailanman
ayon sa pagkapari ni Melkisedek."

[5] Nasa kanan mo ang Panginoon;
dudurugin niya ang mga hari
sa araw ng kapootan niya.
[6] Huhukuman niya ang mga bansa,
ibubunton ang mga bangkay
at luluraying ang mga bungo sa sangkalupaan.
[7] Sa batis sa tabi ng daan iinom siya,
at dito iaangat niya ang kanyang ulo.

## SALMO 111 (110)

**Ang Diyos ang lumilikha, nagliligtas at pumapatnubay sa atin.**

1 *Aleluya*!
Pasasalamatan ko ang Panginoon nang buong
puso
sa pagtitipon at kapulungan ng mga matutuwid.

2 Dakila ang mga gawa ng Panginoon;
napalilimi sa lahat ng nalulugod.
3 Marangal at dakila ang kanyang mga gawa;
mananatili ang kanyang katarungan.
4 Iniutos niyang maalaala ang mga himala niya;
mapagbigay at mahabagin ang Panginoon.

5 Pinakakain niya ang mga may takot sa kanya;
laging nasa isip niya ang kanyang tipan.
6 Ipinakita niya sa kanyang bayan
ang gawa ng kanyang kapangyarihan;
binigyan niya ng lupain ang mga bansa.

7 Matapat at makatarungan ang mga gawa niya;
mapagtitiwalaan ang lahat ng kanyang utos,
8 matatag at panghabampanahon,
matutupad nang matapat at makatwiran.

9 Ibinigay niya ang pantubos sa kanyang bayan,
pinagtibay niya magpakailanman ang kanyang tipan;
banat at kasindak-sindak ang kanyang Pangalan.
10 Ang takot sa Panginoon ay simula ng karunungan.
Tuwid ang pang-unawa ng mga sumusunod dito.
Kanya ang pagpupuring walang hanggan!

## SALMO 112 (111)

**Papuri sa matuwid.** Tulad ng nauna, parang abakada rin ang salmong ito. Parehong mga salita ang ginagamit nito, pero ngayo'y para papurihan ang taong matuwid na larawan ng Diyos.

Parang "abakada" ang salmong ito, na ibig sabihi'y sinisimulan ng dalawampu't dalawang letra ng abakadang Hebreo (ayon sa pagkakasunud-sunod nito) ang dalawampu't dalawang berso. Sa ganitong kaayusan nasusulat ang iba pang mga salmo (halimbawa: 34; 37; 119).

1 *Aleluya*!
Mapalad ang taong may takot sa Panginoon
at nalulugod sa kanyang salita.
2 Magiging malakas sa lupa ang kanyang lahi.
Pagpapalain ang salinlahi ng matutuwid.

3 May kasaganaan at kayamanan ang bahay niya;
mananatili ang kanyang katarungan.
4 Gumuguhit sa karimlan ang liwanag para sa
matutuwid –
sa mabuti, mahabagin at makatarungan.

5 Pagpapalain ang taong mapagbigay at
nagpapahiram,
na makatarungan sa gawain,
6 sapagkat hinding-hindi siya matitinag.
Laging maaalaala ang matuwid.

7 Hindi siya matatakot sa balitang masama.
Matatag ang kanyang puso na nananalig sa
Panginoon,
8 tiwasay ang kanyang puso, hindi siya takot
hanggang madaig niya ang mga kaaway.

9 Maluwag siya kung nagbibigay sa mga dukha;
hindi nawawala ang mabuting paggawa niya,
natatampok siya nang may luwalhati.
10 Pag nakita ito ng buktot, magagalit siya
sa inggit, at magngangalit ang kanyang ngipin.
Hindi nakakamit ang hangad ng masama.

## SALMO 113 (112)

**Kayong mga dukha at aba, purihin ninyo ang Panginoon!**
Ang ikinaiiba ng Diyos sa mga tao – gaano man sila kadakila – ay hindi lamang ang napakalaking gawa ng kanyang Paglikha kundi ang paraan ng kanyang pakikitungo sa atin, ang kanyang pagtatangi sa mga binabale-wala ng mga tao. Mga mahihinang instrumento ang gustong piliin ng Diyos sa pagsasakatuparan ng kanyang mga gawa ng kagandahang-loob.

1 *Aleluya*!
Purihin, O mga lingkod ng Panginoon,
purihin ang pangalan ng Panginoon!
2 Luwalhatiin ang pangalan ng Panginoon,
ngayon at magpasawalang-hanggan!
3 Mula sa pagsikat hanggang sa paglubog ng araw
nawa'y purihin ang pangalan ng Panginoon!

4 Dakila ang Panginoon sa lahat ng bansa.
Nasa itaas ng langit ang kanyang luwalhati.
5 Sino ang katulad ng Panginoon nating Diyos
na nakaluklok sa kaitaasan,
6 na nanununghay lamang sa langit at sa lupa?

7 Binubuhat niya mula sa alabok ang dukha;
mula sa basurahan itinataas niya ang aba
8 upang paupuin kasama ng mga prinsipe,
ng mga prinsipe ng kanyang bayan.

9 Binibigyan niya ng tahanan ang babaeng baog,
ang maligayang ina ng maraming anak.
Aleluya!

## SALMO 114 (113 A)

**Ang pag-alis sa Ehipto.**

Nahahayag sa unang Paskuwa, sa pag-alis sa Ehipto, ang kapangyarihan ng Diyos na Tagapagligtas. Sa ibang paraan, may epekto sa sanlibutan ang pagkabuhay ni Kristo.

1 Nang lumabas ang Israel mula sa Ehipto,
ang angkan ni Jacob
mula sa isang bayang may wikang banyaga,
2 ang Juda ay naging santuwaryo niya,
ang Israel, ang kanyang kaharian.

3 Tumingin ang dagat at matuling tumakbo;
ang Jordan ay umurong.
4 Parang mga tupa na nagsilukso ang mga bundok,
parang mga batang tupa ang mga burol.

5 Bakit ka tumakas, dagat?
Jordan, bakit ka umurong?
6 Mga bundok, bakit kayo lumukso na parang tupa?
At kayo, mga burol, na parang batang tupa?

7 Mangatal ka, lupa, sa harap ng Panginoon,
sa harap ng Diyos ni Jacob;
ginawa niyang batis ang talampas
at bukal ng tubig ang pamingki.

## SALMO 115 (113 B)

**Walang mga diyus-diyusan ang bayan ng Diyos.** Dahil tinanggap natin ang kaalaman na iisa lamang ang tunay na Diyos, iwan natin ang lahat ng iba sa kanya.

Kailangan nating laging ilantad at tuligsain ang mga diyus-diyusan ng mga ordinaryong tao pati na ng mga nagkukunwaring malaya sila sa lahat ng pagtatangi at paghuhusga. Narito ang isang repleksyon ng makatang si Paul Claudel:

Purihin ka, aking Diyos, na nagpalaya sa akin sa lahat ng diyus-diyusan. Ginawa mong ikaw lamang ang aking sambahin at hindi si Isis o Osiris, o ang Katarungan, ang Kaunlaran, ang Katotohanan, ang Pagkadiyos, ang Pagkatao, ang Mga Batas ng Kalikasan, ng Sining o Kagandahan.

*At hindi ikaw ang nagpahintulot na umiral ang lahat ng ito, na wala o basyo at walang-saysay dahil wala ka. Alam kong hindi ka Diyos ng mga patay kundi ng mga buhay.*

Panginoon, natagpuan kita! At hindi na maaano ng kamatayan ang nakakatagpo sa iyo.

1 Huwag sa amin, Panginoon, huwag sa amin
kundi sa pangalan mo ibigay ang luwalhati,
alang-alang sa pag-ibig at katapatan mo.
2 Bakit sasabihin ng mga bansa:
"Nasaan ang kanilang Diyos?"

3 Nasa langit ang Diyos namin,
nagagawa niya ang anumang naisin.
4 Pilak at ginto naman ang mga diyos nila
likha ng mga kamay ng tao:

5 may mga bibig na hindi nakapagsasalita,
may mga matang hindi nakakikita,
6 may mga taingang hindi nakaririnig,
may mga ilong na di nakaaamoy.

7 may kamay na di nakadarama,
mga paang hindi nakalalakad.
Walang mamulas na tinig sa lalamunan nila.
8 Matutulad sa kanila ang gumawa sa kanila,
at lahat ng umaaasa sa kanila.

9 Manalig sa Panginoon, O Israel!
Siya ang ating tulong at sanggalang.
10 Manalig sa Panginoon, angkan ni Aaron,
siya ang ating tulong at sanggalang.
11 Ang may takot sa Panginoon, manalig sa
Panginoon! –
siya ang ating tulong at sanggalang.

12 Naaalaala tayo ng Panginoon upang pagpalain niya.
Pagpapalain niya ang lahi ng Israel;
pagpapalain niya ang angkan ni Aaron,
13 pagpapalain ang may takot sa Panginoon,
munti at malaki man.

14 Nawa'y palaguin kayo ng Panginoon,
kayo at ang inyong mga anak.
15 Nawa'y pagpalain kayo ng Panginoon
na gumawa ng langit at lupa.

16 Sa Panginoon ang langit
ngunit ibinigay niya sa tao ang lupa.
17 Hindi nagpupuri sa Panginoon ang mga patay,
ni ang mga lubog sa pook ng katahimikan.
18 Ngunit kami, kaming mga buhay, ang magpupuri
ngayon at magpakailanman.
Aleluya.

## SALMO 116 (114-115)

**Pinalaya mo ako sa kamatayan.** *Lalakad ako sa harap ng Panginoon sa lupain ng nabubuhay.* Kasama ng lahat ng taong iniligtas ng Diyos sa kamatayan, kasama ni Jesus na ating Tagapagligtas, ipahayag natin ang ating pasasalamat.

Dinasal ni Jesus ang salmong ito sa simula ng kanyang Pasyon. Nagkakaroon ng bagong kahulugan ang ilang salita ng mga bersong ito kung iuugnay natin ang mga ito kay Jesus: *Mahal ko ang Panginoon, iniligtas niya ako sa kamatayan; itataas ko ang kalis ng kaligtasan; mahalaga sa paningin ng Panginoon ang kamatayan ng kanyang mga banal.*

Ang misa ang pagsasangayon sa sakripisyo ni Kristo, at tinatawag itong Eukaristiya na ibig sabihi'y Pasasalamat. Narito ang isa sa mga panalanging ginagamit noon sa pagdiriwang ng Iglesya sa mga unang taon nito. Nasa libro ng "Didake" ito:

Tulad ng pinirasong tinapay na ito, na noo'y nakakalat sa mga burol, na tinipon para makabuo ng isang kabuuan, matipon din nawa sa kaharian mo ang iyong Iglesya mula sa lahat ng sulok ng daigdig.

1 Mahal kita, O Panginoon,
sapagkat dinig mo ang aking pagdaing!
2 Ikiniling niya ang kanyang tainga sa akin nang
tawagin ko siya.
3 Nang bidbiran ako ng lubid ng kamatayan,
nang mahuli ako sa bitag ng libingan,
nang magapi ako ng ligalig at lumbay
4 sa ngalan ng Panginoon ako tumawag:
"O Panginoon, iligtas mo ang buhay ko!"
5 Mapagbigay at matuwid ang Panginoon.
Ang ating Diyos ay mahabagin.

6 Tagapaglingap ng taong payak ang Panginoon.
Nang ako'y maaba, iniligtas niya ako.
7 Magbalik, aking kaluluwa, sa himlayan mo,
pagkat ang Panginoo'y naging mabuti sa iyo.

Luwalhati sa iyo magpakailanman!
Amang Banal, pinasasalamatan ka namin sa banal mong Pangalan na pinanahan mo sa aming mga puso. At pinasasalamatan ka namin sa kaalaman, pananampalataya at kawalang-kamatayang ibinunyag mo sa amin sa pamamagitan ni Jesus na iyong Lingkod.
Ikaw ang Panginoong makapangyarihan sa lahat, na lumikha sa amin para purihin ang iyong Pangalan, na nagbigay sa mga tao ng pagkain at inumin para sa kanilang kasiyahan, upang pasalamatan ka nila. Ngunit binigyan mo kami ng espirituwal na pagkain at inumin, at ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng iyong Lingkod na si Jesus. Una sa lahat, pinasasalamatan ka namin sa iyong kapangyarihan.
Alalahanin mo, Panginoon, ang iyong simbahan; iligtas siya sa lahat ng masama, gawin siyang lubos at ganap sa pag-ibig sa iyo. Mula sa apat na sulok ng daigdig, tipunin mo sa kahariang inihanda mo para sa kanya ang iyong Iglesyang banal.
Luwalhati sa iyo magpakailanman! Amen.

8 Pinalaya mo ang aking kaluluwa sa kamatayan,
ang aking mata sa pagluha
ang aking paa sa pagkakatisod.
9 Lalakad ako sa harap ng Panginoon
sa lupain ng nabubuhay.

10 Naniniwala pa rin ako kahit na nasabi ko:
"Lubha akong nahihirapan."
11 Nasabi ko noon sa aking pangamba:
"Lahat ng tao'y mapagsinungaling."

12 Paano ko gagantihan ang Panginoon
sa lahat ng kabutihan niya sa akin?
13 Itataas ko ang kalis ng kaligtasan
at sa pangalan ng Panginoon ako tatawag.

14 Ang mga panata ko sa Panginoo'y tutuparin
sa harap ng kanyang buong bayan.
15 Mahalaga sa paningin ng Panginoon
ang kamatayan ng kanyang mga banal.
16 O Panginoon, ako'y iyong lingkod,
ang iyong lingkod, na anak ng alipin mong babae.
Kinalag mo ang aking mga gapos.

17 Sa iyo ako maghahain ng pasasalamat,
tatawag ako sa pangalan ng Panginoon.
18 Ang mga panata ko sa Panginoo'y tutuparin
sa harap ng kanyang buong bayan
19 sa mga liwasan sa bahay ng Panginoon
sa gitna ng iyong lipon, O Jerusalem.

## SALMO 117 (116)

Wala pa sa ikapat ng isang salmo ito, pero narito lahat: kagandahang-loob (grasya, biyaya) at katapatan (katotohanan) na siyang katotohanan ng Diyos.

Aleluya!
1 Magpuri sa Panginoon, kayong mga bansa!
Ipagbunyi siya, lahat kayong mga bayan,
2 pagkat nananaig para sa atin ang kanyang
pag-ibig;
walang hanggan ang katapatan ng Panginoon.
Aleluya!

## SALMO 118 (117)

**Hindi ako mamamatay, mabubuhay ako!** *Ang batong tinanggihan ng mga tagapagtayo ang naging panulukang bato.* Iniukol mismo ni Jesus sa kanyang sarili ang larawan ng batong tinanggihan (Mt 21:42; 1 Pedro 2:4). At nang pumasok siya sa Templo, umawit ang mga bata: *Mapalad ang dumarating sa ngalan ng Panginoon.*

Inaawit ang salmong ito sa pagpasok ng mga prusisyon sa Templo ng Jerusalem. Halinhinan sa pag-awit ang mga tao kasama ang mga pinuno nila at ang koro ng mga Levita. Sa pagtatapos ibinibigay ng mga pari ang bendisyon ni Aaron (Blg 6:22).

Ano ang inaawit ng Israel? Ang pasasalamat nila sa Diyos na nagliligtas sa kanila sa kamatayan at muling bumubuhay sa kanila. Sa Diyos na pumipili sa mga pobre at mga walang-kuwenta sa mundong ito para itayong kasama nila ang kanyang kaharian.

*Ang batong tinanggihan ng mga tagapagtayo...* Isa itong paraan ng pag-ulit sa pahayag ng Isaias 28:16. Pero sinong mangangahas na gawin ito, maliban kay Kristong muling nabuhay? (tingnan ang Mt 21:42; Gawa 4:11).

Aleluya!
1 Magpasalamat sa Panginoon, siya'y butihin
magpakailanman ang pag-ibig niya.

2 Sabihin ng Israel:
"Magpakailanman ang kanyang pag-ibig."
3 Sabihin ng sambayanan ni Aaron:
"Magpakailanman ang kanyang pag-ibig."
4 Sabihin ng mga may takot sa Panginoon:
"Magpakailanman ang kanyang pag-ibig."

5 Sa pamimighati'y tumawag ako sa Panginoon.
Sinagot ako ng Panginoon at pinalaya.
6 Kapanig ko ang Panginoon, hindi ako matatakot:
ano'ng magagawa ng tao laban sa akin?
7 Kapanig ko ang Panginoong handang tumulong,
kayat hinahamon ko ang mga may-poot sa akin
8 Mas mabuti ang dumulog sa Panginoon
kaysa manalig sa tulong ng tao.
9 Mas mabuti ang dumulog sa Panginoon
kaysa manalig sa mga prinsipe.

10 Kinubkuban ako ng lahat ng mga bansa;
sa pangalan ng Panginoon nilupig ko sila.
11 Kinubkuban nila ako sa buong paligid;
sa pangalan ng Panginoon nilupig ko sila.
12 Parang mga bubuyog, nilusob nila ako
lumagablab silang parang apoy sa mga dawag;
sa pangalan ng Panginoon nilupig ko sila.

13 Itinulak ako't kamuntik nang madapa,
ngunit tinulungan ako ng Panginoon.
14 Ang Panginoon ang aking lakas at awit
siya'y naging kaligtasan ko.

15 Masasayang sigaw ng tagumpay ang naririnig
sa kulandong ng mga makaturungan:
"Napakalakas ng kanang kamay ng Panginoon!
16 Nakataas ang kanang kamay ng Panginoon!
Napakalakas ng kanang kamay ng Panginoon!"

17 Hindi ako mamamatay, ako'y mabubuhay!
upang ipahayag ang ginawa ng Panginoon!
18 Lubha akong pinarusahan ng Panginoon,
ngunit hindi niya ako ipinaubaya sa kamatayan.

[19] Buksan sa akin ang mga pintuan ng katarungan
at papasukin ako upang magpasalamat.
[20] Ito ang pintuan ng Panginoon,
malayang tumutuloy ang mga makatarungan.

[21] Pinasasalamatan kita dahil sinagot mo ako
ika'y naging kaligtasan ko.
[22] Ang batong tinanggihan ng mga tagapagtayo
ay naging batong panulukan.

[23] Ginawa ito ng Panginoon
at hinahangaan ng mga mata natin.
[24] Ito ang araw na nilikha ng Panginoon,
kaya ipagsaya nati't ikagalak.

[25] Panginoon, nawa'y iligtas mo kami.
Panginoon, nawa'y papagtagumpayin mo kami.

[26] Mapalad ang dumarating sa ngalan ng Panginoon!
Pinagpapala namin kayo mula sa bahay ng Poon.

[27] Ang Panginoon ay Diyos; siya ang tanglaw natin.
*Humanay kayo na may hawak na mga palaspas*
*hanggang sa mga sungay ng altar.*

[28] Ikaw ang Diyos ko. Salamat!
Ikaw ang Diyos ko. Purihin ka!
[29] Magpasalamat sa Panginoon na mabuti
kailanma'y nananatili ang kanyang pag-ibig.

## SALMO 119 (118)

**Salmo ng Batas.** Paulit-ulit na sinasabi ng salmong ito, na pinakamahaba sa Biblia, na buhay at kaligayahan ang pagsunod sa mga salita ng Diyos.

[1] Mapalad ang lumalakad na walang
sala, ang sumusunod sa batas ng Pangi-
noon.
[2] Mapalad ang tumutupad sa kanyang
mga tagubilin at hinahanap siya nang bu-
ong puso.
[3] Hindi sila gumagawa ng masama
kundi lumalakad sa kanyang mga landas.
[4] Ikaw ang nagtakda ng mga utos kaya
dapat sundin ang mga ito.
[5] O, nawa'y matatag ako sa pagsunod
sa iyong mga tuntunin.
[6] Sa gayo'y hindi ako mapapahiya sa
pagtingin ko sa lahat ng mga kautusan
mo.
[7] Sa pusong matapat pasasalamatan
kita, natutuhan ko ang iyong mga maka-
tarungang pasya.
[8] Tutupdin ko ang iyong mga tuntunin.
Huwag mo akong pababayaang lubos.
[9] Paano pinalilinis ng binata ang kan-
yang daan? Sa pamumuhay nang ayon sa
iyong salita!
[10] Buong pusong hinahanap kita, hu-

wag hayaang malihis ako sa mga kau-
tusan mo.
11 Itinago ko sa aking puso ang iyong
salita upang di ako magkasala ng laban
sa iyo.
12 Purihin ka, Panginoon! Turuan mo
ako ng iyong mga tuntunin.
13 Ipinahayag ng aking mga labi ang
lahat ng mga pasyang binigkas mo.
14 Sa pagsunod sa mga tagubilin mo
ako'y nagalak mahigit pa kaysa sa lahat
ng kayamanan.
15 Nais ko'ng magnilay sa iyong mga
utos. Ipagdidili-dili ko ang mga landas
mo.
16 Malulugod ako sa iyong mga tuntu-
nin. Hindi ko lilimutin ang iyong salita.

17 Maging mabuti ka sa abang lingkod
mo; mabubuhay ako at tutuparin ang
iyong salita.
18 Buksan ang mata ko upang mamasid
ko ang kababalaghang nasa Batas mo.
19 Ako'y lagalag sa lupa, huwag mong
ikaila ang kautusan mo.
20 Nangungulila ang aking kaluluwa sa
mga pasya mo sa lahat ng panahon.
21 Pinagbabantaan mo ang mga ma-
yayabang, ang mga isinumpa na lumilihis
sa iyong mga kautusan.
22 Alisin mo sa akin ang paglibak at
paglait, sapagkat sinusunod ko ang iyong
mga tagubilin.
23 Magbalak man ang mga prinsipe na
siraan ang iyong lingkod, bubulay-bulayin
ko pa rin ang mga kababalaghan mo.
24 Kinalulugdan ko rin ang mga tagu-
bilin mo; ang mga ito'y tagapayo ko.

25 Nalulugmok ako sa alabok. Buhayin
mo ako ayon sa iyong pangako.
26 Ipinakita ko sa iyo ang paraan ko at
ika'y tumugon, ituro mo sa akin ang mga
tuntunin mo.
27 Ipaliwanag mo sa akin ang daan ng
iyong mga utos, at pagmumunihan ko
ang iyong mga kababalaghan.
28 Umiiyak ang kaluluwa ko sa lungkot.
Patindigin mo ako alinsunod sa salita mo.
29 Ilayo mo sa akin ang sinungaling na
landas. Pagkalooban mo ako ng iyong
batas.
30 Pinili ko ang daan ng katotohanan.
Isinapuso ko ang iyong mga pasya.
31 Nakakapit ako sa mga tagubilin mo,
Panginoon. Huwag mo akong ipahihiya.
32 Tumakbo ako sa daan ng mga ka-
utusan mo nang palayain mo ang aking
puso.
33 Turuan mo ako, Panginoon, ng daan
ng iyong mga tuntunin upang masundan
ko ito hanggang sa katapusan.
34 Bigyan mo ako ng pang-unawa
upang ingatan at tuparin nang buong
puso ang Batas mo.
35 Hayaan mo akong lumakad sa daan
ng iyong mga kautusan sapagkat dito ako
nasisiyahan.
36 Ibaling mo ang puso ko sa mga tagu-
bilin mo at huwag sa kasakiman.
37 Ilayo mo ang paningin ko sa mga
bagay na walang kabuluhan at bigyang-
buhay ako sa iyong landas.
38 Tuparin mo sa iyong lingkod ang
iyong pangakong inilaan mo sa mga may
pitagan sa iyo.
39 Ilayo mo ang dustang pinangangam-
bahan ko, sapagkat mabubuti ang iyong
mga pasya.
40 Hangad ko ang mga kautusan mo.
Buhayin mo ako sa iyong katarungan.

41 Ipagkaloob sa akin ang tulong mo,
Panginoon, ang kaligtasan na pangako
mo.
42 Masasagot ko ang mga tumutuligsa
sa akin dahil nananalig ako sa iyong sa-
lita.
43 Huwag mong kunin mula sa bibig ko
ang salita ng katotohanan, sapagkat sa
mga pasya mo ako umaasa.
44 Lagi kong tutupdin ang Batas mo,
magpakailanman.

45 Malaya akong lalakad upang hanapin
ang iyong mga utos.
46 Ipahahayag ko ang mga tagubilin mo
sa harap ng mga hari, at di ako mapapa-
hiya.
47 Nalulugod ako sa mga kautusan mo
sapagkat minamahal ko ang mga ito.
48 Iaangat ko ang aking mga kamay sa
iyong mga kautusan. Pinagdidili-dili ko
ang iyong mga tuntunin.

---

49 Alalahanin ang salita mo sa iyong
lingkod, ang salitang nagbigay sa akin ng
pag-asa.
50 Ito ang kaaliwan ko sa aking pagdu-
rusa: ang iyong pangako ang magpapa-
sigla sa akin.
51 Libakin man ako ng mga palalo,
hindi pa rin ako tatalikod sa mga Batas
mo.
52 Ginugunita ko ang mga pasya mo
noong una pa, Panginoon, at ako'y nagi-
ginhawahan.
53 Nagdadalang-galit ako sa mga tam-
palasang tumatalikod sa Batas mo.
54 Mga awit para sa akin ang mga tun-
tunin mo, sa bahay ng buhay-manlalak-
bay.
55 Gabi-gabi'y inaalaala ko ang panga-
lan mo, Panginoon. Tinutupad ko ang
iyong Batas.
56 Ito na ang aking ari-arian: ang pag-
sunod sa iyong mga utos.

---

57 Ito ang aking pamana, sabi ko: susun-
din ko ang iyong mga salita, Panginoon.
58 Hinangad kong magbigay-lugod sa
iyo, maawa ka sa akin ayon sa iyong
pangako.
59 Sinuri ko ang mga dinaanan ko. Ibi-
nalik ko ang aking mga hakbang sa iyong
mga tagubilin.
60 Nagmadali ako, hindi na nag-antala
sa pagtupad sa iyong mga kautusan.
61 Mahuli man ako sa bitag ng masa-
sama, hindi ko pa rin kalilimutan ang
iyong Batas.
62 Bumabangon ako sa hatinggabi
upang pasalamatan ka, dahil sa mga
pasya mong makatarungan.
63 Kaisa ako ng mga may takot sa iyo at
ng mga sumusunod sa mga utos mo.
64 Ang lupa ay puspos ng iyong kagan-
dahang-loob, Panginoon; ituro mo sa akin
ang iyong mga tuntunin.

---

65 Ginawan mo ng kabutihan ang iyong
lingkod, Panginoon, ayon sa salita mo.
66 Ituro mo sa akin ang mabuting pag-
papasya at kaalaman sapagkat nananalig
ako sa mga kautusan mo.
67 Bago pa nagdusa, ako'y naligaw na,
ngunit ngayon sumusunod na ako sa
iyong salita.
68 Mabait ka at gumagawa ng kabutihan.
Turuan mo ako ng iyong mga tuntunin.
69 Sinisiraang-puri ako ng mga maya-
yabang, ngunit buong puso pa rin akong
tutupad sa mga utos mo.
70 Binabalutan ng taba ang puso nila;
ako nama'y nalulugod sa Batas mo.
71 Nakabuti rin sa akin na ako'y nag-
dusa upang matutunan ko ang mga kau-
tusan mo.
72 Mahalaga pa sa akin ang batas na
binigkas mo kaysa libu-libong piraso ng
pilak at ginto.

---

73 Ang kamay mo ang gumawa at
bumuo sa akin. Bigyan mo ako ng pang-
unawa upang matutunan ko ang mga
kautusan mo.
74 Dahil sa akin magagalak ang mga
may takot sa iyo sapagkat nananalig ako
sa iyong salita.
75 Nababatid ko, Panginoon, na matu-
wid ang iyong mga pasya at may kata-
rungan ang pagpapahirap mo sa akin.
76 Aliwin sana ako ng iyong kaganda-
hang-loob ayon sa pangako mo sa iyong
lingkod.
77 Dumating na sana sa akin ang habag
mo nang ako'y mabuhay, pagkat kinalu-
lugdan ko ang iyong Batas.

78 Mapapahiya ang mga palalo na wa-
lang dahilang umaapi sa akin habang
pinagdidili-dili ko ang iyong mga utos.
79 Nawa'y balingan ako ng mga may
takot sa iyo at nakauunawa sa mga tagu-
bilin mo.
80 Nawa'y maging walang paglabag sa
tuntunin mo ang aking puso upang hindi
naman ako mapahiya.

---

81 Nangungulila ang aking kaluluwa sa
iyong kaligtasan, sa iyong salita ako'y
nananalig.
82 Nangungulimlim na ang mga mata
ko sa paghihintay sa iyong pangako. Sabi
ko: "Kailan mo ako pagiginhawahin?"
83 Para akong sisidlang katad na nau-
usukan, ngunit hindi ko pa kinalilimutan
ang iyong mga tuntunin.
84 Hanggang kailan pa mabubuhay ang
iyong lingkod? At kailan mo parurusahan
ang umuusig sa akin?
85 Naghuhukay ng patibong para sa
akin ang mga palalo: ito'y pagsuway sa
Batas mo.
86 Katotohanan ang lahat ng kautusan
mo. Sa walang dahilan inuusig nila ako.
Tulungan mo ako!
87 Muntik na nila akong pawiin sa daig-
dig, ngunit hindi ko tinalikuran ang mga
utos mo.
88 Magbigay-buhay sa akin ang kagan-
dahang-loob mo. Susundin ko ang ipi-
nasya mo.

---

89 Magpakailanman, Panginoon, ang
salita mo: matatag ito sa kalangitan.
90 Sa lahat ng salinlahi ang katotohanan
mo; itinatag mo ang lupa at ito'y matibay.
91 Nananatili ang lahat kapag iniutos
mo, sapagkat ikaw ang pinaglilingku-
ran ng lahat.
92 Kung sa iyong batas ay hindi ako
lumiligaya, pumanaw na sana ako sa tag-
lay na dusa.
93 Kailanma'y di ko malilimot ang mga
utos mo, sapagkat dahil sa kanila nabig-
yang-buhay ako.
94 Ako'y sa iyo, iligtas mo ako! Pinag-
aralan ko ang iyong mga utos.
95 Minamanmanan ako ng mga buktot
upang ako'y puksain ngunit ang mga ka-
utusan mo ang aking isinasaisip.
96 Sa lahat ng kaganapan nababatid ko
ang hangganan, ngunit walang hanggan
ang lawak ng iyong kautusan.

---

97 Labis ang pagmamahal ko sa iyong
batas. Pinaglilimi ko ito sa maghapon.
98 Sa tulong ng kautusan mo na aking
taglay magpakailanman, mas matalino
ako kaysa mga kaaway .
99 Maunawain pa ako kaysa mga guro
ko, sapagkat ang mga pasya mo ang
pinagninilayan ko.
100 Marunong pa ako kaysa matatanda,
sapagkat ang mga utos mo ang sinusun-
dan ko.
101 Lalayo ang mga paa ko sa lahat ng
masamang landas upang matupad ko ang
salita mo.
102 Sa mga pasya mo hindi ako tuma-
likod sapagkat ikaw ang nagturo sa akin.
103 Kaytamis namnamin ang mga pa-
ngako mo, higit pa kaysa pulot sa bibig
ko.
104 Sa mga utos mo nagkaroon ako ng
kaalaman; dahil dito kinapopootan ko
ang bawat landas ng kapalaluan.

---

105 Ang salita mo'y tanglaw sa mga paa
ko at liwanag sa landas ko.
106 Isinumpa't pinagtibay ko ang sumu-
nod sa iyong mga pasya.
107 Lubha akong nagdusa, O Pangi-
noon. Baguhin mo ang aking buhay ayon
sa iyong salita.
108 Tanggapin mo ang alay ng papuri
ko, O Panginoon, at turuan mo ako ng
iyong mga pasya.
109 Lagi akong nanganganib ngunit
hindi ko nililimot ang Batas mo.
110 Naglatag ang tampalasan ng bitag

sa akin, ngunit hindi ako lumihis sa mga
tagubilin mo.
111 Ang mga panuntunan mo ang aking
pamana magpakailanman. Ligaya ng
puso ko ang mga ito.
112 Ipinasya ko na tutuparing hanggang
wakas ang mga utos mo.

---

113 Nasusuklam ako sa mga taong sala-
wahan, minamahal ko naman ang iyong
Batas.
114 Ikaw ang aking kanlungan at kala-
sag. Sa iyong salita ako umaasa.
115 Lumayo kayo sa akin, kayong mga
tampalasan. Tutuparin ko ang mga kau-
tusan ng aking Diyos.
116 Patatagin mo ako ayon sa sinabi mo
nang mabuhay ako. Huwag nawang ma-
bigo ang pag-asa ko sa iyo.
117 Tangkilikin mo ako upang ako'y ma-
ligtas at upang lagi kong matupad ang
iyong mga tuntunin.
118 Hinahamak mo ang lahat ng lumili-
his sa iyong mga tuntunin, pagkat pan-
lilinlang lamang ang katusuhan nila.
119 Itinuturing mong dumi ang lahat ng
tampalasan sa lupa, kayat mamahalin ko
ang mga tagubilin mo.
120 Nanginig ang aking laman sa harap
mo. Nasisindak ako sa iyong mga pasya.

---

121 Ginawa ko ang tama't matuwid, hu-
wag mo akong ipaubaya sa mga sumu-
supil sa akin.
122 Itaguyod mo ang kapakanan ng
iyong lingkod; huwag akong usigin ng
mga palalo.
123 Nangungulimlim ang mga mata ko
sa paghihintay sa iyong kaligtasan at sa
pangako ng iyong katarungan.
124 Gawin mo sa iyong lingkod ang
ayon sa iyong kagandahang-loob. Turuan
mo ako ng iyong mga tuntunin.
125 Ako'y iyong lingkod. Bigyan mo ako
ng kaalaman upang maunawaan ko ang
mga pasya mo.
126 Panahon na upang kumilos ka, O
Panginoon; nilabag nga nila ang Batas
mo.
127 Kaya nga mahal ko ang mga kau-
tusan mo higit pa kaysa ginto, higit pa
kaysa dalisay na ginto.
128 Kaya nanununton ang aking hak-
bang sa iyong mga tuntunin. Kinamu-
muhian ko ang bawat landas ng panli-
linlang.

---

129 Kahanga-hanga ang iyong mga
pasya, kaya sinusunod ko ang mga ito.
130 Nagbibigay-liwanag ang pagha-
hayag ng mga salita mo, nagbibigay ng
pang-unawa sa mga may payak na puso.
131 Matindi ang aking pagnanais sa mga
kautusan mo, kaya binubuksan ko ang
aking bibig at ako'y humihingal.
132 Balingan mo ako at kahabagan sa-
pagkat karapat-dapat dito ang mga nag-
mamahal sa iyong pangalan.
133 Patatagin mo ang aking mga hak-
bang sa iyong salita at huwag mong pa-
hintulutang maghari sa akin ang anu-
mang kamalian.
134 Hanguin mo ako sa paninikil ng tao
upang masundan ko ang mga kautusan
mo.
135 Nawa'y tumanglaw ang iyong mukha
sa iyong lingkod. Turuan mo ako ng iyong
mga tuntunin.
136 Parang sa batis ang pagdaloy ng
luha sa aking mga mata dahil sa hindi
nasusunod ang Batas mo.
137 Matuwid ka, O Panginoon, at maka-
tarungan ang iyong mga pasya.
138 Itinakda mo ang iyong mga utos
nang may katarungan at katotohanan.
139 Manlulupaypay ako sa aking pagsi-
sigasig dahil sa winawalanghiya ng mga
kaaway ko ang mga salita mo.
140 Ganap na subok ang iyong salita,
kaya minamahal ito ng iyong lingkod.
141 Aba man ako't hamak; ang mga
utos mo'y di ko nililimot.
142 Walang hanggan ang iyong kataru-
ngan at makatotohanan ang Batas mo.

143 Pagdating sa akin ng bagabag at hi-
lahil, kinalulugdan ko ang iyong mga kau-
tusan.
144 Matuwid magpakailanman ang
iyong mga tagubilin. Bigyan mo ako ng
pang-unawa upang ako ay mabuhay.

---

145 Tumatawag ako nang buong puso.
Tugunin mo ako, Panginoon. Ang mga
tuntunin mo'y susundin ko.
146 Sumisigaw ako sa iyo; iligtas mo
ako at nang matupad ko ang mga tagu-
bilin mo.
147 Bumabangon ako bago magbu-
kang-liwayway at humihingi ng tulong. Sa
salita mo inilalaan ko ang aking pag-asa.
148 Nakamulat ang mga mata ko sa
magdamag nang mapagdili-dili ko ang
iyong salita.
149 Dinggin mo ako ayon sa iyong ka-
gandahang-loob. O Panginoon, buhayin
mo ako ayon sa iyong pasya.
150 Nagsisilapit na sa kasamaan ang
mga umuusig sa akin. Sa iyong Batas
malalayo sila.

---

151 Ikaw ay malapit, Panginoon, at maa-
asahan ang mga kautusan mo.
152 Noon ko pa nalalaman ang mga ka-
utusan mo; itinatag mo sila at mananatili
magpakailanman.
153 Masdan ang paghihirap ko't ako ay
iligtas; hindi ko nililimot ang iyong Batas.
154 Ipagtanggol mo ang panig ko; ha-
nguin ako at buhayin ayon sa pangako mo.
155 Malayo sa masasama ang kaligta-
san pagkat hindi nila hinahanap ang iyong
mga tuntunin.
156 Dakila ang iyong habag, O Pangi-
noon. Kaylaki ng iyong awa; buhayin ako
ayon sa iyong mga pasya.
157 Marami ang aking mga kaaway at
mang-uusig, ngunit hindi ko tinalikdan
ang iyong mga tagubilin.
158 Pinagmasdan ko at kinasuklaman
ang mga taksil: hindi nila tinutupad ang
iyong salita.
159 Tingnan mo kung gaano ko kama-
hal ang iyong mga utos. Panginoon, bu-
hayin mo ako ayon sa kagandahang-loob
mo.
160 Katotohanan ang saligan ng salita
mo. Nananatili ang pasya ng iyong kata-
rungan.

---

161 Inuusig ako ng mga pinuno nang
walang dahilan, ngunit ang salita mo ang
higit na aking kinatatakutan.
162 Nagagalak ako sa iyong salita katu-
lad ng sinumang nakatagpo ng malaking
kayamanan.
163 Kinamumuhian ko at kinasusukla-
man ang kabulaanan. Ang Batas mo ang
aking minamahal.
164 Pitong ulit sa bawat araw pinupuri
kita dahil sa mga pasya mong makata-
rungan.
165 Malaking kapayapaan ang natatamo
ng mga nagmamahal sa iyong Batas.
Walang sa kanila ay makapagbubuwal.
166 Umaasa ako sa iyong pagliligtas,
Panginoon. Susundin ko ang iyong mga
kautusan.
167 Sinusubaybayan ko ang iyong mga
tagubilin dahil sa lubos ko silang mina-
mahal.
168 Sinusunod ko ang mga utos mo't
tagubilin. Ang mga daan ko'y laging nasa
harap mo.
169 Sumapit sa iyo, Panginoon, ang
pagdaing ko. Ayon sa iyong salita, bigyan
ako ng pang-unawa.
170 Makarating nawa sa iyo ang aking
dalangin. Ayon sa iyong pangako, iligtas
mo ako.
171 Lalabas nang masagana sa mga bi-
big ko ang papuri, yamang tinuruan mo
ako sa panuntunan mo.
172 Aawitin ng dila ko ang iyong salita;
ang lahat mong mga utos ay matuwid.
173 Nawa'y tulungan ako ng iyong ka-

may sapagkat pinili ko ang iyong mga
utos.
174 Pinananabikan ko ang pagliligtas
mo, Panginoon, at kinalulugdan ko ang
batas mo.
175 Tulutan mo akong mabuhay upang
magpuri sa iyo; aalalay sa akin ang mga
pasya mo.
176 Naligaw ako tulad ng nawawalang
tupa. Hanapin ang iyong lingkod sapag-
kat hindi ko nalilimot ang mga kautusan
mo.

## SALMO 120 (119)

Malimit na pumupunta sa Templo ang mga peregrino na maraming pinoproblema: may ilang hindi kasundo ang kanilang kapwa, ang iba nama'y dumaraing na hindi sila makapamuhay sa piling ng mga mananampalataya kundi ng mga pagano. Inaasam nila ang kapayapaang ibinibigay ng Diyos sa mga lumalapit sa kanya.

May isang pamagat ang mga Salmo 120 hanggang 134: "Awit ng Pagahon". Walang dudang kinakanta ang mga ito ng mga peregrinong Judio sa paglakad nila papunta sa templo ng Jerusalem. Kaya malimit tayong nakakatagpo sa mga ito ng isang antiponang inuulit-ulit ng maraming pilgrim.

1 Sa Panginoon ako tumatawag sa oras ng kagipitan
ako'y kanyang tinutugon.
2 Panginoon, iligtas mo ako sa labing sinungaling
at dilang mandaraya?

3 Ano'ng gagawin n'ya sa iyo? Anong igaganti sa iyo,
O dilang mandaraya?
4 Mga palaso ng mandirigma na hinasa sa baga

5 Kawawa naman ang nakatira sa Meshek,
ang nasa mga tolda ng Kedar.
6 Napakatagal kong tumira
sa mga namumuhi sa kapayapaan.
7 Kapag kapayapaan ang wika ko,
digmaan naman ang nais nila.

## SALMO 121 (120)

**Hindi ka bibiguin ng Diyos.** Iniisip ng peregrinong pa-Jerusalem ang mga hirap ng paglalakbay: ang mahirap na daan, ang init ng araw, ang panganib na may mga magnanakaw siguro. Pero alam niyang sumasakanya ang Diyos at kasama niya sa kanyang paglalakbay.

Matapat ang Diyos: araw-gabi, hindi siya natutulog ni umiidlip. Abala siya at may malasakit sa mga nangyayari.

Sa daan papuntang Emmaus, sinamahan sila ni Jesus at hindi nila ito nakilala.

"Kung panig sa atin ang Diyos, sino pa ang kakalaban sa atin?"

Puwedeng maging panalangin ito ng mga Kristiyanong mahirap na daan ang tinatahak: isang babago pa lamang nananampalataya, isang magpapari, pagsasapanganib para sa kapakanan ng lahat.

1 Sa mga bundok ako nakatitig,
saan kaya mangangaling ang kaligtasan ko?
2 Ang saklolo ko'y nagmumula sa Panginoon
na siyang lumikha ng langit at lupa.

3 Huwag niyang padulasin ang paa mo,
kung maidlip ang bantay mo.
4 Tingnan mo, ang bantay ng Israel
ay di natutulog ni inaantok.

5 Ang Panginoon ang alalay mo,
ang lumililim sa iyo, ang Panginoon
ang katabi mo sa kanan mo.

6 Hindi ka mapapaso ng init ng araw,
ni ng buwan sa gabi.
7 Iiwas ka ng Panginoon sa masama,
ililigtas niya ang buhay mo.
8 Babantayan niya ang pag-alis at pagbalik mo,
ngayon at magpakailanman.

## SALMO 122 (121)

**Pupunta tayo sa bahay ng Panginoon.** Isang himno ng sigasig at galak ng peregrino sa kanyang pagdating sa Templo ng Jerusalem. Paghanga sa gusali. Pagmamalaki sa pagkakita sa pagdating ng maraming tao. At isa pang bagay na mas malalim: isang karanasan ng pakikipamuhay sa iba pang mga mananampalataya.

Sagisag ng Diyos na kapiling ng kanyang bayan ang Templo. Nakita ni Jesus ang kanyang sarili roon kasama ang kanyang Ama. Sa loob ng mga siglo, libo-libong kilometro na ang nalakad ng mga Kristiyanong peregrino para makita ang mga lugar ng pagbubunyag ng Diyos ng kanyang sarili: Compostello, Lourdes, Fatima o Medjugorje. Oo nga't ang mga tunay na mananampalataya ay sasamba sa Ama sa espiritu at katotohanan (Jn 4:21), pero laman at dugo pa rin sila at kalimita'y hinihintay sila ng Diyos sa wakas ng martsa na kung wala ay hindi magiging totoo ang kanilang pagpapagod.

Maaaring maging panalangin ito ng mananampalatayang humahanga sa presensya ng Diyos sa Iglesya, at pati ng taong naghahanap ng kagalakang kasama ng pagsampalataya.

1 Anong ligaya nang sabihin sa akin:
"Halina sa bahay ng Panginoon!"
2 Sa wakas mga paa nami'y nakatungtong
sa mga pintuan mo, Jerusalem.

3 Jerusalem! Ito'y tulad ng isang lunsod na nakatayo,
buung-buo ang pagkakabigkis.
4 Doon nagsisiahon ang mga tribu ng Panginoon –
may dahilan silang magpuri sa ngalan ng Panginoon,
5 Dahil naroroon ang hukuman,
ang mga luklukan ng mga anak ni David.

6 Idalangin ang kapayapaan ng Jerusalem:
"nawa'y mapayapa ang nagmamahal sa iyo!
7 Nawa'y mapayapa ang bakuran mo,
katiwasayan sa loob ng iyong mga muog."

8 Alang-alang sa mga kapatid at kaibigan ko,
Bayaan akong sabihin, "Sumaiyo ang kapayapaan!"
9 Alang-alang sa tahanan ng Panginoong ating Diyos,
idadalangin ko ang ikabubuti mo.

## SALMO 123 (122)

**Salmo ng pag-asa.** Alam natin na lagi tayong pinakikinggan ng ating butihing Ama. Walang kapaguran nating ituon lagi ang ating mga mata sa Panginoon hanggang sabihin niya sa atin: "Tingnan mo, iniligtas ka ng iyong pananampalataya."

Panalangin ng nagdadalamhati.

Sigaw ng pagsamo at pag-asa ng mga Judio na hiniya at hinamak ng mga pagano sa kanilang pagbabalik mula sa pagkatapon.

Gaano kadalas nating marinig sa Ebanghelyo ang parehong sigaw na ito ng mga taong nagdadalamhati. Isipin natin lalo na ang matatag na kalooban ng Kananea: "Panginoon, maawa ka sa akin." Matindi ang paghabol niya

1 Sa iyo nakataas ang aking mga mata,
sa iyo na nakaluklok sa langit.

2 Tulad ng mga lingkod, mga mata nila'y nakatuon
sa kamay ng kanilang panginoon,
tulad ng babaeng katulong,
mga mata niya'y agad sa kamay ng amo niyang babae,

kay Jesus sapagkat wala na siyang pag-asa: si Jesus ang tangi niyang kaligtasan.

gayundin ang aming mata sa Panginoong Diyos,
hanggang sa ipamalas niya ang awa sa amin.
3 Kaawaan mo kami, O Panginoon,
kaawaan mo kami, sawa na kami sa pagdurusa.
4 Labis nang nagsasawa ang aming kaluluwa
sa hamak ng mga layaw at sa alipusta ng mga hambog.

## SALMO 124 (123)

**Naligtasan natin ang bitag ng mangangaso.** "Bilang na lahat ang mga buhok sa inyong ulo, mas mahalaga kayo kaysa mga ibon."

Ginugunita ng bayan ng Diyos nang may magkasamang paghanga at pasasalamat ang mga pagsubok na nalampasan nila dahil sumakanila ang Panginoon.

Tawag sa pasasalamat. Sa Ebanghelyo, sa sampung ketonging pinagaling, isa lamang ang bumalik para magpasalamat sa Panginoon.

Nalilimutan nating magpasalamat sapagkat hindi tayo marunong dumiskubre sa mga kababalaghan ng Diyos sa ating buhay at sa daigdig.

Kakatwa na sa mga pamayanan ng mga dukha at inuusig, walang humpay ang mga panalangin ng pasasalamat.

1 Kung wala ang Panginoon sa ating piling –
sabihin ito sa Israel –
2 Kung wala ang Panginoon sa ating piling
sinalakay tayo ng iba
3 di sana'y nalulon nila tayo ng buhay.
sa loob ng lumiliyab nilang poot,
4 di sana'y inanod tayo ng baha't,
natabunan ng daluyong,
5 di sana'y tinangay tayo ng marahas na agos.

6 Purihin ang Panginoon!
Hindi niya pinabayaang
Lurayin tayo ng mga ngipin nila!
ng kanilang mga ngipin.
7 Tayo'y tulad ng ibon na nakatakas
sa bitag ng mangangaso.
Napunit ang lambat, tayo'y nakatakas.
8 Nasa pangalan ng Panginoon ang ating saklolo,
siya ang gumawa ng langit at lupa.

## SALMO 125 (124)

**Pananalig sa Panginoon.** Maaaring hangaan ng peregrino ang mga pader ng Jerusalem, na halos di-maaabot ng mga kaaway. Isa itong larawan ng pagsasanggalang ng Diyos.

Tinutulungan tayo ng salmong ito na unawain ang pangako ng Panginoon: "Dapat ninyong malaman na kasama ninyo ako hanggang sa wakas ng panahon" (Mt 28:20). "Hindi ko kayo iiwang ulila. Babalik ako sa inyo" (Juan 14:18).

Panalangin sa madidilim na sandali ng buhay, kapag nadarama nating wala tayong magawa sa harap ng kawalang-katarungan at organisadong karahasan, sa harap ng katiwalian at kapurulang nakapasok na marahil hanggang sa loob ng Iglesya.

1 Ang mga nananalig sa Panginoon ay parang Bundok ng Sion,
hindi natitinag, matatag magpakailanman.
2 Tulad ng Jerusalem, naliligiran ng mga bundok.
Pinaliligiran ng Poon ang kanyang bayan
ngayon at magpakailanman.

3 Hindi mamumuno sa lupain ng matuwid
ang sagisag ng tampalasan at baka pati ang matuwid
ay matutong gumawa ng masama.

4 Maging mabuti ka, Panginoon, sa mabuti
at sa mga may pusong matuwid.
5 Ngunit lilipulin ng Panginoon ang mga lumihis
sa likong daan, isasama sa mga masasama.
Kapayapaan nawa sa Israel!

## SALMO 126 (125)

**Lumuluha silang umaalis at babalik silang may mga uhay.** Ipinahahayag ng salmong ito ang hiwaga ng buhay na sumisibol mula sa kamatayan. Tungkol ito sa mga nagdadalamhati at nabibigo sa hindi nila pagkakita sa bunga ng kanilang paggawa.

Panalangin sa pagbabalik mula sa pagkatapon na naging malaking pagsubok sa bayan. Ipinakikita nito ang kaligayahan sa katapusan ng pagkabihag, isang bagay na parang di-kapani-paniwala sa kanila: *Kami'y parang nananaginip.*

Paano natin di maiisip ang awit ng pasasalamat ng Birheng Maria: "Gumawa ng mga kahanga-hangang bagay sa akin ang Panginoon, Banal ang aking Diyos" (Lc 1:49) o ang panalangin ni Pedro sa paglabas niya mula sa kulungan (Mga Gawa 12:9-11)? Ngayon, maraming naghahasik nang may luha; hindi pareho ang naghahasik at ang nag-aani.

1 Nang ibalik ng Panginoon sa Sion
ang mga bihag nito, para kaming nananaginip.
2 Napuno ng tawanan ang aming bibig,
ng awitan sa aming mga labi.
Naging usap-usapan sa mga bansa:
"Kay dakila ng mga ginawa ng Panginoon para sa kanila."
3 Dakila nga ang ginawa sa amin ng Panginoon
kami'y talagang nagagalak.
at ngayo'y talaga kaming nagagalak!

4 Ibalik mo, Panginoon, aming mga kapalaran,
tulad ng daluyong sa disyerto.
5 Mag-ani sa tuwa ang naghahasik ng luha!
6 Ang tumatangis, lumalabas na dala-dala ang binhi,
ay magalak na uuwi, dala-dala ang bigkis na inani.

## SALMO 127 (126)

**Babagsak ang itinatayong walang Diyos.** Walang silbing ubusin natin ang ating mga araw at mga taon sa paghanap ng seguridad sa kinabukasan kung dahil naman sa mga ito ay nagiging mga bulag tayo at manhid sa napakaraming pangyayari at kagalakang inilalaan sa atin ng kasalukuyang sandali.

Paisa-isang araw kung mabuhay ang sumasampalataya.

Hindi niya inaalis ang oras ng panalangin, ng pagsasama-sama ng pamilya, ng partisipasyon sa pamayanang Kristiyano, ni inaaksaya ang kanyang kalusugan sa sobrang pagtatrabaho. Alam niya na hindi laging ang mga pamilyang may pinakamalaking kita ang pinakamagaling magbadyet ng gastos, at hindi sa pinakamaperang tahanan pinakamaligaya ang mga nakatira. Hinihiling sa atin ng Ama na magtrabaho tayo pero itinadhana rin niya sa atin ang batas ng pahinga.

Pamana ng Panginoon ang mga anak. Hindi kinalimutan ng Biblia na tinanggap ng bawat isa sa atin ang

1 Habang hindi ginagawa ng Panginoon ang bahay,
walang-saysay ang gawa ng mga nagtatayo nito,
habang hindi binabantayan ng Panginoon ang lungsod,
walang-saysay ang bantay ng tanod.

2 Walang-saysay ang maaga mong paggising
at ang iyong pagpupuyat, ang iyong pagkain
mula sa pinagpaguran, dahil ang binibigyan
niya'y natutulog.

3 Pamana ng Panginoon ang mga anak;
gantimpala ang bunga ng sinapupunan.

lahat mula sa kanyang pamilya at bansa. Ang hindi pagsasalin ng buhay at edukasyon sa isang bagong lahi ay hindi lamang di-pagbabayad ng utang kundi pagkawala pa ito ng sariling buhay.

4 Tulad ng mga palaso sa kamay ng mandirigma
ang mga anak ng kabataan.
5 Mapalad ang may maraming anak
hindi siya mapapahiya
kapag hinarap niya sa liwasan ang mga kaaway.

## SALMO 128 (127)

**Ang pagbabasbas ng tahanan.** Sa harap ng mga balisa at walang pasensya, sinisikap ng nananampalataya na makita ang mabuti sa buhay at sa mundo. Nakikilala niya ang mga biyaya ng Diyos sa kanyang tahanan. Biyaya ng Diyos ang malaking pamilya sa mga pumipili nito at tumatanggap ng responsabilidad nito.

"Kaya harapin muna ninyo ang kaharian at katarungan ng Diyos at ibibigay rin sa inyo ang lahat ng ito" (Mt 6:33).

1 Mapalad ka na may takot sa Panginoon,
na lumalakad sa kanyang mga daan!
2 Kakainin mo ang bunga ng iyong pinaghirapan,
liligaya ka, pagpapalain ka.

3 Tulad ng mabungang baging sa tahanan mo
ang iyong maybahay,
tulad ng olibo sa hapag mo ang iyong mga anak.
4 Ganyan ang pagpapala sa may takot sa Panginon.

5 Pagpalain ka nawa ng Panginoon mula sa Sion!
Makita mo ang kasaganaan ng Jerusalem habang
buhay mo!
6 Makita mo ang mga anak ng iyong mga anak!
Kapayapaan sa Israel!

## SALMO 129 (128)

**Inusig ang bayan ng Diyos mula sa pagkabata nito sa disyerto.** Sa bandang huli'y nagkawatak-watak ang kanilang mga kaaway samantalang sila'y nanatili. Ang maging matatag sa kabila ng kahirapan sa buhay ay isang uri ng tunay na pag-asa.

1 Lubha nila akong inapi sa aking pagkabata pa –
pahayag ito ng Israel –
2 lubha nila akong inapi mula pa sa pagkabata,
ngunit hindi sila nagwagi sa akin!

3 Inararo ng mga mag-aararo ang likod ko.
pinahahaba ang mga tudling.
4 Makatarungan ang Panginoon;
pinutol niya ang mga pambigkis ng masasama.

5 Mapahiya na at mapaurong ang mga may poot sa
Sion,
6 Matulad na sila sa mga damo sa bubong
na nalalanta bago pa umusbong.

7 Hindi nito mapupuno ang kamay ng maggagapas
ni ang dibdib ng tagatipon.
8 Wala sa dumaraan ang makapagsasabi:
"Sumainyo ang pagpapala ng Panginoon,
Pinagpapala namin kayo sa ngalan ng Panginoon!"

## SALMO 130 (129)

**Tumatawag ako sa iyo mula sa kailaliman.** Salmo ng pagsisisi, ngunit higit sa lahat, ng pananalig sa Diyos.

Ito ang panalangin sa mahabang paghihintay. Mga taon ng buhay ng tao, mga salinlahi marahil sa buhay ng isang bansa. Nakahingi na ba tayo ng dalawampung taon? *Naghihintay ako sa Panginoon; sa kanyang salita ako umaasa.* Totoo ito para sa mga Judiong umaasa sa paglaya ng kanilang bansa; makabuluhan pa rin ito para sa atin: natanggap na ba natin at tinatamasa ang lahat ng ipinangako ng Diyos? Ibinigay na ang lahat sa atin sa pag-asa. Gaya ng tanod na naghihintay sa bukang-liwayway, naghihintay din ang mananampalataya sa pagdating ni Kristo – ang pagdating na pumupukaw sa kanya ng pananabik.

1 Mula sa kailaliman, tumatawag ako sa iyo, O
Panginoon,
Panginoon, dinggin ang tinig ko!
2 Bigyan nawa ng pansin ng mga tainga mo
ang daing ng aking tawag!

3 Kung tatandaan mo ang aming kasalanan,
Panginoon, sino ang mamamalagi?
4 Ngunit taglay mo ang pagpapatawad,
upang ika'y galangin.
5 Hinihintay ko ang Panginoon,
naghihintay ang kaluluwa ko,
sinaasahan ko ang salita niya
6 Higit pa ang pananabik ko sa Panginoon
kaysa sa paghihintay ng tanod sa pag-uumaga.

7 Umasa sa Panginoon, O Israel,
pagkat nasa Panginoon ang kagandahang-loob,
nasa kanya ang lubos na katubusan.
8 Siya ang tutubos sa Israel sa kanyang kasalanan.

## SALMO 131 (130)

**Pananalig ng bata sa Diyos.** Simple at mapagpakumbabang panalanging puno ng pananalig. Ipinaaalaala nito sa atin ang kapanatagan ng loob ng isang bata sa mga braso ng kanyang nanay. Di ba't ang ganitong saloobin ang pinupuri ni Jesus, at ang Diyos ba'y mas isang ama kaysa isang ina?

1 Panginoon, hindi nagmamalaki ang puso ko
ni mapagmataas ang mga mata ko.
Hindi ko ginagambala ang sarili ko
ng mga bagay na labis na marangya
at mapaghangad para sa akin.

2 Tiwasay at tahimik ang nasa kaluluwa ko,
tulad ng sanggol na kalong ng ina,
Tulad ng tahan na sanggol ang kaluluwa ko.
3 O Israel, umasa sa Panginoon
ngayon at magpakailanman.

## SALMO 132 (131)

**Huwag mong limutin ang mga inapo ng lingkod mong si David.**

1 Alalahanin mo, Panginoon, si David at
ang lahat ng pinaghirapan niya. 2 Kung
papaano siya nangako sa Panginoon, ang
panata niya sa Makapangyarihan ng
Jacob:

3 "Hindi ako tutulog sa aking tahanan ni hihimlay sa aking higaan,

4 hindi ko patutulugin ni maidlip ang
mga mata ko 5 habang di ko maihanap ng
pook ang Panginoon, ng tirahan ang ang
Makapangyarihan ng Jacob."

6 Heto't narinig namin ito sa Eprata, natuklasan namin sa bukirin ng Yaar.

7 Puntahan natin ang tinitigilan niya, sumamba tayo sa tuntungan ng kanyang mga paa.

8 Bumangon ka, O Panginoon, magtungo sa iyong himlayan, ikaw at ang kaban ng iyong kapangyarihan.

9 Bihisan ng katarungan ang mga pari mo, maligayang magsigawan ang iyong mga banal.

10 Alang-alang kay David na iyong lingkod, huwag ilayo ang mukha ng iyong pinahiran.

11 Nanumpa ang Panginoon kay David, isang pangakong di niya tatalikdan : "Isa mong anak ang ilalagay ko sa iyong trono!

12 Kung iingatan ng mga anak mo ang aking tipan at ang mga kautusang itinuro ko sa kanila, mauupo rin sa iyong trono ang mga anak nila magpakailanman."

13 Dahil sa hinirang ng Panginoon ang Sion, ito'y naging tirahan niya:

14 "Dito ang pahingahan ko magpakailanman. Nais ko ang manirahan dito.

15 Pasasaganain ko ang kanyang panustos, paluluguririn ko ng tinapay ang kanyang mga dukha.

16 Bibihisan ko ng kaligtasan ang kanyang mga pari, magalak na aawit ang kanyang mga banal.

17 Doon ko pagmumulan ang lahi ni David, maghahanda ako ng ilawan para sa aking Pinahiran.

18 Dadamitan ko ng kahihiyan ang kanyang mga kaaway ngunit ang korona niya'y nagniningning."

## SALMO 133 (132)

**Napakaganda nga ng buhay-magkakapatid!** Regalo ng Diyos ang tamis at pagkakaniig ng buhay-magkapatid. Sa itaas galing ang mga ito sa bisa ng Espiritu Santo na ibinuhos sa ating mga puso. "Magkaisa nawa silang lahat para maniwala ang mundo."

Ito'y isa pang salmong binigyang-buhay ng pagkakita sa Templo kung saan ang mga Levita't pari, ang "mga anak ni Aaron," ay sama-samang sumasamba at umaawit ng walang-humpay na papuri. Laging mangangailangan ng mga pamayanang Kristiyanong nakatalaga sa paglilingkod sa Diyos.

1 Tingnan! Kaybuti at kayganda
kapag nagkakaisa ang magkakapatid!
2 Ito'y mamahaling langis sa ulo,
tumutulo sa balbas, sa balbas ni Aaron,
tumutulo sa kuwelyo ng kanyang tunika.

3 Ito'y hamog sa Hermon, sa mga tuktok ng Sion.
na bumababa sa mga bundok ng Sion.
Doon pinagkakaloob ang pagpapala;
ang buhay na walang hanggan.

## SALMO 134 (133)

**Awit ng papuri.**

Awit ng papuri na maaaring ginamit sa Templo sa isang panggabing seremonya sa turno ng mga pari para matiyak sa Diyos ang walang humpay na papuri.

Maraming oras ang pinalipas ni Kristo, at kung minsa'y magdamagan, sa pagdarasal para sa kanyang mga alagad: "Umakyat si Kristo sa burol para manalangin nang mag-isa..."

Maaari nating isipin ang ating mga kasamahan sa trabaho na panggabi ang turno, ang mga maysakit na hindi makatulog, upang maging awit ng papuri sa Panginoon ang kanilang trabaho, pagod at paghihirap.

1 Halina, purihin ang Panginoon, kayong lahat ng
lingkod,
Panginoon, sa mga liwasan ng tahanan ng
Panginoon,

Sa gabi 2 itaas sa santuwaryo ang inyong mga
kamay, purihin ang Panginoon.
3 Pagpalain ka ng Panginoon mula sa Sion,
siya ang lumikha ng langit at lupa.

## SALMO 135 (134)

**Purihin ang Panginoong pumili sa atin para sa kanya.**

1 *Aleluya*! Purihin ang pangalan ng
Panginoon! Purihin siya, O mga lingkod
ng Panginoon, 2 kayong nagsisilbi sa ba-
hay ng Panginoon, sa mga liwasan sa ba-
hay ng ating Diyos!
3 Purihin ang Panginoon sapagkat siya
ay mabuti. Purihin ang pangalan niya
sapagkat iya'y matamis. 4 Hinirang ng
Panginoon ang Jacob, ang Israel na kan-
yang sarili.
5 Alam ko na dakila ang Panginoon, na
ang ating Poon ay higit pa sa lahat ng diyos.
6 Anumang naisin ng Panginoon ay gi-
nagawa niya – sa langit at sa lupa, sa mga
dagat at sa buong kalaliman.
7 Pinatataas niya ang dagim mula sa
mga dulo ng lupa. Inihahagis ang kidlat
kasama ang ulan at pinakakawalan ang
hangin mula sa taguan.
8 Siya ang pumatay sa mga panganay
ng tao at hayop sa Ehipto.
9 Ipinadala niya ang mga tanda at mga
himala sa iyong piling, sa Ehipto laban sa
Paraon at lahat ng pinuno roon.
10 Pinabagsak niya ang maraming
bansa at pinatay ang malalakas na hari –
11 si Sihon, hari ng mga Amoreo, si Og,
hari ng Basan, at lahat ng kaharian sa
Kanaan.
12 Ibinigay niyang pamana ang kani-
lang lupain, sa kanyang bayang Israel.
13 Nananatili ang pangalan mo, Pangi-
noon, magpakailanman; nasa sali't saling
lahi ang katanyagan mo.
14 Binibigyang-katarungan ng Pangi-
noon ang kanyang bayan at kahahabagan
ang kanyang mga lingkod.
15 Pilak at ginto lamang ang mga diyus-
diyusan ng mga bansa, mga gawa ng ka-
may ng tao.
16 Sila'y may bibig na di makapagsalita,
may matang hindi makakita, 17 may tai-
ngang hindi nakaririnig; ni walang hininga
sa kanilang bibig.
18 Matutulad sa kanila ang gumawa sa
kanila at ang lahat ng sa kanila'y umaasa.
19 Magpuri sa Panginoon, sambahayan
ng Israel! Magpuri sa Panginoon, samba-
hayan ng Aaron! 20 Magpuri sa Panginoon,
sambahayan ng Levi! Magpuri sa Pangi-
noon, lahat kayong may takot sa Pangi-
noon!
21 Mula sa Sion purihin ang Panginoong
nananahan sa Jerusalem. Aleluya!

---

**135.** *Pilak at ginto lamang ang mga diyus-diyusan ng mga bansa.* Paano natin maipakikitang tayo'y sa Diyos, kung hindi sa pagtatakwil ng libu-libong diyus-diyusan sa ating mundo, lahat ng itinuturing na mahalaga at kailangan para sa kaligayahan? Diyus-diyusan din ang "kaligayahang" ito na humahawak sa atin, pinatutulog tayo at inilalayo sa mga dakilang bagay na nakagawian nang gawin ng Diyos sa malalayang tao.

## SALMO 136 (135)

**Pasalamatan ang Panginoon.** Himno ng pasasalamat na ginagamit para sa Piyesta ng Paskuwa, ang piyesta ng paglaya ng bayan ng Diyos. "Walang hanggan ang pag-ibig mo" at sa kawalang-hangga'y hindi kami matatapos ni magsasawa sa pagdiskubre nito.

1 Magpasalamat sa Panginoon, siya ay mabuti, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
2 Magpasalamat sa Diyos ng mga diyos, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
3 Magpasalamat sa Panginoon ng mga panginoon, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
4 Siya lamang ang gumagawa ng dakilang himala, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
5 Sa karunungan niya ginawa ang kalangitan, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
6 Inilatag niya ang lupa sa mga tubig, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
7 Ginawa niya ang malalaking tanglaw, walang hanggan ang kanyang pag-ibig,
8 ang araw upang mamahala sa maghapon, walang hanggan ang kanyang pag-ibig,
9 ang buwan at bituin upang mamahala sa gabi, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
10 Pinatay niya ang mga panganay ng Ehipto, walang hanggan ang kanyang pag-ibig,
11 at inilabas ang Israel mula sa piling nila, walang hanggan ang kanyang pag-ibig,
12 nang nakaunat ang malakas niyang kamay, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
13 Biniyak niya ang Dagat ng Mga Tambo, walang hanggan ang kanyang pag-ibig,
14 at pinaraan sa gitna niyon ang Israel, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
15 Nilunod niya ang Paraon at ang hukbo nito sa Dagat ng mga Tambo, walang hanggan ang kanyang pag-ibig,
16 at ginabayan ang kanyang bayan sa ilang, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
17 Nilupig niya ang mga dakilang hari, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
18 Pinatay niya ang mga haring makapangyarihan, walang hanggan ang kanyang pag-ibig,
19 si Sihon, hari ng mga Amoreo, walang hanggan ang kanyang pag-ibig,
20 si Og, hari ng Basan, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
21 Ibinigay bilang pamana ang lupain nila, walang hanggan ang kanyang pag-ibig,
22 pamana sa Israel na kanyang lingkod, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
23 Ginunita niya tayo sa ating kaabahan, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
24 At pinalaya tayo sa manlulupig, walang hanggan ang kanyang pag-ibig,
25 siya na nagpapakain sa lahat ng nilalang, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.
26 Magpasalamat sa Diyos ng kalangitan, walang hanggan ang kanyang pag-ibig.

---

**136.** Papuri sa mga kababalaghan ng Diyos: ang paglikha ng mundo, ang pagpapalaya mula sa Ehipto na paghahanda sa atin para sa Kristiyanismo. Kalinga (ang tinapay sa araw-araw).

Masyado sigurong limitado para sa atin sa kasaysayan ng bansang Judio ang pasasalamat na ito. Ngunit kahit na naging malawak na ang ating pananaw (tingnan ang papuri ni Pablo sa Ef 1:3-14), hindi ito dapat maging hadlang na makilala natin ang presensya ng Diyos sa mga pangyayari sa araw-araw. Mula sa Diyos ang lahat at siya ang maygawa ng lahat at para sa kanya ang lahat."

**SALMO 137 (136)** **Jerusalem, hindi kita malilimutan.**

1 Sa tabi ng mga batis ng Babilonia,
doon kami naupo at nanangis nang ma-
alaala namin ang Sion.
2 Doon sa sanga ng mga punungkahoy
isinabit namin ang aming mga alpa at lira.
3 Humiling sa amin ng awitan ang mga
bumihag sa amin. Humiling ang mga
nagpaparusa sa amin, ng awit na masaya:
"Pagparinggan kami ng isang awit ng Sion."
4 Paano namin maaawit ang awit ng
Panginoon sa isang banyagang lupain?
5 Pag nilimot kita, O Jerusalem, nawa'y
manuyo ang kanang kamay ko.
6 Nawa'y dumikit sa ngalangala ang
dila ko kung hindi kita magunita, kung
hindi ko pahalagahan ang Jerusalem
nang higit kaysa iba pang kaaliwan.
7 Alalahanin mo, Panginoon, ang mga
Edomita, ang sigaw nila nang bumagsak
ang Jerusalem: "Ibagsak! Ibagsak nang
sagad hanggang sa kanyang pundasyon!"
8 O anak na babae ng Babilonia, ikaw
na mangwawasak, mapalad ang manini-
ngil sa iyo sa masasamang ginawa mo sa
amin.
9 Mapalad ang susunggab sa mga anak
mong maliliit at liligis sa kanila sa talam-
pas!

**SALMO 138 (137)** **Kapakanan ko ang pakay ng iyong mga kamay.** Panalangin para sa panahong nalulugod tayo sa Diyos at gusto nating isali ang langit at lupa sa ating galak at pasasalamat.

1 Pasasalamatan kita nang buong puso ko.
pagkat dininig mo ang binigkas ng labi ko,
sa harap ng mga diyos aawitan kita ng papuri.

2 Yumuyukod ako paharap sa banal mong Templo
at nagpapasalamat sa iyong pangalan,
sa iyong pag-ibig at katapatan.
Kay dakila sa lahat ang pangako mo!
3 Sa araw ng aking pagtawag, tinugon mo ako.
Pinalakas mo ako at pinatapang.

4 Pupurihin ka, O Panginoon, ng lahat ng mga hari,
kapag narinig nila ang mga salita mo.

5 Aawitin nila ang mga landas ng Panginoon:
"Dakila nga ang kaluwalhatian ng Panginoon!
6 Mula sa kataasan nakikita ng Panginoon ang aba;
buhat sa malayo, minamasdan niya ang palalo.

7 Lumakad man ako sa gitna ng panganib,
ipinag-aadya mo ang buhay ko.
Iniuunat mo ang iyong kamay

---

**137.** Heto pa ang isang salmo kung saan ang pagmamahal sa lunsod ng katarungan ay sumusumpa sa mga makapangyarihan ng panahong iyon. Dapat ba silang pintasan? Pero hindi ito kalabisan para sa isang mundong dalawang bilyon ang niluluray. Mas kasalanan bang lurayin ang mga bata ng Babel kaysa 'yung mga itinatapon sa basurahan ng mga klinika?

laban sa poot ng mga kaaway ko;
inililigtas ako ng kanang kamay mo.

8 Gagawin ng Panginoon ang lahat para sa akin.
Walang hanggan, Panginoon, ang iyong pag-ibig.
Huwag pabayaan ang likha ng iyong kamay.

## SALMO 139 (138)

**Alam ang lahat ng Diyos na nasa lahat.** Panalanging puno ng paghanga sa harap ng karunungan ng Diyos: "Lagusan ang tingin niya sa lahat, at lantad ang lahat sa mga mata niya na siya nating pagsusulitan" (Heb 4:13).

1 Panginoon, iyong siniyasat at nakilala ako.
2 Batid mo ang aking pag-upo at pagtayo; talos mo ang isip ko buhat sa malayo.
3 Ang paglalakbay at paghiga ko ay minamasid mo; nalalaman mo ang lahat ng aking mga landas.
4 Bago pa mabuo sa dila ko ang salita, Panginoon, alam mo na ito.
5 Sa likod at sa harap nililibot mo ako. Nakapatong sa akin ang kamay mo.
6 Labis na mahiwaga para sa akin ang ganyang kaalaman, napakatayog para aking maabot.
7 Saan ako makaiiwas sa iyong Espiritu? Saan ako tatakbo upang mapalayo sa iyo?
8 Kung aakyat ako sa himpapawid, ikaw ay naroroon. Kung paiilalim ako sa mundo ng mga patay, naroroon ka rin!
9 Sumakay man ako sa bagwis ng liwayway at manahan sa kaduluhan ng dagat,
10 doon ma'y susubaybayan ako ng iyong kamay; hahawakan ako ng kanang kamay mo.
11 Sabihin ko man: "Itatago ako ng dilim, magiging gabi ang liwanag sa palibot ko."
12 Ngunit ang karimlan sa iyo ay hindi madilim, ang gabi'y sinliwanag ng araw.
13 Ikaw ang bumuo sa kaloob-looban ko at humabi sa akin sa sinapupunan ng ina ko.
14 Pinasasalamatan kita dahil sa kamangha-manghang ginawa mo. Kahanga-hanga ang iyong mga gawa, ganap na batid ito ng aking kaluluwa.
15 Hindi lingid sa iyo ang mga buto ko nang ako'y binubuo sa lihim at hinahabi sa kailaliman ng lupa.
16 Nakita ng iyong mga mata ang aking mga gagawin, nasusulat na ang lahat ng mga iyon sa aklat mo. Naiguhit na sila kahit di pa nagaganap ang isa man sa kanila.
17 Kayhirap liripin ang iyong mga isip, O Diyos. Kaylawak ng buod nila!
18 Bilangin ko man, sila'y higit pa sa lahat ng mga buhangin, at pagkatapos ko'y kasama pa rin kita.
19 Kung lilipulin mo lang, O Diyos, ang tampalasan at ilalayo sa akin ang mga mamamatay-tao
20 na nagsasalita laban sa iyo at lumalapastangan sa pangalan mo.
21 Hindi ko ba kapopootan ang napopoot sa iyo, Panginoon, at kasusuklaman ang kumakalaban sa iyo?

---

**139.** May paraan ng pagninilay sa presensya ng makapangyarihang Diyos, na dumudurog sa atin. Meron din namang pinupuno tayo ng katiyakan. Hindi mapagninilayan ng Biblia ang di-matatarok na hiwaga ng Diyos nang hindi kaagad bumabalik sa mga pagpupunyagi ng tunay na mundo: ang Diyos nito ay nahuhumaling sa katarungan, at ang taong tapat ay hindi masisiyahan sa mga hilaw na lunas o pakikipagkasundo sa kasamaan. Ito ang dahilan ng pahayag na nakasisindak sa ilan ngunit mahuhulaan natin ang diwa nito na laging makabuluhan: "Kinasusuklaman ko sila, sila'y aking mga kaaway." Sa katunayan, ito'y pagkasuklam sa kasamaan.

22 Kinamumuhian ko sila, itinuturing
kong sariling mga kaaway.

23 Saliksikin mo ako, O Diyos, at alamin
ang aking puso. Subukin mo ako at ala-
min ang aking pag-iisip.
24 Tiyakin mo na hindi ako naliligaw at
akayin ako sa landas ng walang hanggan.

**SALMO 140 (139)** **Iligtas mo ako sa taong masama.**

2 Iligtas mo ako, Panginoon, sa taong
masama. Sa taong marahas ingatan mo
ako. 3 May masama silang balak sa kani-
lang puso. Araw-araw sinusulsol nila ang
alitan.
4 Pinatatalim nila ang kanilang dila tu-
lad ng sa ahas; may kamandag ng kobra
sa mga labi nila.
5 Iligtas mo ako, Panginoon, sa mga
kamay ng tampalasan. Sa taong marahas
ipagtanggol mo ako. Nagbabalak silang
talisurin ang mga paa ko.
6 May itinatatagong bitag para sa akin
ang mga palalo. May inalalatag silang silo
sa aking daanan, inihahanda nila ang pa-
tibong para sa akin.
7 Sabi ko sa Panginoon: "Ikaw ang
aking Diyos. Dinggin mo, Panginoon, ang
aking pagsusumamo.
8 Panginoon, Poon, aking lakas at aking
kaligtasan. Panangga ka sa ulo ko sa araw
ng labanan.
9 Huwag pagbigyan, O Panginoon, ang
mga hangarin ng masama, huwag papag-
tagumpayin ang balak niya.
10 Nagsitaasan ng ulo ang nakapaligid
sa akin; sila sana ang mapahamak sa
kasamaang binabalak nila.
11 Maulanan sana sila ng mga bagang
nagliliyab. Sana'y mahulog sila sa mga
maputik na hukay at hindi na makaahon.
12 Huwag nawang lumago sa lupa ang
taong manininirang-puri. Makulong sana
sa kasawiampalad ang mga marahas.
13 Alam kong bibigyang katarungan ng
Panginoon ang dukha at tinatangkilik niya
ang panig ng mga aba.
14 Pupurihin ng mga makatarungan ang
pangalan mo. Mananahan ang matuwid
sa iyong harapan.

**SALMO 141 (140)** **"Huwag mo kaming ipahintulot sa tukso."** Ipagkaloob nawa ng Diyos na mapaglabanan natin ang panghihikayat ng masama sa ating paligid ngunit pakinggan din ang mga nagtutuwid sa atin.

1 Panginoon, tumatawag ako sa iyo.
Lumapit ka agad sa akin! Pag tinawag
kita'y dinggin mo ang aking tinig.
2 Pumailanlang nawa ang panalangin
ko tulad ng insenso sa iyong harapan, ang
pagtaas ng mga kamay ko tulad ng pang-
gabing paghahain.
3 Panginoon, maglagay ka ng tanod sa
aking bibig. Bantayan mo ang pintuan ng
aking mga labi.
4 Huwag hayaang maakit ang puso ko
sa bagay na masama, na makibahagi sa
kabuktutan ng mga taong masama ang
gawain. Hindi ako nakikisalo sa kanilang
piging.
5 Saktan na ako ng taong matuwid, sa-
bihan na ako ng taong maka-Diyos, suba-
lit hindi makapagpapahid ng langis sa ulo
ko ang mga tampalasan. Lagi ngang nag-
papatotoo ang panalangin ko laban sa
kasamaan nila.
6 Pag inihampas sa bato ang mga puno
nila, saka lamang mauunawaan ng mga
tampalasan na kawili-wili ang mga sali-
tang binigkas ko,
7 kapag nilulon na sila ng lupa at ang

kanilang mga buto ay isinabog sa bu-
nganga ng libingan.
8 Sa iyo, Panginoon, nakatuon ang
aking mga mata. Sa iyo ako kumakan-
long, huwag mo akong ipaubaya sa ka-
matayan.
9 Iligtas mo ako sa bitag na inilatag nila
para sa akin, sa mga silo ng mga guma-
gawa ng kasamaan.
10 Mahulog sana sa silo ang mga buktot
nang sabay-sabay habang ako naman ay
tumatakas.

## SALMO 142 (141)

**Sa oras ng pagsubok.** Panalangin ng nasa matinding karukhaan. Naaangkop ang salmong ito sa Pasyon ni Kristo, at ito ang dinasal ni San Francisco ng Assisi nang malapit na siyang mamatay.

2 Sa aking tinig sa Poon, ako'y tumatawag;
sa aking tinig sa Poon, ako'y humihingi.
3 Ibinubuhos ko sa harap niya ang aking pighati;
inilalahad ang aking hapis sa harap niya.

4 Kapag nanlulupaypay na ang aking kaluluwa
nababatid mo ang aking daraanan.
Sa landas na aking tinatahak
nagtago sila ng bitag para sa akin.
5 Lumingon ka sa kanan at iyong tingnan,
walang pumapansin sa akin,
wala ang may pagmamalasakit sa akin.
6 Tumatawag ako sa iyo Panginoon
at nagsasabing: "Ikaw ang aking kanlungan;
ang aking bahagi sa lupain ng mga buhay."

7 Pakinggan ang aking pagdaing;
pagkat ako'y lubhang abang-aba.
Iligtas mo ako sa mga tagapag-usig
sapagkat napakalakas nila para sa akin.

8 Palayain ako sa pagkabilanggo
at pupurihin ko ang iyong pangalan.
Sa paligid ko'y magtitipon ang matuwid
pag nakita nila ang kabutihan mo sa akin.

## SALMO 143 (142)

**Pag-ulit ng naunang salmo.**

1 Panginoon, dinggin mo ang aking
dalangin. Pakinggan mo ang hinihingi ko
sa katapatan mo. Sagutin mo ako ayon sa
iyong katarungan.
2 Huwag mong litisin ang iyong lingkod,
pagkat sa harap mo ay walang matuwid
na tao.
3 Tinugis ako ng kaaway, niluray niya
ang buhay ko sa lupa. Iniwan niya ako sa
kadiliman tulad ng malaon nang namatay.
4 Nanlulupaypay sa kalooban ko ang
aking kaluluwa, sa loob ko'y nababalisa
ang aking puso.
5 Naaalaala ko ang mga araw na nag-

daan. Binubulay-bulay ko ang lahat ng
ginawa mo. Isinasaalang-alang ko ang
likha ng mga kamay mo.
6 Iniuunat ko ang aking mga kamay sa
iyo. Uhaw kung magnasa sa iyo ang ka-
luluwa ko, tulad ito ng tigang na lupa.
7 Panginoon, sagutin mo ako agad,
nanlulupaypay ang diwa ko sa paghaha-
ngad. Huwag mong itago ang iyong
mukha sa akin at baka matulad ako sa
mga lumulusong sa hukay.
8 Hayaang ihatid sa akin ng bukan-
liwayway ang salita ng iyong pag-ibig sa-
pagkat sa iyo ako nananalig. Ipakita mo
ang dapat kong lakaran; sa iyo ko itina-
taas ang aking kaluluwa.
9 Iligtas mo ako sa aking mga kaaway,
Panginoon; sa iyo ako kumakanlong.
10 Turuan mo akong sundin ang kaloo-
ban mo, dahil ikaw ang aking Diyos. Aka-
yin ako sa patag na daan ng butihin mong
espiritu.
11 Alang-alang sa iyong pangalan, Pa-
nginoon, buhayin mo ako. Sa iyong kata-
rungan hanguin mo ako sa ligalig.
12 Dahil sa iyong pag-ibig, patahimikin
mo ang mga kaaway ko. Lipulin ang mga
kalaban ko; ako ay iyong lingkod.

## SALMO 144 (143)

**Mapalad ang bayang ang Panginoon ang Diyos.** Inuulit ng unang bahagi ang mga berso ng iba pang mga salmo, lalo na ang Salmo 18. Ipinahahayag naman ng ikalawang bahagi sa mga simpleng larawan ang pananabik sa paraiso kung saan wala nang mga luha o dalamhati.

1 Pagpalain ang Panginoon, ang aking
bato. Sinasanay niya ang mga kamay ko sa
pakikidigma at mga daliri ko sa pakiki-
paglaban. 2 Siya ang aking taguan at kuta,
aking muog at tagapagtanggol, aking ka-
lasag – sa kanya ako kumakanlong. Pina-
babagsak niya sa ilalim ko ang mga bansa.
3 Panginoon, ano ba ang tao at siya'y
inaalaala mo, ang anak ng tao at siya'y
inaalalayan mo?
4 Isang hininga lang ang tao. Ang mga
araw niya'y tulad ng aninong nagdaraan.
5 Panginoon, buksan mo ang langit at
ikaw ay manaog. Hipuin mo ang bundok
at sila'y uusok.
6 Magpasiklab ka ng kidlat, tudlain ng
palaso ang mga kaaway at panabugin sila.
7 Mula sa itaas ay iabot mo sa akin ang
kamay mo, ako'y iligtas. Hanguin mo ako
sa malawak na tubig, sa kamay ng mga
dayuhang 8 puno ng kasinungalingan sa
bibig. Mga kanang kamay nila'y nakataas
sa bulaan.
9 O Diyos, aawitan kita ng bagong awit,
tutugtugan ng alpang may sampung bag-
ting.
10 Binigyan mo ng tagumpay ang mga
hari; iniligtas mo si David na iyong ling-
kod.
Mula sa nakasasamang tabak 11 iligtas
mo ako. Ipagtanggol mo ako mula sa
kamay ng mga dayuhang puno ng kasi-
nungalingan sa bibig. Mga kanang kamay
nila'y nakataas sa bulaan.
12 Ang aming mga anak na lalaki sa
kanilang kabataan ay maging tulad sana
ng halamang lumalago, at ang aming
mga anak na babae'y tumulad naman sa
mga haliging mararangyang nakatindig
sa templo.
13 Mapuno nawa ang aming mga ka-
malig at umapaw sa lugod, magsidami
nawa nang libu-libo ang mga tupa namin
sa aming mga pastulan.
14 Magdala nawa ang mga baka namin
ng mabibigat na pasanin; wala na nawa
ang guwang sa mga muog namin, wala
nang mga bihag, at wala nang sumisigaw
ng saklolo sa mga liwasan.
15 Mapalad ang bayang pinagpala nang
ganito. Mapalad ang bayang ang Pangi-
noon ang kanyang Diyos.

## SALMO 145 (144)

**Purihin ang Panginoon magpakailanman.** Parang litaniya ang salmong ito: ang Diyos ay katarungan, katapatan, kabutihan, maygawa ng mga kababalaghan. Inaanyayahan tayong diskubrihin ang napakalaking kayamanan ng Diyos sa kanyang gawa, sa kanyang pagbubunyag, kay Kristong naging tao.

1 Ipagbubunyi kita, aking Diyos at Hari; pupurihin ko ang pangalan mo magpakailanman.
2 Pupurihin kita araw-araw. Dadakilain ko ang pangalan mo magpakailanman.
3 Dakila ang Panginoon, karapat-dapat sa sukdulang parangal; hindi masusukat ang kanyang karilagan.
4 Ipagbubunyi mula sa isang salinlahi hanggang sa susunod ang mga gawa mo. Isasaysay nila ang mga dakila mong gawa.
5 Ipinahahayag nila ang iyong kaluwalhatian, kamahalan at mga mahimalang gawa.
6 Tinatalakay nila ang kapangyarihan ng iyong mga kahanga-hangang gawa at isinasaysay ang kadakilaan mo.
7 Ipinahahayag nila ang kasaganaan ng kabutihan mo at ipinagdiriwang ang katarungan mo.
8 Magandang-loob at maawain ang Panginoon, banayad kung magalit at puspos ng kagandahang-loob.
9 Mabait ang Panginoon sa lahat at mahabagin sa kanyang mga nilikha.
10 Pupurihin ka, Panginoon, ng lahat mong ginawa, at dadakilain ka ng mga tapat sa iyo.
11 Ipagbabantog nila ang kaluwalhatian ng kaharian mo. Pag-uusapan nila ang kapangyarihan mo.
12 Ipababatid nila sa mga tao ang lakas mo at kaluwalhatian ng kaharian mo.
13 Ang kaharian mo'y kahariang walang-hanggan. Ang pamamahala mo'y sa lahat ng sali't saling lahi.

Tapat sa salita ang Panginoon, at banal sa gawa.
14 Ibinabangon ng Panginoon ang lahat na natutumba; itinataas niya ang lahat na yumuyuko.
15 Nakatuon sa iyo ang mga mata ng lahat, at binibigyan mo sila ng kanilang pagkain sa takdang panahon.
16 Binubuksan mo ang iyong kamay at pinupuno ang kahilingan ng bawat nilalang.
17 Matuwid ang Panginoon sa lahat niyang paraan, at mapagmahal sa lahat niyang ginawa.
18 Malapit ang Panginoon sa lahat ng tumatawag sa kanya, sa lahat ng tapat na tumatawag sa kanya.
19 Ibinibigay niya ang hinihiling ng mga may takot sa kanya, dinirinig ang kanilang tawag at sila'y inililigtas.
20 Inaalagaan ng Panginoon ang lahat ng nagmamahal sa kanya; ngunit lahat ng masasama ay lilipulin niya.
21 Pupurihin lagi ng bibig ko ang Panginoon. Pupurihin ng bawat nilalang ang banal niyang pangalan magpakailanman.

## SALMO 146 (145)

**Pinalalaya ng Panginoon ang mga api.** Ang tindi ng dalamhati ng tao, ng mga nagugutom, mga bilanggo at mga api ay umabot na sa antas ng kawalang-remedyo, maging ng mga makapangyarihan sa daigdig na ito. Tanging ang Diyos lamang ang talagang makapagbibigay ng katarungan, kapayapaan at pag-asa sa mundo.

*Sinugo mo ako upang ihayag ang Magandang Balita sa mga dukha, upang ipahayag ang kalayaan sa mga bilanggo...*

Huwag tayong patangay sa mga aliwang umuubos ng oras, kundi

1 *Aleluya*!
Magpuri sa Panginoon, aking kaluluwa!
2 Aawitan ko ang Panginoon sa buong buhay ko.
Pupurihin ko ang Diyos habang ako'y may buhay.

tingnan natin ang katotohanan: puno ng kasamaan at kawalang-katarungan ang mundo at hinihingi sa atin ng Diyos na gawin ang kanyang ginagawa: ang "ituwid ang nakayuko."

Walang takot nating ipahayag na ang Diyos nga ang nagpapalaya sa mga dukha. Habang mas nagiging kumbinsido tayo rito, lalo tayong magsisikap makibahagi sa mga pag-iisip ng Panginoon, sa paglalaan ng ating buhay sa paglilingkod sa mga latak ng lipunan, mga gutom at mga hamak.

3 Huwag manalig sa mga prinsipe,
sa anak ng tao na hindi nakapagliligtas.
4 Kapag umalis ang kanyang espiritu siya'y bumabalik sa lupa.
Sa araw na iyo'y namamatay ang mga pangarap niya.
5 Mapalad ang tao na ang Diyos ni Jacob ang tulong niya,
na ang pag-asa niya ay sa Panginoon niyang Diyos
6 na may gawa ng langit at lupa,
ng dagat at ng lahat ng naroroon.

Ang nananatiling tapat magpakailanman;
7 ang nagbibigay ng katarungan sa mga api,
ang nagpapakain sa mga nagugutom.
Pinalalaya ng Panginoon ang bilanggo,

8 binibigyang-paningin ng Panginoon ang bulag.
Itinutuwid ng Panginoon ang nakayuko,
minamahal ng Panginoon ang matuwid,
9 inaalagaan ng Panginoon ang dayuhan,
pinasisigla niya ang mga ulila at balo,
ngunit nililihis ang daan ng tampalasan.
10 Maghahari magpakailanman ang Panginoon,
ang Diyos mo, O Sion, sa sali't saling lahi!
*Aleluya!*

## SALMO 147

**Magsaya ka, Jerusalem.** Magsaya ang Iglesya, sapagkat *pinatibay ng Panginoon ang harang ng kanyang mga pintuan*. Hindi siya malulupig ng mga puwersa ng kasamaan at kamatayan. Binasbasan ng Panginoon ang kanyang mga anak at "kanyang" kapayapaan ang ibinigay, hindi ang sa mundo. Pinakakain siya ng Diyos ng kanyang salita at ng pinakamainam na trigo: ang kanyang katawang naging Tinapay ng Buhay.

Para sa mga Judio, higit pa sa kapitolyo ang Jerusalem, ito ang Banal na Lunsod na tahanan ng Diyos na natatago sa ulap ng Templo. Presensya niya ang nagsasanggalang sa siyudad at sa sambayanan laban sa mga kaaway: ang Iglesya ang Jerusalem.

Ang ating Diyos ang pumupuno sa agwat ng kaayusan ng sanlibutan at ng buhay ng bawat isa sa atin: *Tinatawag niya ang mga bituin sa tanging pangalan at pinasisigla ang mga aba.* Matalik niyang kaniig ang kanyang mga anak pero sa pamamagitan ng isang realidad – na maraming beses nakalilinlang sa mga tao – ang realidad ng kanyang Iglesya.

Kataka-taka sa mga Judio ang pagi-

1 *Aleluya!*
Umawit dahil mabuti ang pag-awit,
dahil matamis ang purihin siya.
2 Itinatayo muli ng Panginoon ang Jerusalem,
tinipon niya ang mga napatapon ng Israel.
3 Siya ang nagpapagaling sa mga nasiraan ng loob,
ang gumagamot sa kanilang mga sugat.

4 Itinakda niya ang bilang ng mga bituin;
ang bawat isa'y tinatawag sa tanging pangalan.
5 Dakila ang ating Panginoon;
makapangyarihan ang kanyang lakas.
di masukat ang kanyang karunungan.

ging yelo ng tubig: paano nababago ng Diyos ang mga elemento? Gayundin naman, namamangha ang Iglesya sa pagkakita kung paanong bigla na lamang tinutunaw ng Diyos ang mga sitwasyong waring tumigas na at naging permanente.

6 Pinasisigla ng Panginoon ang mga aba
ngunit inilulugmok ang tampalasan.

7 Umawit sa Panginoon nang may pasasalamat.
Tugtugan ng alpa ang ating Diyos.
8 Siya ang nagtatakip ng ulap sa langit,
ang nagpapadala ng ulan sa lupa,
ang nagpapasibol ng damo sa kaburulan,
9 ang nagbibigay sa baka ng pagkain,
at sa mga nagsisiiyak na uwak.

10 Hindi siya hanga sa lakas ng kabayo;
ni sa liksi ng tao.
11 Kinalulugdan ng Panginoon ang mga may takot sa kanya,
ang mga nananalig sa kagandahang-loob niya.

12 Ipagbunyi ang Panginoon, O Jerusalem!
Purihin ang iyong Diyos, O Sion!
13 Pinatibay niya ang harang ng iyong mga pintuan
at pinagpala ang mga anak na nasa iyo.
14 Siya ang nagbibigay ng kapayapaan sa iyong karatig
at pinasasagana niya ang iyong mga ani.

15 Inihahatid niya ang kanyang utos sa lupa,
at matuling tumatakbo ang kanyang salita.
16 Inilalatag niya ang niyebe na parang lana
at parang abong ikinakalat ang eskartsa.
17 Nagpapaulan siya ng yelo na parang mumo.
Tumitigas ang tubig sa kanyang lamig.

18 Ngunit sinusugo niya ang kanyang salita
at tinutunaw ang mga ito;
Pinaiihip niya ang kanyang hangin
at muling dumadaloy ang tubig.

19 Ibinubunyag niya sa Jacob ang salita niya,
ang kanyang mga batas at utos sa Israel.
20 Hindi niya ginawa iyon sa ibang bansa,
hindi ipinabatid sa kanila ang mga batas.
*Aleluya!*

## SALMO 148

**Aleluya!**

1 *Aleluya*! Purihin ang Panginoon mula
sa kalangitan; purihin siya sa kaitaasan!
2 Purihin ninyo siya, O lahat ng kan-
yang mga anghel! Purihin ninyo siya, O
lahat ng kanyang mga hukbo!
3 Purihin ninyo siya, O araw at buwan!

**148.** Minsan pa: Purihin ang Diyos! Para bang hindi matapos-tapos sa pagpuri sa Diyos ang mga taong mas simple kaysa atin. Hindi kaya may kulang kung nasa atin na ang buong katiyakan pero lagi na lamang mga kababalaghan ng ating mga gawa ang ating pinag-uukulan ng pansin?

Purihin ninyo siya, O lahat ng mga bituing
nagniningning.
4 Purihin ninyo siya, O mga langit at
mga tubig na nasa itaas sa himpapawid.
5 Pupurihin nila ang pangalan ng Pangi-
noon sapagkat nag-utos siya at sila'y na-
likha.
6 Itinatag niya sila magpakailanman at
binigyan ng batas na di na lalabagin.
7 Magpuri sa Panginoon mula sa lupa,
kayong laman-dagat at lahat ng kalaliman,
8 mga ulap at mga niyebe, ulan at kid-
lat, maunos na hanging kanyang utusan,
9 mga bundok at lahat ng mga burol,
mga punungkahoy at lahat ng sedro,
10 mga hayop at lahat ng baka, mga
hayop na nagsisigapang at mga ibong
lumilipad.
11 Ang mga hari ng daigdig at lahat ng
bansa, mga prinsipe at lahat ng namu-
muno sa lupa,
12 kabinataan at kadala-
gahan, matatanda at mga bata,
13 lahat sila'y magpuri sa pangalan ng
Panginoon sapagkat tanging ang panga-
lan niya ang dakila. Nasa ibabaw ng lupa
at langit ang kanyang kamahalan.
14 Pinapagtagumpay niya ang kanyang
bayan. Purihin siya ng kanyang mga ba-
nal, ng mga anak ng Israel, ang bayang
lumalapit sa kanya. Aleluya!

## SALMO 149

**Pambansang awit.** Alam ng bayan ng Diyos na tinatawag siya sa kaluwalhatian at kaligayahan. Siya ang magiging instrumento ng katarungan ng Diyos. May silbi sa Diyos ang kanyang mga dukha, ang bayan ng mga aba, na tinipon ni Kristo, sa paghuhukom niya sa mundo at pagbibigay rito ng kaligtasan.

1 *Aleluya!*
Awitan ang Panginoon ng bagong
awitin. Purihin siya sa pagtitipon ng mga
matapat.
2 Matuwa ang Israel sa kanyang Man-
lilikha. Magalak ang mga anak ng Sion sa
kanilang hari.
3 Purihin nila ang kanyang pangalan sa
sayawan. Sa pandereta at sa alpa tugtu-
gan siya.
4 Dahil sa nalulugod ang Panginoon sa
kanyang bayan, pinuputungan niya ang
mga aba ng tagumpay.
5 Magbunyi ang mga banal sa kanyang
karangalan. Magsiawit sila ng papuri sa
kanilang higaan.
6 Isabibig nila ang papuri sa Diyos at
humawak din sila ng tabak na magkabila
ang talim
7 upang maghiganti sa mga bansa, at
parusahan ang mga bayan,
8 upang tanikalaan ang kanilang mga
hari at gapusin sa bakal ang mga mahar-
lika.
9 upang igawad sa kanila ang nakasulat
na hatol. Ito ang kaluwalhatian ng lahat ng
kanyang mga banal.
*Aleluya!*

## SALMO 150

**Awit ng sanlibutan!** Nagtatapos ang aklat ng mga salmo sa isang awit na tinutugtog ng buong orkestra. May isinasagisag ito: kailangan ang partisipasyon ng lahat ng bansa at lahi, sibilisasyon at kultura para maging buo ang papuri sa Diyos.

1 *Aleluya!*
Purihin ang Diyos sa kanyang santuwaryo!
Purihin siya na nasa langit!

---

*Lahat ng may hininga ay magpuri sa Panginoon.* Muli itong sasabihin sa Pagbubunyag (5:13): "At narinig ko ang kanilang sagot: Sa nakaluklok sa trono at kay Kristo – papuri, karangalan, luwalhati at kapangyarihan magpasawalang hanggan."

2 Purihin siya dahil sa dakila niyang gawa.
Purihin siya dahil sa kadakilaang walang kapantay!

3 Purihin siya sa bunghalit ng trumpeta!
Purihin siya sa saliw ng lira't alpa!
4 Purihin siya ng mga pandereta't sayaw!
Purihin siya sa kudyapi't plawta!

5 Purihin siya sa hampas ng simbalo!
Purihin siya sa dagundong ng tambol!
6 Lahat ng may hininga ay magpuri sa Panginoon!
Aleluya!